

Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo (HMO D-SNP), iniaalok ng Kaiser Foundation Health Plan, Inc., Northern California Region

## ***Handbook ng Miyembro***

Enero 1, 2023 – Disyembre 31, 2023

### **Ang iyong Coverage sa Kalusugan at Gamot sa ilalim ng Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo (HMO D-SNP), na iniaalok ng Kaiser Foundation Health Plan, Inc., Northern California Region**

#### ***Panimula sa Handbook ng Miyembro***

Isinasaad sa iyo ng **Handbook ng Miyembro**, na ito na kilala rin bilang Katunayan ng Pagsakop, ang tungkol sa iyong coverage sa ilalim ng aming plano hanggang Disyembre 31, 2023. Ipinapaliwanag dito ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (kalusugan ng isip at disorder sa paggamit ng substance), coverage sa inireresetang gamot, at pangmatagalang serbisyo at suporta. Nakakatulong sa iyo ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta na manatili sa bahay sa halip na pumunta sa isang nursing home o ospital. Makikita ang mahahalagang termino at mga kahulugan ng mga ito sa alpabetikong pagkakasunod-sunod sa huling kabanata ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

**Isa itong mahalagang legal na dokumento. Itago ito sa isang ligtas na lugar.**

Kapag ang nakasaad sa **Handbook ng Miyembro** na ito ay “kami,” “namin,” “amin,” o “aming plano,” ang tinutukoy nito ay **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo**.

PAALALA: Kung nagsasalita ka ng Chinese, Spanish, o Tagalog, mayroong mga libreng serbisyo ng tulong sa wika na available para sa iyo. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag.

Makukuha mo ang dokumentong ito nang libre sa iba pang format, gaya ng malalaking titik, braille, at/o audio. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-800-443-0815** para sa karagdagang impormasyon. (Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**.) Ang mga oras ay 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag.

Tumawag sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo, upang hilingin ang sumusunod:

- Gustong wika maliban sa English at/o alternatibong format,
- Isang nakabinbing kahilingan para sa mga sulat at komunikasyon sa hinaharap, **at**
- Baguhin ang isang nakabinbing kahilingan para sa mas gustong wika at/o format.

## Mga Disclaimer

- ❖ Ang Kaiser Permanente ay isang plano na HMO D-SNP na may kontrata sa Medicare at kontrata sa programa ng Medi-Cal. Nakadepende ang pagpapatala sa Kaiser Permanente sa pag-renew ng kontrata.
- ❖ Ang coverage sa ilalim ng planong ito ay ang kwalipikadong coverage sa kalusugan na tinatawag na “minimum na kinakailangang coverage.” Isinasakatuparan nito ang kinakailangan sa nakabahaging responsibilidad sa indibidwal sa ilalim ng Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga (ACA). Bisitahin ang website ng Serbisyo ng Rentas Internas (IRS) sa **[www.irs.gov/Affordable-Care-Act/Individuals-and-Families](http://www.irs.gov/Affordable-Care-Act/Individuals-and-Families)** para sa higit pang impormasyon tungkol sa iniaatas na nakabahaging responsibilidad ng indibidwal.
- ❖ Ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa Mga Miyembro ng Kaiser Permanente sa ilalim ng Medi-Cal ay napapailalim sa mga tuntunin, kundisyon, limitasyon, at mga pagbubukod ng kontrata sa pagitan ng Kaiser Foundation Health Plan, Inc. at ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) ng California at gaya ng nakalista sa **Handbook ng Miyembro** at anumang pagbabago.

## Kabanata 1: Pagsisimula bilang miyembro

---

### Panimula

Kabilang sa kabanatang ito ang impormasyon tungkol sa **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo**, isang planong pangkalusugan na sumasakop sa lahat ng iyong serbisyo ng Medicare at Medi-Cal, at nagkokoordina ng lahat ng iyong serbisyo ng Medi-Cal. Isinasaad din nito sa iyo kung ano ang aasahan at ano ang iba pang impormasyon na matatanggap mo mula sa amin. Makikita ang mahahalagang termino at mga kahulugan ng mga ito sa alpabetikong pagkakasunod-sunod sa huling kabanata ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

### Kabanata 1 Talaan ng Mga Nilalaman

A. Welcome sa aming plano .....	3
B. Impormasyon tungkol sa Medicare at Medi-Cal .....	3
B1. Medicare .....	3
B2. Medi-Cal.....	3
C. Mga bentahe ng aming plano.....	4
D. Ang sineserbisyuhang lugar ng aming plano .....	5
E. Paano ka magiging kwalipikado na maging miyembro ng plano .....	6
F. Ano ang dapat asahan sa unang pagkakataon na sumali ka sa aming planong pangkalusugan .....	6
F1. Mga bagong miyembro.....	7
F2. Mga kasalukuyang miyembro.....	7
F4. Pagiging Kwalipikado para sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga .....	7
G. Ang iyong pangkat sa pangangalaga at plano sa pangangalaga.....	10
G1. Pangkat sa pangangalaga .....	10
G2. Plano sa pangangalaga .....	10



**Kung mayroon kang mga tanong**, mangyaring tumawag sa Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo, upang hilingin ang sumusunod: **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare).

H. Buwanang premium sa plano.....	11
H1. Premium sa plano .....	11
I. Iyong Handbook ng Miyembro .....	11
J. Iba pang mahalagang impormasyon na makukuha mo mula sa amin .....	12
J1. Iyong ID Card ng Plano .....	12
J2. Direktoryo ng Provider at Parmasya .....	13
J3. Listahan ng Mga Sakop na Gamot .....	14
J4. Ang Pagpapaliwanag ng Mga Benepisyo .....	14
K. Pagpapanatiling napapanahon ng iyong rekord ng membership .....	15
K1. Privacy ng personal na impormasyon ng kalusugan (PHI).....	16



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## A. Welcome sa aming plano

Nagbibigay ang aming plano ng mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal sa mga indibidwal na kwalipikado para sa parehong programa. Kabilang sa aming plano ang mga doktor, ospital, parmasya, provider ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta, provider ng serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, at iba pang provider. Mayroon din kaming mga tagapagkoordinang pangangalaga at pangkat sa pangangalaga upang tulungan kang pamahalaan ang iyong mga provider at serbisyo. Sama-sama silang nagtatrabaho upang maibigay ang pangangalagang kailangan mo.

Ang Kaiser Permanente ay direktang nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro sa pamamagitan ng pinagsamang programa ng medikal na pangangalaga. Nagtutulongan ang Plano sa Kalusugan, Mga Ospital ng Plano, at ang Permanente Medical Group (“Medikal na Grupo”) upang bigyan ng may kalidad na pangangalaga ang aming mga miyembro. Binibigyan ka ng aming programa sa medikal na pangangalaga ng access sa mga sakop na serbisyo na maaaring kailangan mo, gaya ng karaniwang pangangalaga, pangangalaga sa ospital, mga serbisyo ng laboratoryo, pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, at iba pang benepisyong inilalarawan sa **Handbook ng Miyembro** na ito. Gayundin, nag-aalok ang aming mga programa sa edukasyong pangkalusugan ng mga mainam na paraan upang maprotektahan at mapabuti ang iyong kalusugan.

---

## B. Impormasyon tungkol sa Medicare at Medi-Cal

### B1. Medicare

Ang Medicare ay ang pederal na programa sa insurance sa kalusugan para sa:

- Mga taong 65 taong gulang pataas,
- Ilang taong wala pang 65 taong gulang na may ilang partikular na kapansanan, at
- Mga taong may end-stage na sakit hinggil sa bato (pagpalya ng bato).

### B2. Medi-Cal

Ang Medi-Cal ay ang pangalan ng programang Medicaid ng California. Ang Medi-Cal ay pinatatakbo ng estado at binabayaran ng pamahalaan ng estado at pederal na pamahalaan. Tinutulungan ng Medi-Cal ang mga taong limitado ang kita at mga mapagkukunan na mabayaran ang Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (LTSS) at mga medikal na gastos. Sinasakop nito ang mga karagdagang serbisyo at gamot na hindi sakop ng Medicare.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

Pinagpapasyahan ng bawat estado ang sumusunod:

- Ano ang itinuturing na kita at mga mapagkukunan,
- Sino ang kwalipikado,
- Anong mga serbisyo ang sakop, **at**
- Ang halaga ng mga serbisyo.

Maaaring magpasya ang mga estado kung paano patatakbuhan ang kanilang mga programa, hangga't sumusunod sila sa mga pederal na panuntunan.

Inaprubahan ng Medicare at ng estado ng California ang aming plano. Maaari kang kumuha ng mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal sa pamamagitan ng aming plano hangga't:

- Nagpapasya kaming ialok ang plano, **at**
- Pinapayagan kami ng Medicare at Estado ng California na patuloy na ialok ang planong ito.

Kahit na tumigil ang aming plano sa pagpapatakbo sa hinaharap, hindi maaapektuhan ang iyong pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal.

---

## C. Mga bentahe ng aming plano

Makukuha mo na ngayon ang lahat ng iyong sakop na serbisyo ng Medicare at Medi-Cal mula sa aming plano, kabilang ang mga inireresetang gamot. **Wala kang karagdagang babayaran upang makasali sa planong pangkalusugan na ito.**

Tumutulong kami para mas mahusay na magamit nang magkakasama at mas makatulong sa iyo ang iyong mga benepisyos sa Medicare at Medi-Cal. Kabilang sa ilan sa mga bentahe ang:

- Maaari kang makipagtulungan sa amin para sa **lahat** ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.
- Tutulong ka sa pagbuo ng iyong pangkat sa pangangalaga. Maaaring kabilang sa iyong pangkat sa pangangalaga ang iyong sarili, iyong tagapag-alaga, mga doktor, mga nars, mga tagapayo, o iba pang propesyonal sa kalusugan.
- Mayroon kang access sa isang tagapagkoordinang pangangalaga. Siya ang taong makikipagtulungan sa iyo, sa aming plano, at sa iyong pangkat sa pangangalaga sa paggawa ng plano sa pangangalaga.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Magagawa mong magbigay ng direksyon para sa iyong sariling pangangalaga sa tulong ng iyong pangkat sa pangangalaga at tagapagkoordinang pangangalaga.
- Makikipagtulungan sa iyo ang iyong pangkat sa pangangalaga at tagapagkoordinang pangangalaga sa paggawa ng plano sa pangangalaga na idinisenyo upang matugunan ang **iyong** mga pangangailangan sa kalusugan. Tumutulong ang pangkat sa pangangalaga na ikoordinang mga serbisyong kailangan mo. Halimbawa, nangangahulugan ito na tinitiyak na iyong pangkat sa pangangalaga na:
- Alam ng iyong mga doktor ang tungkol sa lahat ng gamot na iniinom mo upang matiyak nila na mga tamang gamot ang iniinom mo at mabawasan ang anumang side effect na maaaring maranasan mo mula sa mga gamot.
- Ibinabahagi ang iyong mga resulta ng pagsusuri sa lahat ng iyong doktor at iba pang provider, kung naaangkop.

**Mga bagong miyembro sa Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo:** Sa karamihan ng mga pagkakataon, ipapatala ka sa aming **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo na Plano** para sa iyong mga benepisyo ng Medicare sa ika-1 araw ng buwan pagkatapos mong hilinging maitala sa **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo**. Maaari mo pa ring matanggap ang iyong mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa iyong nakaraang planong pangkalusugan ng Medi-Cal para sa isang karagdagang buwan. Pagkatapos nito, matatanggap mo ang iyong mga serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo**. Hindi magkakaroon ng pahinga sa iyong coverage ng Medi-Cal. Mangyaring tawagan kami sa **1-800-443-0815 (TTY 711)** kung mayroon kang anumang tanong. Ang mga oras ay 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo.

---

## D. Ang sineserbisyuhang lugar ng aming plano

Kabilang sa aming sineserbisyuhang lugar para sa planong ito ang **County ng San Mateo**, sa California.

Ang mga tao lang na nakatira sa aming sineserbisyuhang lugar ang makakasali sa aming plano.

**Hindi ka makakapanatili sa aming plano kung lilipat ka sa labas ng aming sineserbisyuhang lugar.** Sumangguni sa **Kabanata 10** ng **Handbook ng Miyembro** na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga epekto ng paglipat sa labas ng aming sineserbisyuhang lugar.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## E. Paano ka magiging kwalipikado na maging miyembro ng plano

Kwalipikado ka para sa aming plano hangga't ikaw ay:

- Nakatira sa aming sineserbisyuhang lugar (ang mga indibidwal na nakabilanggo ay hindi itinuturing na nakatira sa heograpikong sineserbisyuhang lugar kahit na pisikal silang narito.), **at**
- 21 taong gulang pataas sa panahon ng pag-enroll, **at**
- Mayroong parehong Bahagi A ng Medicare at Bahagi B ng Medicare, **at**
- Kasalukuyang kwalipikado para sa Medi-Cal at nakatira sa aming heograpikong lugar na may lisensya sa Medi-Cal sa iyong county, **at**
- Mamamayan ng United States o legal na namamalagi sa United States.

Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro para sa higit pang impormasyon.

Pakitandaan: kung mawawala ang iyong pagiging kwalipikado pero makatuwirang maaasahan na maging kwalipikado kang muli sa loob ng 4 na buwan, kwalipikado ka pa rin para sa membership sa aming plano (isinasaad sa iyo sa **Kabanata 4, Seksyon A** ang tungkol sa coverage at bahagi sa gastos sa panahong ito, na tinatawag na itinuturing na patuloy na pagiging kwalipikado).

---

## F. Ano ang dapat asahan sa unang pagkakataon na sumali ka sa aming planong pangkalusugan

Sa unang pagsali mo sa aming plano, makakatanggap ka ng pagtatasa sa panganib sa kalusugan (HRA) sa loob ng 90 araw bago ang aming pagkaraang ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng iyong pagpapatala.

Dapat kaming magkumpleto ng HRA para sa iyo. Ang HRA na ito ay batayan sa pagbuo ng iyong plano sa pangangalaga. Kabilang sa HRA ang mga tanong upang matukoy ang iyong mga pangangailangan sa medikal, LTSS, at kalusugan ng pag-uugali at mga pangangailangan sa pagkilos.

Makikipag-ugnayan kami sa iiyo upang makumpleto ang HRA. Maaari naming kumpletuhin ang HRA sa pamamagitan ng personal na pagbisita, tawag sa telepono, o sulat.

Magpapadala kami sa iyo ng higit pang impormasyon tungkol sa HRA na ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



## F1. Mga bagong miyembro

Kung isa kang bagong miyembro at nakakatanggap ka ng pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network ng Kaiser Permanente, maaari ka pa ring patuloy na magpatingin sa kanila nang hanggang 12 buwan o higit pa sa ilang partikular na sitwasyon. Kung kabilang ang iyong medikal na sitwasyon sa isa sa mga kasong nakalista sa ibaba sa ilalim ng heading na “Pagiging Kwalipikado,” maaari mong hilinging ipagpatuloy ang pangangalaga sa provider na iyon.

## F2. Mga kasalukuyang miyembro

Kung huminto sa pagtatrabaho ang iyong provider para sa Kaiser Permanente, maaari kang patuloy na makatanggap ng mga serbisyo mula sa provider na iyon. Ito ay isa pang anyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga.

Kung itinalaga ka sa isang grupo ng provider na may kontrata sa amin na matatapos na, padadalhan ka namin ng nakasulat na abiso nang hindi bababa sa 60 araw bago ito magwakas (o hangga't makatuwiran at posible). Bibigyan ka rin namin ng nakasulat na abiso nang hindi bababa sa 60 araw bago namin wakasan ang isang kontrata sa isang ospital na nasa loob ng 15 milya kung saan ka nakatira. Maaari kang patuloy na magpatingin sa isang provider sa grupo ng provider na iyon o sa ospital na iyon nang hanggang 12 buwan o mas matagal sa ilang partikular na sitwasyon. Kung kabilang ang iyong medikal na sitwasyon sa isa sa mga kaso sa ibaba sa ilalim ng heading na “Pagiging Kwalipikado,” maaari mong hilinging ipagpatuloy ang pangangalaga sa grupo ng provider o ospital na iyon.

## F4. Pagiging Kwalipikado para sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga

Inilalarawan sa seksyong ito ang mga medikal na kundisyon kung saan maaari kang humiling ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga. May mga karagdagang pamantayang dapat matugunan upang maaprubahan namin ang iyong kahilingan. Ang mga karagdagang pamantayan ay nakalista sa huling bahagi sa seksyong ito. Kung aaprubahan namin ang iyong kahilingan para sa Pagbibigay ng Mga Sakop na Serbisyo, sasakupin namin ang mga serbisyong nakalista sa ibaba. Para sa mga bagong miyembro, sasakupin ang mga naaprubahang serbisyo nang hanggang 12 buwan mula sa iyong petsa ng pagpapatala, maliban na lang kung may iba pang tinukoy sa ibaba.

- **Mga acute (biglaan at malala) na kondisyon.** Mga sakop na serbisyo hanggang sa matapos ang malubhang kondisyon.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

- **Mga malubhang hindi gumagaling na kondisyon.** Mga sakop na serbisyo hanggang sa mas maaga sa (1) 12 buwan mula sa petsa nang matapos ang kontrata ng provider; o (2) unang araw pagkatapos makumpleto ang haba ng paggamot kung kailan ligtas nang ilipat ang iyong pangangalaga sa isang Provider na nasa Network, ayon sa pagpapasya ng Kaiser Permanente matapos makipag-usap sa miyembro at provider na wala sa network at alinsunod sa mabuting propesyonal na kasanayan. Ang mga malubha at hindi gumagaling na kondisyon ay mga karamdaman o iba pang medikal na kondisyon na malubha, kung ang isa sa mga sumusunod ay totoo tungkol sa kondisyon:
  - Nagpapatuloy ito nang walang ganap na kagalingan.
  - Mas lumulubha ito sa mahabang panahon.
  - Nangangailangan ito ng patuloy na paggamot upang mapanatili ang pagkawala ng mga sintomas o ng sakit o maiwasan ang paglubha pa ng kondisyon.
- **Pangangalaga sa pagbubuntis.** Mga sakop na serbisyo habang ikaw ay buntis at hanggang isang taon pagkatapos mong manganak.
- **Mga serbisyo para sa mga kababaihang may kondisyon sa kalusugan ng isip** habang buntis o pagkatapos manganak. Maaari naming sakupin ang pagbibigay ng mga serbisyong ito nang hanggang 12 buwan mula sa diyagnosis sa kalusugan ng isip o mula sa pagtatapos ng pagbubuntis, alinman ang mas huli.
- **Mga karamdamang wala nang lunas.** Mga sakop na serbisyo para sa tagal ng karamdaman. Ang mga wala nang lunas na karamdaman ay mga karamdamang hindi na maaaring gamutin o ibalik sa dati at malamang na magdulot ito ng pagkamatay sa karamihan ng mga kaso.
- **Pangangalaga para sa mga batang wala pang 3 taong gulang.** Mga sakop na serbisyo hanggang sa mas maaga sa (1) 12 buwan mula sa petsa kung kailan natapos ang kontrata ng provider; o (2) ikatlong kaarawan ng bata.
- Operasyon o ibang pamamaraan na bahagi ng kurso ng paggamot.
  - Kung isa kang bagong miyembro, ang operasyon o pamamaraan ay dapat irekomenda at idokumento ng provider na magaganap sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng coverage.
  - Kung matapos ang kontrata ng iyong provider sa Kaiser Permanente, ang operasyon o pamamaraan ay dapat irekomenda at idokumento ng



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

provider na magaganap sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pagtatapos ng kontrata sa pagitan ng Kaiser Permanente at ng provider.

- **Tumatanggap ka ng pangmatagalang pangangalaga** sa ilalim ng Pinamamahalaang Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (“MLTSS”).

Upang maging kwalipikado sa pagbibigay na ito ng coverage sa mga serbisyo, dapat matugunan ang lahat ng sumusunod na kinakailangan:

- May bisa ang iyong coverage sa Medi-Cal o Medicare sa petsa kung kailan natanggap mo ang mga serbisyo.
- Para sa mga bagong Miyembro, ang coverage ng nakaraan mong plano sa mga serbisyo ng provider ay nagwakas o magwawakas kapag nagkaroon ng bisa ang coverage mo sa amin
- Tumatanggap ka ng mga serbisyo dahil sa isa sa mga kasong nakalista sa itaas mula sa isang provider na wala sa plano sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng coverage kung ikaw ay isang bagong miyembro, o mula sa naalis na provider na nasa plano sa petsa ng pagwawakas ng provider.
- Para sa mga bagong miyembro, nang magpatala ka sa Kaiser Permanente, wala kang opsyong magpatuloy sa iyong nakaraang planong pangkalusugan o pumili ng ibang plano (kabilang ang opsyong wala sa network) na sasakop ng mga serbisyo ng iyong kasalukuyang provider na wala sa plano.
- Para sa mga bagong miyembro, dapat ay mayroon kang kasalukuyang ugnayan sa provider na hinihiling mong patuloy na puntahan.
- Para sa mga serbisyo sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga batang wala pang 21 taong gulang, ang kasalukuyang ugnayan ay nangangahulugang nagpatingin ka sa provider sa loob ng anim na buwan bago ang iyong pagpapatala sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal.
- Para sa lahat ng iba pang serbisyo, ang kasalukuyang ugnayan ay nangangahulugang nagpatingin ka sa provider sa loob ng nakalipas na 12 buwan para sa pagbisitang hindi pang-emergency.
- Sumasang-ayon ang provider sa aming mga karaniwang tuntunin at kondisyon sa kontrata.
- Medikal na kinakailangan ang mga serbisyo at mga sakop na serbisyo sa ilalim ng **Handbook ng Miyembro** na ito kung natanggap mo ang mga ito mula sa isang provider na nasa network.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Hihiling ka ng pagbibigay ng mga serbisyo sa loob ng 30 araw (o hangga't makatuwiran at posible) mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng coverage kung ikaw ay isang bagong miyembro o mula sa petsa ng pagtatapos ng provider na nasa plano.
- Ang Kaiser Permanente ay walang nakadokumentong alalahanin sa kalidad ng pangangalaga sa provider na wala sa plano.

**Hindi** sinasakop ng Kaiser Permanente ang pagbibigay ng mga sakop na serbisyo mula sa mga provider na wala sa plano kung totoo ang alinman sa mga sumusunod:

- Ang mga serbisyo ay hindi sinasakop ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal.
- Hindi makikipagtulungan ang iyong provider sa Kaiser Permanente. Kailangan mong maghanap ng bagong provider.

Sumangguni sa **Kabanata 3** ng **Handbook ng Miyembro** na ito para sa higit pang impormasyon sa pagkuha ng pangangalaga.

---

## **G. Ang iyong pangkat sa pangangalaga at plano sa pangangalaga**

### **G1. Pangkat sa pangangalaga**

Matutulungan ka ng pangkat sa pangangalaga na patuloy na makuha ang pangangalagang kailangan mo. Maaaring kabilang sa isang pangkat sa pangangalaga ang iyong doktor, tagapagkoordinang pangangalaga, o iba pang taong nangangasiwa sa kalusugan na pipiliin mo.

Ang tagapagkoordinang pangangalaga ay isang taong sinanay upang tulungan kang pamahalaan ang pangangalagang kailangan mo. Magkakaroon ng tagapagkoordinang pangangalaga kapag nag-enroll ka sa aming plano. Ire-refer ka rin ng taong ito sa iba pang mapagkukunan sa komunidad na hindi maibibigay ng aming plano at makikipagtulungan siya sa iyong pangkat sa pangangalaga upang ikoordinang pangangalaga. Tawagan kami sa mga numero sa ibaba ng pahina para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong tagapagkoordinang pangangalaga at pangkat sa pangangalaga.

### **G2. Plano sa pangangalaga**

Makikipagtulungan sa iyo ang iyong pangkat sa pangangalaga upang gumawa ng plano sa pangangalaga. Isinasaad ng isang plano sa pangangalaga sa iyo at sa iyong mga doktor kung anong mga serbisyo ang kailangan mo at paano mo makukuha ang mga ito. Kabilang dito ang mga pangangailangan sa pagpapagamot, kalusugan ng pag-uugali, at LTSS.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kabilang sa iyong plano ng pangangalaga ang:

- Iyong mga layunin sa pangangalagang pangkalusugan.
- Isang timeline sa pagkuha ng mga serbisyong kailangan mo.

Makikipagpulong sa iyo ang iyong pangkat sa pangangalaga pagkatapos ng iyong pagtatasa sa panganib sa kalusugan. Kakausapin ka nila tungkol sa mga serbisyong kailangan mo. Sasabihin din nila sa iyo ang tungkol sa mga serbisyo na maaaring gusto mong pag-isipan na kunin. Nakabatay sa mga pangangailangan mo ang iyong plano sa pangangalaga. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong pangkat sa pangangalaga upang ma-update ang iyong plano sa pangangalaga nang kahit bawat taon man lang.

---

## H. Buwanang premium sa plano

### H1. Premium sa plano

Para sa 2023, ang buwanang premium para sa ating plano ay **\$29. Kung kwalipikado ka para sa "Karagdagang Tulong," hindi ka magbabayad ng buwanang premium ng plano.**

---

## I. Iyong Handbook ng Miyembro

Ang **Handbook ng Miyembro** na ito ay bahagi ng aming kontrata sa iyo. Ibig sabihin nito, dapat naming sundin ang lahat ng panuntunan sa dokumentong ito. Kung sa palagay mo ay mayroon kaming ginawa na lumalabag sa mga panuntunang ito, maaari mong iapela ang aming desisyon. Para sa impormasyon tungkol sa mga apela, sumangguni sa **Kabanata 9 ng Handbook ng Miyembro** o tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**.

Maaari kayong humiling ng **Handbook ng Miyembro** sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nasa ibaba ng page. Maaari ka ring sumangguni sa **Handbook ng Miyembro** sa aming website sa web address sa ibaba ng pahina o i-download ito.

May bisa ang kontrata sa mga buwan na naka-enroll ka sa aming plano sa pagitan ng Enero 1, 2023, at Disyembre 31, 2023.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## J. Iba pang mahalagang impormasyon na makukuha mo mula sa amin

Kasama sa iba pang mahalagang impormasyon na ibibigay namin sa iyo ang iyong ID Card ng Miyembro, impormasyon tungkol sa kung paano ma-access ang isang **Provider** at **Direktoryo sa Parmasya**, at impormasyon sa isang **Listahan ng Mga Sakop na Gamot**.

### J1. Iyong ID Card ng Plano

Sa ilalim ng aming plano, mayroon kang isang card para sa iyong mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal na sakop ng aming plano, kabilang ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta, ilang partikular na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, at mga reseta. Ipapakita mo ang card na ito kapag kumuha ka ng anumang serbisyo o reseta sa Bahagi D. Narito ang isang halimbawang ID Card ng Miyembro:



Kung nasira, nawala, o nanakaw ang iyong ID Card ng Miyembro, tumawag kaagad sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa numerong nasa ibaba ng pahina. Magpapadala kami sa iyo ng bagong card.

Hangga't miyembro ka ng aming plano, hindi mo kakailanganing gamitin ang iyong pula, puti, at asul na Medicare card. Itabi ang card na ito sa isang ligtas na lugar, upang magamit kung sakaling kailanganin mo ito sa hinaharap. Kung ipapakita mo ang iyong Medicare card sa halip na ang iyong ID Card ng Miyembro, maaaring singilin ng provider ang Medicare sa halip na ang aming plano, at maaaring makatanggap ka ng bill. Sumangguni sa **Kabanata 7** ng **Handbook ng Miyembro** na ito upang malaman kung ano ang gagawin kung makatanggap ka ng bill mula sa isang provider.

Tandaan, kailangan mo ang iyong Medi-Cal card o Benefits Identification Card (BIC) upang ma-access ang mga sumusunod na serbisyo:

- Mga may espesyalisyong serbisyo sa kalusugan ng isip na maaari mong makuha mula sa plano para sa kalusugan ng isip (MHP) ng county.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## J2. Direktoryo ng Provider at Parmasya

Nakalista sa **Direktoryo ng Provider at Parmasya** ang mga provider at parmasya sa network ng aming plano. Habang miyembro ka ng aming plano, dapat mong gamitin ang mga provider na nasa network upang makakuha ng mga sakop na serbisyo.

Maaari kang humiling ng **Direktoryo ng Provider at Parmasya** sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nasa ibaba ng page. Maaari ka ring sumangguni sa **Direktoryo ng Provider at Parmasya** sa **kp.org/directory**.

Nakalista sa **Direktor ng Provider** ang aming mga provider na nasa network at supplier ng matibay na kagamitang pangmedikal. Ang lahat ng aming provider na nasa network ay tumatanggap ng parehong Medicare at Medicaid, maliban na lang kung may ibang binanggit. Kung sakaling kailangan mo ng serbisyong hindi sakop ng aming plano at sinasakop ng Medi-Cal, maaaring i-refer ka namin sa ahensya ng Medi-Cal ng estado upang makahanap ng provider na wala sa network na maaaring magbigay ng iyong sakop na pangangalaga sa Medi-Cal.

### Kahulugan ng mga provider na nasa network

- Kabilang sa aming mga provider na nasa network ang:
  - Mga doktor, nars, at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na maaari mong gamitin bilang miyembro ng aming plano;
  - Mga klinikal, ospital, pasilidad sa pag-aalaga, at iba pang lugar na nagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan sa aming plano; **at**
  - LTSS, mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, ahensya para sa kalusugan sa tahanan, supplier ng matibay na kagamitang pangmedikal, at iba pang nagbibigay ng mga produkto at serbisyo na kinukuha mo sa pamamagitan ng Medicare o Medi-Cal.

Sumasang-ayon ang mga provider na nasa network na tumanggap ng bayad mula sa aming plano para sa mga sakop na serbisyo bilang bayad sa kabuuan.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Kahulugan ng mga parmasyang nasa network

- Ang mga parmasyang nasa network ay mga parmasya na sumasang-ayong punan ang mga reseta para sa mga miyembro ng aming plano. Gamitin ang **Direktoryo ng Provider** at **Parmasya** upang malaman ang parmasya na nasa network na gusto mong gamitin.
- Maliban sa panahon ng emergency, dapat mong punan ang iyong mga reseta sa isa sa aming mga parmasyang nasa network kung gusto mong tulungan ka ng aming plano na bayaran ang mga ito.

Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nasa ibaba ng pahina para sa higit pang impormasyon. Ang parehong Mga Serbisyo sa Miyembro at aming website ay makakapagbigay sa iyo ng pinakabagong impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa aming mga parmasya at provider na nasa network.

### J3. Listahan ng Mga Sakop na Gamot

Ang plano ay mayroong **Listahan ng Mga Sakop na Gamot**. Tinatawag namin itong “Listahan ng Gamot” para paikliin. Sinasabi nito sa iyo kung aling mga inireresetang gamot ang sinasakop ng aming plano.

Sinasabi rin sa iyo ng Listahan ng Gamot kung mayroong anumang panuntunan o paghihigpit sa anumang gamot, gaya ng limitasyon sa dami na maaari mong makuha. Sumangguni sa **Kabanata 5** ng **Handbook ng Miyembro** na ito para sa higit pang impormasyon.

Bawat taon, magpapadala kami sa iyo ng impormasyon tungkol sa kung paano maa-access ang Listahan ng Gamot, ngunit may ilang pagbabago na maaaring mangyari sa loob ng isang taon. Upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa kung aling mga gamot ang sakop, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro o bumisita sa aming website sa **kp.org/seniorrx**.

### J4. Ang Pagpapaliwanag ng Mga Benepisyo

Kapag ginamit mo ang iyong mga benepisyo sa inireresetang gamot sa Bahagi D, magpapadala kami sa iyo ng buod na tutulong sa iyong maunawaan at masubaybayan ang mga pagbabayad para sa iyong mga inireresetang gamot sa Bahagi D. Tinatawag ang buod na ito na **Pagpapaliwanag ng Mga Benepisyo** (EOB).



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



Isinasaad ng EOB sa iyo ang kabuuang halaga na ginastos mo, o ginastos ng iba sa ngalan mo, sa iyong mga inireresetang gamot sa Bahagi D at ang kabuuang halagang binayaran namin para sa bawat isa sa iyong mga inireresetang gamot sa Bahagi D sa loob ng isang buwan. May higit pang impormasyon sa EOB tungkol sa mga gamot na ginagamit mo gaya ng mga pagtaas ng presyo at iba pang gamot na may mas mababang bahagi sa gastos na maaaring available. Maaari kang makipag-usap sa iyong tagapagreseta tungkol sa mga opsyon sa mas mababang halaga na ito. **May higit pang impormasyon sa Kabanata 6 ng Handbook ng Miyembro na ito** tungkol sa EOB at kung paano ito nakakatulong sa iyo na masubaybayan ang iyong coverage sa gamot.

Maaari ka ring humiling ng EOB. Upang humingi ng kopya, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nasa ibaba ng pahina.

Maaari mo ring piliing tingnan na lang ang iyong **EOB ng Bahagi D** online sa halip na sa pamamagitan ng koreo. Mangyaring bumisita sa [kp.org/goinggreen](http://kp.org/goinggreen) at mag-sign in upang matuto pa tungkol sa pagpiling ligtas na matingnan ang iyong **EOB ng Bahagi D** nang online.

---

## K. Pagpapanatiling napapanahon ng iyong rekord ng membership

Mapapanatili mong napapanahon ang iyong rekord ng membership sa pamamagitan ng pagsasabi sa amin kapag may mga pagbabago sa iyong impormasyon.

Kailangan namin ang impormasyong ito upang matiyak na mayroon kang tamang impormasyon sa aming mga rekord. Kailangan din ng aming mga provider at parmasyang nasa network ng wastong impormasyon tungkol sa iyo. **Ginagamit nila ang iyong rekord ng membership upang malaman kung anong mga serbisyo at gamot ang matatanggap mo at magkano ang halagang babayaran mo para sa mga ito.**

Sabihin kaagad sa amin ang tungkol sa sumusunod:

- Mga pagbabago sa iyong pangalan, address, o numero ng telepono.
- Mga pagbabago sa anupamang coverage sa insurance sa kalusugan, gaya ng mula sa iyong employer, employer ng iyong asawa, o employer ng iyong domestikong kapareha, o bayad sa mga manggagawa.
- Anumang claim para sa pananagutan, gaya ng mga claim mula sa isang aksidente sa sasakyan.
- Pagka-admit sa isang nursing home o ospital.
- Pangangalaga mula isang ospital o emergency room.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare).

- Mga pagbabago sa iyong caregiver (o sinumang may responsibilidad sa iyo)
- Makikibahagi ka sa isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral. (**Tandaan:** Hindi mo kinakailangang sabihin sa amin ang tungkol sa klinikal na pananaliksik na pag-aaral na kinabibilangan mo o kinabilangan mo, ngunit hinihikayat ka naming gawin iyon.)

Kung may anumang impormasyon na magbabago, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

### **K1. Privacy ng personal na impormasyon ng kalusugan (PHI)**

Maaaring may kasamang personal na impormasyon ng kalusugan (PHI) sa iyong record ng membership. Iniaatas ng mga pederal na batas at batas ng estado na panatilihin naming pribado ang iyong PHI. Pinoprotektahan namin ang iyong PHI. Para sa higit pang detalye tungkol sa kung paano namin pinoprotektahan ang iyong PHI, sumangguni sa **Kabanata 8** ng **Handbook ng Miyembro na ito**.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Kabanata 2: Mahahalagang numero ng telepono at mapagkukunan

---

### Panimula

Nagbibigay sa iyo ang kabanatang ito ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mahahalagang madudulugan na makakatulong sa iyo sa pagsagot ng mga tanong mo tungkol sa aming plano at iyong mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari mo ring gamitin ang kabanatang ito upang kumuha ng impormasyon tungkol sa kung paano makikipag-ugnayan sa iyong tagapagkoordinang pangangalaga at sa iba pa upang mamagitan sa ngalan mo. Makikita ang mahahalagang termino at mga kahulugan ng mga ito sa alpabetikong pagkakasunod-sunod sa huling kabanata ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

### Kabanata 2 Talaan ng Mga Nilalaman

A. Mga Serbisyo sa Miyembro .....	19
Mga Desisyon, Apela, at Reklamo sa Coverage tungkol sa medikal na pangangalaga .....	20
Mga desisyon sa coverage para sa mga inireresetang gamot sa Bahagi D .....	23
Mga Apela para sa mga inireresetang gamot sa Bahagi D .....	24
Mga Reklamo para sa mga inireresetang gamot sa Bahagi D .....	25
Mga kahilingan sa pagbabayad .....	26
B. Iyong Tagapagkoordinang Pangangalaga .....	29
C. Linya sa Pagtawag para sa Payo ng Nars .....	31
D. Programa sa Pagpapayo at Suporta sa Insurance sa Kalusugan (HICAP) .....	32
E. Organisasyon para sa Pagpapahusay sa Kalidad (QIO) .....	33
F. Medicare .....	35
G. Medi-Cal .....	36
H. Tanggapan ng Ombudsman .....	37
I. Mga Serbisyonang Panlipunan ng County .....	38
J. May Espesyalisasyong Plano para sa Kalusugan ng Isip ng County .....	39



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

K. Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan ng California ..... 40

L. Iba pang mapagkukunan ..... 41



---

**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## A. Mga Serbisyo sa Miyembro

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-800-443-0815</b>  Libre ang tawag na ito.  7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mayroon kaming mga libreng serbisyo ng interpreter para sa mga taong hindi nagsasalita ng English.
<b>TTY</b>	<b>711</b>  Libre ang tawag na ito. 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.
<b>SUMULAT</b>	Iyong lokal na tanggapan ng Mga Serbisyo sa Miyembro (tingnan ang <b>Direktoryo ng Provider</b> para sa mga lokasyon).
<b>WEBSITE</b>	<b>kp.org</b>

Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro upang humingi ng tulong sa:

- Mga tanong tungkol sa plano
- Mga tanong tungkol sa mga claim o billing



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Mga Desisyon, Apela, at Reklamo sa Coverage tungkol sa medikal na pangangalaga

<b>TUMAWAG</b>	<p><b>1-800-443-0815</b></p> <p>Libre ang tawag na ito. 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.</p> <p>Mayroon kaming mga libreng serbisyo ng interpreter para sa mga taong hindi nagsasalita ng English.</p> <p>Kung kwalipikado ang iyong desisyon, apela, o reklamo sa coverage para sa mabilis na pagpapasya gaya ng inilalarawan sa <b>Kabanata 9</b>, tumawag sa Unit para sa Pinabilis na Pagsusuri sa <b>1-888-987-2252</b>, nang 8:30 a.m. hanggang 5 p.m., mula Lunes hanggang Sabado.</p>
<b>TTY</b>	<p><b>711</b></p> <p>Libre ang tawag na ito. 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.</p>
<b>FAX</b>	<p>Kung kwalipikado para sa isang mabilis na pagpapasya ang iyong desisyon, apela, o reklamo sa coverage, i-fax ang iyong kahilingan sa aming Unit para sa Pinabilis na Pagsusuri sa <b>1-888-987-2252</b>.</p>
<b>SUMULAT</b>	<p>Para sa isang karaniwang desisyon o reklamo sa coverage, sumulat sa iyong lokal na tanggapan ng Mga Serbisyo sa Miyembro (tingnan ang <b>Direktoryo ng Provider</b> para sa mga lokasyon).</p> <p>Para sa isang karaniwang apela, sumulat sa address na ipinapakita sa abiso ng pagtanggap na ipapadala namin sa iyo.</p> <p>Kung kwalipikado para sa isang mabilis na pagpapasya ang iyong desisyon, apela, o reklamo sa coverage, sumulat sa:</p> <p>Kaiser Permanente Expedited Review Unit P.O. Box 1809 Pleasanton, CA 94566</p>
<b>WEBSITE</b>	<p>Maaari kang magsumite ng reklamo tungkol sa aming plano nang direkta sa Medicare. Upang magsumite ng online na reklamo sa Medicare, pumunta sa <b><a href="http://www.medicare.gov/MedicareComplaintForm/home.aspx">www.medicare.gov/MedicareComplaintForm/home.aspx</a></b>.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

Makipag-ugnayan sa mga numero sa itaas upang humingi ng tulong sa:

- Mga desisyon sa coverage tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan
  - Ang desisyon sa coverage tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan ay isang desisyon tungkol sa:
    - iyong mga benepisyo at sakop na serbisyo o
    - halagang binabayaran namin para sa iyong mga serbisyo sa kalusugan.
  - Tumawag sa amin kung mayroon kang mga tanong tungkol sa isang desisyon sa coverage tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan.
  - Upang matuto pa tungkol sa mga desisyon sa coverage, sumangguni sa **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.
- Mga apela tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan
  - Ang apela ay isang pormal na paraan ng paghiling sa amin na suriin ang isang desisyong ginawa namin tungkol sa iyong coverage at paghiling sa aming baguhin ito kung sa palagay mo ay nagkamali kami o hindi ka sumasang-ayon sa desisyon.
  - Upang matuto pa tungkol sa pag-apela, sumangguni sa **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.
- Mga reklamo tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan
  - Maaari kang maghain ng reklamo tungkol sa amin o alinmang provider (kabilang ang provider na wala sa network o nasa network). Ang provider na nasa network ay isang provider na nakikipagtulungan sa aming plano. Maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa kalidad ng pangangalagang natanggap mo sa amin o sa Organisasyon para sa Pagpapahusay sa Kalidad (sumangguni sa **Seksyon F**).
  - Maaari mo kaming tawagan at ipaliwanag ang iyong reklamo sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.
  - Kung ang iyong reklamo ay nauugnay sa isang desisyon sa coverage tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan, maaari kang umapela (sumangguni sa seksyon sa itaas).
  - Maaari kang magpadala ng reklamo tungkol sa aming plano sa Medicare. Maaari kang gumamit ng online na form sa



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

**[www.medicare.gov/MedicareComplaintForm/home.aspx](http://www.medicare.gov/MedicareComplaintForm/home.aspx)**. O maaari kang tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)** upang humingi ng tulong.

- Maaari kang maghain ng reklamo tungkol sa aming plano sa Ombuds Program sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-452-8609**. Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., hindi kabilang ang mga holiday ng estado.
- Upang matuto pa tungkol sa paghahain ng reklamo tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan, sumangguni sa **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.



**Mga desisyon sa coverage para sa mga inireresetang gamot sa Bahagi D**

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-877-645-1282</b>  Libre ang tawag na ito. 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mayroon kaming mga libreng serbisyo ng interpreter para sa mga taong hindi nagsasalita ng English.
<b>TTY</b>	<b>711</b>  Libre ang tawag na ito. 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.
<b>FAX</b>	<b>1-844-403-1028</b>
<b>SUMULAT</b>	OptumRx c/o Prior Authorization P.O. Box 25183 Santa Ana, CA 92799
<b>WEBSITE</b>	<b>kp.org</b>

Makipag-ugnayan sa mga numero sa itaas upang humingi ng tulong sa:

- Mga desisyon sa coverage tungkol sa iyong mga sakop na gamot ng Medicare
  - Ang isang desisyon sa coverage tungkol sa iyong mga gamot sa Medicare ay isang desisyon tungkol sa:
    - iyong mga benepisyo at gamot na sakop ng Medicare o
    - ang halagang babayaran namin para sa iyong mga gamot sa Medicare.
  - Ang mga gamot na hindi sakop ng Medicare, gaya ng mga gamot na hindi kailangan ng reseta (OTC) at ilang partikular na bitamina, ay maaaring sakupin ng Medi-Cal Rx. Mangyaring bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx (**medi-calrx.dhcs.ca.gov/**) para sa higit pang impormasyon. Maaari ka ring-tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Customer ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**.
  - Para sa higit pa hinggil sa mga desisyon sa coverage tungkol sa iyong mga inireresetang gamot sa Medicare, sumangguni sa **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

**Mga Apela para sa mga inireresetang gamot sa Bahagi D**

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-866-206-2973</b>  Libre ang tawag na ito. Lunes hanggang Biyernes, 8:30 a.m. hanggang 5 p.m.  Mayroon kaming mga libreng serbisyo ng interpreter para sa mga taong hindi nagsasalita ng English.
<b>TTY</b>	<b>711</b>  Libre ang tawag na ito. Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m.
<b>FAX</b>	<b>1-866-206-2974</b>
<b>SUMULAT</b>	Kaiser Permanente Medicare Part D Unit P.O. Box 1809 Pleasanton, CA 94566
<b>WEBSITE</b>	<b>kp.org</b>

Makipag-ugnayan sa mga numero sa itaas upang humingi ng tulong sa:

- Mga apela tungkol sa iyong mga gamot sa Medicare
  - Ang apela ay isang paraan upang hilingin sa amin na baguhin ang isang desisyon sa coverage.
  - Para sa higit pa hinggil sa paghahain ng apela tungkol sa iyong mga inireresetang gamot sa Medicare, sumangguni sa **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

**Mga Reklamo para sa mga inireresetang gamot sa Bahagi D**

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-800-443-0815</b>  Libre ang tawag na ito. 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.  Kung kwalipikado para sa isang mabilis na pagpapasya ang iyong reklamo, tawagan ang Unit para sa Bahagi D sa <b>1-866-206-2973</b> , 8:30 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Tingnan ang <b>Kabanata 9</b> upang malaman kung kwalipikado ang iyong isyu para sa mabilis na pagpapasya.  Mayroon kaming mga libreng serbisyo ng interpreter para sa mga taong hindi nagsasalita ng English.
<b>TTY</b>	<b>711</b>  Libre ang tawag na ito. Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m.
<b>FAX</b>	Kung kwalipikado para sa isang mabilis na pagpapasya ang iyong reklamo, i-fax ang iyong kahilingan sa aming Unit para sa Bahagi D sa <b>1-866-206-2974</b> .
<b>SUMULAT</b>	Para sa isang karaniwang reklamo, sumulat sa iyong lokal na tanggapan ng Mga Serbisyo sa Miyembro (tingnan ang <b>Direktoryo ng Provider</b> para sa mga lokasyon).  Kung kwalipikado para sa isang mabilis na pagpapasya ang iyong reklamo, sumulat sa:  Kaiser Permanente Medicare Part D Unit P.O. Box 1809 Pleasanton, CA 94566
<b>WEBSITE</b>	Maaari kang magsumite ng reklamo tungkol sa aming plano nang direkta sa Medicare. Upang magsumite ng online na reklamo sa Medicare, pumunta sa <b><a href="http://www.medicare.gov/MedicareComplaintForm/home.aspx">www.medicare.gov/MedicareComplaintForm/home.aspx</a></b> .



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

Makipag-ugnayan sa mga numero sa itaas upang humingi ng tulong sa:

- Mga reklamo tungkol sa iyong mga gamot sa Medicare
  - Maaari kang maghain ng reklamo tungkol sa amin o anumang parmasya. Kabilang dito ang isang reklamo tungkol sa iyong mga inireresetang gamot sa Medicare.
  - Kung ang iyong reklamo ay nauugnay sa isang desisyon sa coverage tungkol sa iyong mga inireresetang gamot sa Medicare, maaari kang umapela. (Sumangguni sa Seksyon D.)
  - Maaari kang magpadala ng reklamo tungkol sa aming plano sa Medicare. Maaari kang gumamit ng online na form sa **[www.medicare.gov/MedicareComplaintForm/home.aspx](http://www.medicare.gov/MedicareComplaintForm/home.aspx)**. O maaari kang tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)** upang humingi ng tulong.
  - Para sa higit pa hinggil sa paghahain ng reklamo tungkol sa iyong mga inireresetang gamot sa Medicare, sumangguni sa **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

**Mga kahilingan sa pagbabayad**

<b>TUMAWAG</b>	<p><b>1-800-443-0815</b></p> <p>Libre ang tawag na ito. 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.</p> <p><b>Tandaan:</b> Kung humihiling ka ng pagbabayad ng gamot sa Bahagi D na inireseta ng provider na nasa network at nakuha mula sa parmasya na nasa network, tawagan ang Unit para sa Bahagi D sa <b>1-866-206-2973</b>. 8:30 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes hanggang Biyernes.</p> <p>Mayroon kaming mga libreng serbisyo ng interpreter para sa mga taong hindi nagsasalita ng English.</p>
<b>TTY</b>	<p><b>711</b></p> <p>Libre ang tawag na ito. 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.</p>
<b>SUMULAT</b>	<p>Para sa medikal na pangangalaga, sumulat sa:</p> <p>Kaiser Permanente Claims Department P.O. Box 12923 Oakland, CA 94604-2923</p> <p>Para sa mga gamot sa Bahagi D:</p> <p>Kung humihiling ka ng pagbabayad ng gamot sa Bahagi D na inireseta at ibinigay ng provider na nasa network, maaari mong i-fax ang iyong kahilingan sa <b>1-866-206-2974</b> o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo sa.</p> <p>Kaiser Permanente Medicare Part D Unit P.O. Box 1809 Pleasanton, CA 94566</p>
<b>WEBSITE</b>	<b>kp.org</b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Makipag-ugnayan sa mga numero sa itaas upang humingi ng tulong sa:

- Bayad para sa pangangalagang pangkalusugan o mga gamot sa Medicare na binayaran mo na
  - Para sa higit pa tungkol sa kung paano hihilingin sa amin na bayaran ka, o bayaran ang isang bill na natanggap mo, sumangguni sa **Kabanata 7** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.
  - Kung hihilingin mo sa amin na bayaran ang isang bill at tatanggihan namin ang anumang bahagi ng iyong kahilingan, maaari kang umapela sa aming desisyon. Sumangguni sa **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## B. Iyong Tagapagkoordinang Pangangalaga

Nagbibigay kami ng mga serbisyo upang tulungan kang pangasiwaan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan nang wala kang babayaran. Makikipagtulungan kami sa iba pang programa upang matiyak na matatanggap mo ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo na sakop ng Medi-Cal o Medicare, kahit na ibang programa ang may sakop sa mga serbisyonang iyon at hindi kami.

<b>TUMAWAG</b>	<p>Redwood City: <b>1-650-299-3845</b>, Lunes hanggang Huwebes, 9 a.m. hanggang 5 p.m., tuwing Friday, 9 a.m. hanggang 1 p.m.</p> <p>Santa Clara: <b>1-408-366-4387</b>, Lunes hanggang Biyernes, 9 a.m. hanggang 5 p.m.</p> <p>San Jose: <b>1-408-972-6376</b>, Lunes hanggang Biyernes, 9 a.m. hanggang 5 p.m.</p> <p>South San Francisco: <b>1-650-301-5853</b>, Lunes hanggang Biyernes, 9 a.m. hanggang 5 p.m.</p> <p>Sarado kapag holiday.</p>
<b>TTY</b>	<p><b>711</b></p> <p>Libre ang tawag na ito. 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.</p>
<b>SUMULAT</b>	<p><b>Redwood City:</b> 1100 Veterans Boulevard Cypress Building, 2nd Floor - Station E Redwood City, CA 94063 Attn: SNP/CCM</p> <p><b>Santa Clara:</b> Special Needs Program Attn: Grace Monico 19000 Homestead Rd, Bldg 1, 2nd Fl, Cupertino, CA 95014</p> <p><b>San Jose:</b> 6620 Via Del Oro 2nd Floor Room 208 San Jose, CA 95119</p> <p><b>South San Francisco:</b> 395 Hickey Blvd 4th Floor Daly City, CA 94105 Attn: SNP Team</p>
<b>WEBSITE</b>	<p><a href="https://thrive.kaiserpermanente.org/care-near-you/northern-california/santaclara/departments/member-services/">https://thrive.kaiserpermanente.org/care-near-you/northern-california/santaclara/departments/member-services/</a></p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Makipag-ugnayan sa iyong tagapagkoordinang pangangalaga upang humingi ng tulong sa:

- Mga tanong tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan.
- Mga tanong tungkol sa pagkuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (disorder sa kalusugan ng isip at labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga).
- Mga tanong tungkol sa transportasyon.
- Mga tanong tungkol sa mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS).

Kabilang sa LTSS ang Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Mga Nasa Hustong Gulang (CBAS) at Mga Pasilidad sa Pag-aalaga (NF).

Sinasakop namin ang mga benepisyo sa pangmatagalang pangangalaga na ito para sa mga miyembro na kuwalipikado:

- Mga serbisyo sa pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga kapag naaprubahan namin.
- Mga serbisyo ng pasilidad ng sanay na pag-aalaga.

Kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo ng pangmatagalang pangangalaga, titiyakin namin na ilalagay ka sa isang pasilidad na nagbibigay ng antas ng pangangalaga na pinakaangkop sa iyong mga medikal na pangangailangan. Para sa impormasyon tungkol sa mga programang ito at kung sino ang kwalipikado, makipag-usap sa iyong PCP o sa iyong tagapagkoordinang pangangalaga.

Kung minsan, makakakuha ka ng tulong sa iyong mga pang-araw-araw na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at pamumuhay.

Maaaring makuha mo ang mga serbisyong ito:

- Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (CBAS). Ang “CBAS” ay isang serbisyo kung saan maaari kang maging kwalipikado kung mayroon kang mga problema sa kalusugan na nagpapahirap sa iyo na alagaan ang sarili mo at kailangan mo ng karagdagang tulong. Ang mga sentro ng CBAS ay nagbibigay din ng pagsasanay at suporta sa iyong pamilya at/o tagapag-alaga.
- Sanay na pag-aalaga.
- Physical therapy.
- Occupational therapy.
- Speech therapy.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



- Mga medikal na serbisyong panlipunan.
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay.
- May pangmatagalang pangangalaga, sa isang pasilidad para sa sanay na pag-aalaga, pasilidad para sa intermediate na pangangalaga, o pasilidad para sa pangangalaga sa mga may malubhang sakit para sa mga pananatiling mas matagal kaysa sa sakop ng Medicare.

---

## C. Linya sa Pagtawag para sa Payo ng Nars

Alam natin na kung minsan, mahirap malaman kung anong uri ng pangangalaga ang kailangan mo.

Kung minsan, mahirap malaman kung anong uri ng pangangalaga ang kailangan mo. Mayroon kaming lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na available upang tulungan ka sa pamamagitan ng telepono 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Ikaw ay maaaring:

- Makipag-usap sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na sasagot sa mga medikal na tanong, magbibigay ng payo sa pangangalaga, at tutulong sa iyo kung dapat kang magpatingin kaagad sa isang provider.
- Humingi ng tulong sa mga medikal na kondisyon gaya ng diyabetis o hika, kabilang ang payo tungkol sa kung anong uri ng provider ang maaaring akma para sa iyong kondisyon.
- Humingi ng tulong sa kung ano ang gagawin kung kailangan mo ng pangangalaga at kung sarado ang isang pasilidad na nasa plano, o kung ikaw ay nasa labas ng aming sineserbisyuhang lugar



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kapag tumawag ka, maaari kang tanungin ng sanay na kawani ng suporta upang matulungan kang idirekta ang iyong tawag.

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-866-454-8855</b> Libre ang tawag na ito. 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Mayroon kaming mga libreng serbisyo ng interpreter para sa mga taong hindi nagsasalita ng English.
<b>TTY</b>	<b>711</b> Libre ang tawag na ito.

## D. Programa sa Pagpapayo at Suporta sa Insurance sa Kalusugan (HICAP)

Ang Programa sa Pagpapayo at Suporta sa Insurance sa Kalusugan (HICAP) ay nagbibigay ng libreng pagpapayo sa insurance sa kalusugan sa mga taong may Medicare. Masasagot ng mga tagapayo ng HICAP ang iyong mga tanong at matutulungan ka nilang maunawaan kung ano ang dapat gawin para mapangasiwaan ang iyong problema. May mga sinanay na tagapayo ang HICAP sa bawat county, at libre ang mga serbisyo.

Hindi konektado ang HICAP sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan.

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-800-434-0222</b> Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
<b>TTY</b>	<b>711</b>
<b>SUMULAT</b>	Ang iyong tanggapan ng HICAP para sa iyong county.
<b>WEBSITE</b>	<a href="https://www.aging.ca.gov/HICAP/">https://www.aging.ca.gov/HICAP/</a>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Makipag-ugnayan sa HICAP para sa tulong sa:

- Mga tanong tungkol sa aming plano o Medicare
- Masasagot ng mga tagapayo ng HICAP ang iyong mga tanong tungkol sa paglipat sa isang bagong plano at matutulungan ka nilang:
  - maunawaan ang iyong mga karapatan,
  - maunawaan ang iyong mga desisyon sa plano,
  - maghain ng mga reklamo tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan o paggamot, **at**
  - maayos ang mga problema sa iyong mga bill.

---

## E. Organisasyon para sa Pagpapahusay sa Kalidad (QIO)

May organisasyon ang aming estado na tinatawag na Livanta. Isa itong grupo ng mga doktor at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong na mapahusay ang kalidad ng pangangalaga para sa mga taong may Medicare. Hindi konektado ang Livanta sa aming plano.

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-877-588-1123</b>
<b>TTY</b>	<b>711</b>
<b>SUMULAT</b>	Livanta BFCC-QIO Program 10820 Guilford Road, Suite 202 Annapolis Junction, MD 20701-1105
<b>WEBSITE</b>	<b><a href="http://www.livantaqio.com">www.livantaqio.com</a></b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

Makipag-ugnayan sa Livanta para sa tulong sa:

- Mga tanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pangangalagang pangkalusugan
- Maaari kang maghain ng reklamo tungkol sa pangangalagang natanggap mo kung:
  - may problema ka sa kalidad ng pangangalaga,
  - iniisip mo na malapit nang magwakas ang iyong pamamalagi sa ospital, o
  - iniisip mo na malapit nang magwakas ang iyong mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay, pangangalaga sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga, o pasilidad sa kumprehensibong rehabilitasyon ng outpatient (CORF).



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## F. Medicare

Ang Medicare ay ang pederal na programa sa insurance sa kalusugan para sa mga taong 65 taong gulang pataas, ilang taong wala pang 65 taong gulang at may mga kapansanan, at mga taong may end-stage na sakit hinggil sa bato (permanenteng pagpalya ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant ng bato).

Ang pederal na ahensyang nangangasiwa sa Medicare ay ang Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid, o Centers for Medicare & Medicaid Services o CMS.

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)</b> Libre ang mga tawag sa numerong ito, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
<b>TTY</b>	<b>1-877-486-2048</b> Libre ang tawag na ito. Ang numerong ito ay para sa mga taong may mga problema sa pandinig o pagsasalita. Dapat ay mayroon kang espesyal na kagamitang telepono upang makatawag dito.
<b>WEBSITE</b>	<b>medicare.gov</b> Ito ang opisyal na website para sa Medicare. Nagbibigay ito sa iyo ng napapanahong impormasyon tungkol sa Medicare. Mayroon din itong impormasyon tungkol sa mga ospital, nursing home, doktor, ahensya sa pangangalaga sa bahay, pasilidad sa dialysis, pasilidad sa rehabilitasyon ng inpatient, at hospisyo. Mayroon ditong mga kapaki-pakinabang na website at numero ng telepono. Mayroon din itong mga dokumento na maaari mong i-print mismo mula sa iyong computer. Kung wala kang computer, maaaring matulungan ka ng iyong lokal na aklatan o senior center para mabisita ang website na ito gamit ang kanilang computer. O kaya, maaari mong tawagan ang Medicare sa numerong nasa itaas at sabihin sa kanila kung ano ang hinahanap mo. Hahanapin nila ang impormasyon sa website at susuriin nila ang impormasyon kasama ka.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## G. Medi-Cal

Ang Medi-Cal ay programa ng Medicaid ng California. Isa itong pampublikong programa sa insurance sa kalusugan na nagbibigay ng mga kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga indibidwal na may mababang kita, kabilang ang mga pamilyang may mga anak, senior, taong may mga kapansanan, foster care, buntis, at indibidwal na may mga partikular na karamdamang gaya ng tuberkulosis, kanser sa suso, o HIV/AIDS. Ang Medi-Cal ay pinopondohan ng pamahalaan ng estado at pederal na pamahalaan.

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-844-580-7272</b> Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m.
<b>TTY</b>	<b>1-800-430-7077</b> Ang numerong ito ay para sa mga taong may mga problema sa pandinig o pagsasalita. Dapat ay mayroon kang espesyal na kagamitang telepono upang makatawag dito.
<b>SUMULAT</b>	CA Department of Health Care Services Health Care Options P.O. Box 989009 West Sacramento, CA 95798-9850
<b>WEBSITE</b>	<b><a href="http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/">www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/</a></b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

## H. Tanggapan ng Ombudsman

Nagtatrabaho ang Tanggapan ng Ombudsman bilang isang tagapagsulong sa ngalan mo. Maaari nilang sagutin ang mga tanong kung mayroon kang problema o reklamo at matutulungan ka nilang maunawaan kung ano ang gagawin. Matutulungan ka rin ng Tanggapan ng Ombudsman sa serbisyo o mga problema sa billing. Ang Tanggapan ng Ombudsman ay hindi awtomatikong papanig sa isang reklamo. Isinasaalang-alang nila ang lahat ng panig sa walang pinapanigan at walang kinikilingang paraan. Trabaho nilang tumulong na makabuo ng mga patas na solusyon sa mga problema sa pag-access ng pangangalagang pangkalusugan. Libre ang kanilang mga serbisyo.

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-888-452-8609</b> Libre ang tawag na ito. Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m.
<b>TTY</b>	<b>711</b> Libre ang tawag na ito.
<b>SUMULAT</b>	California Department of Healthcare Services Office of the Ombudsman 1501 Capitol Mall MS 4412 PO Box 997413 Sacramento, CA 95899-7413
<b>EMAIL</b>	MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov
<b>WEBSITE</b>	<a href="http://www.dhcs.ca.gov/services/medical/Pages/MMCDOOfficeoftheOmbudsman.aspx">www.dhcs.ca.gov/services/medical/Pages/MMCDOOfficeoftheOmbudsman.aspx</a>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare).

## I. Mga Serbisyong Panlipunan ng County

Kung kailangan mo ng tulong sa iyong pagpapatala sa Medi-Cal, makipag-ugnayan sa iyong lokal na ahensya ng county.

### Ahensya ng Mga Serbisyong Pantao ng County ng San Mateo

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-800-223-8383</b> Libre ang tawag na ito. Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. – 5 p.m.
<b>TTY</b>	<b>711</b>
<b>SUMULAT</b>	400 Harbor Boulevard, Building "B" Belmont, CA 94002
<b>WEBSITE</b>	<b><a href="https://www.smcgov.org/hsa/health-coverage">https://www.smcgov.org/hsa/health-coverage</a></b>
<b>SUMULAT</b>	Hanapin ang pinakamalapit na tanggapan ng Distrito.
<b>WEBSITE</b>	<b><a href="https://www.sandiegocounty.gov/hhsa/programs/ssp/medical_program/index.html">https://www.sandiegocounty.gov/hhsa/programs/ssp/medical_program/index.html</a></b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.



## J. May Espesyalisasyong Plano para sa Kalusugan ng Isip ng County

Available sa iyo ang mga may espesyalisasyong serbisyo sa kalusugan ng isip ng Medi-Cal sa pamamagitan ng plano para sa kalusugan ng isip (MHP) ng county kung natutugunan mo ang mga pamantayan sa medikal na kinakailangan.

<b>TUMAWAG</b>	<p><b>1-800-686-0101</b></p> <p>Libre ang tawag na ito.</p> <p>Libre ang mga tawag sa numerong ito, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.</p> <p>Mayroon kaming mga libreng serbisyo ng interpreter para sa mga taong hindi nagsasalita ng English.</p>
<b>TTY</b>	<p><b>711</b></p> <p>Libre ang tawag na ito.</p>

Makipag-ugnayan sa may espesyalisasyong plano para sa kalusugan ng isip ng county para sa tulong sa:

- Mga tanong tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na ibinibigay ng county.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## K. Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan ng California

Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC) ng California ang responsable para sa pangangasiwa sa mga planong pangkalusugan. Matutulungan ka ng Help Center ng DMHC sa mga apela at reklamo tungkol sa mga serbisyo ng Medi-Cal.

<b>TUMAWAG</b>	<b>1-888-466-2219</b> Available ang mga kinatawan ng DMHC sa pagitan ng mga oras na 8:00 a.m. at 6:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes.
<b>TDD</b>	<b>1-877-688-9891</b> Ang numerong ito ay para sa mga taong may mga problema sa pandinig o pagsasalita. Dapat ay mayroon kang espesyal na kagamitang telepono upang makatawag dito.
<b>SUMULAT</b>	Help Center California Department of Managed Health Care 980 Ninth Street, Suite 500 Sacramento, CA 95814-2725
<b>FAX</b>	<b>1-916-255-5241</b>
<b>WEBSITE</b>	<b><a href="http://www.dmhc.ca.gov">www.dmhc.ca.gov</a></b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

---

## L. Iba pang mapagkukunan

Nag-aalok ang Ombuds Programa ng Health Consumer Alliance (HCA) ng LIBRENG tulong para sa mga taong nahihirapang makakuha o makapagpanatili ng coverage sa kalusugan at nahihirapang lutasin ang mga problema sa kanilang mga planong pangkalusugan.

Kung mayroon kang mga problema sa:

- Medi-Cal.
- Medicare.
- Iyong planong pangkalusugan.
- Pag-access sa mga medikal na serbisyo.
- Pag-apela sa mga tinanggihang serbisyo, gamot, matibay na kagamitang pangmedikal (DME), serbisyo sa kalusugan ng isip, atbp.
- Medikal na pagsingil.
- IHSS (Mga Pansuportang Serbisyo sa Loob ng Tahanan).

Tumutulong ang Health Consumer Alliance sa mga reklamo, apela, at pagdinig. Ang numero ng telepono para sa Health Consumer Alliance ay **1-888-804-3536** (TTY **877-735-2929**).



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Kabanata 3: Paggamit sa coverage ng aming plano para sa iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang sakop na serbisyo

---

### Panimula

Ang kabanatang ito ay may mga partikular na tuntunin at panuntunan na kailangan mong malaman upang makakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang sakop na serbisyo sa aming plano. Isinasaad din nito sa iyo ang tungkol sa iyong tagapagkoordinang pangangalaga, paano makakakuha ng pangangalaga mula sa iba't ibang uri ng mga provider at sa ilalim ng ilang partikular na espesyal na sitwasyon (kabilang ang mula sa mga provider o parmasya na wala sa network), ano ang dapat gawin kung direkta kang sinisingil para sa mga serbisyong sakop namin, at mga panuntunan para sa pagmamay-ari ng Matibay na Kagamitang Pangmedikal (DME). Makikita ang mahahalagang termino at mga kahulugan ng mga ito sa alpabetikong pagkakasunod-sunod sa huling kabanata ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

### Kabanata 3 Talaan ng Mga Nilalaman

A. Impormasyon tungkol sa mga serbisyo at provider .....	45
B. Mga panuntunan para sa pagkuha ng mga serbisyo na sinasakop ng aming plano.....	45
C. Iyong tagapagkoordinang pangangalaga .....	48
C1. Ano ang isang tagapagkoordinang pangangalaga.....	48
C2. Paano ka maaaring makipag-ugnayan sa iyong tagapagkoordinang pangangalaga.....	48
C3. Paano mo mapapalitan ang iyong tagapagkoordinang pangangalaga .....	48
D. Pangangalaga mula sa mga provider.....	49
D1. Pangangalaga mula sa isang provider ng pangunahing pangangalaga .....	49
D2. Pangangalaga mula sa mga espesyalista at iba pang provider na nasa network .....	51
D3. Kapag umalis sa aming plano ang isang provider .....	54



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

D4. Mga provider na wala sa network .....	55
E. Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (disorder sa kalusugan ng isip at labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga) .....	57
E1. Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ng Medi-Cal na ibinibigay sa labas ng aming plano.....	57
F. Mga serbisyo ng transportasyon.....	60
F1. Medikal na transportasyon sa mga sitwasyong hindi pang-emergency.....	60
F2. Hindi medikal na transportasyon .....	61
G. Mga sakop na serbisyo sa isang medikal na emergency, kapag agarang kinakailangan, o sa panahon ng sakuna .....	63
G1. Pangangalaga sa isang medikal na emergency .....	63
G2. Agarang kinakailangang pangangalaga.....	66
G3. Pangangalaga sa panahon ng isang sakuna.....	67
H. Ano ang dapat gawin kung direkta kang sinisingil para sa mga serbisyo na sinasakop ng aming plano.....	68
H1. Ano ang dapat gawin kung hindi sinasakop ng aming plano ang mga serbisyo .....	68
I. Coverage ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral .....	69
I1. Kahulugan ng klinikal na pananaliksik na pag-aaral.....	69
I2. Pagbabayad para sa mga serbisyo kapag nasa isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral ka .....	70
I3. Higit pa tungkol sa mga klinikal na pananaliksik na pag-aaral.....	70
J. Paano sinasakop ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa isang panrelihiyong institusyon sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal .....	71
J1. Kahulugan ng panrelihiyong institusyon sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal .....	71



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

J2. Pangangalaga mula sa isang panrelihiyong institusyon sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal .....	71
K. Matibay na kagamitang pangmedikal (DME).....	72
K1. DME bilang miyembro ng aming plano .....	72
K2. Pagmamay-ari ng DME kung lilipat ka sa Original Medicare .....	73
K3. Mga benepisyo sa oxygen equipment bilang miyembro ng aming plano .....	74
K4. Oxygen equipment kapag lumipat ka sa Original Medicare .....	74



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## A. Impormasyon tungkol sa mga serbisyo at provider

**Ang mga serbisyo** ay pangangalagang pangkalusugan (gaya ng mga pagbisita sa doktor at medikal na paggamot), mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS), mga supply, mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (kasama ang kalusugan ng isip at pagiging walang sakit), mga inireresetang gamot at gamot na hindi kailangan ng reseta, kagamitan, at iba pang serbisyo. **Ang mga sakop na serbisyo** ay ang alinman sa mga serbisyong ito na binabayaran ng aming plano. Ang sakop na pangangalagang pangkalusugan, kalusugan ng pag-uugali, at mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS) ay nasa **Kabanata 4 ng Handbook ng Miyembro na ito**. Ang mga sakop na inireresetang gamot at gamot na hindi kailangan ng reseta ay nasa **Kabanata 5 ng Handbook ng Miyembro** na ito.

**Ang mga provider** ay mga doktor, nars, at iba pang tao na nagbibigay sa iyo ng mga serbisyo at pangangalaga. Kasama rin sa mga provider ang mga ospital, ahensya sa pangangalaga sa bahay, klinika, at iba pang lugar na nagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, medikal na kagamitan, at ilang partikular na pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS).

**Ang mga provider na nasa network** ay mga provider na nakikipagtulungan sa aming plano. Sumasang-ayon ang mga provider na ito na tanggapin ang aming pagbabayad bilang kabuuang pagbabayad. Direkta kaming sinisingil ng mga provider na nasa network para sa pangangalagang ibinibigay nila. Kapag gumagamit ka ng provider na nasa network, karaniwang wala kang babayaran para sa mga sakop na serbisyo.

---

## B. Mga panuntunan para sa pagkuha ng mga serbisyo na sinasakop ng aming plano

Ang aming plano ay sumasakop ng mga serbisyo ng Medicare at sumasakop o nagkokoordina ng lahat ng serbisyo ng Medi-Cal. Kabilang dito ang kalusugan ng pag-uugali at mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS).

Ikokoordina ng aming plano ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, at LTSS na matatanggap mo kapag sumunod ka sa aming mga panuntunan. Para masakop ng aming plano:

- Ang pangangalagang kukunin mo ay dapat na isang **benepisyo ng plano**. Ibig sabihin nito, isinama namin ito sa aming Chart ng Mga Benepisyo sa **Kabanata 4 ng Handbook ng Miyembro** na ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Ang pangangalaga ay dapat na **medikal na kinakailangan**. Ang ibig naming sabihin sa medikal na kinakailangan ay mahahalagang serbisyo na makatuwiran at nagpoprotekta ng buhay. Ang medikal na kinakailangang pangangalaga ay kinakailangan upang mapigilan ang mga indibidwal na magkasakit nang malubha o magkaroon ng kapansanan at mabawasan ang matinding pananakit sa pamamagitan ng paggamot ng sakit, karamdaman, o pinsala.
- Para sa mga medikal na serbisyo, dapat ay mayroon kang **provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)** na nasa network na nagbibilin ng pangangalaga o nagsasabi sa iyo na pumunta sa ibang provider. Bilang isang miyembro ng plano, dapat kang pumili ng provider na nasa network upang maging iyong PCP.
  - Sa karamihan ng mga sitwasyon, dapat kang maaprubahan ng iyong PCP na nasa network bago ka magpatingin sa isang provider na hindi mo PCP o gumamit ng iba pang provider sa network ng aming plano. Tinatawag itong **referral**. Kung hindi ka maaaprubahan, maaaring hindi namin sakupin ang mga serbisyo. Hindi mo kailangan ng referral upang magpatingin sa ilang partikular na espesyalista, gaya ng mga espesyalista sa kalusugan ng mga babae.
  - Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP para sa pangangalagang pang-emergency o agarang kinakailangang pangangalaga o upang gumamit ng provider sa pangangalaga sa kalusugan ng kababaihan. Maaari kang makakuha ng iba pang uri ng pangangalaga nang walang referral mula sa iyong PCP (para sa higit pang impormasyon tungkol dito, sumangguni sa seksyon D1 sa kabanatang ito).
- **Dapat kang kumuha ng iyong pangangalaga mula sa mga provider na nasa network.** Karaniwan na hindi namin sinasakop ang pangangalaga mula sa isang provider na hindi nakikipagtulungan sa aming planong pangkalusugan. Ibig sabihin nito, kakailanganin mong bayaran ang provider nang buo para sa mga ipinagkaloob na serbisyo mula sa mga provider na wala sa network. Narito ang ilang sitwasyon kung kailan hindi nalalapat ang panuntunang ito:
  - Sinasakop namin ang pangangalagang pang-emergency o agarang kinakailangang pangangalaga mula sa provider na wala sa network (para sa higit pang impormasyon tungkol dito, sumangguni sa seksyon H sa kabanatang ito).



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



- Kung kailangan mo ng pangangalaga na sinasakop ng aming plano at hindi ito maibibigay sa iyo ng aming mga provider na nasa network, maaari kang kumuha ng pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network kung pahihintulutan namin o ng aming Medical Group ang mga serbisyo bago mo kunin ang pangangalaga. Sa sitwasyong ito, sinasakop namin ang pangangalaga na parang kinuha mo ito mula sa isang provider na nasa network.
- Sinasakop namin ang mga serbisyo ng dialysis sa bato kapag nasa labas ka ng sineserbisyuhang lugar ng aming plano sa loob ng maikling panahon o kapag pansamantalang hindi available o accessible ang iyong provider. Maaari mong kunin ang mga serbisyong ito sa isang pasilidad sa dialysis na sertipikado ng Medicare. Ang bahagi sa gastos na babayaran mo para sa dialysis ay hindi maaaring lumampas sa bahagi sa gastos sa Original Medicare. Kung ikaw ay wala sa sineserbisyuhang lugar ng plano at nakuha mo ang dialysis mula sa isang provider na wala sa network ng plano, ang iyong bahagi sa gastos at hindi maaaring lumampas sa bahagi ng gastos na babayaran mo sa network. Gayunpaman, kung pansamantalang hindi available ang iyong karaniwang provider na nasa network para sa dialysis and pipiliin mong kumuha ng mga serbisyo sa loob ng sineserbisyuhang lugar mula sa isang provider na wala sa network, maaaring mas mataas ang iyong bahagi sa gastos para sa dialysis.
- Sa unang pagsali mo sa aming plano, maaari mong hilingin na patuloy na gamitin ang iyong mga kasalukuyang provider. Dapat naming aprubahan ang kahilingang ito kung mapapatunayan namin na may dati ka nang ugnayan sa mga provider, ngunit may ilang pagbubukod. Sumangguni sa **Kabanata 1** ng **Handbook ng Miyembro** na ito. Kung maaaprubahan namin ang iyong kahilingan, maaari mong patuloy na gamitin ang mga provider na ginagamit mo ngayon sa loob ng hanggang 12 buwan para sa mga serbisyo. Sa panahong iyon, makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong tagapagkoordinang pangangalaga upang tulungan kang maghanap ng mga provider sa aming network. Pagkatapos ng 12 buwan, hindi na namin sasakupin ang iyong pangangalaga kung patuloy mo pa ring gagamitin ang mga provider na wala sa aming network.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

- Mga bagong miyembro sa **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo**: Sa karamihan ng mga pagkakataon, ipapatala ka sa aming **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo na Plano** para sa iyong mga benepisyo ng Medicare sa ika-1 araw ng buwan pagkatapos mong hilinging maitala sa **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo**. Maaari mo pa ring matanggap ang iyong mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa iyong nakaraang planong pangkalusugan ng Medi-Cal para sa isang karagdagang buwan. Pagkatapos nito, matanggap mo ang iyong mga serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo**. Hindi magkakaroon ng pahinga sa iyong coverage ng Medi-Cal. Mangyaring tawagan kami sa **1-800-443-0815 (TTY 711)** kung mayroon kang anumang tanong. Ang mga oras ay 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo.

---

## C. Iyong tagapagkoordinang pangangalaga

### C1. Ano ang isang tagapagkoordinang pangangalaga

Ang iyong Tagapagkoordinang Programa sa Plano para sa Mga Espesyal na Pangangailangan ay may responsibilidad sa pagkokoordina ng iyong pangangalaga. Makikipag-ugnayan sila sa iyo taun-taon para sa isang pagtatasa sa panganib sa kalusugan at pagkatapos din ng paglabas ng ospital. (Para sa higit pang impormasyon tungkol dito, sumangguni sa **Kabanata 2**, Seksyon **G**.)

### C2. Paano ka maaaring makipag-ugnayan sa iyong tagapagkoordinang pangangalaga

Sumangguni sa **Kabanata 2**, Seksyon **G** para sa impormasyon kung paano makipag-ugnayan sa iyong tagapagkoordinang pangangalaga.

### C3. Paano mo mapapalitan ang iyong tagapagkoordinang pangangalaga

Upang palitan ang iyong tagapagkoordinang pangangalaga, makipag-ugnayan sa iyong tagapagkoordinang pangangalaga (sumangguni sa **Kabanata 2**, Seksyon **G** para sa impormasyon).



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## D. Pangangalaga mula sa mga provider

### D1. Pangangalaga mula sa isang provider ng pangunahing pangangalaga

Dapat kang pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) upang magbigay at mamahala ng iyong pangangalaga.

#### Kahulugan ng isang PCP at ano ang ginagawa ng isang PCP para sa iyo

Ang iyong provider ng pangunahing pangangalaga ay isang doktor na nakatutugon sa mga kinakailangan ng estado at sinanay na magbigay sa iyo ng pangunahing medikal na pangangalaga. Ikokoordina rin ng iyong PCP ang pangangalaga mo. Kabilang sa "pagkoordina" ng iyong pangangalaga ang pagsusuri o pagkonsulta sa iba pang provider na nasa network tungkol sa iyong pangangalaga at kung paano ito gumagana. Sa ilang sitwasyon, kakailanganin ng iyong PCP na kumuha ng paunang pahintulot (paunang pag-apruba) mula sa amin (tingnan ang D2 sa kabanatang ito para sa higit pang impormasyon).

#### Ang iyong napiling PCP

Ang iyong PCP ay karaniwang nanggagamot para sa general medicine (tinatawag ding adult o internal medicine at family practice) at kung minsan ay obstetrics/ginekolojiya. Sa ilang pasilidad na nasa network, kung mas gusto mo, maaari kang pumili ng available na nars na practitioner o physician assistant upang maging iyong provider ng pangunahing pangangalaga. Tinutukoy ang mga PCP sa **Direktoryo ng Provider**.

Ang iyong PCP ay nagbibigay, nagrereseta, o nagpapahintulot ng mga medikal na kinakailangang sakop na serbisyo. Ibibigay ng iyong PCP ang karamihan sa iyong karaniwan o pangunahing pangangalaga at magbibigay ito ng referral kung kinakailangan upang makapagpatingin sa iba pang provider na nasa network para sa iba pang pangangalagang kailangan mo. Halimbawa, upang magpatingin sa isang espesyalista, karaniwan na kailangan mo munang magpaapruba sa iyong PCP (tinatawag itong pagkuha ng "referral" sa isang espesyalista). Mayroong ilang uri ng mga sakop na serbisyo na makukuha mo nang mag-isa, nang hindi muna nakikipag-ugnayan sa iyong PCP (tingnan ang "Mga serbisyong makukuha mo nang walang pag-apruba mula sa iyong PCP" sa kabanatang ito).

Mangyaring tingnan ang iyong **Direktoryo ng Provider** o tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpili ng PCP at kung aling mga provider ang tumatanggap ng mga bagong pasyente.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Opsyon na palitan ang iyong PCP

Maaari kang magpalit ng iyong PCP para sa anumang dahilan, sa anumang oras. Posible rin na umalis ang iyong PCP sa network ng aming plano. Kung aalis ang iyong PCP sa aming network, matutulungan ka naming maghanap ng bagong PCP sa aming network.

Maaari mong palitan ang iyong PCP sa anumang dahilan at anumang oras mula sa aming mga available na PCP, kabilang kung kailangan mong pumili ng bagong PCP dahil ang iyong PCP ay hindi na bahagi ng aming network ng mga provider. Magkakaroon kaagad ng bisa ang iyong pagpili ng PCP.

Upang pumili o magpalit ng iyong PCP, mangyaring tumawag sa **aming numero sa pagpili ng personal na doktor sa 1-888-956-1616 (TTY 711)**, Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. **Maaari ka ring pumili sa [kp.org/finddoctors](http://kp.org/finddoctors).**

Kapag tumawag ka, sabihin sa amin kung magpapatingin ka sa mga espesyalista o kukuha ka ng iba pang sakop na serbisyo na nangangailangan ng pag-apruba ng iyong PCP (gaya ng mga serbisyo sa kalusugan sa bahay at matibay na kagamitang pangmedikal) upang masabi namin sa iyo kung kailangan mong kumuha ng referral mula sa iyong bagong PCP upang maipagpatuloy ang mga serbisyo. Gayundin, kung may partikular na espesyalista o ospital na nasa network ka na gustong gamitin, makipag-ugnayan sa amin upang alamin kung gumagawa ang iyong PCP ng mga referral sa espesyalistang iyon o ginagamit niya ang ospital na iyon.

## Mga serbisyo na maaari mong makuha nang walang pag-apruba mula sa iyong PCP

Sa karamihan ng mga sitwasyon, kailangan mo ng pag-apruba mula sa iyong PCP bago ka gumamit ng iba pang provider. Tinatawag ang pagpapaapruba na ito na **referral**. Maaari kang kumuha ng mga serbisyong tulad ng mga nakalista sa ibaba nang hindi muna nagpapaapruba mula sa iyong PCP:

- Mga serbisyong pang-emergency mula sa mga provider na nasa network o provider na wala sa network.
- Pang-agarang kinakailangang pangangalaga mula sa mga provider na nasa network.
- Pang-agarang kinakailangang pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network kapag hindi ka makapunta sa isang provider na nasa network (halimbawa, kung nasa labas ka ng sineserbisyuhang lugar ng aming plano o kapag weekend).

**Tandaan:** Ang pang-agarang kinakailangang pangangalaga ay dapat na kinakailangan sa lalong madaling panahon at medikal na mahalaga.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

- Mga serbisyo ng dialysis sa bato na kinukuha mo sa isang pasilidad sa dialysis na sertipikado ng Medicare kapag nasa labas ka ng sineserbisyuhang lugar ng aming plano. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro bago ka umalis sa sineserbisyuhang lugar. Matutulungan ka naming kumuha ng dialysis habang nasa malayo ka.
- Ang mga bakuna para sa trangkaso at bakuna para sa COVID-19, pati na rin mga bakuna para sa hepatitis B at bakuna para sa pulmonya, hangga't kinukuha mo ang mga ito mula sa isang provider na nasa network.
- Mga karaniwang serbisyo ng pangangalaga sa kalusugan at pagpapalano ng pamilya ng mga kababaihan. Kabilang dito ang mga eksaminasyon sa suso, screening na mammogram (mga x-ray ng suso), Pap test, at eksaminasyon sa pelvis, hangga't kinukuha mo ang mga ito mula sa isang provider na asa network.
- Mga pangalawang opinyon mula sa ibang provider na nasa network maliban para sa partikular na pangangalaga ng espesyalista.
- Mga appointment sa mga sumusunod na lugar: optometry, labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga, at psychiatry.
- Pangangalagang pang-iwas sa sakit maliban para sa mga screening sa abdominal aortic aneurysm, medical nutritional therapy, flexible sigmoidoscopy, screening na colonoscopy, screening sa bone density, at pagsusuri sa laboratoryo.
- Dagdag pa rito, kung kwalipikadong kumuha ng mga serbisyo mula sa Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian, maaari mong gamitin ang mga provider na ito nang walang referral.
- Mga appointment para sa mga sensitibong serbisyo.

## **D2. Pangangalaga mula sa mga espesyalista at iba pang provider na nasa network**

Ang isang espesyalista ay isang doktor na nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa isang partikular na sakit o bahagi ng katawan. Maraming klase ng mga espesyalista, gaya ng:

- Pangangalaga ng mga oncologist para sa mga pasyenteng may kanser.
- Pangangalaga ng mga cardiologist para sa mga pasyenteng may mga problema sa puso.
- Pangangalaga ng mga orthopedist para sa mga pasyenteng may mga problema sa buto, kasukasuan, o kalamnan.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Mga referral mula sa iyong PCP

Karaniwan na magpatingin ka muna sa iyong PCP para sa karamihan ng iyong mga regular na kinakailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Mayroon lang ilang uri ng mga sakop na serbisyo na makukuha mo nang mag-isa, nang hindi muna nagpapaapruba sa iyong PCP, na inilalarawan sa itaas sa Seksyon D1.

## Mga referral sa mga provider na nasa network

Kapag nagpayo ang iyong PCP ng pangangalaga na hindi available mula sa isang PCP (halimbawa, pangangalaga ng espesyalista), bibigyan ka niya ng referral upang magpatingin sa isang espesyalista na nasa network o ibang provider na nasa network kung kinakailangan. Kung ire-refer ka ng iyong PCP sa isang espesyalista na nasa network, ang referral ay para sa isang partikular na plano sa paggamot. Maaaring kabilang sa iyong plano sa paggamot ang isang standing referral kung ipapayo ang isang patuloy na pangangalaga mula sa espesyalista. Magpapadala kami sa iyo ng nakasulat na referral upang pahintulutan ang isang inisyal na konsultasyon o tinukoy na bilang ng mga pagbisita sa isang espesyalista na nasa network. Pagkatapos ng iyong inisyal na konsultasyon sa espesyalista na nasa network, dapat ka nang bumalik sa iyong PCP maliban na lang kung pinahintulutan namin ang higit pang pagbisita gaya ng tinukoy sa nakasulat na referral na ibinigay namin sa iyo. Huwag bumalik sa espesyalista na nasa network pagkatapos ng iyong inisyal na pagbisita para sa konsultasyon maliban na lang kung pinahintulutan namin ang mga karagdagang pagbisita sa iyong referral. Dahil kung hindi, maaaring hindi masakop ang mga serbisyo.

## Paunang pahintulot

Para sa mga serbisyo at item na nakalista sa ibaba, kakailanganin ng iyong provider na nasa network na magpaapruba nang maaga sa aming plano o Medikal na Pangkat (tinatawag itong pagkuha ng "paunang awtorisasyon"). Ang mga pagpapasya tungkol sa mga kahilingan para sa awtorisasyon ay gagawin lamang ng mga lisensyadong doktor o ibang naaangkop na lisensyadong medikal na propesyonal. Kung sakaling hindi ka sumasang-ayon sa mga pasya sa awtorisasyon, maaari kang maghain ng apela gaya ng inilalarawan sa Error! Reference source not found..

- Mga serbisyo at item na tinukoy sa **Kabanata 4** na may footnote (†).



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Kung magpapasya ang iyong provider na nasa network na kailangan mo ng mga sakop na serbisyo na hindi available mula sa mga provider na nasa network, irerekomenda niya sa Medikal na Pangkat na i-refer ka sa isang provider na wala sa network sa loob o labas ng aming sineserbisyuhang lugar. Pahihintulutan ng naaangkop na itinalaga ng Medikal na Pangkat ang mga serbisyo kung mapagpapasyahan niya na medikal na kinakailangan ang mga sakop na serbisyo at hindi available ang mga ito mula sa isang provider na nasa network. Ang mga referral sa mga provider na wala sa network ay para sa isang partikular na plano sa paggamot, na maaaring kabilangan ng standing referral kung ipapayo ang patuloy na pangangalaga. Isinasaad nito ang tagal ng referral nang hindi kinakailangang kumuha ng karagdagang pagpapaapruba mula sa amin. Mangyaring itanong sa iyong provider na nasa network kung anong mga serbisyo ang pinahihintulutan kung hindi ka sigurado. Kung gusto ng espesyalista na wala sa network na bumalik ka para sa higit pang pangangalaga, tiyakin na aalamin kung sinasakop ng referral ang karagdagang pangangalaga. Kung hindi, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong provider na nasa network.
- Pagkatapos kaming maabisuhan na kailangan mo ng post-stabilization na pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network kasunod ng pang-emergency na pangangalaga, tatalakayin namin ang iyong kondisyon sa provider na wala sa network. Kung magpapasya kami na kailangan mo ng post-stabilization na pangangalaga at sasakupin ang pangangalagang ito kung natanggap mo ito mula sa isang provider na nasa network, pahihintulutan lang namin ang iyong pangangalaga mula sa provider na wala sa network kung hindi kami makakakuha ng provider na nasa network (o iba pang itinalagang provider) upang magbigay ng pangangalaga. Mangyaring tingnan ang Error! Reference source not found. sa kabanatang ito para sa higit pang impormasyon.
- Medikal na kinakailangang transgender surgery at mga nauugnay na pamamaraan.
- Pangangalaga mula sa isang panrelihiyong institusyon sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal na inilalarawan sa **Seksyon J** ng kabanatang ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Kung gumagawa ang iyong provider na nasa network ng nakasulat o elektronikong referral para sa pagsusuri sa transplant, ang panrehiyong komite o lupon sa pagpapayo para sa transplant o kumperensya para sa kaso (kung mayroong ganito) ng Medical Group ang magpapahintulot sa referral kung mapagpapasyahan nito na isa kang potensyal na kandidato para sa organ transplant at sinasakop ang serbisyo nang alinsunod sa mga alituntunin ng Medicare. Kung sakaling walang komite o lupon para sa transplant, ire-refer ka ng Medikal na Pangkat sa (mga) doktor sa isang transplant center, at pahihintulutan ng Medikal na Pangkat ang mga serbisyo kung matutukoy ng (mga) doktor ng transplant center na medikal na kinakailangan o sinasakop ang mga ito alinsunod sa mga alituntunin ng Medicare. Tandaan: Ang isang doktor na nasa network ay maaaring magbigay o magpahintulot ng corneal transplant nang hindi ginagamit ang pamamaraan sa awtorisasyon sa transplant ng Medikal na Pangkat na ito.

### D3. Kapag umalis sa aming plano ang isang provider

Maaaring umalis sa aming plano ang isang provider na nasa network na ginagamit mo. Kung aalis sa aming plano ang isa sa iyong mga provider, mayroon kang ilang partikular na karapatan at proteksyon na nakabuod sa ibaba:

- Kahit na magbago ang aming network ng mga provider sa loob ng isang taon, dapat kaming magbigay sa iyo ng hindi naaantalang access sa mga kwalipikadong provider.
- Gagawa kami ng makatuwirang pagsisikap upang mabigyan ka ng hindi bababa sa 30 araw na abiso at nang sa gayon ay magkaroon ka ng panahong pumili ng bagong provider.
- Tutulungan ka naming pumili ng bagong kwalipikadong provider upang maipagpatuloy ang pamamahala sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.
- Kung sumasailalim ka sa medikal na paggamot, may karapatan kang magtanong, at makikipagtulungan kami sa iyo upang matiyak na hindi maaantala ang medikal na kinakailangang paggamot na natatanggap mo.
- Kung wala kaming mahahanap na kwalipikadong espesyalista na nasa network, dapat kaming maghanap ng espesyalista na wala sa network upang magbigay ng pangangalaga sa iyo.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.



- Kung sa palagay mo ay hindi namin napalitan ang iyong nakaraang provider ng isang kwalipikadong provider o hindi namin maayos na napapamahalaan ang iyong pangangalaga, may karapatan kang maghain sa QIO ng reklamo sa kalidad ng pangangalaga, karaingan sa kalidad ng pangangalaga, o pareho. (Sumangguni sa **Kabanata 9** para sa higit pang impormasyon.)

Kung napag-alaman mong aalis na sa aming plano ang isa sa iyong mga provider, makipag-ugnayan sa amin. Matutulungan ka namin sa paghahanap ng bagong provider at pamamahala ng iyong pangangalaga. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa **1-800-443-0815** (TTY **711**), 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.

#### **D4. Mga provider na wala sa network**

Hindi sasakupin ang pangangalagang matatanggap mo mula sa isang provider na wala sa network maliban sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Mga pang-emergency o pang-agarang kinakailangang serbisyo na matatanggap mo mula sa isang provider na wala sa network. Para sa higit pang impormasyon tungkol dito, at upang malaman kung ano ang ibig sabihin ng mga pang-emergency o agarang kinakailangang serbisyo, tingnan ang D1 sa kabanatang ito.
- Pinahihintulutan namin o ng Medical Group ang isang referral sa isang provider na wala sa network na inilalarawan sa seksyon D2 ng kabanatang ito.
- Mga serbisyo ng dialysis sa bato na kinukuha mo sa isang pasilidad sa dialysis na sertipikado ng Medicare kapag pansamantala kang nasa labas ng aming sineserbisyuhang lugar.



---

**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY **711**), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Kung bibisita ka sa sineserbisyuhang lugar ng ibang rehiyon ng Kaiser Permanente, makakatanggap ka ng partikular na pangangalaga na sinasakop sa ilalim ng Handbook ng Miyembro na ito mula sa mga itinalagang provider sa sineserbisyuhang lugar na iyon. Mangyaring tumawag sa aming linya sa pangangalaga habang nasa paglalakbay na malayo sa tahanan sa **1-951-268-3900** (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban sa mga holiday), o bumisita sa aming website sa **kp.org/travel** para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagkuha ng pangangalaga kapag bumibisita sa ibang sineserbisyuhang lugar ng Kaiser Permanente Region, kabilang ang impormasyon ng coverage at mga lokasyon ng pasilidad. Ang Kaiser Permanente ay matatagpuan sa California, Distrito ng Columbia, Colorado, Georgia, Hawaii, Maryland, Oregon, Virginia, at Washington. Tandaan: Masasagot din ng aming linya sa pangangalaga habang nasa paglalakbay na malayo sa bahay ang mga tanong tungkol sa mga sakop na serbisyo ng pang-emergency o pang-agarang pangangalaga na matatanggap mo mula sa provider na wala sa network, kabilang ang kung paano makakuha ng reimbursement.
- Para sa Mga Serbisyo ng Medi-Cal, maaari kang pumunta sa isang provider na wala sa network nang walang referral o paunang pahintulot para sa mga serbisyong pang-emergency o para sa ilang partikular na serbisyo sa sensitibong pangangalaga. Maaari ka ring pumunta sa isang provider na wala sa network para sa agarang pangangalaga na wala sa sineserbisyuhang lugar kapag ikaw ay nasa lugar kung saan hindi kami nagpapatakbo. Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng outpatient, maaari kang pumunta sa provider na nasa network o provider ng plano para sa kalusugan ng isip ng county nang walang paunang pahintulot. Dapat ay may referral o paunang pag-apruba ka para sa lahat ng iba pang serbisyo na wala sa network, o hindi sasakupin ang mga ito.
- Tandaan: Kung isa kang American Indian, maaari kang makakuha ng pangangalaga sa isang Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian sa labas ng aming network ng provider nang walang referral.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY **711**), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## E. Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (disorder sa kalusugan ng isip at labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga)

Mayroon kang access sa mga medikal na kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na sinasakop ng Medicare and Medi-Cal. Nagbibigay kami ng access sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na sinasakop ng Medicare at para sa mga banayad hanggang katamtamang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali na sinasakop ng Medi-Cal. Hindi sinasakop ng aming plano ang mga may espesyalisyong serbisyo sa kalusugan ng isip na sinasakop ng Medi-Cal, ngunit available sa iyo ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng iyong plano para sa kalusugan ng isip ng county. Para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na available sa pamamagitan ng iyong plano sa kalusugan ng isip ng county, mangyaring makipag-ugnayan sa sumusunod:

- San Mateo – Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng San Mateo sa **(800) 686-0101** (TTY 711).

### E1. Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ng Medi-Cal na ibinibigay sa labas ng aming plano

Available sa iyo ang mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng isip sa Medi-Cal sa pamamagitan ng plano sa kalusugan ng isip ng county (“MHP”) kung natutugunan mo ang mga pamantayan upang ma-access ang mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng isip. Mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng isip sa Medi-Cal na ibinigay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng San Mateo sa **(800) 686-0101** (TTY 711).



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

### Mga outpatient na serbisyo

- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip (mga pagtatasa, pagbuo ng plano, therapy, rehabilitasyon, at kolateral).
- Mga pansuportang serbisyo sa gamot.
- Mga serbisyo sa masusing paggamot sa araw.
- Mga serbisyong pangrehabilitasyon.
- Mga serbisyo para sa pamamagitan sa krisis.
- Mga serbisyo sa pagpapatatag sa krisis.
- Mga serbisyo sa pamamahala ng partikular na kaso.
- Mga nakagagamot na serbisyo sa pag-uugali.

### Mga serbisyo sa bahay

- Mga serbisyo sa paggamot sa bahay para sa nasa hustong gulang at mga bata.
- Mga serbisyo sa paggamot sa tahanan sa krisis.

### Mga inpatient na serbisyo

- Mga inpatient na serbisyo ng ospital para sa may malubhang sakit sa isip.
- Mga propesyonal na serbisyo ng ospital para sa inpatient na may sakit sa isip.
- Mga serbisyo ng pasilidad para sa kalusugan ng isip.

Upang malaman pa ang tungkol sa mga may espesyalisasyong serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng plano para sa kalusugan ng isip ng county, maaari mong tawagan ang county.

Para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na available sa pamamagitan ng iyong plano sa kalusugan ng isip ng county, mangyaring makipag-ugnayan sa sumusunod:

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng San Mateo sa **(800) 686-0101** (TTY **711**).



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY **711**), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Available sa iyo ang mga serbisyo ng Organisadong System sa Paghahatid ng Medi-Cal o Drug Medi-Cal sa pamamagitan ng Mga Serbisyo sa Pag-uugali ng County ng San Mateo kung natutugunan mo ang mga pamantayan upang matanggap ang mga ganitong serbisyo. Kabilang sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal ang:

- Mga serbisyo ng masusing paggamot sa outpatient.
- Mga serbisyo ng paggamot sa bahay.
- Mga libreng serbisyo sa gamot ng outpatient.
- Mga serbisyo ng paggamot sa pagkalulong sa narcotic.
- Mga serbisyo ng naltrexone para sa pagdepende sa opioid.

Kabilang sa Mga Serbisyo ng Organisadong System sa Paghahatid ng Drug Medi-Cal ang:

- Mga serbisyo sa outpatient at masusing paggamot sa outpatient.
- Mga medikasyon para sa paggamot sa pagkagumon (tinatawag ding Paggamot sa Tulong ng Medikasyon).
- Residensyal/inpatient.
- Pamamahala sa withdrawal.
- Mga serbisyo ng paggamot sa pagkalulong sa narcotic.
- Mga serbisyo sa pagpapagaling.
- Pagkoordinang pangangalaga.

Bilang karagdagan sa mga serbisyonang nakalista sa itaas, maaaring may access ka sa mga serbisyo ng boluntaryong detoxification ng inpatient kung nakatutugon ka sa mga pamantayan.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## F. Mga serbisyo ng transportasyon

### F1. Medikal na transportasyon sa mga sitwasyong hindi pang-emergency

May karapatan ka sa medikal na transportasyong hindi pang-emergency kung mayroon kang mga medikal na pangangailangan na nakakahadlang sa iyo na gumamit ng kotse, bus, o taxi papunta sa iyong mga appointment sa Medi-Cal. Maaaring magbigay ng medikal na transportasyong hindi pang-emergency para sa mga sakop na serbisyo ng Medi-Cal gaya ng mga appointment para sa kalusugang medikal, kalusugan ng ngipin, kalusugan ng isip, labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga, at parmasya. Kung kailangan mo ng medikal na transportasyong hindi pang-emergency, maaari kang makipag-usap sa iyong PCP at humiling nito. Pagpapasyahan ng iyong PCP ang pinakamainam na uri ng transportasyon upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Ang medikal na transportasyong hindi pang-emergency ay isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o transportasyong panghimpapawid. Pinapayagan ng aming plano ang pinakamurang sakop na paraan ng transportasyon at pinakanaaangkop na medikal na transportasyong hindi pang-emergency para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment. Halimbawa, kung pisikal o medikal kang maibibiyaha sa pamamagitan ng wheelchair van, hindi magbabayad ang aming plano para sa isang ambulansya. May karapatan ka sa transportasyong panghimpapawid kung ginagawang imposible ng iyong medikal na kondisyon ang anumang uri ng transportasyon sa lupa.

Dapat gumamit ng medikal na transportasyong hindi pang-emergency kapag:

- Hindi ka pisikal o medikal na makagamit ng bus, taxi, kotse, o van upang makarating sa iyong appointment.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta sa at mula sa iyong bahay, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa isang kapansanan sa katawan o isip.

Kung magpasya ang iyong doktor na kailangan mo ng medikal na transportasyong hindi pang-emergency, irereseta niya ito para sa iyo. Tatawagan ka namin upang ipaiskedyul ang iyong medikal na transportasyong hindi pang-emergency.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Mga limitasyon sa medikal na transportasyon

Sinasakop ng aming plano ang pinakamurang medikal na transportasyon na nakatutugon sa iyong mga medikal na pangangailangan mula sa iyong bahay papunta sa pinakamalapit na provider kung saan available ang isang appointment. Sinasakop lang namin ang transportasyon para sa mga serbisyo ng Medicare kapag sinasakop namin, at para sa mga serbisyo ng Medi-Cal. Kung sinasakop ng Medi-Cal ang uri ng appointment, ngunit hindi sa pamamagitan namin, tutulungan ka ng aming plano na iiskedyul ang iyong transportasyon. Ang listahan ng mga sakop na serbisyo ay nasa **Kabanata 4** ng handbook na ito. Hindi sinasakop ang transportasyon sa labas ng network o sineserbisyuhang lugar ng aming plano maliban na lang kung pauna itong pinahintulutan.

### F2. Hindi medikal na transportasyon

Kabilang sa mga benepisyo sa hindi medikal na transportasyon ay pagbiyahe patungo at mula sa iyong mga appointment para sa isang serbisyong pinapahintulutan ng iyong provider. Maaari kang makakuha ng masasakyan, nang wala kang babayaran, kapag ikaw ay:

- Bibiyahe papunta sa at mula sa isang appointment para sa isang serbisyong pinapahintulutan ng iyong provider, o
- Pagkuha ng mga reseta at medikal na supply.

Pinapahintulutan ka ng aming plano na gumamit ng sasakyan, taxi, bus, o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa iyong hindi medikal na appointment para sa mga serbisyong pinapahintulutan ng iyong provider. Sinasakop namin ang pinakamurang uri ng transportasyon na hindi medikal na nakatutugon sa iyong mga pangangailangan.

Kung minsan, maaari kang makakuha ng reimbursement para sa mga biyaheng gumagamit ng pribadong sasakyan na kinuha mo. Dapat itong maaprubahan ng aming plano **bago** mo magamit ang sasakyan, at dapat mong sabihin sa amin kung bakit hindi ka maaaring bumiyaha sa ibang paraan, tulad ng pagsakay sa bus. **Hindi ka maaaring makakuha ng reimbursement kung ikaw mismo ang magmamaneho.** Kinakailangan sa reimbursement sa mileage ang lahat ng sumusunod:

- Lisensya sa pagmamaneho ng driver.
- Pagpaparehistro ng sasakyan ng tagapagmaneho.
- Patunay ng insurance sa sasakyan para sa tagapagmaneho.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Upang humiling ng sasakyan para sa mga pinahintulutang serbisyo, tumawag sa aming provider ng transportasyon sa **1-844-299-6230 (TTY 711)** nang hindi bababa sa tatlong araw ng negosyo (Lunes hanggang Biyernes) bago ang iyong appointment. Para sa **mga pang-agarang appointment**, tumawag sa lalong madaling panahon. Mangyaring ihanda ang lahat ng sumusunod kapag tumawag ka:

- Iyong ID card para sa Kaiser Permanente.
- Ang petsa at oras ng iyong mga medikal na appointment.
- Ang address kung saan ka susunduin at ang address na pupuntahan mo.
- Kung kailangan mo ng sakay pauwi.
- Kung may kasama kang magbibiyaha (halimbawa, isang magulang/legal na tagapag-alaga o tagapangalaga).

**Tandaan:** Maaaring makipag-ugnayan ang mga American Indian sa kanilang lokal na Klinika para sa Kalusugan ng Indian upang humiling ng hindi medikal na transportasyon.

### **Mga limitasyon sa hindi medikal na transportasyon**

Ibinibigay ng aming plano ang pinakamurang hindi medikal na transportasyon na nakatutugon sa iyong mga pangangailangan mula sa bahay papunta sa pinakamalapit na provider kung saan available ang isang appointment. **Hindi maaaring ikaw mismo ang nagmamaneho o hindi maaaring mag-reimburse nang direkta sa iyo.**

**Hindi** nalalapat ang Hindi Medikal na transportasyon kung:

- Kinakailangan ang isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang anyo ng medikal na transportasyong hindi pang-emergency upang mapuntahan ang isang serbisyo.
- Kailangan mo ng tulong mula sa tagapagmaneho patungo sa at mula sa iyong bahay, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa isang pisikal o medikal na kondisyon.
- Nakasakay ka sa isang wheelchair at hindi mo kayang pumasok at lumabas sa sasakyan nang walang tulong mula sa driver.
- Ang serbisyo ng Medicare ay hindi namin sinasakop.
- Ang serbisyong ito ay hindi sinasakop ng Medi-Cal.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



---

## G. Mga sakop na serbisyo sa isang medikal na emergency, kapag agarang kinakailangan, o sa panahon ng sakuna

### G1. Pangangalaga sa isang medikal na emergency

Ang medikal na emergency ay isang medikal na kondisyon na mayroong mga sintomas na gaya ng matinding pananakit o matinding pinsala. Napakalubha ng kondisyon, at kung hindi ito kaagad na mabibigyan ng medikal na atensyon, maaasahan mo o ng sinumang may karaniwang kaalaman sa kalusugan at gamot na magresulta ito sa:

- Seryosong panganib sa iyong kalusugan o sa iyong anak na nasa sinapupunan; ○
- Malubhang pinsala sa mga paggana ng katawan; ○
- Malubhang pagkapinsala ng anumang organo o bahagi ng katawan; ○
- Sa kaso ng isang buntis na aktibong nagle-labor, kapag:
  - hindi sapat ang oras upang ligtas kang mailipat sa ibang ospital bago ang panganganak.
  - maaaring magdulot ang paglipat sa ibang ospital ng banta sa iyong kalusugan o kaligtasan o sa kalusugan o kaligtasan ng anak na nasa sinapupunan.

### Mga sakop na serbisyo sa isang medikal na emergency

Sinasakop namin ang mga medikal na serbisyo sa panahon ng emergency. Magpapasya ang mga doktor na nagbibigay sa iyo ng pangangalagang pang-emergency kapag maayos na ang kondisyon mo at kapag tapos na ang medikal na emergency.

Kung mayroon kang medikal na emergency:

- **Humingi ng tulong sa lalong madaling panahon.** Tumawag sa **911** o gumamit ng sa pinakamalapit na emergency room o ospital. Tumawag ng ambulansya kung kailangan mo nito. **Hindi** mo kailangang magpaapruba o hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP. Hindi mo kailangang gumamit ng provider na nasa network. Maaari kang makakuha ng medikal na pangangalagang pang-emergency, kabilang ang mga serbisyo ng ambulansya, sa tuwing kailangan mo ito, saanman sa U.S. o mga teritoryo nito o sa buong mundo. mula sa anumang provider na may naaangkop na lisensya ng estado.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Pangangalaga pagkatapos maging matatag ng kondisyon

**Sabihin sa aming plano ang tungkol sa iyong emergency sa lalong madaling panahon.** Magfa-follow up kami sa iyong pangangalagang pang-emergency. Dapat na tumawag ka o ang iba pang tao sa amin upang sabihin ang tungkol sa iyong pangangalagang pang-emergency, na karaniwan ay sa loob ng 48 oras. Gayunpaman, hindi ka magbabayad para sa mga serbisyong pang-emergency kung maaantala ka sa pagsasabi sa amin. Nakalista ang numerong tatawagan sa likod ng iyong membership card sa plano.

Makikipagtulungan kami sa mga doktor na nagbibigay ng pangangalagang pang-emergency upang makatulong na pamahalaan ang at mag-follow up sa iyong pangangalaga. Kapag tapos na ang emergency, karapat-dapat ka sa follow-up na pangangalaga upang matiyak na patuloy na magiging maayos ang iyong kondisyon. Patuloy kang gagamutin ng iyong mga doktor hanggang sa ang iyong mga doktor ay makipag-ugnayan sa amin at gumawa ng mga plano para sa karagdagang pangangalaga. Sasakupin namin ang iyong follow-up na post-stabilization na pangangalaga alinsunod sa naaangkop na batas. Napakahalaga na tawagan kami ng iyong provider upang makakuha ng pahintulot para sa post-stabilization na pangangalaga **bago** mo matanggap ang pangangalaga mula sa provider na wala sa network. Ang provider na gumagamot sa iyo ay kailangang kumuha ng pahintulot mula sa amin bago kami magbayad para sa post-stabilization na pangangalaga. Sa karamihan ng mga kaso, magkakaroon ka lang ng pananagutan sa pananalapi kung aabisuhan ka ng provider na wala sa network o namin tungkol sa iyong potensyal na pananagutan.

Upang humiling ng paunang pag-apruba upang makatanggap ka ng post-stabilization na pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network, dapat kaming tawagan ng provider sa **1-800-225-8883** (TTY **711**). Maaari rin nilang tawagan ang numero ng telepono sa likod ng iyong ID card ng Kaiser Permanente. Kailangang tawagan kami ng provider bago mo matanggap ang mga serbisyo.

Kapag tatawag ang provider, kakausapin namin ang doktor na gumagamot sa iyo tungkol sa iyong problema sa kalusugan. Kung malalaman namin na kailangan mo ng post-stabilization na pangangalaga, pahihintulutan namin ang mga sakop na serbisyo. Sa ilang kaso, maaari naming asikasuhin na magkaroon ng provider na nasa network na magbibigay ng pangangalaga.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY **711**), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung magpapasya kaming magkaroon ng ospital na nasa network, pasilidad ng sanay na pag-aalaga, o iba pang provider na magbibigay ng pangangalaga, maaari naming pahintulutan ang mga serbisyo ng transportasyon na medikal na kinakailangan upang maihatid ka sa provider. Maaaring kabilang dito ang mga espesyal na serbisyo para sa transportasyon na karaniwang hindi namin sinasakop.

Dapat mong itanong sa provider kung anong pangangalaga (kabilang ang anumang transportasyon) ang pinahintulutan namin. Sinasakop lang namin ang mga serbisyo o nauugnay na transportasyon na pinahintulutan namin. Kung hihingi at makakakuha ka ng mga serbisyo na hindi sinasakop, maaaring hindi namin bayaran ang provider para sa mga serbisyo.

Ang post-stabilization na pangangalaga ay kinabibilangan din ng matibay na kagamitang pangmedikal (“DME”) kapag natutugunan lang ang lahat ng sumusunod na kondisyon:

- Ang item na DME ay sinsasakop sa ilalim gaya ng inilalarawan sa **Kabanata 4 ng Handbook ng Miyembro** na ito.
- Medikal na kinakailangang magkaroon ka ng item na DME pagkatapos mong umalis sa ospital.
- Ang item na DME ay nauugnay sa pangangalagang pang-emergency na natanggap mo sa ospital.

### **Pagkuha ng pangangalagang pang-emergency kung hindi ito emergency**

Kung minsan, maaaring mahirap malaman kung mayroon kang medikal na emergency o emergency sa kalusugan ng pag-uugali. Maaaring pumunta ka para sa isang pangangalagang pang-emergency at sinabi ng doktor na hindi talaga ito isang emergency. Hangga’t makatuwiran mong iniisip na nasa seryosong panganib ang iyong kalusugan, sasakupin namin ang iyong pangangalaga.

Pagkatapos sabihin ng doktor na hindi ito isang emergency, sasakupin lang namin ang iyong karagdagang pangangalaga kung:

- Gagamit ka ng provider na nasa network ○
- Ang karagdagang pangangalagang makukuha mo ay itinuturing na “agarang kinakailangang pangangalaga” at susundin mo ang mga panuntunan (sumangguni sa Seksyon G2) para sa pagkuha nito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## G2. Agarang kinakailangang pangangalaga

Ang agarang kinakailangang pangangalaga ay pangangalagang makukuha mo para sa isang sitwasyong hindi emergency ngunit agad na nangangailangan ng pangangalaga. Halimbawa, maaaring nakaranas ka ng paglala ng kasalukuyang kondisyon o ng matinding pamamaga ng lalamunan na nangyari nang weekend at nangangailangan ng paggamot.

### Agarang kinakailangang pangangalaga sa sineserbisyuhang lugar ng aming plano

Sa karamihan ng mga sitwasyon, sinasakop lang namin ang agarang kinakailangang pangangalaga kung:

- Kinukuha mo ang pangangalagang ito mula sa isang provider na nasa network **at**
- Sumusunod ka sa mga panuntunang inilalarawan sa kabanatang ito.

Kung hindi posible o makatuwirang makakapunta sa isang provider na nasa network, sasakupin namin ang agarang kinakailangang pangangalagang makukuha mo mula sa isang provider na wala sa network.

Alam natin na kung minsan, mahirap malaman kung anong uri ng pangangalaga ang kailangan mo. Kaya mayroon tayong mga nars sa pagpapayo sa telepono na available para tulungan ka. Ang aming mga nars sa pagpapayo ay mga rehistradong nars na espesyal na sinanay upang tumulong sa pagtatasa ng mga medikal na sintomas at magbigay ng payo sa pamamagitan ng telepono, kapag medikal na naaangkop. Tumatawag ka man para humingi ng payo o magpa-appointment, maaari kang makipag-usap sa isang nars sa pagpapayo.

Madalas na masasagot nila ang mga tanong tungkol sa hindi gaanong seryosong alalahanin, masasabi nila sa iyo kung ano ang dapat gawin kung sarado ang pasilidad ng network, o mapapayuhan ka nila tungkol sa kung ano ang susunod na dapat gawin, kabilang ang pagsasaayos ng appointment sa mismong araw para sa pang-agarang pangangalaga kung medikal itong naaangkop. Upang makipag-usap sa isang nars sa pagpapayo 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo o magpa-appointment, mangyaring sumangguni sa iyong **Direktoryo ng Provider** para sa numero ng telepono para sa appointment at pagpapayo.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Agarang kinakailangang pangangalaga na wala sa sineserbisyuhang lugar ng aming plano

Kapag wala ka sa sineserbisyuhang lugar ng aming plano, maaaring hindi ka makakuha ng pangangalaga mula sa isang provider na nasa network. Sa ganoong sitwasyon, sinasakop ng aming plano ang agarang kinakailangang pangangalaga na matatanggap mo mula sa alinmang provider.

Sinasakop ng aming plano ang mga pandaigdigang serbisyo ng agarang pangangalaga sa labas ng United States sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Pansamantala kang nasa labas ng aming sineserbisyuhang lugar.
- Kinakailangan ang mga serbisyo upang magamot ang isang hindi inaasahang sakit o pinsala upang mapigilan ang labis na paghina ng iyong kalusugan.
- Hindi makatuwirang ipagpaliban ang paggamot hanggang sa makabalik ka sa aming sineserbisyuhang lugar.
- Nasakop sana ang mga serbisyo kung natanggap mo ang mga ito mula sa isang provider na nasa network.

### G3. Pangangalaga sa panahon ng isang sakuna

Kung nagdeklara ang Gobernador ng iyong estado, ang Kalihim ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S., o ang Presidente ng United States ng sitwasyon ng sakuna o emergency sa iyong heograpikong lugar, may karapatan ka pa rin sa pangangalaga na mula sa aming plano.

Bumisita sa aming website para sa impormasyon tungkol sa kung paano makakakuha ng pangangalagang kailangan mo sa panahon ng idineklarang sakuna: **kp.org**.

Sa panahon ng idineklarang sakuna, kung hindi ka makakagamit ng provider na nasa network, maaari kang kumuha ng pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network sa rate ng bahagi sa gastos ng provider na nasa network. Kung hindi ka makakagamit ng parmasyang nasa network sa panahon ng idineklarang sakuna, maaari kang kumuha ng iyong mga inireresetang gamot sa isang parmasyang wala sa network. Sumangguni sa **Kabanata 5 ng Handbook ng Miyembro** na ito para sa higit pang impormasyon.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## H. Ano ang dapat gawin kung direkta kang sinisingil para sa mga serbisyo na sinasakop ng aming plano

Kung ipapadala ng provider ang isang bill sa iyo sa halip na sa aming plano, dapat mong hilingin sa amin na bayaran ang aming bahagi sa bill.

**Hindi dapat ikaw mismo ang magbayad ng bill. Kung gagawin mo iyon, maaaring hindi ka namin mabayaran.**

Kung nagbayad ka ng mahigit sa bahagi sa gastos ng iyong plano para sa mga sakop na serbisyo o kung nakatanggap ka ng bill para sa kabuuang halaga ng mga sakop na medikal na serbisyo, sumangguni sa **Kabanata 7** ng Handbook ng Miyembro ng ito upang malaman kung ano ang dapat gawin.

### H1. Ano ang dapat gawin kung hindi sinasakop ng aming plano ang mga serbisyo

Sinasakop ng aming plano ang lahat ng serbisyong:

- Natukoy na medikal na kinakailangan, **at**
- Nakalista sa Chart ng Mga Benepisyo ng aming plano (sumangguni sa **Kabanata 4** ng **Handbook ng Miyembro** na ito) **at**
- Nakuha mo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga panuntunan ng plano.

Kung kukuha ka ng mga serbisyo na hindi sinasakop ng aming plano, **ikaw ang magbabayad ng kabuuang halaga.**

Kung gusto mong malaman kung magbabayad kami para sa anumang medikal na serbisyo o pangangalaga, may karapatan kang magtanong sa amin. May karapatan ka ring magtanong tungkol dito sa pamamagitan ng sulat. Kung sasabihin namin na hindi kami magbabayad para sa iyong mga serbisyo, may karapatan kang iapela ang aming desisyon.

**Ipinapaliwanag sa Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito kung ano ang dapat gawin kung gusto mong sakupin namin ang isang medikal na serbisyo o item. Isinasaad din nito sa iyo kung paano aapela sa aming desisyon sa coverage. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro upang malaman pa ang tungkol sa iyong mga karapatan sa pag-apela.

Magbabayad kami para sa ilang serbisyo nang hanggang sa isang partikular na limitasyon. Kung lalampas ka sa limitasyon, babayaran mo ang kabuuang halaga upang makakuha ka ng higit pang ganoong uri ng serbisyo. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro upang alamin kung ano ang mga limitasyon sa benepisyo at magkano na ang nagastos mo sa iyong mga benepisyo.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## I. Coverage ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral

### I1. Kahulugan ng klinikal na pananaliksik na pag-aaral

Ang isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral (tinatawag ding klinikal na pagsubok) ay isang paraan ng pagsubok ng mga doktor sa mga bagong uri ng pangangalagang pangkalusugan o mga gamot. Karaniwang naghahanap sa isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral na naaprubahan ng Medicare ng mga volunteer para lumahok sa pag-aaral.

Kapag naaprubahan ng Medicare ang isang pag-aaral na gusto mong salihan, makikipag-ugnayan sa iyo ang isang taong nagtatrabaho sa pag-aaral. Ilalahad sa iyo ng taong iyon ang tungkol sa pag-aaral at aalamin niya kung kwalipikado kang sumali rito. Maaari kang maging bahagi ng pag-aaral hangga't natutugunan mo ang mga kinakailangang kondisyon. Dapat mong maunawaan at sang-ayunan ang dapat mong gawin sa pag-aaral.

Habang nasa pag-aaral ka, maaari kang manatiling naka-enroll sa aming plano. Sa ganoong paraan, patuloy kang masasakop ng aming plano para sa mga serbisyo at pangangalaga na hindi nauugnay sa pag-aaral.

Kung gusto mong maging bahagi ng isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral na aprubado ng Medicare, **hindi** mo kailangang magpaapruba mula sa amin o sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga. **Hindi** kailangang mga provider na nasa network ang mga provider na nagbibigay sa iyo ng pangangalaga bilang bahagi ng pag-aaral.

### Hinihikayat ka naming magsabi sa amin bago ka sumali sa isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral.

Kung plano mong sumali sa isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral, dapat kang makipag-ugnayan o dapat makipag-ugnayan ang iyong tagapagkoordinang pangangalaga sa Mga Serbisyo sa Miyembro upang ipaalam sa amin na sasali ka sa isang klinikal na pagsubok.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## I2. Pagbabayad para sa mga serbisyo kapag nasa isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral ka

Kung magboboluntaryo ka para sa isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral na inaprubahan ng Medicare, wala kang babayaran para sa mga serbisyong sakop sa ilalim ng pag-aaral. Magbabayad ang Medicare para sa mga serbisyong sakop sa ilalim ng pag-aaral gayundin para sa mga karaniwang gastos na nauugnay sa iyong pangangalaga. Kapag sumali ka sa isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral na aprubado ng Medicare, sakop ka para sa karamihan ng mga serbisyo at item na natatanggap mo bilang bahagi ng pag-aaral. Kabilang dito ang:

- Silid at pagkain para sa pamamalagi sa ospital na babayaran ng Medicare kahit na hindi ka kasali sa pag-aaral.
- Isang operasyon o iba pang medikal na pamamaraan na bahagi ng pananaliksik na pag-aaral.
- Paggamot ng anumang side effect at kumplikasyon ng bagong pangangalaga.

Kung kasali ka sa isang pag-aaral na **hindi** aprubado ng Medicare, babayaran mo ang anumang gastos sa pagsali sa pag-aaral.

## I3. Higit pa tungkol sa mga klinikal na pananaliksik na pag-aaral

Maaari kang matuto pa tungkol sa pagsali sa isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral sa pamamagitan ng pagbasa sa “Medicare & Clinical Research Studies” sa website ng Medicare ([www.medicare.gov/Pubs/pdf/02226-Medicare-and-Clinical-Research-Studies.pdf](http://www.medicare.gov/Pubs/pdf/02226-Medicare-and-Clinical-Research-Studies.pdf)). Maaari ka ring tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-877-486-2048**.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare).



---

## J. Paano sinasakop ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa isang panrelihiyong institusyon sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal

### J1. Kahulugan ng panrelihiyong institusyon sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal

Ang relihiyosong institusyon sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal ay isang lugar na nagbibigay ng pangangalaga na karaniwan mong makukuha sa isang ospital o pasilidad sa sanay na pangangalaga. Kung labag sa iyong mga relihiyosong paniniwala ang pagkuha ng pangangalaga sa isang ospital o pasilidad sa sanay na pangangalaga, sasakupin namin ang pangangalaga sa isang relihiyosong institusyon sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal. Ang benepisyong ito ay para lang sa mga serbisyo sa inpatient ng Bahagi A ng Medicare (mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal).

### J2. Pangangalaga mula sa isang panrelihiyong institusyon sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal

Upang makakuha ng pangangalaga mula sa isang relihiyosong institusyon sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal, dapat kang lumagda sa isang legal na dokumento na nagsasabing tumututol ka sa pagkuha ng medikal na paggamot na “non-excepted.”

- Ang “non-excepted” na medikal na paggamot ay anumang pangangalaga na **boluntaryo at hindi iniaatas** sa ilalim ng anumang pederal, pang-estado, o lokal na batas.
- Ang “excepted” na medikal na paggamot ay anumang pangangalaga na **hindi boluntaryo at iniaatas** sa ilalim ng pederal, pang-estado, o lokal na batas.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Upang masakop ng aming plano, dapat matugunan ng pangangalagang natatanggap mo mula sa isang relihiyosong institusyon sa pangangalagang pangkalusugan na hindi pangmedikal ang mga sumusunod na kondisyon:

- Dapat ay sertipikado ng Medicare ang pasilidad na nagbibigay ng pangangalaga.
- Limitado sa mga hindi relihiyosong aspeto ng pangangalaga ang coverage ng mga serbisyo ng aming plano.
- Kung kukuha ka ng mga serbisyo mula sa institusyong ito na ibinibigay sa iyo sa isang pasilidad:
  - Dapat ay mayroon kang medikal na kondisyon na magbibigay-daan sa iyong makakuha ng mga sakop na serbisyo para sa pangangalaga sa ospital ng inpatient o pangangalaga sa pasilidad sa sanay na pangangalaga.
  - Dapat kang magpaapruba mula sa amin bago ka ma-admit sa pasilidad, dahil **hindi** masasakop ang iyong pamamalagi.

**Tandaan:** Ang mga sakop na serbisyo ay napapailalim sa mga parehing limitasyon at bahagi sa gastos na kinakailangan para sa mga serbisyong ibinibigay ng mga provider na nasa network gaya ng inilalarawan **sa Kabanata 4 at 12.**

---

## K. Matibay na kagamitang pangmedikal (DME)

### K1. DME bilang miyembro ng aming plano

Kabilang sa matibay na kagamitang pangmedikal (“DME”) ang mga item na nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan:

- Ang item ay inilalaan para sa paulit-ulit na paggamit
- Ang item ay pangunahin at karaniwang ginagamit para sa medikal na layunin
- Ang item ay karaniwang kapaki-pakinabang lang sa taong may karamdaman o pinsala
- Ang item ay naaangkop na gamitin para sa bahay
- Ang item ay kinakailangan upang matulungan ka sa mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay (ADL).



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

Ang matibay na kagamitang medikal ay nangangailangan ng paunang pag-apruba. Ang coverage ay limitado sa pinakamurang item na sapat na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Kami ang pipili ng vendor. Dapat mong ibalik ang kagamitan sa amin o bayaran kami sa halagang karaniwang sinisingil para sa kagamitan kapag hindi na namin sinasakop ang mga ito.

Kabilang sa DME ang ilang partikular na medikal na kinakailangang item na hiniling ng provider gaya ng mga wheelchair, saklay, powered mattress system, supply para sa diabetic, higaan sa ospital na hiniling ng provider para gamitin sa bahay, mga intravenous (IV) infusion pump, speech generating device, oxygen equipment at supply, nebulizer, at walker.

Magmamay-ari ka palagi ng ilang partikular na item, gaya ng prosthetics.

Sa seksyong ito, tatalakayin namin ang DME na rerentahan mo. Sa Original Medicare, magiging pagmamay-ari na ng mga taong nagrerenta ng ilang partikular na uri ng DME ang kagamitan pagkatapos magbayad ng mga copayment para sa item sa loob ng 13 buwan. Bilang isang miyembro ng aming plano, **hindi** mo magiging pagmamay-ari ang DME, gaano katagal mo man itong rentahan.

Kahit na nagkaroon ka ng DME nang hanggang magkakasunod na 12 buwan sa ilalim ng Medicare bago ka sumali sa aming plano, **hindi** mo magiging pagmamay-ari ang kagamitan.

## **K2. Pagmamay-ari ng DME kung lilipat ka sa Original Medicare**

Kung hindi ka nakakuha ng pagmamay-ari ng item na DME habang nasa aming plano, dapat kang gumawa ng 13 bagong magkakasunod na pagbabayad pagkatapos mong lumipat sa Original Medicare upang maging pagmamay-ari ang item. **Hindi** binibilang sa 13 magkakasunod na pagbabayad na ito ang mga pagbabayad na ginawa mo habang nasa aming plano.

Kung nagsagawa ka ng wala pang 13 pagbabayad para sa DME na item sa ilalim ng Original Medicare **bago** ka sumali sa aming plano, hindi bibilangin sa 13 magkakasunod na pagbabayad ang iyong mga nakaraang pagbabayad. Dapat kang magsagawa ng 13 bagong magkakasunod na pagbabayad pagkatapos mong bumalik sa Original Medicare upang maging pagmamay-ari ang item. Walang pagbubukod sa ganitong sitwasyon kapag bumalik ka sa Original Medicare.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

### K3. Mga benepisyo sa oxygen equipment bilang miyembro ng aming plano

Kung kwalipikado ka para sa oxygen equipment na sinasakop ng Medicare at isa kang miyembro ng aming plano, sasakupin namin ang:

- Pagrerenta ng oxygen equipment.
- Delivery ng oxygen at mga nilalaman ng oxygen.
- Mga accessory para sa pagtutubo at iba pang nauugnay na accessory para sa delivery ng oxygen at mga nilalaman ng oxygen.
- Pagpapanatili at mga pagkukumpuni ng oxygen equipment.

Ang oxygen equipment ay dapat ibalik sa may-ari kapag hindi na ito medikal na kinakailangan para sa iyo o kung aalis ka sa aming plano.

### K4. Oxygen equipment kapag lumipat ka sa Original Medicare

Kapag medikal na kinakailangan ang oxygen equipment at **aalis ka sa iyong plano at lilipat ka sa Original Medicare**, rerentahan mo ito mula sa isang supplier sa loob ng 36 na buwan. Sinasakop ng iyong buwanang pagbabayad sa renta ang oxygen equipment at ang mga supply at serbisyo na nakalista sa itaas.

Kung medikal na kinakailangan ang oxygen equipment **pagkatapos mo itong rentahan sa loob ng 36 na buwan**, ang iyong supplier ay dapat magbigay ng:

- Oxygen equipment, mga supply, at mga serbisyo para sa 24 na buwan pa.
- Oxygen equipment at mga supply sa loob ng hanggang 5 taon kung medikal na kinakailangan.

Kung medikal na kinakailangan pa rin ang oxygen equipment **sa pagtatapos ng 5 taon**:

- Hindi na ito kailangang ibigay ng supplier, at maaari mong piliing kumuha ng kapalit na kagamitan mula sa anumang supplier.
- Magsisimula ang isang bagong panahon ng 5 taon.
- Magrerenta ka mula sa isang supplier sa loob ng 36 na buwan.
- Pagkatapos ay ibibigay ng supplier ang oxygen equipment, mga supply, at mga serbisyo para sa 24 na buwan pa.
- Magsisimula ang bagong cycle kada 5 taon hangga't medikal na kinakailangan ang oxygen equipment.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Kabanata 4: Chart ng mga benepisyong

---

### Panimula

Isinasaad sa iyo ng kabanatang ito ang tungkol sa mga serbisyong sinasakop ng aming plano at anumang paghihigpit o limitasyon sa mga serbisyong iyon at kung magkano ang babayaran mo para sa bawat serbisyo. Sinasabi din nito sa iyo ang tungkol sa mga benepisyong hindi sinasakop sa ilalim ng aming plano. Makikita ang mahahalagang termino at mga kahulugan ng mga ito sa alpabetikong pagkakasunod-sunod sa huling kabanata ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

**Mga bagong miyembro sa Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo:** Sa karamihan ng mga pagkakataon, ipapatala ka sa aming **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo na Plano** para sa iyong mga benepisyong Medicare sa ika-1 araw ng buwan pagkatapos mong hilinging maitala sa **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo**. Maaari mo pa ring matanggap ang iyong mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa iyong nakaraang planong pangkalusugan ng Medi-Cal para sa isang karagdagang buwan. Pagkatapos nito, matatanggap mo ang iyong mga serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo**. Hindi magkakaroon ng pahinga sa iyong coverage ng Medi-Cal. Mangyaring tawagan kami sa **1-800-443-0815 (TTY 711)** kung mayroon kang anumang tanong. Ang mga oras ay 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo.

### Kabanata 4 Talaan ng Mga Nilalaman

A. Iyong mga sakop na serbisyo at iyong mga gastos na mula sa sariling bulsa ...	77
B. Mga panuntunan laban sa mga provider na naniningil sa iyo para sa mga serbisyo .....	77
C. Tungkol sa Chart ng Mga Benepisyong ng aming plano .....	77
D. Ang Chart ng Mga Benepisyong ng aming plano .....	80
E. Mga benepisyong sakop sa labas ng aming plano .....	173
E1. Mga Pag-transition sa Komunidad ng California (CCT) .....	173
E2. Programa sa Pangangalaga ng Ngipin ng Medi-Cal .....	174
E3. Pangangalagang hospisyong .....	175
E4. Mga serbisyo ng pagtatasa ng Lokal na Ahensya sa Edukasyon (“LEA”)...	176



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

E5. Mga serbisyo ng LEA gaya ng isinaad sa Seksyon 51360 Titulo 22 ng CCR .....	176
E6. Mga serbisyo sa laboratoryo na ibinibigay sa ilalim ng programa sa pagsusuri para sa serum alpha-fetoprotein ng Estado.....	176
E7. Dasal o ispirituwal na pagpapagaling.....	176
F. Mga benepisyong hindi sakop ng aming plano, Medicare, o Medi-Cal.....	177



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## A. Iyong mga sakop na serbisyo at iyong mga gastos na mula sa sariling bulsa

Isinasaad sa iyo ng kabanatang ito ang tungkol sa mga serbisyong sinasakop ng aming plano at kung magkano ang babayaran mo para sa bawat serbisyo. Maaari mo ring malaman ang tungkol sa mga serbisyong hindi sinasakop. Ang impormasyon tungkol sa mga benepisyo ng gamot ay nasa **Kabanata 5**. Ipinapaliwanag din sa kabanatang ito ang mga limitasyon sa ilang serbisyo.

Para sa ilang serbisyo, ay sinisingil sa gastos na mula sa sariling bulsa na tinatawag na copay. Isa itong nakapirming halaga (halimbawa, \$5) na babayaran mo tuwing kukunin mo ang serbisyong iyon. Babayaran mo ang copay sa oras na makuha mo ang medikal na serbisyo.

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-unawa kung anong mga serbisyo ang sinasakop, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.

---

## B. Mga panuntunan laban sa mga provider na naniningil sa iyo para sa mga serbisyo

Hindi namin pinapahintulutan ang aming mga provider na nasa network na singilin ka para sa mga sakop na serbisyo. Direkta naming babayaran ang aming mga provider, at poprotektahan ka namin sa anumang singilin. Totoo ito kahit na bayaran namin ang provider nang mas mababa kaysa sa sinisingil ng provider para sa isang serbisyo.

**Hindi ka kailanman dapat makatanggap ng bill mula sa isang provider para sa mga sakop na serbisyo.** Kung makatanggap ka nito, sumangguni sa **Kabanata 7** ng **Handbook ng Miyembro** na ito o tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

---

## C. Tungkol sa Chart ng Mga Benepisyo ng aming plano

Isinasaad sa iyo ng Chart ng Mga Benepisyo ang mga serbisyong babayaran ng aming plano. Nakalista rito ang mga sakop na serbisyo sa alpabetikong pagkakasunod-sunod at ipinapaliwanag dito ang mga ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Babayaran namin ang mga serbisyong nakalista sa Chart ng Mga Benepisyo kapag natugunan ang mga sumusunod na panuntunan.

- Dapat naming ibigay ang iyong mga sakop na serbisyo ng Medicare at Medi-Cal alinsunod sa mga panuntunang itinakda ng Medicare at Medi-Cal.
- Ang mga serbisyo (kabilang ang medikal na pangangalaga, mga serbisyo, mga supply, kagamitan, at mga inireresetang gamot sa Bahagi B) ay dapat medikal na kinakailangan. Ang "medikal na kinakailangan" ay nangangahulugang mga serbisyo, supply, o gamot na kinakailangan para sa pag-iwas, diyagnosis, o paggamot ng iyong medikal na kondisyon at nakakatugon sa mga tinatanggap na pamantayan ng medikal na pagsasanay.
- Makukuha mo ang iyong pangangalaga mula sa isang provider na nasa network. Ang provider na nasa network ay isang provider na nagtatrabaho sa amin. Sa karamihan ng mga kaso, **hindi** namin babayaran ang pangangalagang makukuha mo mula sa isang provider na wala sa network. Ang **Kabanata 3** ng **Handbook ng Miyembro** na ito ay may higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng mga provider na nasa network at wala sa network.
- Ikaw ay may provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) o pangkat sa pangangalaga na nagbibigay at namamahala ng iyong pangangalaga. Sa karamihan ng mga kaso, ang iyong PCP ay dapat magbigay sa iyo ng pag-apruba bago ka gumamit ng provider na hindi mo PCP o gumamit ng iba pang provider na nasa network ng plano. Tinatawag itong referral. Ang **Kabanata 3** ng **Handbook ng Miyembro** na ito ay may higit pang impormasyon tungkol sa pagkuha ng referral at kung kailan **hindi** mo kailangan ng ganito.
- Sinasakop lang namin ang ilang serbisyong nakalista sa Chart ng Mga Benepisyo kung kukunin muna ng iyong doktor o iba pang provider na nasa network ang aming pag-apruba. Ito ay tinatawag na paunang pahintulot. Minarkahan namin ang mga sakop na serbisyo sa Chart ng Mga Benepisyo na nangangailangan ng paunang pahintulot na may footnote (†). Bukod pa rito, tingnan ang **Kabanata 3**, para sa higit pang impormasyon tungkol sa paunang pahintulot, kabilang ang iba pang serbisyong nangangailangan ng paunang pahintulot na hindi nakalista sa Chart ng Mga Benepisyo.
- Libre ang karamihan ng mga serbisyong pang-iwas sa sakit. Makikita mo ang mansanas na ito 🍏 sa tabi ng mga serbisyong pang-iwas sa sakit sa Chart ng Mga Benepisyo.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.




- Kung ikaw ay nasa 4 *na buwan* ng aming plano na itinuturing na patuloy na pagiging kwalipikado, patuloy naming ibibigay ang lahat ng benepisyong sinasakop ng plano. Ang mga halaga ng bahagi sa gastos para sa mga basic at supplemental na benepisyong ay hindi magbabago sa panahong ito.
- **Mga Suporta sa Komunidad:** Maaaring available ang Mga Suporta sa Komunidad sa ilalim ng iyong Indibidwal na Plano ng Pangangalaga. Ang Mga Suporta sa Komunidad ay mga medikal na naaangkop at murang alternatibong serbisyo o lugar. Ang mga serbisyong ito ay opsyonal para sa mga miyembro. Kung kwalipikado ka, maaaring makatulong sa iyo ang mga serbisyong ito na mamuhay nang mas independiyente. **Hindi** nito pinapalitan ng mga ito ang mga benepisyong nakukuha mo na sa ilalim ng Medi-Cal. Hindi available ang mga ito sa lahat ng lugar. Hindi lahat ng miyembro ay kwalipikadong makatanggap ng Mga Suporta sa Komunidad. Upang maging kwalipikado, dapat mong matugunan ang ilang partikular na pamantayan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mga Suporta sa Komunidad, makipag-usap sa iyong PCP o tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.



---

**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

## D. Ang Chart ng Mga Benepisyo ng aming plano

Mga serbisyong babayaran ng aming plano		Ang dapat mong bayaran
	<p><b>Screening para sa abdominal aortic aneurysm</b></p> <p>Babayaran namin ang pang-isang beses na screening sa ultrasound para sa mga taong nasa panganib. Sasakupin lang ng plano ang screening na ito kung mayroon kang ilang partikular na salik ng panganib at kung kukuha ka ng referral para rito mula sa iyong doktor, assistant ng doktor, nurse practitioner, o espesyalistang klinikal na nars.</p>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Acupuncture para sa hindi gumagaling na pananakit ng ibabang bahagi ng likod†</b></p> <p>Babayaran namin ang hanggang dalawang serbisyo ng acupuncture para sa outpatient sa alinmang isang buwan sa kalendaryo, o kadalasan, kung medikal na kinakailangan ang mga ito.</p> <p>Babayaran din namin ang hanggang 12 pagbisita para sa acupuncture sa loob ng 90 araw kung mayroon kang hindi gumagaling na pananakit ng ibabang bahagi ng likod, na inilalarawan bilang:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• tumatagal nang 12 linggo o mas matagal;</li> <li>• hindi partikular (walang systemic na dahilan na maaaring matukoy, gaya ng hindi nauugnay sa metastatic, inflammatory, o nakakahawang sakit);</li> <li>• hindi nauugnay sa operasyon; <b>at</b></li> <li>• hindi nauugnay sa pagbubuntis.</li> </ul> <p>Bukod pa rito, magbabayad kami ng karagdagang 8 session ng acupuncture para sa hindi gumagaling na pananakit ng ibabang bahagi ng likod kung magpapakita ka ng pagpapabuti. Hindi ka maaaring makakuha ng mahigit 20 paggamot sa acupuncture para sa hindi gumagaling na pananakit ng ibabang bahagi ng likod kada taon.</p> <p>Ang mga paggamot sa acupuncture para sa hindi gumagaling na pananakit ng ibabang bahagi ng likod ay dapat ihinto kung hindi ka gagaling o kung lulubha ka.</p>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Ang acupuncture ay hindi sinasakop ng Medicare†</b></p> <p>Sinasakop namin ang acupuncture na karaniwang ibinibigay lang para sa paggamot ng pagduduwal o bilang bahagi ng isang komprehensibong programa sa pamamahala ng pananakit para sa paggamot ng hindi gumagaling na pananakit.</p> <p>Maaari mo ring ma-access ang mga serbisyo ng acupuncture sa ilalim ng iyong coverage ng Medi-Cal. Sa ilalim ng Medi-Cal, sinasakop namin ang mga serbisyo ng acupuncture na medikal na kinakailangan upang maiwasan, mabago, o maibsan ang pag-unawa sa malubha at patuloy na hindi gumagaling na pananakit na nagreresulta mula sa isang pangkalahatang kinikilalang medikal na kondisyon. Ang mga serbisyo ng acupuncture para sa outpatient ay hindi nangangailangan ng referral o paunang pag-apruba. Ang mga serbisyo ng acupuncture na ito ay sinasakop kapag kinuha sa pamamagitan ng aming Mga Provider na nasa Network o mga provider na nasa network ng American Specialty Health. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng acupuncture na sinasakop ng Medi-Cal, mangyaring tumawag sa American Specialty Health sa <b>1-800-678-9133 (TTY 711)</b>.</p>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Sinasakop ang Sensitibong Pangangalaga para sa Nasa Hustong Gulang sa ilalim ng Medi-Cal</b></p> <p>Bilang isang nasa hustong gulang (18 taong gulang o mas matanda), maaaring ayaw mong pumunta sa iyong PCP para sa ilang partikular na sensitibo o pribadong pangangalaga. Kung ganito, maaari kang pumili ng sinumang doktor o anumang klinika para sa mga sumusunod na uri ng pangangalaga:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagpapalano ng pamilya/pagpigil sa pagbubuntis (kabilang ang mga serbisyo sa sterilization).</li> <li>• Pagsusuri at pagpapayo sa pagbubuntis.</li> <li>• Pag-iwas/pagsusuri/paggamot sa HIV/AIDS.</li> <li>• Pag-iwas/pagsusuri/paggamot sa mga impeksyong nakukuha sa paraang sekswal.</li> <li>• Pangangalaga para sa sekswal na pag-atake.</li> <li>• Mga serbisyo sa aborsyon ng outpatient.</li> </ul>	<p><b>\$0</b></p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p>Para sa pagsusuri sa pagbubuntis, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, mga serbisyo sa pagpigil sa pagbubuntis, o mga serbisyo para sa mga impeksyong nakukuha sa paraang sekswal, hindi kailangan ng doktor o klinika na maging bahagi ng network ng Kaiser Permanente. Maaari kang pumili ng anumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila nang walang referral o paunang pahintulot. Para sa tulong sa paghahanap ng provider ng Medi-Cal na wala sa network ng Kaiser Permanente, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.</p> <p>Maaaring hindi sinasakop ang mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network na hindi nauugnay sa Sensitibong Pangangalaga. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinikang nagbibigay ng mga serbisyong ito, o para sa tulong sa transportasyon na makarating sa mga serbisyong ito, maaari kang tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro. Maaari ka ring tumawag sa Linya para sa Appointment at Pagpapayo at makipag-usap sa isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.</p>	




**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Screening at pagpapayo para sa labis na pag-inom ng alak</b></p> <p>Babayaran namin ang isang screening para sa labis na pag-inom ng alak (SABIRT) para sa mga nasa hustong gulang na labis ang pag-inom ng alak ngunit hindi nagumon sa alak. Kabilang dito ang mga buntis.</p> <p>Kung magpositibo ka sa screening para sa labis na pag-inom ng alak, maaari kang makakuha ng hanggang apat na maikli at face-to-face na session ng pagpapayo kada taon (kung kaya mo at alerto ka sa panahon ng pagpapayo) sa isang kwalipikadong provider ng pangunahing pangangalaga o practitioner sa isang lugar ng pangunahing pangangalaga.</p> <p>Kung kailangan mo ng mga karagdagang serbisyo sa pagpapayo at paggamot na higit pa sa sinasakop ng Medicare, maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano para sa kalusugan ng isip ng iyong county. Ang county ay nagbibigay ng mga serbisyo sa disorder sa labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga panuntunan sa medikal na pangangailangan. Upang mahanap online ang mga numero ng telepono para sa lahat ng county, bumisita sa</p> <p><b><a href="http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContaktList.aspx">http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContaktList.aspx</a></b></p>	<p><b>\$0</b></p>





**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Mga serbisyo ng ambulansya</b></p> <p>Kabilang sa mga sakop na serbisyo ng ambulansya ang mga serbisyo ng ground, fixed-wing, at rotary-wing (helicopter) na ambulansya. Dadalhin ka ng ambulansya sa pinakamalapit na lugar na makakapagbigay sa iyo ng pangangalaga.</p> <p>Ang iyong kondisyon ay dapat sapat na malubha na ang iba pang paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga ay maaaring maging mapanganib sa iyong kalusugan o buhay. Ang mga serbisyo ng ambulansya para sa iba pang kaso ay dapat naming aprubahan.</p> <p>Sa mga kaso na hindi emergency, maaari kaming magbayad para sa isang ambulansya. Ang iyong kondisyon ay dapat sapat na malubha na ang iba pang paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga ay maaaring maging mapanganib sa iyong buhay o kalusugan. Tingnan ang <b>Kabanata 3</b> para sa karagdagang impormasyon tungkol sa transportasyong hindi pang-emergency.</p> <p>Sinasakop din namin ang mga serbisyo ng lisensyadong ambulansya saanman sa mundo nang walang paunang pahintulot (kabilang ang transportasyon sa pamamagitan ng 911 na sistema ng pagtugon sa emergency kapag mayroon) kung makatuwiran kang naniniwala na mayroon kang medikal na kondisyong pang-emergency at makatuwiran kang naniniwala na nangangailangan ang iyong kondisyon ng klinikal na suporta ng mga serbisyo sa transportasyon ng ambulansya.</p> <p><b>Tandaan:</b> Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang mga serbisyo ng ambulansya sa labas ng U.S., maliban na lang para sa mga serbisyong pang-emergency na kakailanganin mong maospital sa Canada o Mexico.</p>	<p>Kung kwalipikado ka para sa tulong sa bahagi sa gastos ng Medicare sa ilalim ng Medi-Cal, <b>\$0</b> ang babayaran mo. Kung hindi, magbabayad ka ng <b>\$200</b> kada one-way na biyahe.</p>
<p> <b>Taunang regular na pisikal na pagsusuri</b></p> <p>Ang mga regular na pisikal na pagsusuri ay sinasakop kung ang pagsusuri ay medikal na naaangkop na pangangalagang pang-iwas sa sakit alinsunod sa mga karaniwang tinatanggap na propesyonal na pamantayan ng pagsasanay.</p>	<p><b>\$0</b></p>





**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
 <p><b>Taunang pagbisita upang manatiling walang sakit</b></p> <p>Dapat kang makakuha ng taunang checkup. Ito ay upang gumawa o mag-update ng planong pang-iwas sa sakit batay sa iyong mga kasalukuyang salik ng panganib. Babayaran namin ito nang isang beses kada 12 buwan.</p> <p><b>Tandaan:</b> Ang iyong unang taunang pagbisita upang manatiling walang sakit ay hindi maaaring maganap sa loob ng 12 buwan mula sa iyong pagbisita na pang-iwas sa sakit na "Welcome sa Medicare." Gayunpaman, hindi mo kailangang magkaroon ng pagbisita na "Welcome sa Medicare" upang masakop para sa mga taunang pagbisita upang manatiling walang sakit pagkatapos mong magkaroon ng Bahagi B sa loob ng 12 buwan.</p>	<p><b>\$0</b></p>
<p><b>Mga Serbisyo sa Pag-iwas sa Hika:</b></p> <p>Maaari kayong tumanggap ng edukasyon sa hika at pagtatasa sa kapaligiran ng bahay para sa mga trigger na karaniwang nakikita sa mga bahay ng mga taong may hindi maayos na nakokontrol na hika.</p>	<p><b>\$0</b></p>
 <p><b>Pagsukat ng bone mass</b></p> <p>Babayaran namin ang ilang partikular na pamamaraan para sa mga miyembrong kwalipikado (sa karaniwan, isang taong nanganganib na mawalan ng bone mass o nanganganib na magkaroon ng osteoporosis). Sa mga pamamaraang ito, natutukou ang bone mass, nalalaman ang pagkawala ng buto, o nalalaman ang kalidad ng buto.</p> <p>Babayaran namin ang mga serbisyo nang isang beses kada 24 na buwan, o mas madalas kung medikal na kinakailangan. Babayaran din namin ang doktor upang tingnan at bigyan ng komento ang mga resulta.</p>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>





**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

<b>Mga serbisyong babayaran ng aming plano</b>		<b>Ang dapat mong bayaran</b>
	<p><b>Screening para sa kanser sa suso (mga mammogram)</b></p> <p>Babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Isang baseline mammogram sa pagitan ng 35 taong gulang at 39 taong gulang.</li> <li>• Isang screening mammogram kada 12 buwan para sa mga babaeng 40 taong gulang at mas matanda.</li> <li>• Mga klinikal na pagsusuri sa suso nang isang beses kada 24 na buwan.</li> </ul>	<b>\$0</b>
	<p><b>Mga serbisyo ng rehabilitasyon kaugnay sa puso (puso)</b></p> <p>Babayaran namin ang mga serbisyo ng rehabilitasyon kaugnay sa puso gaya ng ehersisyo, edukasyon, at pagpapayo. Dapat matugunan ng mga miyembro ang ilang partikular na kondisyon na may utos ng doktor.</p> <p>Sinasakop din namin ang mga masusing programa ng rehabilitasyon kaugnay sa puso, na mas matindi kaysa sa mga programa ng rehabilitasyon kaugnay sa puso.</p>	<b>\$0</b> Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.
	<p><b>Pagbisita para sa pagbabawas ng panganib ng sakit hinggil sa puso at ugat (puso) (therapy para sa sakit sa puso)</b></p> <p>Babayaran namin ang isang pagbisita kada taon, o higit pa kung medikal na kinakailangan, sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga upang mabawasan ang iyong panganib na magkaroon ng sakit sa puso. Sa panahon ng pagbisita, magagawa ng iyong doktor na:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Talakayin ang paggamit ng aspirin,</li> <li>• Tingnan ang iyong presyon ng dugo, <b>at/o</b></li> <li>• Magbigay sa iyo ng mga tip upang matiyak na kumakain ka nang maayos.</li> </ul>	<b>\$0</b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

<b>Mga serbisyong babayaran ng aming plano</b>		<b>Ang dapat mong bayaran</b>
	<p><b>Pagsusuri para sa sakit hinggil sa puso at ugat (puso)</b></p> <p>Babayaran namin ang mga pagsusuri ng dugo upang makita kung may sakit hinggil sa puso at ugat nang isang beses kada limang taon (60 buwan). Tinitingnan din ng mga pagsusuri ng dugo na ito kung may mga depekto dahil sa mataas na panganib na magkaroon ng sakit sa puso.</p>	<b>\$0</b>
	<p><b>Screening para sa kanser sa cervix at ari ng babae</b></p> <p>Babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Para sa lahat ng babae: Mga Pap test at pagsusuri ng balakang nang isang beses kada 24 na buwan.</li> <li>• Para sa mga babaeng may mataas na panganib na magkaroon ng kanser sa cervix o sa ari ng babae: isang Pap test kada 12 buwan.</li> <li>• Para sa mga babaeng nagkaroon ng abnormal na Pap test sa loob ng nakalipas na 3 taon at nasa edad na maaaring mag-anak: isang Pap test kada 12 buwan.</li> <li>• Para sa mga babaeng 30-65 taong gulang: human papillomavirus (HPV) testing o Pap plus HPV testing nang isang beses kada 5 taon.</li> </ul>	<b>\$0</b>




**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Mga chiropractic na serbisyo†</b></p> <p>Babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga pagsasaayos ng spine upang iwasto ang alignment. Ang mga serbisyong ito na sakop ng Medicare ay ibinibigay ng isang chiropractor na nasa network o isang chiropractor kung awtorisado ng isang provider na nasa network. Para sa listahan ng mga chiropractor na nasa network, mangyaring sumangguni sa <b>Direktoryo ng Provider</b>.</li> <li>• Maaaring sakupin ng Medi-Cal ang mga chiropractic na serbisyo kapag natanggap sa isang Pederal na Kwaliplikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC) o Mga Panlalawigang Klinika para sa Kalusugan (RHC) sa network ng Kaiser Permanente. Ang mga FQHC at RHC ay maaaring mangailangan ng referral upang makuha ang mga serbisyo. Upang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyong available sa isang FQHC o RHC, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.</li> </ul>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>




**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
 <p><b>Screening para sa colorectal cancer</b></p> <p>Para sa mga taong 50 taong gulang at mas matanda, babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Flexible sigmoidoscopy (o screening barium enema) kada 48 buwan.</li> <li>• Fecal occult blood test, kada 12 buwan.</li> <li>• Guaiac-based fecal occult blood test o fecal immunochemical test, kada 12 buwan.</li> <li>• DNA based colorectal screening, kada 3 taon .</li> <li>• Colonoscopy kada sampung taon (ngunit hindi sa loob ng 48 buwan mula sa screening sigmoidoscopy).</li> <li>• Colonoscopy (o screening barium enema) para sa mga taong nanganganib na magkaroon ng colorectal cancer, kada 24 na buwan.</li> <li>• Mga pamamaraang isinagawa sa panahon ng screening colonoscopy (halimbawa, pag-aalis ng mga polyp).</li> <li>• Mga colonoscopy kasunod ng positibong FOBT o FIT test o flexible sigmoidoscopy screening.</li> </ul>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>




**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (CBAS):</b></p> <p>Ang CBAS ay isang programa ng serbisyo sa pasilidad at para sa outpatient, kung saan dadalo ang mga tao alinsunod sa iskedyul. Naghahatid ito ng sanay na pag-aalaga, mga serbisyong panlipunan, mga therapy (kabilang ang occupational, physical, at speech), opersonal na pangangalaga, pagsasanay at suporta ng pamilya/tagapag-alaga, mga serbisyo ng nutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo. Babayaran namin ang CBAS kung nakakatugon ka sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado.</p> <p><b>Tandaan:</b> Kung hindi available ang isang pasilidad ng CBAS, maaari naming ibigay ang mga serbisyong ito nang hiwalay.</p>	\$0
<p> <b>Pagpapayo upang huminto sa paninigarilyo o paggamit ng tabako</b></p> <p>Kung gumagamit ka ng tabako, wala kang palatandaan o mga sintomas ng mga sakit na nauugnay sa tabako, at gusto o kailangan mong huminto:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Babayaran namin ang dalawang pagsubok sa paghinto sa loob ng 12 buwan bilang isang serbisyong pang-iwas sa sakit. Libre para sa iyo ang serbisyong ito. Kabilang sa bawat pagsubok sa paghinto ang apat na face-to-face na pagbisita para sa pagpapayo.</li> </ul> <p>Kung gumagamit ka ng tabako at na-diagnose ka na may sakit na nauugnay sa tabako o umiinom ka ng gamot na maaaring maapektuhan ng tabako:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Babayaran namin ang dalawang pagsubok sa paghinto sa loob ng 12 buwan. Kabilang sa bawat pagsubok sa pagpapayo ang apat na face-to-face na pagbisita.</li> </ul> <p>Kung ikaw ay buntis, maaari kang makakuha ng unlimited na pagpapayo sa paghinto sa tabako na may paunang pahintulot.</p>	\$0





**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano		Ang dapat mong bayaran
<p><b>Mga serbisyo ng dentista</b></p> <p>Ang Planong Pangkalusugan ay may kasunduan sa Delta Dental of California ("Delta Dental") upang ibigay sa iyo ang DeltaCare® USA Dental HMO Program. Ang DeltaCare USA ay nagbibigay ng komprehensibong pangangalaga sa ngipin sa pamamagitan ng network ng mga dentista na nakikipagkontrata sa Delta Dental upang magbigay ng mga serbisyo sa ngipin. Para sa impormasyon tungkol sa mga provider ng serbisyo sa ngipin, mangyaring sumangguni sa Direktoryo ng Provider ng Serbisyo sa Ngipin.</p>	<p><b>\$0</b> para sa mga sakop na serbisyo na inilalarawan sa seksyong "Pangangalaga sa ngipin (DeltaCare USA Dental HMO Program)" sa dulo ng chart na ito.</p>	
<p>Ang ilang partikular na serbisyo sa ngipin, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, mga paglilinis, pagpapasta, at pustiso, ay maaari ring available sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental Program o FFS Medi-Cal. Para sa impormasyon tungkol sa coverage sa ngipin ng Medi-Cal, tumawag sa Denti-Cal sa <b>1-800-322-6384</b> (TTY <b>1-800-735-2922</b>). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Denti-Cal sa <b>dental.dhcs.ca.gov/</b>.</p>	<p><b>\$0</b></p>	
<p> <b>Screening para sa depresyon</b></p> <p>Babayaran namin ang isang screening para sa depresyon kada taon. Ang screening ay dapat isagawa sa lugar ng pangunahing pangangalaga na maaaring magbigay ng follow-up na paggamot at mga referral.</p>	<p><b>\$0</b></p>	



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
 <p><b>Screening para sa diyabetis</b></p> <p>Babayaran namin ang screening na ito (kabilang ang mga fasting glucose test) kung mayroon ka ng alinman sa mga sumusunod na salik ng panganib:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mataas na presyon ng dugo (altapresyon)</li> <li>• Kasaysayan ng mga abnormal na antas ng kolesterol at triglyceride (dyslipidemia)</li> <li>• Obesity</li> <li>• Kasaysayan ng mataas na asukal sa dugo (glucose)</li> </ul> <p>Maaaring sakupin ang mga pagsusuri sa ilan pang kaso, gaya ng kung overweight ka at may diyabetis sa kasaysayan ng pamilya.</p> <p>Depende sa mga resulta ng pagsusuri, maaari kang maging kwalipikado sa hanggang dalawang screening para sa diyabetis kada 12 buwan.</p>	<p><b>\$0</b></p>
 <p><b>Pagsasanay sa pamamahala ng sarili, mga serbisyo, at mga supply para sa diabetic</b></p> <p>Babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo para sa lahat ng taong may diyabetis (ang mga ito man ay insulin o hindi):</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• †Mga supply upang masubaybayan ang iyong glucose sa dugo, kabilang ang mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> <li>○ Isang blood glucose monitor.</li> <li>○ Mga blood glucose test strip.</li> <li>○ Mga lancet device at lancet.</li> <li>○ Mga solusyon sa pagkontrol ng glucose para sa pagtingin sa katumpakan ng mga test strip at monitor.</li> </ul> </li> </ul>	<p><b>\$0</b></p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<ul style="list-style-type: none"> <li>• †Para sa mga taong may diyabetis na may malubhang sakit na diabetic foot, babayaran namin ang mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> <li>○ Isang pares na therapeutic na custom-molded na sapatos (kabilang ang mga insert), kabilang ang fitting, at dalawang karagdagang pares ng insert kada taon sa kalendaryo, ●</li> <li>○ Isang pares ng depth shoes, kabilang ang fitting, at tatlong pares ng insert kada taon (hindi kabilang ang mga hindi naka-customize at naaalisan na insert na ibinigay sa naturang sapatos)</li> </ul> </li> <li>• †Sa ilang kaso, babayaran namin ang pagsasanay upang matulungan kang pamahalaan ang iyong diyabetis. Upang matuto pa, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro.</li> </ul> <p><b>Tandaan:</b> Maaari mong piliing makatanggap ng pagsasanay sa pamamahala ng sarili para sa diyabetis mula sa isang programang wala sa aming plano na kinikilala ng American Diabetes Association at inaprubahan ng Medicare.</p>	
<p><b>Mga Serbisyo ng Doula</b></p> <p>Para sa mga indibidwal na buntis, babayaran namin ang siyam na pagbisita sa doula sa panahon bago manganak at pagkatapos manganak pati na rin suporta sa panahon ng labor at panganganak.</p>	<b>\$0</b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Matibay na kagamitang pangmedikal (DME) at mga nauugnay na supply†</b></p> <p>Sumangguni sa huling kabanata ng Handbook ng Miyembro na ito para sa kahulugan ng “Matibay na kagamitang pangmedikal (DME).”</p> <p>Sinasakop namin ang mga sumusunod na item:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga wheelchair, kabilang ang mga electric wheelchair.</li> <li>• Mga saklay.</li> <li>• Mga powered mattress system.</li> <li>• Dry pressure pad para sa kutson.</li> <li>• Mga supply para sa diabetic.</li> <li>• Mga kama sa ospital na iniutos ng provider na gamitin sa bahay.</li> <li>• Mga intravenous (IV) infusion pump at pole.</li> <li>• Mga device sa pagbuo ng salita.</li> <li>• Kagamitan at mga supply sa oxygen.</li> <li>• Mga nebulizer.</li> <li>• Mga walker.</li> <li>• Standard curved handle o quad cane at mga kapalit na supply.</li> <li>• Cervical traction (sa pinto).</li> <li>• Bone stimulator.</li> </ul> <p>Maaaring sakupin ang iba pang item.</p> <p style="text-align: center;"><b>Ang benepisyong ito ay ipinagpatuloy sa susunod na pahina</b></p>	<p>Kung kwalipikado ka para sa tulong sa bahagi sa gastos ng Medicare sa ilalim ng Medi-Cal, <b>\$0</b> ang babayaran mo. Kung hindi, magbabayad ka ng <b>20%</b> coinsurance, maliban kung magbabayad ka ng <b>\$0</b> para sa mga peak flow meter at ultraviolet light therapy equipment.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Matibay na kagamitang pangmedikal (DME) at mga nauugnay na supply (ipinagpatuloy)</b></p> <p>Babayaran namin ang lahat ng medikal na kinakailangang DME na karaniwang binabayaran ng Medicare at Medi-Cal. Kung ang aming supplier sa iyong lugar ay walang dinadalang partikular na tatak o tagagawa, maaari mo silang tanungin kung maaari silang espesyal na mag-order nito para sa iyo. Ang pinakabagong listahan ng mga supplier ay available sa aming website sa <a href="http://kp.org/directory">kp.org/directory</a>.</p>	
<p>Sinasakop din namin ang sumusunod na DME na hindi sinasakop ng Medicare kapag medikal na kinakailangan:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga accessory sa kama para sa isang kama sa ospital kapag kinakailangan ang extension ng kama.</li> <li>• Mga protector para sa sakong o siko upang maiwasan o mabawasan ang paggamit ng advanced na pressure relief equipment.</li> <li>• Iontophoresis device upang gamutin ang hyperhidrosis kapag ang mga antiperspirant ay kontraindikado at ang hyperhidrosis ay lumikha ng mga medikal na komplikasyon (halimbawa, impeksyon sa balat) o pumipigil sa mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay.</li> <li>• Mga nontherapeutic continuous glucose monitoring device at nauugnay na supply.</li> <li>• Resuscitation bag kung ang pasyente ng tracheostomy ay may malaking problema sa pamamahala ng secretion, na nangangailangan ng technique ng lavage at suction na tinutulungan ng malalim na paghinga sa pamamagitan ng resuscitation bag.</li> </ul>	



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare).

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ultraviolet light therapy equipment para sa mga kondisyong bukod sa psoriasis kung medikal na kinakailangan, kabilang ang ultraviolet light therapy equipment para sa paggamit sa bahay, kung (1) aaprubahan ang kagamitan para sa iyo sa pamamagitan ng proseso ng paunang pahintulot ng aming plano, gaya ng inilalarawan sa Kabanata 3 at (2) ibibigay ang kagamitan sa loob ng aming sineserbisyuhang lugar. (Ang coverage para sa ultraviolet light therapy equipment ay limitado sa karaniwang item ng kagamitan na sapat na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Magpapasya kami kung rerentahan o bibilhin ang kagamitan, at pipiliin namin ang vendor. Dapat mong ibalik ang kagamitan sa amin o bayaran kami sa halagang karaniwang sinisingil para sa kagamitan kapag hindi na namin sinasakop ang mga ito.)</li> </ul>	



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Pangangalagang pang-emergency</b></p> <p>Ang pangangalagang pang-emergency ay nangangahulugang mga serbisyo na:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Ibinibigay ng isang provider na sinanay upang magbigay ng mga serbisyong pang-emergency, <b>at</b></li> <li>• Kinakailangan upang gamutin ang isang medikal na emergency.</li> </ul> <p>Ang medikal na emergency ay isang medikal na kondisyon na may matinding pananakit o malubhang pinsala. Ang kondisyon ay napakalubha, kung ito ay hindi makakakuha kaagad ng medikal na atensyon, ang sinumang may pangkaraniwang kaalaman sa kalusugan at gamot ay makakaasa na ito ay magresulta sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Seryosong panganib sa iyong kalusugan o sa iyong anak na nasa sinapupunan; ○</li> <li>• Malubhang pinsala sa mga paggana ng katawan; ○</li> <li>• Malubhang pagkapinsala ng anumang organo o bahagi ng katawan; ○</li> <li>• Sa kaso ng isang buntis na aktibong nagle-labor, kapag: <ul style="list-style-type: none"> <li>○ Hindi sapat ang oras upang ligtas kang mailipat sa ibang ospital bago ang panganganak.</li> <li>○ Maaaring magdulot ang paglipat sa ibang ospital ng banta sa iyong kalusugan o kaligtasan o sa kalusugan o kaligtasan ng anak na nasa sinapupunan.</li> </ul> </li> </ul> <p>Bahagi sa gastos para sa mga kinakailangang serbisyong pang-emergency na ibinibigay sa labas ng network ay kapareho ng mga naturang serbisyo na ibinibigay sa network.</p> <p><b>Mayroon kang pandaigdigang coverage sa pangangalagang pang-emergency.</b></p>	<p><b>\$0</b></p> <p>†Kung kukuha ka ng pangangalagang pang-emergency sa isang ospital na wala sa network at kailangan mo ng pangangalaga para sa inpatient pagkatapos maging stable ang iyong emergency, dapat kang bumalik sa ospital na nasa network upang patuloy na masakop ang iyong pangangalaga o dapat pahintulutan ng aming plano ang pangangalaga para sa inpatient sa ospital na wala sa network at ang iyong gastos ay ang bahagi sa gastos na babayaran mo sa isang ospital na nasa network.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya</b></p> <p>Bilang isang nasa hustong gulang (18 taong gulang o mas matanda), maaaring ayaw mong pumunta sa iyong PCP para sa ilang partikular na sensitibo o pribadong pangangalaga. Kung ganito, maaari kang pumili ng sinumang doktor o anumang klinika para sa mga sumusunod na uri ng pangangalaga:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagpapalano ng pamilya/pagpigil sa pagbubuntis (kabilang ang mga serbisyo ng sterilization para sa mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang at mas matanda).</li> <li>• Pagsusuri at pagpapayo sa pagbubuntis.</li> <li>• Pag-iwas/pagsusuri/paggamot sa HIV/AIDS</li> <li>• Pag-iwas/pagsusuri/paggamot sa mga impeksyong nakukuha sa paraang sekswal.</li> <li>• Pangangalaga para sa sekswal na pag-atake.</li> <li>• Mga serbisyo sa aborsyon ng outpatient.</li> </ul>	<p><b>\$0</b></p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p>Para sa mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga para sa nasa hustong gulang, ang iyong provider ay hindi kailangang maging kabilang sa network ng provider ng Kaiser Permanente. Maaari kang pumili ng anumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila nang walang referral o paunang pahintulot. Para sa tulong sa paghahanap ng provider ng Medi-Cal na wala sa network ng Kaiser Permanente, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.</p> <p>Babayaran din namin ang ilan pang serbisyo sa pagpapalano ng pamilya. Gayunpaman, dapat kang gumamit ng provider sa aming network ng provider para sa mga sumusunod na serbisyo:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Paggamot para sa mga medikal na kondisyon ng pagkabaog (hindi kabilang sa serbisyong ito ang mga artipisyal na paraan upang mabuntis).</li> <li>• Paggamot para sa AIDS at iba pang kondisyong nauugnay sa HIV.</li> <li>• Genetic na pagsusuri at pagpapayo.</li> </ul>	



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Benepisyong sa fitness (ang Silver&amp;Fit® Healthy Aging and Exercise Program)</b></p> <p>Kabilang sa programa ng Silver&amp;Fit ang sumusunod: Magagawa mong sumali sa isang kalahok na fitness center ng Silver&amp;Fit at sulitin ang mga serbisyong kasama sa standard na membership ng fitness center (halimbawa, ang paggamit ng kagamitan sa fitness center o mga klaseng pinapangunahan ng instructor ay hindi nangangailangan ng karagdagang singil). Kung nag-sign up ka para sa isang membership sa fitness center ng Silver&amp;Fit, malalapat ang sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang fitness center ay nagbibigay ng oryentasyon sa pasilidad at kagamitan.</li> <li>• Nag-iiba ang mga serbisyong ibinibigay ng mga fitness center ayon sa lokasyon. Ang anumang hindi standard na serbisyo sa fitness center na karaniwang nangangailangan ng karagdagang singil ay hindi kasama sa iyong standard na membership sa fitness center sa pamamagitan ng programa ng Silver&amp;Fit (halimbawa, mga bayarin sa court o mga serbisyo sa personal na trainer).</li> <li>• Upang sumali sa fitness center ng Silver&amp;Fit, magparehistro sa pamamagitan ng <b>kp.org/SilverandFit</b> at piliin ang iyong (mga) lokasyon. Pagkatapos ay maaari mong i-print o i-download ang iyong "Liham ng Pagdating," kung saan kabilang ang iyong Silver&amp;Fit card na may numero ng fitness ID na ibibigay sa napiling fitness center.</li> <li>• Kapag sumali ka, maaari kang lumipat sa ibang lumalahok na fitness center ng Silver&amp;Fit nang isang beses kada buwan at magkakaroon ng bisa ang iyong pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan (maaaring kailanganin mong kumumpleto ng bagong kasunduan sa membership sa fitness center).</li> </ul> <p><b>Ang benepisyong ito ay ipinagpatuloy sa susunod na pahina</b></p>	<p><b>\$0</b></p>




**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Benepisyo sa fitness (ang Silver&amp;Fit® Healthy Aging and Exercise Program) (ipinagpatuloy)</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Kung gusto mong mag-ehersisyo sa bahay, maaari kang pumili ng isang Fitness Kit para sa Bahay kada taon sa kalendaryo. Maraming mapagpipiliang Fitness Kit para sa Bahay, kabilang ang mga opsyon sa Nasusuot na Fitness Tracker, Mga Pilate, Strength, Swim, at Yoga Kit. Ang mga kit ay maaaring magbago at kapag napili na, hindi na mapapalitan ang mga ito. Upang pumili ng iyong kit, mangyaring bumisita sa <b>kp.org/SilverandFit</b> o tumawag sa serbisyo sa customer ng Silver&amp;Fit.</li> <li>• Access sa mga online na serbisyo ng Silver&amp;Fit sa <b>kp.org/SilverandFit</b> na nagbibigay ng mga on-demand na video sa pag-eehersisyo, Mga Plano sa Pag-eehersisyo, Well-Being Club, newsletter, at iba pang kapaki-pakinabang na feature. Ang pinahusay na feature na Well-Being Club ng website ng Silver&amp;Fit ay nagbibigay sa mga miyembro ng pagkakataong tingnan ang mga naka-customize na resource pati na rin dumalo sa mga klase at event sa live-streaming.</li> </ul> <p>Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa ng Silver&amp;Fit at listahan ng mga kalahok na fitness center at home kit, bumisita sa <b>kp.org/SilverandFit</b> o tumawag sa serbisyo sa customer ng Silver&amp;Fit sa <b>1-877-750-2746 (TTY 711)</b>, Lunes hanggang Biyernes, 5 a.m. hanggang 6 p.m. (PST).</p> <p>Ang programa ng Silver&amp;Fit ay ibinibigay ng American Specialty Health Fitness, Inc., na isang subsidiary ng American Specialty Health Incorporated (ASH). Ang Silver&amp;Fit ay isang trademark ng ASH na nakarehistro sa pederal na pamahalaan at ginagamit ito nang may pahintulot dito. Ang mga kalahok na fitness center at fitness chain ay maaaring mag-iba ayon sa lokasyon at maaaring magbago.</p>	



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p> <b>Mga programa ng edukasyon sa kalusugan at pagiging walang sakit</b></p> <p>Nagbibigay kami ng maraming programa na nakatuon sa ilang partikular na kondisyon sa kalusugan. Kabilang sa mga ito ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga klase sa Edukasyong Pangkalusugan;</li> <li>• Mga klase sa Edukasyon sa Nutrisyon;</li> <li>• Paghinto sa Paninigarilyo at Paggamit ng Tabako; <b>at</b></li> <li>• Nursing Hotline</li> </ul> <p>Bilang bahagi ng aming Mga Programa sa Malusog na Paraan ng Pamumuhay, sinasakop ng aming plano ang ilang panggrupong klase sa edukasyong pangkalusugan kabilang ang: malusog na puso (healthy heart), pamumuhay nang may mga hindi gumagaling na kondisyon at depresyon (living with chronic conditions and depression). Ang Mga Programa sa Malusog na Pamumuhay ay ibinibigay ng sertipikadong tagapagturo sa kalusugan o iba pang kwalipikadong propesyonal na kalusugan.</p> <p>Sinasakop namin ang iba't ibang pagpapayo, programa, at materyal para sa edukasyong pangkalusugan upang matulungan kang gampanan ang isang aktibong tungkulin sa pagprotekta at pagpapabuti sa iyong kalusugan, kabilang ang mga programa para sa mga hindi gumagaling na kondisyon (gaya ng diyabetis at hika). Maaari ka ring lumahok sa mga programang hindi namin sinasaklaw, na maaaring mangailangan na magbayad ka ng bayarin.</p> <p>Para sa higit pang impormasyon tungkol sa aming pagpapayo, mga programa, at mga materyal para sa edukasyong pangkalusugan, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na Departamento ng Edukasyong Pangkalusugan, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro, o pumunta sa aming website sa <b>kp.org</b>.</p>	<p><b>\$0</b></p>




**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

<b>Mga serbisyong babayaran ng aming plano</b>	<b>Ang dapat mong bayaran</b>
<p><b>Mga serbisyo sa pandinig</b></p> <p>Babayaran namin ang mga pagsusuri sa pandinig at balanse na isinagawa ng iyong provider. Sinasabi sa iyo ng mga pagsusuring ito kung kailangan mo ng medikal na paggamot. Sinasakop ang mga ito bilang pangangalaga ng outpatient kapag kinuha mo ang mga ito mula sa isang doktor, audiologist, o iba pang kwalipikadong provider.</p> <p><b>Mga hearing aid</b></p> <p>Sinasakop namin ang mga hearing aid kung:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nasuri ka sa pagkawala ng pandinig.</li> <li>• Medikal na kinakailangan ang mga hearing aid.</li> <li>• Nakatanggap ka ng reseta mula sa iyong doktor.</li> </ul> <p>Ang coverage ay limitado sa pinakamurang aid na tumutugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Kami ang pipili kung sino ang magbibigay ng hearing aid. Sinasakop namin ang isang hearing aid maliban na lang kung kinakailangan ang isang hearing aid para sa bawat tainga para sa mga resultang higit na mas mabuti kaysa sa kung isang aid lamang ang makukuha mo.</p> <p>Sinasakop namin ang sumusunod para sa bawat sakop na hearing aid:</p>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga ear mold na kinakailangan para sa fitting.</li> <li>• Isang package ng standard na baterya.</li> <li>• Mga pagbisita upang matiyak na gumagana nang tama ang aid.</li> <li>• Mga pagbisita para sa paglilinis at fitting ng iyong hearing aid.</li> <li>• Pagkukumpuni ng iyong hearing aid.</li> </ul> <p>Sasakupin namin ang kapalit na hearing aid kung:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Hindi na maiwawasto ng iyong kasalukuyang hearing aid ang pagkawala ng iyong pandinig.</li> <li>• Ang iyong hearing aid ay nawala, ninakaw, o nasira (at hindi na makukumpuni), at hindi mo ito kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng mensahe na nagsasabi sa amin kung paano ito nangyari.</li> </ul> <p>Hindi kabilang sa coverage ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga kapalit na baterya ng hearing aid</li> </ul>	
 <p><b>Screening para sa HIV</b></p> <p>Babayaran namin ang isang screening exam para sa HIV kada 12 buwan para sa mga tao na:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Humiling ng screening test para sa HIV, o</li> <li>• Nanganganib na magkaroon ng impeksyon sa HIV.</li> </ul> <p>Para sa mga babaeng buntis, babayaran namin ang hanggang tatlong screening test para sa HIV sa panahon ng pagbubuntis.</p> <p>Babayaran din namin ang (mga) karagdagang screening para sa HIV kapag inirerekomenda ng iyong provider.</p>	<b>\$0</b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

<b>Mga serbisyong babayaran ng aming plano</b>	<b>Ang dapat mong bayaran</b>
<p><b>Mga pagkaing dine-deliver sa bahay</b></p> <p>Sinasakop namin ang mga pagkaing dine-deliver sa iyong bahay kaagad pagkatapos ng paglabas mula sa isang ospital na nasa network bilang isang inpatient dahil sa pangunahing diyagnosis ng congestive heart failure, na hanggang dalawang pagkain kada araw sa magkakasunod na apat na linggo, isang beses kada taon sa kalendaryo, gaya ng sumusunod:</p> <p>Bilang bahagi ng proseso ng paglabas, isang tao mula sa iyong pangkat sa pangangalaga ang magsisimula ng referral na valid sa loob ng 30 araw. Kapag naaprubahan na ang referral, ang vendor ng delivery ng pagkain ay makikipag-ugnayan sa iyo tungkol sa mga opsyon sa pagkain at magsasaayos ng delivery ng pagkain. Maaari kang makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong referral (ang mga hindi pa nagagamit na referral ay hindi nare-renew).</p> <p>Bukod pa sa mga pagkain para sa pangkalahatang kalusugan, may mga menu na susuporta sa mga partikular na kondisyon at diyeta.</p> <p>Hindi namin sinasakop ang mga pagkain kung:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Lumabas ka sa isang pasilidad na nagbibigay ng mga pagkain (halimbawa, rehabilitasyon para sa inpatient).</li> <li>• Nag-expire na ang referral sa pagkain.</li> </ul> <p><b>Tandaan:</b> Ang mga pananatili para sa operasyon at pananatili para sa obserbasyon ng outpatient sa Departamento ng Emergency ay hindi itinuturing na mga pananatili ng inpatient sa ospital.</p> <p>Sa ilalim ng Medi-Cal, maaaring kwalipikado ka para sa karagdagang coverage para sa mga pagkaing dine-deliver sa bahay sa ilalim ng Mga Suporta sa Komunidad. Ang Mga Suporta sa Komunidad ay hindi available sa lahat ng lugar at kailangan mong matugunan ang mga partikular na pamantayan sa pagiging kwalipikado. Magtanong sa iyong doktor para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mga Suporta sa Komunidad ng Medi-Cal.</p>	<p><b>\$0</b></p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Pangangalaga ng ahensyang pangkalusugan sa bahay</b></p> <p>Bago ka makakuha ng mga serbisyong pangkalusugan sa bahay, dapat sabihin sa amin ng doktor na kailangan mo ang mga ito, at dapat ibigay ang mga ito ng isang ahensyang pangkalusugan sa bahay.</p> <p>Babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo, at maaaring iba pang serbisyong hindi nakalista rito:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga part-time o intermittent na serbisyo sa sanay na pag-aalaga at tulong sa kalusugan sa bahay (Upang masakop sa ilalim ng benepisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay, ang iyong mga serbisyo sa sanay na pag-aalaga at tulong sa kalusugan sa bahay ay dapat mas kaunti sa 8 oras kada araw at 35 araw kada linggo kapag pinagsama-sama.)</li> <li>• Physical therapy, occupational therapy, at speech therapy.</li> <li>• Mga medikal na serbisyo at serbisyong panlipunan.</li> <li>• Mga kagamitan at supply na pangmedikal.</li> </ul>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p> <p><b>Tandaan:</b> Walang bahagi sa gastos para sa mga sebisyo at item sa pangangalagang pangkalusugan na ibinigay alinsunod sa mga alituntunin ng Medicare. Gayunpaman, ang naaangkop na bahagi sa gastos na nakalista saanman sa Chart ng Mga Benepisyo na ito ay malalapat kung sinasakop ang item sa ilalim ng ibang benepisyo; halimbawa, matibay na kagamitang pangmedikal na hindi ibinigay ng ahensyang pangkalusugan sa bahay.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagsusuri ng video at/o mga larawang ipinadala mo sa iyong doktor at interpretasyon at follow-up ng iyong doktor sa loob ng 24 na oras <b>kung</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>○ Hindi ka bagong pasyente <b>at</b></li> <li>○ Ang pagsusuri ay hindi nauugnay sa isang pagbisita sa tanggapan sa nakalipas na 7 araw <b>at</b></li> <li>○ Hindi humantong ang pag-check in sa isang pagbisita sa tanggapan sa loob ng 24 na oras o sa pinakamaagang available na appointment.</li> </ul> </li> <li>• Konsultasyon ng iyong doktor sa mga doktor sa pamamagitan ng telepono, Internet, o elektronikong rekord ng kalusugan kung hindi ka bagong pasyente.</li> </ul> <p><b>Telehealth sa ilalim ng iyong coverage sa Medi-Cal:</b>  Ang telehealth ay isang paraan ng pagkuha ng mga serbisyo nang hindi kailangang pumunta sa parehong aktwal na lokasyon ng iyong provider. Maaaring kabilang sa telehealth ang pagkakaroon ng live na pakikipag-usap sa iyong provider. O maaaring kabilang sa telehealth ang pagbabahagi ng impormasyon sa iyong provider nang walang live na pakikipag-usap. Maaari kang makatanggap ng maraming serbisyo sa pamamagitan ng telehealth. Gayunpaman, maaaring hindi available ang telehealth para sa lahat ng sakop na serbisyo. Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong provider upang malaman kung anong mga uri ng serbisyo ang maaaring available sa pamamagitan ng telehealth. Mahalagang pareho kayong sumang-ayon ng iyong provider na ang paggamit ng telehealth para sa partikular na serbisyo ay naaangkop para sa iyo. Mayroon kang karapatan sa mga personal na serbisyo at hindi mo kinakailangang gumamit ng telehealth kahit na sumang-ayon ang iyong provider na ito ay naaangkop para sa iyo.</p>	



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Mga serbisyo sa pangangalaga ng paa</b></p> <p>Babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Diyagnosis at medikal na paggamot o operasyon na paggamot ng mga pinsala at sakit sa paa (gaya ng hammer toe o mga heel spur).</li> <li>• Regular na pangangalaga ng paa para sa mga miyembrong may mga kondisyong nakakaapekto sa mga binti, gaya ng diyabetis.</li> </ul> <p>Sa ilalim ng iyong coverage sa Medi-Cal, sinasakop namin ang mga serbisyo sa pangangalaga ng paa bilang Medikal na Kinakailangan para sa diyagnosis at medikal na paggamot, operasyon na paggamot, mekanikal na paggamot, manipulative na paggamot, at elektrikal na paggamot ng paa ng tao. Kabilang dito ang bukong-bukong at mga litid na nakapaloob sa paa at hindi operasyong paggamot ng mga kalamnan at litid ng binti na kumokontrol sa mga paggana ng paa.</p>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>
<p> <b>Mga screening exam para sa kanser sa prostate</b></p> <p>Para sa mga lalaking 50 taong gulang at mas matanda, babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo nang isang beses kada 12 buwan:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Isang digital na pagsusuri sa puwit.</li> <li>• Isang antigen test na partikular sa prostate (PSA).</li> </ul>	<p><b>\$0</b></p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.



<b>Mga serbisyong babayaran ng aming plano</b>	<b>Ang dapat mong bayaran</b>
<p><b>Mga prosthetic na device at nauugnay na supply†</b></p> <p>Pinapalitan ng mga prosthetic na device ang lahat o bahagi ng bahagi o paggana ng katawan. Babayaran namin ang mga sumusunod na prosthetic na device, at maaaring iba pang device na hindi nakalista rito:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga colostomy bag at supply na nauugnay sa pangangalaga ng colostomy.</li> <li>• Nutrisyon na ipinapasok sa bituka at nutrisyon na ipinapasok sa katawan sa pamamagitan ng iniksyon, kabilang ang mga supply kit para sa pagpapakain, infusion pump, tubing at adaptor, mga solution, at mga supply para sa mga iniksyon na ibinibigay sa sarili.</li> <li>• Mga pacemaker.</li> <li>• Mga brace.</li> <li>• Mga prosthetic na sapatos.</li> <li>• Mga artipisyal na braso at binti.</li> <li>• Mga prosthesis para sa suso (kabilang ang pang-operasyong brassiere pagkatapos ng mastectomy (pag-alis ng suso ng babae)).</li> <li>• Mga prosthesis na ipampapalit sa lahat ng bahagi o sa isang bahagi ng external na bahagi ng mukha na inalis o napinsala na dulot ng sakit, pinsala, o congenital na depekto.</li> <li>• Cream at mga diaper para sa hindi mapigilang pag-ihi o pagdumi.</li> </ul> <p>Babayaran namin ang ilang supply na nauugnay sa mga prosthetic na device. Magbabayad din kami upang kumpunihin o palitan ang mga prosthetic na device.</p> <p style="text-align: right;"><b>Ang benepisyong ito ay ipinagpatuloy sa susunod na pahina</b></p>	



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Mga prosthetic na device at nauugnay na supply† (ipinagpatuloy)</b></p> <p>Nag-aalok kami ng ilang coverage pagkatapos ng pag-aalis ng katarata o operasyon ng katarata. Sumangguni sa “Pangangalaga ng paningin” sa dulong bahagi ng chart na ito para sa mga detalye.</p> <p>Sinasakop din namin ang mga item na ito na hindi sinasakop ng Medicare:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga gradient compression stocking para sa lymphedema.</li> <li>• Ilang partikular na pang-operasyong bota kasunod ng operasyon kapag ibinigay sa panahon ng pagbisita ng outpatient.</li> <li>• Vacuum erection device para sa kakulangan ng kakayahang sekswal.</li> <li>• Ilang partikular na sealant, moisturizer, ointment sa balat na medikal na kinakailangang pangangalaga ng balat.</li> <li>• Hindi namin babayaran ang mga prosthetic dental device, maliban kung inilalarawan sa ilalim ng "Mga serbisyo sa ngipin."</li> </ul>	



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p>Sa ilalim ng iyong coverage sa Medi-Cal, sinasakop namin ang mga prosthetic at orthotic na device kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang item ay medikal na kinakailangan upang ibalik kung paano gumagana ang isang bahagi ng katawan (para sa mga prosthetic lang).</li> <li>• Ang item ay inirereseta para sa iyo.</li> <li>• Ang item ay medikal na kinakailangan upang suportahan ang isang bahagi ng katawan (para sa mga orthitic lang).</li> <li>• Ang item ay medikal na kinakailangan upang makapagsagawa ka ng mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay.</li> <li>• Ang item ay makabuluhan para sa iyong pangkalahatang medikal na kondisyon.</li> <li>• Ang item ay sinasakop ng Medi-Cal.</li> <li>• Dapat aprubahan nang maaga ang item na ito para sa iyo. Kasama rito ang mga ipinapasok na device para sa pandinig, mga artipisyal na suso/mga bra matapos maoperahan sa suso, mga isinusuot upang magbigay ng presyon para sa pagpapagaling ng sunog at mga artipisyal na bahagi ng katawan upang ibalik ang paggana o palitan ang bahagi ng katawan, o upang suportahan ang humina o nasirang hugis bahagi ng katawan. Ang coverage ay limitado sa pinakamurang item ng kagamitan na sapat na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Kami ang pipili ng vendor.</li> </ul>	



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Mga serbisyo ng rehabilitasyon hinggil sa baga:</b></p> <p>Babayaran namin ang mga programa ng rehabilitasyon hinggil sa baga para sa mga miyembrong may katamtaman hanggang napakalubhang hindi gumagaling na sakit na nagdudulot ng pagbabara sa paghinga (chronic obstructive pulmonary disease, COPD). Dapat ay mayroon kang utos para sa rehabilitasyon hinggil sa baga mula sa doktor o provider na gumagamot ng COPD.</p> <p>Babayaran namin ang mga serbisyo sa paghinga para sa mga pasyenteng umaasa sa ventilator.</p>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>




**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Residensyal na paggamot sa labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga at kalusugan ng isip†</b></p> <p>Sinasakop namin ang mga sumusunod na serbisyo kapag ibinigay ang mga serbisyo sa isang lisensyadong residensyal na pasilidad ng paggamot na nagbibigay ng 24 na oras na indibidwal na paggamot sa disorder sa labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga o kalusugan ng isip, kapag ang mga serbisyo ay ibinigay, sa pangkalahatan at ayon sa nakasanayan, sa pamamagitan ng residensyal na programa sa paggamot sa sakit sa labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga o kalusugan ng isip sa isang lisensyadong residensyal na pasilidad sa paggamot, at kapag ang mga serbisyo ay nakakataas sa antas ng kustodyal na pangangalaga:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pang-indibidwal at panggrupong pagpapayo.</li> <li>• Mga medikal na serbisyo.</li> <li>• Pagsubaybay sa gamot.</li> <li>• Kuwarta at pananatili.</li> <li>• Ang mga iniresetang gamot ng provider na nasa network bilang bahagi ng iyong plano ng pangangalaga sa residensyal na pasilidad ng paggamot alinsunod sa aming mga aliuntunin sa pormularyo ng gamot kung ang mga ito ay ibinigay sa iyo sa pasilidad ng medikal na tauhan.</li> <li>• Pagpapalano ng paglabas.</li> </ul> <p>Walang limitasyon sa bilang ng mga medikal na kinakailangang araw sa aming residesyal na programa ng paggamot upang gamutin ang mga kondisyon sa kalusugan ng isip at pag-abuso sa substance kapag inireseta ng isang provider na nasa network.</p>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
 <p><b>Screening at pagpapayo para sa mga impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik (STI)</b></p> <p>Babayaran namin ang mga screening para sa chlamydia, gonorrhea, syphilis, at hepatitis B. Ang mga screening na ito ay sinasakop para sa mga buntis at para sa mga taong may mas mataas na panganib na magkaroon ng STI. Dapat hilingin ng isang provider ng pangunahing pangangalaga ang mga pagsusuri. Sinasakop namin ang mga pagsusuri na ito nang isang beses kada 12 buwan o sa ilang partikular na pagkakataon sa panahon ng pagbubuntis.</p> <p>Babayaran din namin ang hanggang dalawang session ng face-to-face at high-intensity na pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali kada taon para sa mga sekswal na aktibong nasa hustong gulang na nanganganib na magkaroon ng mga STI. Ang bawat session ay maaaring 20 hanggang 30 minuto ang tagal. Babayaran lang namin ang mga session ng pagpapayo na ito bilang isang serbisyong pang-iwas sa sakit kung ibinigay ng isang provider ng pangunahing pangangalaga. Ang mga session ay dapat nasa setting ng pangunahing pangangalaga, gaya ng tanggapan ng doktor.</p>	<p><b>\$0</b></p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Pangangalaga sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga (skilled nursing facility, SNF)</b></p> <p>Sinasakop namin ang hanggang 100 araw kada panahon ng benepisyo ng mga sanay na serbisyo para sa inpatient sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga alinsunod sa mga alituntunin ng Medicare (hindi kinakailangan ang naunang pananatili sa ospital). Kapag naubos na ang mga araw na ito, maaari kang magkaroon ng karagdagang coverage sa ilalim ng Medi-Cal.</p> <p>Babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo, at maaaring iba pang serbisyong hindi nakalista rito:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Isang semi-private na kuwarto o pribadong kuwarto kung ito ay medikal na kinakailangan.</li> <li>• Mga pagkain, kabilang ang mga espesyal na diyeta</li> <li>• Mga serbisyo sa pag-aalaga</li> <li>• Physical therapy, occupational therapy, at speech therapy</li> <li>• Mga gamot na nakukuha mo bilang bahagi ng iyong plano ng pangangalaga, kabilang ang mga substance na natural na nasa katawan, gaya ng mga salik na pamumuo ng dugo</li> </ul>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p> <p>Magsisimula ang panahon ng benepisyo sa unang araw kung kailan ka pumunta sa isang ospital para sa inpatient o pasilidad ng sanay na pag-aalaga (skilled nursing facility, SNF) na sakop ng Medicare.</p> <p>Magwawakas ang panahon ng benepisyo kung hindi ka naging inpatient sa anumang ospital o SNF sa loob ng magkakasunod na 60 araw sa kalendaryo.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Dugo, kabilang ang pag-iimbak at pagbibigay</li> <li>• Mga medikal na supply o supply para sa operasyon na ibinibigay ng mga pasilidad ng pag-aalaga</li> <li>• Mga pagsusuri sa laboratoryo na ibinibigay ng mga pasilidad ng pag-aalaga</li> <li>• Mga X-ray at iba pang serbisyo sa radiology na ibinibigay ng mga pasilidad ng pag-aalaga</li> <li>• Mga appliance, gaya ng mga wheelchair, na karaniwang ibinibigay ng mga pasilidad ng pag-aalaga</li> <li>• Mga serbisyo ng doktor/provider</li> </ul> <p>Karaniwan kang kumukuha ng iyong pangangalaga mula sa mga pasilidad na nasa network. Gayunpaman, maaari mong makuha ang iyong pangangalaga mula sa isang pasilidad na wala sa aming network. Maaari kang makakuha ng pangangalaga mula sa mga sumusunod na lugar kung tatanggapin nila ang mga halaga para sa pagbabayad ng aming plano:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Isang nursing home o komunidad ng pagreretiro para sa patuloy na pangangalaga kung saan ka tumira bago ka pumunta sa ospital (hangga't nagbibigay ito ng pangangalaga sa pasilidad ng pag-aalaga).</li> <li>• Isang pasilidad ng pag-aalaga kung saan nakatira ang iyong asawa o domestic partner sa oras na umalis ka sa ospital.</li> </ul>	



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



<b>Mga serbisyong babayaran ng aming plano</b>	<b>Ang dapat mong bayaran</b>
<p><b>Supervised exercise therapy (SET)</b></p> <p>Babayaran namin ang SET para sa mga miyembrong may symptomatic na peripheral artery disease (PAD) na may referral para sa PAD mula sa doktor na responsable para sa paggamot sa PAD.</p> <p>Babayaran ng aming plano ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Hanggang 36 na session sa 12 linggong yugto ng panahon kung natutugunan ang lahat ng kinakailangan sa SET.</li> </ul> <p>Karagdagang 36 na session sa paglipas ng panahon kung itinuturing na medikal na kinakailangan ng provider ng pangangalagang pangkalusugan.</p> <p>Ang programang SET ay dapat:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga 30 hanggang 60 minutong session ng therapeutic exercise-training program para sa PAD sa mga miyembrong may pamumulikat ng binti dahil sa mahinang pagdaloy ng dugo (claudication).</li> <li>• Sa isang setting ng ospital para sa outpatient o sa isang tanggapan ng doktor.</li> <li>• Inihahatid ng kwalipikadong tauhan na tinitiyak na ang benepisyo ay lampas sa pinsala at sinanay sa exercise therapy para sa PAD.</li> <li>• Sa ilalim ng direktang pangangasiwa ng doktor, assistant ng doktor, o nurse practitioner/espesyalistang klinikal na nars na sinanay sa parehong basic at advanced na diskarte sa suporta sa buhay.</li> </ul>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Transportasyon: Medikal na transportasyon na hindi pang-emergency†</b></p> <p>Binibigyang-daan ng benepisyong ito ang transportasyon na pinakamatipid at naa-access. Maaaring kabilang dito ang: mga serbisyo ng ambulansya, litter van, wheelchair van, medikal na transportasyon, at pagkokoordina sa para transit.</p> <p>Ang mga anyo ng transportasyon ay pinapahintulutan kapag:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Hindi ka binibigyang-daan ng iyong medikal at/o pisikal na kondisyon na magbiyahe sa pamamagitan ng bus, pampasaherong sasakyan, taxicab, o ibang anyo ng pampubliko o pribadong transportasyon, <b>at</b></li> <li>• Depende sa serbisyo, maaaring kinakailangan ang paunang pahintulot.</li> </ul> <p>Para sa impormasyon kung paano humiling ng medikal na transportasyong hindi pang-emergency, sumangguni sa <b>Kabanata 3</b>.</p>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>
<p><b>Transportasyon: Hindi medikal na transportasyon†</b></p> <p>Nagbibigay-daan ang benepisyong ito para sa transportasyon sa mga medikal na serbisyo sa pamamagitan ng pampasaherong sasakyan, taxi, o iba pang anyo ng pampubliko/pribadong transportasyon.</p> <p>Kinakailangan ang transportasyon para sa layunin ng pagkakaroon ng kinakailangang medikal na pangangalaga, kabilang ang pagbiyahe papunta sa mga appointment para sa ngipin at upang kunin ang mga inireresetang gamot.</p> <p>Hindi nililimitahan ng benepisyong ito ang iyong benepisyo sa medikal na transportasyong hindi pang-emergency.</p> <p>Para sa impormasyon kung paano humiling ng hindi medikal na transportasyon, sumangguni sa <b>Kabanata 3</b>.</p>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral.</p>




**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Agarang pangangalaga</b></p> <p>Ang agarang pangangalaga ay pangangalagang ibinibigay upang gamutin ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Isang hindi pang-emergency na nangangailangan ng agarang medikal na pangangalaga, ○</li> <li>• Isang biglaang medikal na karamdaman, ○</li> <li>• Isang pinsala, ○</li> <li>• Isang kondisyon na nangangailangan kaagad ng pangangalaga.</li> </ul> <p>Kung nangangailangan ka ng agarang pangangalaga, dapat mo munang subukang kunin ito mula sa isang provider na nasa network.</p> <p><b>Sa loob ng aming sineserbisyuhang lugar:</b> Dapat kang makakuha ng agarang pangangalaga mula sa mga provider na nasa network, maliban na lang kung pansamantalang hindi available o hindi naa-access ang aming network ng provider dahil sa hindi pangkaraniwan at kakaibang sitwasyon (halimbawa, malaking sakuna).</p> <p><b>Sa labas ng aming sineserbisyuhang lugar:</b> Mayroon kang pandaigdigang coverage sa agarang pangangalaga kapag bumiyahe ka kung kailangan mo ng agarang medikal na atensyon para sa isang hindi inaasahang karamdaman o pinsala at makatuwiran kang naniniwala na lubhang makakasama sa iyong kalusugan kung iaantala mo ang paggamot hanggang sa bumalik ka sa aming sineserbisyuhang lugar.</p>	<p><b>\$0</b></p>



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p> <b>Pangangalaga ng paningin</b></p> <p>Babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Isang regular na pagsusuri ng mata kada taon.</li> <li>• Mga serbisyo ng doktor para sa outpatient para sa diyagnosis at paggamot ng mga sakit at pinsala sa mata. Halimbawa, kabilang dito ang mga taunang pagsusuri ng mata para sa diabetic retinopathy para sa mga taong may diyabetis at paggamot para sa macular degeneration na nauugnay sa edad.</li> <li>• Para sa mga taong may diyabetis, screening para sa at pagsubaybay sa diabetic retinopathy.</li> <li>• Mga visual field test.</li> </ul> <p>Para sa mga taong may mataas na panganib na magkaroon ng glaucoma, babayaran namin ang isang screening para sa glaucoma kada taon. Kabilang sa mga taong may mataas na panganib na magkaroon ng glaucoma ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga taong may glaucoma sa kasaysayan ng pamilya.</li> <li>• Mga taong may diyabetis.</li> <li>• Mga African-American na 50 taong gulang at mas matanda.</li> <li>• Mga Hispanic American na 65 taong gulang o mas matanda.</li> </ul>	<p><b>\$0</b></p> <p>Makipag-usap sa iyong provider at kumuha ng referral para sa ophthalmology.</p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Eyewear kasunod ng operasyon sa katarata:</b> Babayaran namin ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Isang pares ng salamin o contact lens pagkatapos ng bawat operasyon sa katarata kapag naglagay ang doktor ng intraocular lens. Kung mayroon kang dalawang magkahiwalay na operasyon sa katarata, dapat kang makatanggap ng isang pares ng salamin pagkatapos ng bawat operasyon. Hindi ka maaaring makatanggap ng dalawang pares ng salamin pagkatapos ng pangalawang operasyon, kahit na hindi ka nakatanggap ng isang pares ng salamin pagkatapos ng unang operasyon.</li> <li>• Mga corrective lens/frame (at pamalit) na kinakailangan pagkatapos ng pag-aalis ng katarata na walang lens implant.</li> </ul>	<p><b>\$0</b> para sa eyewear alinsunod sa mga alituntunin ng Medicare.</p> <p><b>Tandaan:</b> Kung higit sa sinasakop ng Medicare ang bibilhin mong eyewear, babayaran mo ang kulang.</p>
<p><b>Mga salamin sa mata at contact lens:</b> Isang beses kada 12 buwan, magbibigay kami ng allowance na <b>\$350</b> na magagamit mo sa pagbili ng eyewear mula sa isang optical facility na nasa plano kapag ang isang doktor o tagasukat ng salamin sa mata ay nagreseta ng salamin sa mata o contact lens para sa pagwawasto ng paningin. Ang allowance ay magagamit upang bayaran ang mga sumusunod na item:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga lens ng salamin sa mata kapag inilagay ng isang provider na nasa network ang mga lens sa isang frame.</li> <li>• Mga frame ng salamin sa mata kapag inilagay ng isang provider na nasa network ang dalawang lens (dapat ay may refractive value ang kahit isa man lang sa mga ito) sa frame.</li> <li>• Mga contact lens, fitting, at dispensing.</li> </ul>	<p>Kung higit sa <b>\$350 ang bibilhin mong eyewear, babayaran mo ang kulang.</b></p> <p>Sinasakop ng Medi-Cal ang mga bago o pamalit na frame na may halagang <b>\$80</b> o mas mababa, kada 24 na buwan. Kung higit sa <b>\$80 ang bibilhin mong mga frame, babayaran mo ang kulang.</b></p>



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare.**

<b>Mga serbisyong babayaran ng aming plano</b>	<b>Ang dapat mong bayaran</b>
<p>Hindi namin ibibigay ang allowance kung nagbigay kami ng allowance para sa (o kung hindi man ay sinakop) mga lens o frame sa loob ng nakalipas na 12 buwan.</p> <p>Ang allowance ay magagamit lang sa unang point of sale. Kung hindi mo gagamitin ang lahat ng iyong allowance sa unang point of sale, hindi mo ito magagamit sa ibang pagkakataon.</p>	
<p><b>Mga lens ng salamin sa mata sa ilalim ng iyong coverage sa Medi-Cal:</b></p> <p>Ang mga bago o pamalit na lens ng salamin sa mata ay ibinibigay ng vendor ng lens ng salamin sa mata ng DHCS. Kung hindi maibibigay sa iyo ng vendor ng DHCS ang mga lens na kailangan mo, isasaayos namin ang paggawa ng iyong mga lens sa ibang optical lab. Hindi mo kakailanganing magbayad ng karagdagan kung kailangan naming gumawa ng mga pagsasaayos dahil hindi magagawa ng vendor ng DHCS ang mga lens ng iyong salamin sa mata.</p>	<p><b>\$0</b></p> <p>Kung gusto mo ng mga lens ng salamin sa mata o mga feature na hindi sinasakop ng Medi-Cal, <b>maaaring kailangan mong magbayad ng karagdagan para sa mga pag-upgrade na iyon.</b></p>
<p><b>Mga pamalit na lens:</b> Kung mayroon kang pagbabago sa reseta na hindi bababa sa .50 diopter sa isa o parehong mata sa loob ng 12 buwan mula sa unang point of sale ng isang lens ng salamin sa mata o contact lens kung saan kami nagbigay ng allowance (o kung hindi man ay sinakop), magbibigay kami ng allowance para sa presyo ng pagbili sa parehong uri ng pamalit na item (mga lens ng salamin sa mata, o contact lens, fitting, at dispensing) para sa mata na may pagbabagong .50 diopter. Ang allowance para sa isa sa mga pamalit na lens ay <b>\$30</b> para sa mga single vision na lens ng salamin sa mata o para sa isang contact lens (kabilang ang pagsusukat at pagbibigay) at <b>\$45</b> para sa mga multifocal o lenticular na lens ng salamin sa mata.</p>	<p>Kung higit sa allowance na <b>\$30</b> ang mga bibilhin mong lens para sa single vision o <b>\$45</b> para sa multifocal o lenticular na lens ng salamin sa mata, <b>babayaran mo ang halagang lampas sa iyong allowance.</b></p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Mga espesyal na contact lens:</b> Sinasakop namin ang mga sumusunod na espesyal na contact lens kapag inireseta ng doktor na nasa network o provider na nasa network na isang tagasukat ng salamin sa mata:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Hanggang dalawang medikal na kinakailangang contact lens, fitting, at dispensing sa bawat mata kada 12 buwan upang gamutin ang aniridia (nawawalang iris).</li> <li>• Kung magbibigay ang mga contact lens (maliban sa mga contact lens para sa aniridia) ng malaking pagpapahusay sa iyong paningin na hindi maibibigay ng mga lens ng salamin sa mata, sinasakop namin ang alinmang pares ng mga contact lens (kabilang ang fitting at dispensing) o unang supply ng mga disposable na contact lens (kabilang ang fitting at dispensing) na hindi mahigit isang beses kada 12 buwan. Gayunpaman, hindi namin sasakupin ang anumang contact lens kung nagbigay kami ng allowance para sa (o kung hindi man ay sinakop) mga contact lens sa loob ng nakalipas na 12 buwan, ngunit hindi kabilang ang mga sakop na contact lens para sa aniridia.</li> </ul>	<p><b>\$0</b></p>




**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
<p><b>Mga Low Vision device:</b> Sinasakop namin ang mga low vision device sa ilalim ng Medi-Cal kapag natugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang pinakamainam na naiwawastong visual acuity ay 20/60 o mas malala sa mas mainam na mata, o may field restriction ng alinmang mata sa 10 degrees o mas mababa mula sa fixation point.</li> <li>• Ang kondisyon na nagdudulot ng subnormal vision ay hindi gumagaling at hindi maaaring maibsan sa pamamagitan ng medikal na paraan o operasyon.</li> <li>• Ang kondisyon ng katawan at isip ng tagatanggap ay tulad ng may makatuwirang inaasahan na magagamit ang aid upang mapahusay ang pang-araw-araw na gawain ng tagatanggap.</li> </ul> <p>Ang coverage ay limitado sa pinakamurang device na tumutugon sa mga pangangailangan ng Miyembro. Hindi kabilang sa coverage sa Medi-Cal ang mga electronic magnification device at device na walang kasamang lens na magagamit sa mata.</p>	<p><b>\$0</b></p>



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare.**



Mga serbisyong babayaran ng aming plano	Ang dapat mong bayaran
 <p><b>Mga pagbisitang pang-iwas sa sakit na “Welcome sa Medicare”</b></p> <p>Sinasakop namin ang pang-isang beses na pagbisitang pang-iwas sa sakit na “Welcome sa Medicare.” Kabilang sa pagbisita ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagsusuri sa iyong kalusugan,</li> <li>• Edukasyon at pagpapayo tungkol sa mga serbisyong pang-iwas sa sakit na kailangan mo (kabilang ang mga screening at bakuna), <b>at</b></li> <li>• Mga referral para sa ibang pangangalaga kung kailangan mo ito.</li> </ul> <p><b>Tandaan:</b> Sinasakop lang namin ang pagbisitang pang-iwas sa sakit na “Welcome sa Medicare” sa unang 12 buwan na mayroon kang Bahagi B ng Medicare. Kapag nagpa-appointment ka, sabihin sa tanggapan ng iyong doktor na gusto mong iiskedyul ang iyong pagbisitang pang-iwas sa sakit na “Welcome sa Medicare.”</p>	<p><b>\$0</b></p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong sakop para sa iyo	Ang dapat mong bayaran kapag kumuha ka ng mga ganitong serbisyo
<p><b>Karagdagang Pangangalaga ng ngipin (DeltaCare® USA Dental HMO Program)</b></p> <p>Ang Planong Pangkalusugan ay may kasunduan sa Delta Dental of California ("Delta Dental") upang ibigay sa iyo ang DeltaCare USA Dental HMO Program. Ang DeltaCare USA ay nagbibigay ng komprehensibong pangangalaga sa ngipin sa pamamagitan ng network ng mga dentista na nakikipagkontrata sa Delta Dental upang magbigay ng mga serbisyo sa ngipin. Para sa impormasyon tungkol sa mga provider ng serbisyo sa ngipin, mangyaring sumangguni sa <b>Direktoryo ng Provider ng Serbisyo sa Ngipin</b>.</p> <p>Ang mga benepisyong ipinapakita sa ibaba ay isinasagawa nang ayon sa kung itinuturing itong naaangkop ng tumitinging dentista sa DeltaCare USA alinsunod sa mga limitasyon at pagbubukod na nakasaad sa kabanatang ito. Dapat talakayin ng mga miyembro ang lahat ng opsyon sa paggamot sa kanilang dentista sa DeltaCare USA bago isagawa ang mga serbisyo. Kung ang mga serbisyo para sa isang nakalistang procedure ay isinagawa ng itinalagang nakakontratang dentista, babayaran ng enrollee ang tinukoy na copayment. Ang mga nakalistang procedure na nangangailangan ng dentistang magbibigay ng mga serbisyo ng espesyalista, at na-refer ng itinalagang nakakontratang dentista, ay dapat awtorisahan ng Delta Dental. Babayaran ng enrollee ang copayment na tinukoy para sa mga naturang serbisyo.</p> <p>Kung hindi nakalista ang pamamaraan sa ibaba, hindi ito sakop. Tandaan: Sakop na benepisyong lamang ang anumang serbisyo, na nakalista sa ibaba nang may asterisk (*), kapag ibinibigay ang mga ito kasama ng ibang nakalistang serbisyo na hindi minarkahan ng asterisk.</p> <p>Partikular na nilalayon ng naka-italicize na text sa ibaba na linawin ang tungkol sa paghahatid ng mga benepisyong sa ilalim ng mga programa ng DeltaCare USA Dental HMO at hindi dapat ituring ang mga ito na mga code ng pamamaraan, katawagan o tagapaglarawan ng Current Dental Terminology (CDT), na napapailalim sa copyright ng American Dental Association (ADA). Maaaring pana-panahong i-update ng ADA ang mga code ng pamamaraan, katawagan o tagapaglarawan ng CDT. Maaaring gamitin ang mga naturang update upang ilarawan ang mga sakop na pamamaraang ito alinsunod sa pederal na batas.</p>	
<p><b>Diagnostic (D0100-D0999)†</b></p> <p>D0120: Pana-panahong pagsusuri sa bibig – matagal nang pasyente.</p> <p>D0140: Limitadong pagsusuri sa bibig – nakatuon sa problema.</p>	<p><b>\$0</b></p> <p><b>\$0</b></p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong sakop para sa iyo	Ang dapat mong bayaran kapag kumuha ka ng mga ganitong serbisyo
D0150: Kumprehensibong pagsusuri sa bibig – bago o matagal nang pasyente.	\$0
D0160: Detalyado at malawak na pagsusuri sa bibig – nakatuon sa problema, ayon sa ulat	\$0
D0180: Komprehensibong periodontal na pagsusuri – bago o matagal nang pasyente	\$0
D0210: Sa loob ng bibig – komprehensibong serye ng mga radiographic image – limitado sa 1 serye kada 24 na buwan.	\$0
D0220: Sa loob ng bibig – unang periapical na radiographic image.	\$0
D0230: Sa loob ng bibig – bawat karagdagang periapical na radiographic image.	\$0
D0240: Sa loob ng bibig – occlusal na radiographic na larawan.	\$0
D0250: Sa labas ng bibig – 2D projection na radiographic image na ginawa gamit ang isang nakapirming source ng radiation, at detector.	\$0
D0251: Radiographic image ng posterior ng ngipin na kinukuha mula sa labas ng bibig.	\$0
D0270: Bitewing – isang radiographic image.	\$0
D0272: Mga Bitewing – dalawang radiographic image.	\$0
D0274: Mga bitewing – apat na radiographic image – limitado sa 1 serye sa bawat 6 na buwan.	\$0
D0330: Panoramic na radiographic image.	\$0



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

<b>Mga serbisyong sakop para sa iyo</b>	<b>Ang dapat mong bayaran kapag kumuha ka ng mga ganitong serbisyo</b>
D0350: Mga 2D na photographic image ng bibig/mukha na kinuha mula sa loob o labas ng bibig – para sa diyagnosis at paggamot ng partikular na klinikal na kondisyon na hindi nakikita sa mga radiograph – 4 kada petsa ng serbisyo.	<b>\$0</b>
D0419: Pagtatasa ng daloy ng laway ayon sa dami – 1 kada 12 buwan.	<b>\$0</b>
D0502: Iba pang pamamaraan sa pathology ng bibig, ayon sa ulat.	<b>\$0</b>
D0999: Hindi tinukoy na diagnostic na pamamaraan, ayon sa ulat – kabilang ang pagbisita sa tanggapan, kada pagbisita (bilang karagdagan sa iba pang serbisyo).	<b>\$0</b>
<b>Pang-iwas sa sakit (D1000-D1999)</b>	
D1110: Prophylaxis na paglilinis – nasa hustong gulang – 1 D1110 o D4346 kada 6 na buwan.	<b>\$0</b>
D1206: Topical na paglalagay ng fluoride varnish – 1 D1206 o D1208 kada 6 na buwan.	<b>\$0</b>
D1208: Topical na paglalagay ng fluoride – hindi kasama ang varnish – 1 D1206 o D1208 kada 6 na buwan.	<b>\$0</b>
D1354 Paglalagay ng panggamot na pumipigil sa paglala ng caries – kada ngipin – <i>1 kada 6 na buwan</i>	<b>\$0</b>
<p><b>Restorative (D2000-D2999)†</b></p> <p>Kasama sa coverage ang polishing, lahat ng adhesive at bonding agent, hindi direktang pulp capping, mga base, mga liner at mga procedure kaugnay ng acid etch na may mga sumusunod na limitasyon:</p> <p>Sa pagpapalit ng mga crown, inlay at onlay, kailangan na 5+ taon na ang tagal ng kasalukuyang restoration.</p>	
D2140: Amalgam – isang surface, pangunahin o permanente – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

<b>Mga serbisyong sakop para sa iyo</b>	<b>Ang dapat mong bayaran kapag kumuha ka ng mga ganitong serbisyo</b>
D2150: Amalgam – dalawang surface, pangunahin o permanente – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2160: Amalgam – tatlong surface, pangunahin o permanente – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2161: Amalgam – apat o higit pang surface, pangunahin o permanente – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2330: Composite na gawa sa resin – isang surface, anterior – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2331: Composite na gawa sa resin – dalawang surface, anterior – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2332: Composite na gawa sa resin – tatlong surface, anterior – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2335: Composite na gawa sa resin – apat o higit pang surface o gagamitan ng incisal na anggulo (anterior) – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2390: Crown na gawa sa resin, anterior – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2391: Composite na gawa sa resin – isang surface, posterior – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2392: Composite na gawa sa resin – dalawang surface, posterior – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2393: Composite na gawa sa resin – tatlong surface, posterior – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2394: Composite na gawa sa resin – apat o higit pang surface, posterior – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D2910: Pag-recement nang inlay, onlay o partial na coverage na restoration – limitado sa 1 kada 12 buwan.	<b>\$0</b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong sakop para sa iyo	Ang dapat mong bayaran kapag kumuha ka ng mga ganitong serbisyo
D2920: Pag-recement o pag-rebond ng crown – Ang orihinal na provider ang responsable para sa lahat ng pag-recement sa loob ng unang 12 buwan pagkatapos ng unang paglalagay ng prefabricated o naproseso sa laboratoryo na crown. Pagkatapos ng unang 1 buwan, limitado sa 1 kada 12 buwan.	\$0
D2928 Prefabricated na porcelain/ceramic na crown-permanenteng ngipin – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	\$0
D2931: Prefabricated na stainless steel na crown – permanenteng ngipin – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	\$0
D2932: Prefabricated na resin crown – anterior na pangunahing ngipin – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	\$0
D2933: Prefabricated na stainless steel na crown na may resin window – limitado sa 1 kada 36 na buwan.	\$0
D2940: Pamprotektang restoration – limitado sa 1 sa 6 na buwan.	\$0
D2952: Post and core bilang karagdagan sa crown, hindi direktang fabricated – may kasamang paghahanda ng canal – isang beses kada ngipin.	\$0
D2954: Prefabricated na post and core bilang karagdagan sa crown – base metal na post; may kasamang paghahanda ng canal – isang beses kada ngipin.	\$0
<b>Endodontics (D3000-D3999)†</b> D3110: Pulp cap – direkta (hindi kasama ang panghuling restoration).	\$0
D3346: Muling paggamot ng nakaraang root canal therapy – anterior – Hindi benepisyo sa orihinal na provider sa loob ng 12 buwan mula sa unang paggamot.	\$0



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong sakop para sa iyo	Ang dapat mong bayaran kapag kumuha ka ng mga ganitong serbisyo
<p><b>Periodontics (D4000-D4999)†</b> Kasama ang mga preoperative at postoperative na pagsusuri at paggamot habang mayroong lokal na anesthesia.</p> <p>D4341: Periodontal scaling at root planing – apat o higit pang ngipin kada quadrant – limitado sa 1 kada quadrant sa loob ng 24 na buwan.</p>	<b>\$0</b>
<p>D4342: Periodontal scaling at root planing – isa sa tatlong ngipin kada quadrant – limitado sa 1 kada quadrant sa loob ng 24 na buwan.</p>	<b>\$0</b>
<p>D4346: Scaling na mayroong pangkalahatang bahagya o malubhang pamamaga ng gilagid – buong bibig, pagkatapos ng pagsusuri sa bibig D1110 o D4346 – 1 kada 6 na buwan</p>	<b>\$0</b>
<p>D4355: Debridement sa buong bibig upang mabigyang-daan ang komprehensibong periodontal na pagsusuri at diyagnosis sa kasunod na pagbisita – limitado sa 1 paggamot sa anumang 12 magkakasunod na buwan.</p>	<b>\$0</b>
<p>D4910: Periodontal na pagmementina – Isang benepisyo na para lang sa mga pasyenteng nakatira sa isang Pasilidad sa Sanay na Pag-aalaga o Pasilidad sa Intermediate na Pangangalaga, kapag mayroon lang naunang periodontal scaling at root planning (D4341-D4342), pagkatapos lang na makumpleto ang lahat ng kinakailangang scaling at root planing, limitado sa 1 paggamot kada quarter sa kalendaryo, sa loob lang ng 24 na buwan pagkatapos ng huling scaling at root planing.</p>	<b>\$0</b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong sakop para sa iyo	Ang dapat mong bayaran kapag kumuha ka ng mga ganitong serbisyo
<p><b>Prosthodontics, natatanggal (D5000-D5899)†</b></p> <p>Ang mga rebase, reline at pagkokondisyon ng tissue ay limitado sa 1 kada pustiso sa loob ng anumang 12 magkakasunod na buwan. Sa pagpapalit ng pustiso o isang partial na pustiso, kailangang 5+ taon na ang tagal ng kasalukuyang pustiso. <b>Tandaan:</b> Para sa lahat ng nakalistang pustiso at partial na pustiso, kasama sa copayment ang mga pagsasaayos pagkatapos ng paghahatid at pagkokondisyon ng tissue, kung kinakailangan, sa loob ng unang anim na buwan pagkatapos ng paglalagay. Dapat ay patuloy kang maging kwalipikado, at dapat ibigay ang serbisyo sa pasilidad ng dentista ng DeltaCare USA kung saan orihinal na ibinigay ang pustiso.</p>	
D5110: Buong pustiso – maxillary.	\$0
D5120: Buong pustiso – mandibular.	\$0
D5130: Pustisong agarang makukuha – maxillary.	\$0
D5140: Pustisong agarang makukuha – mandibular.	\$0
D5410: Pagsasaayos ng buong pustiso – maxillary – Isang beses kada petsa ng serbisyo; 2 sa loob ng 12 buwan.	\$0
D5411: Pagsasaayos ng buong pustiso – mandibular – Isang beses kada petsa ng serbisyo; 2 sa loob ng 12 buwan.	\$0
D5511: Pag-aayos ng nasirang base ng buong pustiso, mandibular. Isang bawat arch kada petsa ng serbisyo; limitado sa 2 sa loob ng 12 buwan.	\$0
D5512: Pag-aayos ng nasirang base ng buong pustiso, maxillary. Isang bawat arch kada petsa ng serbisyo; limitado sa 2 sa loob ng 12 buwan.	\$0
D5520: Pagpapalit ng mga natanggal o nasirang ngipin – buong pustiso (bawat ngipin) – Hanggang sa maximum na apat bawat arch, kada petsa ng serbisyo bawat provider; limitado sa dalawang beses bawat arch, sa loob ng 12 buwan.	\$0



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



Mga serbisyong sakop para sa iyo	Ang dapat mong bayaran kapag kumuha ka ng mga ganitong serbisyo
D5611: Pag-aayos ng nasirang base ng partial na pustiso gamit ang resin, mandibular. Isang bawat arch kada petsa ng serbisyo; limitado sa 2 sa loob ng 12 buwan.	<b>\$0</b>
D5612: Pag-aayos ng nasirang base ng partial na pustiso gamit ang resin, maxillary. Isang bawat arch kada petsa ng serbisyo; limitado sa 2 sa loob ng 12 buwan.	<b>\$0</b>
D5730: Pag-reline ng buong pustiso sa maxillary (direkta) – limitado sa 1 kada pustiso sa loob ng 12 buwan.	<b>\$0</b>
D5731: Pag-reline ng buong pustiso sa mandibular (direkta) – limitado sa 1 kada pustiso sa loob ng 12 buwan.	<b>\$0</b>
D5750: Pag-reline ng buong pustiso sa maxillary (hindi direkta).	<b>\$0</b>
D5751: Pag-reline ng buong pustiso sa mandibular (hindi direkta) – limitado sa 1 kada pustiso sa loob ng 12 buwan.	<b>\$0</b>
D5850: Pagkokondisyon ng tissue, maxillary – limitado sa 2 kada pustiso sa loob ng 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D5851: Pagkokondisyon ng tissue, mandibular – limitado sa 2 kada pustiso sa loob ng 36 na buwan.	<b>\$0</b>
D5863: Overdenture – buong maxillary – limitado sa 1 kada limang taon.	<b>\$0</b>
D5865: Overdenture – buong mandibular – limitado sa 1 kada limang taon.	<b>\$0</b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong sakop para sa iyo	Ang dapat mong bayaran kapag kumuha ka ng mga ganitong serbisyo
<p><b>Mga serbisyo ng implant (D6000-D6199)†</b></p> <p>Ituturing lang na benepisyo kapag may naidokumentong mga hindi pangkaraniwang medikal na kondisyon at nasuri kung medikal na kinakailangan. Kinakailangan ang paunang pahintulot. Tumutukoy din sa mga limitasyon at pagbubukod. Ang orihinal na provider ang responsable para sa lahat ng pag-recement sa loob ng unang 12 buwan pagkatapos ng unang paglalagay ng mga crown na suportado ng implant/abutment. Pagkatapos ay limitado sa 1 kada 12 buwan mula sa nakaraang pag-recement ng parehong provider.</p>	
D6092: Pag-recement o pag-rebond ng crown na sinusupportahan ng implant/abutment.	<b>\$0</b>
D6093: Pag-recement o pag-rebond ng nakapirming partial na pustiso na sinusupportahan ng implant/abutment.	<b>\$0</b>
D6096: Pag-alis ng nasirang retaining screw ng implant.	<b>\$0</b>
D6100: Surgical na pag-aalis ng implant, ayon sa ulat.	<b>\$0</b>
D6105: Pag-aalis ng implant body na hindi nangangailangan ng pagtatanggal ng buto o pag-aangat ng flap.	<b>\$0</b>
D6197: Pagpapalit ng restorative na materyal na ginamit upang isara ang isang access na bukana ng prosthesis na suportado ng screw-retained na implant, kada implant.	<b>\$0</b>
<p><b>Prosthodontics, hindi natatanggal (D6200-D6999)†</b></p> <p>Ang bawat retainer at bawat pontic ay bumubuo sa isang yunit sa isang hindi natatanggal na partial na pustiso (bridge). Sa pagpapalit ng crown, pontic, inlay, onlay, o stress breaker, kailangang 5+ taon na ang tagal ng kasalukuyang bridge.</p>	
D6930: Pag-recement ng hindi natatanggal na partial na pustiso.	<b>\$0</b>
D6999: Hindi tinukoy na pamamaraan sa hindi natatanggal na prosthodontic, ayon sa ulat.	<b>\$0</b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong sakop para sa iyo	Ang dapat mong bayaran kapag kumuha ka ng mga ganitong serbisyo
<p><b>Oral at Maxillofacial na Operasyon (D7000-D7999)†</b></p> <p>Kasama ang mga preoperative at postoperative na pagsusuri at paggamot habang mayroong lokal na anesthesia.</p> <p>D7111: Pagbunot, mga coronal remnant – deciduous na ngipin.</p>	<b>\$0</b>
<p>D7140: Pagbunot, lumabas nang ngipin o nakikitang root (pag-aangat at/o pagtanggap gamit ang forceps).</p>	<b>\$0</b>
<p>D7210: Pagbunot, lumabas nang ngipin na nangangailangan ng pagtatanggal ng buto at/o paghiwa sa ngipin, at kasama ang pag-aangat ng mucoperiosteal flap kung tinukoy.</p>	<b>\$0</b>
<p>D7220: Pagtatanggal ng apektadong ngipin – soft tissue.</p>	<b>\$0</b>
<p>D7230: Pagtatanggal ng apektadong ngipin – medyo mabuto.</p>	<b>\$0</b>
<p>D7240: Pagtatanggal ng apektadong ngipin – ganap na mabuto.</p>	<b>\$0</b>
<p>D7241: Pagtatanggal ng apektadong ngipin – ganap na mabuto, na mayroong hindi karaniwang komplikasyon mula sa operasyon.</p>	<b>\$0</b>
<p>D7250: Pagtatanggal ng mga natirang root ng ngipin (pamamaraan ng paggupit).</p>	<b>\$0</b>
<p>D7270: Muling pag-implant ng ngipin at/o pag-stabilize ng ngipin na hindi sinasadyang napuwera sa paglabas o nawala sa posisyon – para lang sa mga permanenteng anterior na ngipin – isang beses kada arch.</p>	<b>\$0</b>
<p>D7286: Biopsy ng tissue sa bibig – soft – hindi kasama ang mga pamamaraan sa laboratoryo para sa pathology.</p>	<b>\$0</b>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Mga serbisyong sakop para sa iyo	Ang dapat mong bayaran kapag kumuha ka ng mga ganitong serbisyo
<b>Mga Karagdagang Pangkalahatang Serbisyo (D9000-D9999)†</b>	
D9110: Palliative na paggamot sa pananakit ng ngipin – kada pagbisita.	<b>\$0</b>
Kung ang parmasya ng iyong pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ay wala sa aming network o nahahirapan kang i-access ang iyong mga benepisyo ng gamot sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

- Mga parmasyang naglilingkod sa Programang Serbisyong Pangkalusugan ng Indian/Tribal/Kalusugan ng Indian sa Urban. Maliban sa mga emergency, mga Native American o Alaska Native lang ang maaaring gumamit sa mga parmasyang ito.
- Mga parmasyang nagbibigay ng mga gamot na pinaghihigpitan ng FDA sa ilang partikular na lokasyon o nangangailangan ng espesyal na pangangasiwa, koordinasyon ng provider, o edukasyon sa kanilang paggamit. (Tandaan: Bihira dapat mangyari ang sitwasyong ito.)

Upang makahanap ng specialized na parmasya, tumingin sa **Direktoryo ng Provider at Parmasya**, bisitahin ang aming website, o makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## A6. Paggamit ng mga mail-order na serbisyo upang makuha ang iyong mga gamot

Para sa ilang partikular na uri ng mga gamot, maaari mong gamitin ang mga serbisyo na mail-order ng aming plano. Sa pangkalahatan, ang mga gamot na available sa pamamagitan ng mail-order ay mga gamot na regular mong iniinom para sa hindi gumagaling o pangmatagalang medikal na kondisyon. Ang mga gamot na available sa pamamagitan ng serbisyo na mail-order ng aming plano ay minarkahan bilang mga mail-order na gamot sa aming Listahan ng Gamot.

Ang serbisyo na mail-order ng aming plano ay nagbibigay-daan sa iyo na mag-order ng hanggang pang-100 araw na supply. Ang copay para sa pang-100-araw na supply ay pareho ng sa pang-isang buwang supply.

### Pagkuha ng mga reseta sa pamamagitan ng koreo

Para makakuha ng impormasyon tungkol sa pagpuno sa iyong mga reseta sa pamamagitan ng koreo, bisitahin ang iyong lokal na parmasya sa network o ang aming website sa **kp.org/refill**. Madali mong mao-order ang iyong mga refill ng reseta sa mga sumusunod na paraan:

- Secure na mag-register at mag-order online sa **kp.org/refill**.
- Tumawag sa **1-888-218-6245 (TTY 711)**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., Sabado 8 a.m. hanggang 6 p.m., at Linggo 9 a.m. hanggang 6 p.m., o sa naka-highlight na numerong nakalista sa label ng iyong reseta at sundin ang mga prompt. Tiyaking piliin ang opsyon na delivery sa pamamagitan ng koreo kapag na-prompt.
- Ipadala ang iyong reseta o kahilingan para sa refill sa form ng mail-order na available sa anumang parmasya na nasa network ng Kaiser Permanente.

Kapag nag-order ka ng mga refill para sa delivery sa bahay online, sa pamamagitan ng telepono, o sa sulat, dapat mong bayaran ang iyong bahagi sa gastos kapag ginawa mo ang iyong order (walang singil para sa pagpapadala para sa karaniwang delivery sa pamamagitan ng koreo ng USPS). Kung gusto mo, maaari kang magtalaga ng parmasya na nasa network kung saan mo gustong kunin at bayaran ang iyong reseta. Mangyaring makipag-ugnayan sa parmasya na nasa network kung mayroon kang tanong tungkol sa kung maaari bang ipadala sa koreo ang iyong reseta o tingnan ang aming Listahan ng Gamot para sa impormasyon tungkol sa mga gamot na maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Karaniwang dumarating ang reseta sa mail-order sa loob ng 5 araw. Kung naantala ang iyong reseta sa mail-order, mangyaring tumawag sa numerong nakalista sa itaas o sa label sa bote ng iyong reseta para sa tulong. Bukod pa rito, kung hindi mo mahihintay ang pagdating ng iyong reseta mula sa aming parmasya para sa mail-order, maaari kang kumuha ng agarang supply sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong lokal na retail na parmasya na nasa network na nakalista sa iyong **Direktoryo ng Parmasya** o sa **kp.org/directory**. Pakitandaan na mas malaki ang babayaran mo kung kukuha ka ng pang-100 na supply mula sa retail na parmasya na nasa network kumpara sa pagkuha nito mula sa aming parmasya para sa mail-order.

## Mga proseso sa mail-order

May magkakaibang pamamaraan ang serbisyo na mail-order para sa mga bagong resetang direkta nitong nakukuha mula sa iyo, bagong reseta na direkta nitong nakukuha mula sa opisina ng iyong provider, at refill sa iyong mga reseta sa mail-order.

### 1. Mga bagong reseta na nakukuha ng parmasya mula sa opisina ng iyong provider

Kapag nakakuha ang parmasya ng reseta mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan, nakikipag-ugnayan ito sa iyo upang malaman kung gusto mong kunin kaagad ang gamot o sa ibang pagkakataon.

- Binibigyan ka nito ng pagkakataon na tiyakin na ang tamang gamot ang ide-deliver ng parmasya (kabilang ang lakas, dami, at anyo) at, kung kinakailangan, nagbibigay-daan ito sa iyo na ipatigil o ipaantala ang order bago ka singilin at bago ito ipadala.
- Tumugon sa bawat pakikipag-ugnayan sa iyo ng parmasya, upang ipaalam sa kanila kung ano ang gagawin sa bagong reseta at upang maiwasan ang anumang pagkaantala sa pagpapadala.

### 2. Mga refill sa reseta sa mail-order

Para sa mga refill, makipag-ugnayan sa iyong parmasya 5 araw bago maubos ang iyong kasalukuyang reseta upang matiyak na maipapadala sa iyo ang iyong order nang nasa oras.

Ipaalam sa parmasya ang mga pinakamainam na paraan sa pakikipag-ugnayan sa iyo upang makaugnayan ka nila para kumpirmahin ang iyong order bago ito ipadala. Kapag nag-order ka, mangyaring ibigay ang iyong kasalukuyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para kung sakaling kailangan ka naming makausap.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## A7. Pagkuha ng pangmatagalang supply ng mga gamot

Maaari kang kumuha ng pangmatagalang supply ng mga maintenance na gamot sa Listahan ng Gamot ng aming plano. Ang mga maintenance na gamot ay mga gamot na regular mong iniinom, para sa hindi gumagaling o pangmatagalang medikal na kondisyon.

May ilang parmasya na nasa network na nagbibigay-daan sa iyo na kumuha ng pangmatagalang supply ng mga maintenance na gamot. Ang copay para sa pang-100-araw na supply ay pareho ng sa pang-isang buwang supply. Ang **Direktoryo ng Provider at Parmasya** ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa kung aling mga parmasya ang makakapagbigay sa iyo ng pangmatagalang supply ng mga maintenance na gamot. Maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro para sa higit pang impormasyon.

Para sa ilang partikular na uri ng mga gamot, maaari mong gamitin ang mga serbisyo na mail-order ng aming plano upang kumuha ng pangmatagalang supply ng mga maintenance na gamot. Sumangguni sa **Seksyon A6** upang matuto tungkol sa mga serbisyo sa mail-order.

## A8. Paggamit ng parmasya na wala sa network ng aming plano

Sa pangkalahatan, nagbabayad lang kami para sa mga gamot na kinuha sa parmasyang wala sa network kapag hindi mo magagawang gumamit ng parmasyang nasa network.

Binabayaran namin ang mga resetang kinuha sa parmasyang wala sa network sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Kung bumabyahe ka sa loob ng United States at mga teritoryo nito ngunit sa labas ng sineserbisyuhang lugar at nagkasakit ka o naubos ang iyong sakop na mga inireresetang gamot sa Bahagi D, sasakupin namin ang mga reseta na kinuha sa parmasyang wala sa network sa mga limitado at hindi pangkaraniwang sitwasyon alinsunod sa aming mga alituntunin sa pormularyo ng Bahagi D ng Medicare.
- Kung kailangan mo ng inireresetang gamot sa Bahagi D ng Medicare kasama ng sakop na emergency na pangangalaga sa labas ng network o agarang pangangalaga sa labas ng sineserbisyuhang lugar, sasakupin namin ang hanggang pang-30 araw na supply mula sa parmasya na wala sa network. Tandaan: Ang mga inireresetang gamot na inireseta at ibinigay sa labas ng United States at mga teritoryo nito bilang bahagi ng sakop na pang-emergency o agarang pangangalaga ay sasakupin nang hanggang pang-30 araw na supply sa loob ng 30 araw. Ang mga gamot na ito ay hindi sakop sa ilalim ng Bahagi D ng Medicare; samakatuwid, hindi isasama ang mga pagbabayad para sa mga gamot na ito sa pag-abot ng catastrophic na coverage na yugto.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Kung hindi ka nakakuha ng sakop na gamot sa napapanahong paraan sa loob ng aming sineserbisyuhang lugar dahil walang parmasya na nasa network na nasa makatwirang distansya ng pagmamaneho na nagbibigay ng 24 na oras na serbisyo. Maaaring hindi namin sakupin ang iyong reseta kung mayroon namang naaangkop na tao na kayang bumili ng gamot sa parmasya na nasa network sa mga karaniwang oras ng negosyo.
- Kung sinusubukan mong kumuha ng reseta para sa isang gamot na hindi regular na iniimbak sa naa-access na parmasya na nasa network o available sa pamamagitan ng aming parmasya para sa mail-order (kabilang ang mga mahal na gamot).
- Hindi mo nakuha ang iyong mga reseta mula sa parmasya na nasa network sa panahon ng sakuna.

Sa mga sitwasyong ito, makipag-ugnayan muna sa Mga Serbisyo sa Miyembro upang malaman kung mayroong malapit na parmasya na nasa network.

### **A9. Pagbabalik ng bayad sa iyo para sa reseta**

Kung kailangan mong gumamit ng parmasya na wala sa network, sa pangkalahatan ay dapat mong bayaran ang buong halaga sa halip na copay kapag kinuha mo ang iyong reseta. Maaari mong hilingin sa amin na ibalik sa iyo ang bayad para sa aming bahagi sa gastos.

Kung babayaran mo ang buong halaga ng iyong reseta na maaaring sakop ng Medi-Cal Rx, maaari kang bigyan ng reimbursement ng parmasya kapag nagbayad na ang Medi-Cal Rx para sa reseta. O kaya, maaari mong hilingin sa Medi-Cal Rx na ibalik sa iyo ang bayad sa pamamagitan ng pagsusumite ng claim na “Medi-Cal Out-of-Pocket Expense Reimbursement (Conlan).” Makikita sa website ng Medi-Cal Rx ang higit pang impormasyon: [medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/](http://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/).

Upang matuto pa tungkol dito, sumangguni sa **Kabanata 7** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

---

## **B. Ang Listahan ng Gamot ng aming plano**

Mayroon kaming **Listahan ng Mga Sakop na Gamot**. Tinatawag namin itong “Listahan ng Gamot” para paikliin.

Pinipili namin ang mga gamot sa Listahan ng Gamot sa tulong ng pangkat ng mga doktor at pharmacist. Ibibigay din sa iyo ng Listahan ng Gamot ang mga panuntunan na kailangan mong sundin upang makuha ang iyong mga gamot.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare).

Sa pangkalahatan ay sinasakop namin ang gamot na nasa Listahan ng Gamot ng aming plano kapag sinunod mo ang mga panuntunan na ipinapaliwanag namin sa kabanatang ito.

## **B1. Mga gamot sa aming Listahan ng Gamot**

Kabilang sa aming Listahan ng Gamot ang mga gamot na sakop sa ilalim ng Medicare.

Ang karamihan sa mga inireresetang gamot na nakukuha mo sa parmasya ay sakop ng aming plan. Ang iba pang gamot, tulad ng ilang gamot na hindi kailangan ng reseta (OTC) at ilang partikular na bitamina, ay maaaring sakupin ng Medi-Cal Rx. Mangyaring bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx ([medi-calrx.dhcs.ca.gov](http://medi-calrx.dhcs.ca.gov)) para sa higit pang impormasyon. Maaari ka ring tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Customer ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**. Mangyaring dalhin ang iyong ID ng Benepisyaryo (BIC) ng Medi-Cal kapag kumukuha ng iyong mga reseta sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Kasama sa aming Listahan ng Gamot ang mga branded na gamot, generic na gamot, at biosimilar.

Ang branded na gamot ay inireresetang gamot na ibinebenta sa ilalim ng naka-trademark na pangalan na pagmamay-ari ng manufacturer ng gamot. Ang mga branded na gamot na mas kumplikado kumpara sa mga karaniwang gamot (halimbawa ay mga gamot na protina ang pangunahing sangkap) ay tinatawag na mga biyolohikong produkto. Sa aming Listahan ng Gamot, kapag sinabi naming “mga gamot” maaari itong tumukoy sa gamot o biyolohikong produkto.

Ang mga generic na gamot ay may mga aktibong sangkap na gaya sa mga branded na gamot. Dahil mas kumplikado ang mga biyolohikong gamot kumpara sa mga karaniwang gamot, sa halip na magkaroon ng generic na anyo, mayroong mga alternatibo ang mga ito na tinatawag na mga biosimilar. Sa pangkalahatan, ang mga generic na gamot at biosimilar ay kasingbisa ng mga branded na gamot o biyolohikong produkto at karaniwang mas mura ang mga ito. May mga pamalit na generic na gamot o biosimilar na alternatibo na available para sa maraming branded na gamot at ilang biyolohikong produkto. Kausapin ang iyong provider kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung matutugunan ng generic o branded na gamot ang iyong mga pangangailangan.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare).

## B2. Paano maghanap ng gamot sa aming Listahan ng Gamot

Upang malaman kung nasa aming Listahan ng Gamot ang gamot na iniinom mo, maaari mong:

- Tingnan ang pinakabagong Listahan ng Gamot na ibinigay namin sa electronic na paraan sa aming website.
- Bisitahin ang website ng aming plano sa **kp.org/seniorrx**. Ang Listahan ng Gamot sa aming website ay palaging ang pinakabagong bersyon.
- Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro upang malaman kung ang gamot ay nasa aming Listahan ng Gamot o upang humingi ng kopya ng listahan.
- Ang mga gamot na hindi sakop ng Bahagi D ay maaaring sakupin ng Medi-Cal Rx. Mangyaring bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx (**medi-calrx.dhcs.ca.gov/**) para sa higit pang impormasyon.

## B3. Mga gamot na wala sa aming Listahan ng Gamot

Hindi namin sakop ang lahat ng inireresetang gamot. May ilang gamot na wala sa aming Listahan ng Gamot dahil hindi pinapahintulutan ng batas na sakupin namin ang mga gamot na iyon. Sa ibang sitwasyon, pinili naming huwag isama ang isang gamot sa aming Listahan ng Gamot. Kung may iniresetang gamot na wala sa aming Listahan ng Gamot, palaging susuriin ang iyong mga pangangailangan sa inireresetang gamot alinsunod sa mga patakaran sa coverage ng aming plan, pati na rin mga panuntunan sa coverage ng Medicare.

Hindi nagbabayad ang aming plan para sa mga gamot na nakalista sa seksyong ito. Ang mga ito ay tinatawag na **mga hindi kasamang gamot**. Kung makakatanggap ka ng reseta para sa hindi kasamang gamot, maaaring kailanganin mong ikaw mismo ang magbayad nito. Kung sa palagay mo ay dapat na kami ang magbayad para sa hindi kasamang gamot dahil sa iyong kaso, maaari kang maghain ng apela. Sumangguni sa **Kabanata 9 ng Handbook ng Miyembro** na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga apela.

Narito ang tatlong pangkalahatang panuntunan para sa mga hindi kasamang gamot:

- Ang coverage ng aming plano para sa gamot para sa outpatient (kung saan kabilang ang mga gamot sa Bahagi D) ay hindi maaaring magbayad para sa gamot na sinasakop na ng Bahagi A o Bahagi B ng Medicare. Libreng sinasakop ng aming plano ang mga gamot na sakop sa ilalim ng Bahagi A o Bahagi B ng Medicare, ngunit ang mga gamot na ito ay hindi itinuturing na bahagi ng iyong mga benepisyo sa inireresetang gamot para sa outpatient.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



- Hindi maaaring sakupin ng aming plano ang isang gamot na binili sa labas ng United States at mga teritoryo nito.
- Ang paggamit ng gamot ay dapat na inaprubahan ng Food and Drug Administration (FDA) o sinusuportahan ng ilang partikular na medikal na sanggunian bilang paggamot para sa iyong kondisyon. Maaaring magreseta ang iyong doktor ng partikular na gamot upang gamutin ang iyong kondisyon, kahit pa hindi ito inaprubahan upang gamutin ang kondisyong iyon. Tinatawag itong “off-label na paggamit.” Karaniwang hindi sakop ng aming plano ang mga gamot na inireseta para sa off-label na paggamit.
- Sa ilalim ng Medi-Cal, karamihan sa mga inireresetang gamot para sa outpatient ay sakop ng Medi-Cal Rx bilang isang serbisyo sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Upang masakop ng Medi-Cal Rx, ang gamot ay dapat na nasa Listahan ng Nakakontratang Gamot ng Medi-Cal (“CDL”) ang gamot o maagang naaprubahan para sa iyo ng Medi-Cal Rx. Masasabi sa iyo ng iyong provider kung ang gamot ay nasa CDL ng Medi-Cal Rx.

Bukod pa rito, ayon sa batas, hindi maaaring sakupin ng Medicare o Medi-Cal ang mga gamot na nakalista sa ibaba.

- Mga gamot na ginagamit upang pataasin ang kakayahang magkaanak.
- Mga gamot na ginagamit para sa mga cosmetic na layunin o upang magpalago ng buhok.
- Mga gamot na ginagamit para sa paggamot ng sexual o erectile dysfunction, tulad ng Viagra®, Cialis®, Levitra®, at Caverject®.
- Mga gamot para sa outpatient na ginawa ng kumpanya na nagsasabing dapat na sa kanila ka lang magpagawa ng mga pagsusuri o serbisyo.

---

## C. Mga limitasyon sa ilang gamot

Para sa ilang partikular na inireresetang gamot, may mga espesyal na panuntunan na naglilimita sa kung paano at kailan sinasakop ang mga ito ng aming plano. Sa pangkalahatan, hinihikayat ka ng aming mga panuntunan na kumuha ng gamot na naaangkop sa iyong medikal na kondisyon at ligtas at mabisa. Kapag mayroong ligtas at mas murang gamot na kasing bisa lang ng mas mahal na gamot, inaasahan namin ang iyong provider na ireseta ang mas murang gamot.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

**Kung mayroong espesyal na panuntunan para sa iyong gamot, karaniwang nangangahulugan ito na ikaw o ang iyong provider ay may mga karagdagang dapat gawin upang masakop namin ang gamot.** Halimbawa, maaaring kailanganin ng iyong provider na sabihin sa amin ang iyong diyagnosis o magbigay muna ng mga resulta ng mga pagsusuri ng dugo. Kung sa palagay mo o ng iyong provider ay hindi dapat na ilapat sa iyong sitwasyon ang aming mga panuntunan, hilingin sa amin na gumawa ng pagbubukod. Maaari kaming sumang-ayon o hindi sumang-ayon na pahintulutan kang gamitin ang gamot nang walang ginagawang karagdagang hakbang.

Para matuto pa tungkol sa paghiling ng mga pagbubukod, sumangguni sa **Kabanata 9 ng Handbook ng Miyembro** na ito.

### **1. Paglimita sa paggamit ng branded na gamot kapag may available na generic na bersyon.**

Sa pangkalahatan, ang generic na gamot ay kasing bisa ng branded na gamot at karaniwang mas mura ito. Kung mayroong available na generic na bersyon ng branded na gamot, ang generic na bersyon ang ibibigay sa iyo ng aming mga parmasya sa network.

- Karaniwang hindi kami nagbabayad para sa branded na gamot kapag mayroong available na generic na bersyon.
- Gayunpaman, kung sinabi sa amin ng iyong provider ang medikal na dahilan na hindi gagana sa iyo ang generic na gamot o iba pang sakop na gamot na ginagamit para gamutin ang parehong kondisyon, sasakupin namin ang branded na gamot.

### **2. Maagang pagpapaaruba sa plano**

Para sa ilang gamot, ikaw o ang iyong doktor ay kailangang kumuha ng pag-apruba mula sa aming plano bago mo makuha ang iyong reseta. Kung hindi ka maaaprubahan, maaaring hindi namin sakupin ang gamot.

### **3. Mga limitasyon sa dami**

Para sa ilang gamot, nililimitahan namin ang dami ng gamot na puwede mong makuha. Tinatawag itong limitasyon sa dami. Halimbawa, maaari naming limitahan kung gaano karaming gamot batay sa halaga nito ang makukuha mo sa tuwing kukunin mo ang iyong reseta.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Upang malaman kung may alinman sa mga panuntunan sa itaas ang nalalapat sa gamot na ginagamit mo o gusto mong gamitin, tingnan ang aming Listahan ng Gamot. Para sa pinakabagong impormasyon, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro o tingnan ang aming website sa [kp.org/seniorrx](http://kp.org/seniorrx). Kung hindi ka sumasang-ayon sa aming pagdedesisyon sa kahilingan sa coverage o pagbubukod, maaari kang humiling ng apela. Para sa higit pang impormasyon tungkol dito, sumangguni sa **seksyon E** sa **Kabanata 9**.

---

## D. Mga dahilan kung bakit maaaring hindi sakop ang iyong mga gamot

Sinisikap naming maging naaangkop sa iyo ang iyong coverage sa gamot, ngunit minsan, may gamot na maaaring hindi sakop sa paraang gusto mo. Halimbawa:

- Hindi sakop ng aming plano ang gamot na gusto mong gamitin. Maaaring wala ang gamot sa aming Listahan ng Gamot. Maaaring sakop namin ang generic na bersyon ng gamot ngunit hindi ang branded na bersyon na gusto mong gamitin. Maaaring bago ang gamot, at hindi pa namin ito nasusuri para sa kaligtasan at pagiging mabisa.
- Sakop ng aming plano ang gamot, ngunit may mga espesyal na panuntunan o limitasyon sa coverage para sa gamot. Gaya ng ipinaliwanag sa seksyon sa itaas ng **Seksyon C**, ang ilan sa mga gamot na sakop ng aming plano ay may mga panuntunan na naglilimita sa paggamit ng mga ito. Sa ilang sitwasyon, mainam na ikaw o ang iyong doktor ay humiling sa amin ng pagbubukod.

May mga bagay na maaari mong gawin kung hindi namin sakop ang isang gamot sa paraang gusto mong sakupin namin ito.

### D1. Pagkuha ng pansamantalang supply

Sa ilang sitwasyon, maaari ka naming bigyan ng pansamantalang supply ng gamot kapag wala ang gamot sa aming Listahan ng Gamot o limitado ito sa anumang paraan.

Magbibigay ito sa iyo ng panahon upang kausapin ang iyong provider tungkol sa pagkuha ng ibang gamot o upang hilingin sa amin na sakupin ang gamot.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare).

## Upang makakuha ng pansamantalang supply ng gamot, dapat mong matugunan ang dalawang panuntunan sa ibaba:

### 1. Ang gamot na iniinom mo ay:

- Wala na sa aming Listahan ng Gamot ○
- Hindi kailanman naging kabilang sa aming Listahan ng Gamot ○
- Limitado na ngayon sa anumang paraan.

### 2. Ikaw ay dapat na nasa isa sa mga sitwasyong ito:

Kabilang ka sa aming plano noong nakaraang taon.

- Sinasakop namin ang pansamantalang supply ng iyong gamot **sa unang 90 araw ng taon ng kalendaryo.**
- Ang pansamantalang supply na ito ay hanggang 30 araw.
- Kung nakasulat ang iyong reseta para sa mas kaunting araw, pinapayagan namin ang maraming pag-refill upang magbigay ng hanggang maximum na pang-30 araw na gamot. Dapat mong kunin ang reseta sa isang parmasya na nasa network.
- Maaaring ibigay ng mga parmasya para sa pangmatagalang pangangalaga ang iyong inireresetang gamot nang paunti-unti upang maiwasan ang pagkasayang.
- Bago ka lang sa aming plano.
  - Sinasakop namin ang pansamantalang supply ng iyong gamot sa unang 90 araw ng iyong membership sa aming plano.
  - Ang pansamantalang supply na ito ay hanggang 30 araw.
  - Kung nakasulat ang iyong reseta para sa mas kaunting araw, pinapayagan namin ang maraming pag-refill upang magbigay ng hanggang maximum na pang-30 araw na gamot. Dapat mong kunin ang reseta sa isang parmasya na nasa network.
  - Maaaring ibigay ng mga parmasya para sa pangmatagalang pangangalaga ang iyong inireresetang gamot nang paunti-unti upang maiwasan ang pagkasayang.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Ikaw ay kabilang sa aming plano nang mahigit 90 araw, nakatira sa pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, at nangangailangan ng supply sa lalong madaling panahon.
  - Sakop namin ang isang pang-31 araw na supply, o mas kaunti kung nakasulat ang iyong reseta para sa mas kaunting araw. Dagdag ito sa pansamantalang supply sa itaas.
  - Kung papasok o pinalabas ka mula sa ospital, pasilidad ng sanay na pag-aalaga, o pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga at pinapunta sa ibang setting ng pangangalaga o sa bahay, ito ang tinatawag na pagbabago ng antas ng pangangalaga. Kapag nagbago ang iyong antas ng pangangalaga, maaaring mangailangan ka ng karagdagang pampuno sa iyong gamot. Sa pangkalahatan ay sinasakop namin ang hanggang pang-isang buwang supply ng iyong mga gamot sa Bahagi D sa panahong ito ng paglipat ng antas ng pangangalaga kahit pa wala ang gamot sa aming Listahan ng Gamot.
  - Upang humiling ng pansamantalang supply ng gamot, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

Kapag nakakuha ka ng pansamantalang supply ng gamot, makipag-usap sa iyong provider sa lalong madaling panahon upang magdesisyon tungkol sa kung ano ang dapat gawin kapag naubos na ang iyong supply. Narito ang mga opsyon mo:

- Lumipat sa ibang gamot.

Maaaring may sakop na gamot ang aming plano na naaangkop sa iyo. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro upang humiling ng listahan ng mga sinasakop naming gamot na kayang gamutin ang parehong medikal na kondisyon. Maaaring makatulong ang listahan sa iyong provider na maghanap ng sakop na gamot na posibleng gumana para sa iyo.

## O

- Humiling ng pagbubukod.

Ikaw at ang iyong provider at maaaring humiling sa amin na gumawa ng pagbubukod. Halimbawa, maaari mong hilingin sa amin na sakupin ang isang gamot na wala sa aming Listahan ng Gamot o hilingin sa amin na sakupin ang gamot nang walang limitasyon. Kung sasabihin ng iyong provider na mayroon kang naaangkop na medikal na dahilan para sa pagbubukod, matutulungan ka nilang humiling nito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung ang gamot na ginagamit mo ay aalisin sa aming Listahan ng Gamot o lilimitahan sa anumang paraan sa susunod na taon, bibigyang-daan ka namin na humiling ng pagbubukod bago ang susunod na taon.

- Sasabihin namin sa iyo ang tungkol sa anumang pagbabago sa coverage para sa iyong gamot para sa susunod na taon. Hilingin sa amin na gumawa ng pagbubukod at sakupin ang gamot para sa susunod na taon sa paraang gusto mo.
- Sasagutin namin ang iyong kahilingan sa loob ng 72 oras pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan (o ang pansuportang pahayag ng iyong tagareseta).

Para matuto pa tungkol sa paghiling ng pagbubukod, sumangguni sa **Kabanata 9 ng Handbook ng Miyembro** na ito.

Kung kailangan mo tulong sa paghiling ng pagbubukod, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro. Kung hindi ka sumasang-ayon sa aming pagdedesisyon sa kahilingan sa coverage o pagbubukod, maaari kang humiling ng apela (Para sa higit pang impormasyon tungkol dito, sumangguni sa seksyon E sa **Kabanata 9**).

---

## E. Mga pagbabago sa coverage para sa iyong mga gamot

Ang karamihan sa mga pagbabago sa coverage ng gamot ay nangyayari tuwing Enero 1, ngunit maaari kaming magdagdag o mag-alis ng mga gamot sa aming Listahan ng Gamot sa buong taon. Maaari din naming baguhin ang aming mga panuntunan tungkol sa mga gamot. Halimbawa, maaari naming:

- Pagdesisyunan kung kakailanganin namin ng paunang pag-apruba para sa isang gamot (pahintulot mula sa amin bago mo makuha ang isang gamot).
- Dagdagan o baguhin ang dami ng gamot na puwede mong makuha (mga limitasyon sa dami).
- Dagdagan o baguhin ang mga paghihigpit sa step therapy sa isang gamot (dapat mo munang subukan ang isang gamot bago namin sakupin ang iba pang gamot).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga panuntunang ito sa mga gamot, sumangguni sa **Seksyon C**.

Kung gumagamit ka ng gamot na sakop namin sa **simula** ng taon, karaniwang hindi namin aalisin o babaguhin ang coverage ng gamot na iyon **sa loob ng natitirang bahagi ng taon na iyon** maliban kung:



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Magkakaroon ng bago at mas murang generic na gamot sa merkado na kasing bisa ng gamot na nasa aming Listahan ng Gamot ngayon, ○
- Nalaman namin na hindi ligtas ang isang gamot, ○
- Inalis mula sa merkado ang isang gamot.

Para makakuha ng higit pang impormasyon sa kung ano ang nangyayari kapag nagbabago ang aming Listahan ng Gamot, anumang oras ay maaari mong:

- Tingnan ang aming kasalukuyang Listahan ng Gamot online sa **kp.org/seniorrx** ○
- Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro para tingnan ang aming kasalukuyang Listahan ng Gamot.

Nangyayari **kaagad** ang ilang pagbabago sa aming Listahan ng Gamot. Halimbawa:

- **May bagong generic na gamot na naging available.** Minsan, nagkakaroon ng bagong generic na gamot sa merkado na kasing bisa ng branded na gamot na nasa aming Listahan ng Gamot ngayon. Kapag nangyari iyon, maaaring alisin namin ang branded na gamot at ilagay ang bagong generic na gamot, ngunit hindi magbabago ang halaga ng bagong gamot para sa iyo.

Kapag idinagdag namin ang bagong generic na gamot, posible ring magpasya kami na panatilihin ang branded na gamot sa listahan pero baguhin ang mga panuntunan o limitasyon nito sa coverage.

- Maaaring hindi ka namin sabihan bago namin gawin ang pagbabagong ito, ngunit papadalhan ka namin ng impormasyon tungkol sa partikular na pagbabagong ginawa namin kapag nagawa na ito.
- Ikaw o ang iyong provider ay puwedeng humiling ng "pagbubukod" mula sa mga pagbabagong ito. Papadalhan ka namin ng abiso na naglalaman ng mga hakbang na maaari mong gawin upang humiling ng pagbubukod. Sumangguni sa **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito para sa higit pang impormasyon sa pagkuha ng pangangalaga.
- **Inalis mula sa merkado ang isang gamot.** Kung sasabihin ng Food and Drug Administration (FDA) na hindi ligtas ang gamot na iniinom mo o inalis ng manufacturer ng gamot ang gamot sa merkado, aalisin namin ito sa aming Listahan ng Gamot. Kung iniinom mo ang gamot, sasabihan ka namin. Malalaman din ng iyong tagareseta ang tungkol sa pagbabagong ito, at maaari siyang makipagtulungan sa iyo upang humanap ng ibang gamot para sa iyong kondisyon.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

**Maaaring gumawa kami ng iba pang pagbabago na nakakaapekto sa mga gamot na ginagamit mo.** Sasabihan ka namin nang maaga tungkol sa iba pang pagbabagong ito sa aming Listahan ng Gamot. Maaaring mangyari ang mga pagbabagong ito kung:

- Magbibigay ang FDA ng bagong patnubay o may mga bagong klinikal na patnubay tungkol sa isang gamot.
- Magdadagdag kami ng generic na gamot na hindi bago sa merkado **at**
  - Magpapalit ng *branded* na gamot na kasalukuyang nasa aming Listahan ng Gamot ○
  - Babaguhin ang mga alituntunin o limitasyon sa coverage para sa branded na gamot.

Kapag nangyari ang mga pagbabagong ito:

- Sasabihan ka namin sa loob ng hindi bababa sa 30 araw bago namin gawin ang pagbabago sa aming Listahan ng Gamot ○
- Ipapaalam namin sa iyo ito at bibigyan ka namin ng pang-30 araw na supply ng gamot pagkatapos mong humiling ng refill.

Makapagbibigay ito sa iyo ng panahon upang makipag-usap sa iyong doktor o iba pang tagareseta. Matutulungan ka nila na magpasya:

- Kung mayroong katulad na gamot sa aming Listahan ng Gamot na puwede mong gamitin kapalit nito ○
- Kung dapat kang humiling ng eksepsyon mula sa mga pagbabagong ito. Para matuto pa tungkol sa paghiling ng mga pagbubukod, sumangguni sa **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

**Maaaring gumawa kami ng mga pagbabago sa mga gamot na hindi nakakaapekto sa iyo ngayon.** Para sa mga ganoong pagbabago, kung gumagamit ka ng gamot na sakop namin sa **simula** ng taon, karaniwang hindi namin inaalis o binabago ang coverage sa gamot na iyon **sa loob ng natitirang bahagi ng taon na iyon.**

- Halimbawa, kung aalisin o lilimitahan namin ang paggamit ng gamot na ginagamit mo, hindi maaapektuhan ng pagbabago ang iyong paggamit ng gamot para sa natitirang bahagi ng taon.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare.**



## F. Coverage sa gamot sa mga espesyal na sitwasyon

### F1. Sa ospital o pasilidad ng sanay na pag-aalaga para sa pananatili na sakop ng aming plano

Kung na-admit ka sa ospital o pasilidad ng sanay na pag-aalaga para sa pananatili na sakop ng aming plano, sa pangkalahatan ay sinasakop namin ang gastos sa iyong mga inireresetang gamot sa panahon ng iyong pananatili. Hindi ka magbabayad ng copay. Kapag umalis ka na sa ospital o pasilidad ng sanay na pag-aalaga, sasakupin namin ang iyong mga gamot sa kondisyong natutugunan ng mga gamot ang lahat ng aming mga panuntunan sa coverage.

Upang matuto pa tungkol sa coverage sa gamot at ibinabayad mo, sumangguni sa **Kabanata 6** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

### F2. Sa pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga

Kadalasan, ang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, tulad ng nursing home, ay may sariling parmasya o parmasya na nagsu-supply ng mga gamot para sa lahat ng kanilang residente. Kung nakatira ka sa pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, maaari mong kunin ang iyong mga inireresetang gamot sa pamamagitan ng parmasya ng pasilidad kung bahagi ito ng aming network.

Tingnan ang iyong **Direktoryo ng Provider** at **Parmasya** upang malaman kung bahagi ng aming network ang parmasya ng iyong pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga. Kung hindi o kung kailangan mo ng higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

### F3. Sa programa ng hospice na sertipikado ng Medicare

Ang mga gamot ay hindi kailanman sakop ng hospice at aming plano nang magkasabay.

- Maaaring nakatala ka sa isang hospice ng Medicare at nangangailangan ka ng gamot para sa pananakit, pagduduwal, pampadumi, o pagkabalisa na hindi sakop ng iyong hospice dahil ito nauugnay sa iyong terminal na prognosis at mga kondisyon. Sa ganoong sitwasyon, bago namin maaaring sakupin ang gamot ay dapat na makatanggap ang aming plan ng abiso mula sa tagareseta o iyong provider ng hospice na hindi nauugnay ang gamot.
- Upang maiwasan ang mga pagkaantala sa anumang hindi nauugnay na gamot na dapat na sakupin ng aming plano, maaari mong tanugin ang iyong provider ng hospice o tagareseta upang matiyak na natanggap namin ang abiso na ang gamot ay hindi nauugnay bago mo hilingin sa parmasya na punuin ang iyong reseta.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung aalis ka sa hospice, sasakupin ng aming plano ang lahat ng iyong gamot. Para maiwasan ang anumang pagkaantala sa parmasta kapag natapos na ang iyong benepisyo ng hospice sa Medicare, dalhin ang dokumentasyon sa parmasya upang i-verify na umalis ka na sa hospice.

Sumangguni sa mga naunang bahagi ng kabanatang ito na nagsasabi sa iyo ng tungkol sa mga gamot na sinasakop ng aming plano. Sumangguni sa **Kabanata 4 ng Handbook ng Miyembro** na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa benepisyo ng hospice.

---

## **G. Mga Programa sa kaligtasan ng gamot at pamamahala ng mga gamot**

### **G1. Mga programa na makakatulong sa iyo na gumamit ng mga gamot sa ligtas na paraan**

Sa tuwing nagpupuno ka ng reseta, naghahanap kami ng mga posibleng problema, tulad ng mga pagkakamali sa gamot o mga gamot na:

- Maaaring hindi kailangan dahil umiinom ka ng ibang gamot na ganoon din ang ginagawa.
- Maaaring hindi ligtas para sa iyong edad o kasarian.
- Maaaring magdulot ng pinsala sa iyo kung ginagamit mo ang mga ito nang sabay.
- May mga sangkap kung saan ka allergic o posibleng allergic.
- May mga mapanganib na dami ng mga opioid na gamot sa pananakit.

Kung may makikita kaming posibleng problema sa iyong paggamit ng mga inireresetang gamot, makikipagtulungan kami sa iyong provider upang itama ang problema.

### **G2. Mga programa na makakatulong sa iyo na pamahalaan ang iyong mga gamot**

Maaari kang gumamit ng mga gamot para sa iba't ibang medikal na kondisyon at/o ikaw ay nasa isang Programa sa Pamamahala sa Gamot upang matulungan ka na gamitin ang iyong mga opioid na gamot nang ligtas. Sa mga ganoong sitwasyon, maaaring maging kwalipikado ka na tumanggap ng mga serbisyo, nang wala kang binabayaran, sa pamamagitan ng programa sa pamamahala ng therapy sa pamamagitan ng gamot (MTM). Nakakatulong ang programang ito sa iyo at sa iyong provider na tiyaking gumagana ang iyong mga gamot upang pabutihin ang iyong kalusugan. Bibigyan ka ng pharmacist o iba



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

pang propesyonal sa kalusugan ng komprehensibong pagsusuri ng lahat ng iyong gamot at kakausapin ka niya tungkol sa:

- Kung paano masulit ang mga gamot na ginagamit mo.
- Anumang alalahanin na mayroon ka, tulad ng mga halaga ng gamot at mga reaksiyon sa gamot.
- Pinakamainam na paraan ng pag-inom sa iyong mga gamot.
- Anumang tanong tungkol o problema na mayroon ka tungkol sa reseta sa iyo at over-the-counter na gamot.

Pagkatapos ay bibigyan ka nila ng:

- Nakasulat na buod ng talakayang ito. Naglalaman ang buod ng plano ng aksyon para sa gamot na nagrerekomenda ng maaari mong gawin para sa pinakamainam na paggamit sa iyong mga gamot.
- Personal na listahan ng gamot na naglalaman ng lahat ng gamot na ginagamit mo at kung bakit mo ginagamit ang mga ito.
- Impormasyon tungkol sa ligtas na pagtatapon ng mga kontroladong substance na inireresetang gamot.

Magandang ideya na iiskedyul ang pagsusuri sa iyong gamot bago ang iyong taunang pagpapatingin “Para maiwasan ang sakit”, upang makausap mo ang iyong doktor tungkol sa iyong plano ng aksyon at listahan ng gamot.

- Dalhin ang iyong plano ng aksyon at listahan ng gamot sa iyong pagbisita sa tuwing makikipag-usap ka sa iyong mga doktor, pharmacist, at iba pang provider ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.
- Dalhin ang iyong listahan ng gamot kung pupunta ka sa ospital o emergency room.

Boluntaryo ang mga programa sa pamamahala ng therapy sa pamamagitan ng gamot at libre ito sa mga miyembrong kwalipikado. Kung mayroon kaming programa na naaangkop sa iyong mga pangangailangan, ie-enroll ka namin sa programa at ipapadala namin sa iyo ang impormasyon. Kung hindi mo gustong sumali sa programa, ipaalam sa amin, at maaari kang huminto sa paglahok anumang oras.

Kung mayroon kang mga tanong, tungkol sa mga programang ito, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

### **G3. Programa sa pamamahala sa gamot para sa ligtas na paggamit ng mga opioid na gamot**

Mayroong programa ang aming plano na makakatulong sa mga miyembro na ligtas na magamit ang kanilang mga inireresetang opioid na gamot at iba pang gamot na madalas na ginagamit nang mali. Ang programang ito ay tinatawag na Programa sa Pamamahala sa Gamot (DMP).

Kung gumagamit ka ng mga opioid na gamot na kinukuha mo mula sa maraming doktor o parmasya o kung nagkaroon ka ng overdose sa opioid kamakailan, posible naming kausapin ang iyong mga doktor para tiyaking tama at medikal na kinakailangan ang iyong paggamit ng mga opioid na gamot. Sa pakikipagtulungan sa iyong mga doktor, kung pagpapasyahan namin na hindi ligtas ang iyong paggamit ng mga iniresetang opioid o benzodiazepine na gamot, maaari naming limitahan kung paano mo makukuha ang mga gamot na iyon. Maaaring kasama sa mga limitasyon ang:

- Pangangailangang kunin mo ang lahat ng mga inireseta para sa mga gamot na iyon mula sa ilang partikular na parmasya at/o mula sa ilang partikular na doktor.
- Paglimita sa dami ng mga gamot na sinasakop namin para sa iyo

Kung sa palagay namin ay may isa o higit pang limitasyon na dapat na ilapat sa iyo, papadalhan ka namin ng sulat nang maaga. Ipinapaliwanag sa sulat na ito ang mga limitasyon na sa palagay namin ay dapat na ilapat.

**Magkakaroon ka ng pagkakataon na sabihin sa amin kung aling mga doktor o parmasya ang mas gugustuhin mong gamitin at ang anumang impormasyon na sa palagay mo ay mahalagang malaman namin..** Kung magpapasya kaming limitahan ang iyong coverage para sa mga gamot na ito pagkatapos mong magkaroon ng pagkakataong tumugon, papadalhan ka namin ng ibang sulat na kumukumpirma sa mga limitasyon.

Kung sa palagay mo ay nagkamali kami, hindi ka sumasang-ayon na nasa panganib ka dahil sa maling paggamit ng inireresetang gamot, o hindi ka sumasang-ayon sa limitasyon, ikaw at ang iyong tagareseta ay maaaring maghain ng apela. Kung gagawa ka ng apela, susuriin namin ang iyong kaso at bibigyan ka namin ng nakasulat na desisyon. Kung patuloy naming tatanggihan ang anumang bahagi ng iyong apela na nauugnay sa mga limitasyon sa iyong access sa mga gamot na ito, awtomatiko naming ipapadala ang iyong kaso sa isang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri. Upang matuto pa tungkol sa mga apela at sa hiwalay na organisasyon sa pagsusuri, sumangguni sa **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Maaaring hindi naaangkop sa iyo ang DMP kung ikaw ay:

- May ilang partikular na medikal na kondisyon, tulad ng kanser o sickle cell disease,
- Tumatanggap ng pangangalaga sa hospice, pangangalaga para sa pagpapaghawa ng sakit, o pangangalaga sa katapusan ng buhay, ○
- Nakatira sa pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Kabanata 6: Ang babayaran mo para sa iyong mga inireresetang gamot sa Medicare at Medi-Cal

---

### Panimula

Ipinapakita sa iyo ng kabanatang ito kung ano ang binabayaran mo para sa mga outpatient na inireresetang gamot sa iyo. Ang ibig sabihin namin sa “mga gamot” ay:

- Mga Bahagi D ng Medicare na inireresetang gamot, **at**
- Mga gamot at item na sinasakop sa ilalim ng Medi-Cal Rx, **at**
- Mga gamot at item na sinasakop ng aming plano bilang mga karagdagang benepisyo.
- Dahil kwalipikado ka para sa Medi-Cal, makakakuha ka ng “Karagdagang Tulong” mula sa Medicare upang tulungan kang magbayad para sa iyong mga Bahagi D ng Medicare na inireresetang gamot. Magpadala kami sa iyo ng hiwalay na insert na tinatawag na **Rider ng Katunayan ng Pagsakop para sa Mga Taong Nakakatanggap ng Karagdagang Tulong para sa Pagbabayad ng Mga Inireresetang Gamot** (na tinatawag ding “Rider ng Subsidiya para sa May Mababang Kita” o “LIS Rider”), na nagpapaalam sa iyo ng iyong mga coverage sa gamot. Kung wala ka ng insert na ito, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro at humingi ng “LIS Rider.”

Ang **Karagdagang Tulong** ay isang programa ng Medicare na tumutulong sa mga taong may mga limitadong kita at resource na mabawasan ang mga gastos sa Bahagi D ng Medicare na inireresetang gamot, tulad ng mga premium, deductible, at copay. Ang Karagdagang Tulong ay tinatawag ding “Subsidiya para sa May Mababang Kita,” o “LIS.”

Ang iba pang pangunahing termino at ang mga kahulugan ng mga ito ay nakalista nang naaayon sa pagkakasunod-sunod ng letra sa huling kabanata ng **Handbook ng Miyembro** na ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Para matuto pa tungkol sa mga inireresetang gamot, maaari kang maghanap sa mga lugar na ito:

- Aming Listahan ng Mga Sakop na Gamot.
  - Tinatawag namin itong “Listahan ng Gamot.” Ipinapakita nito sa iyo ang:
    - Kung aling mga gamot ang binabayaran namin.
    - Kung may anumang limitasyon sa mga gamot.
  - Kung kailangan mo ng kopya ng aming Listahan ng Gamot, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro. Mahahanap mo rin ang pinakakasalukuyang kopya ng aming Listahan ng Gamot sa aming website sa **kp.org/seniorrx**.
  - Ang karamihan sa mga inireresetang gamot na nakukuha mo sa parmasya ay sakop ng aming plano. Ang iba pang gamot, tulad ng mga gamot na hindi kailangan ng reseta (OTC) at ilang partikular na vitamin, ay maaaring sakop ng Medi-Cal Rx. Mangyaring bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx (**medi-calrx.dhcs.ca.gov/**) para sa higit pang impormasyon. Maaari ka ring tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Customer ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**. Mangyaring dalhin ang iyong Identification Card ng Benepisyaryo (BIC) ng Medi-Cal kapag kumukuha ng mga reseta sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Kabanata 5 ng Handbook ng Miyembro na ito.

- Ipinapakita nito kung paano kunin ang mga outpatient na iniresetang gamot sa iyo sa pamamagitan ng aming plano.
- Naglalaman ito ng mga panuntunan na dapat mong sundin. Isinasaad din dito kung aling mga uri ng mga inireresetang gamot ang hindi sakop ng aming plano.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

### Aming Direktoryo ng Provider at Parmasya.

- Sa karamihan ng mga sitwasyon, dapat kang gumamit ng parmasya na nasa network para kunin ang iyong mga sakop na gamot. Ang mga parmasya na nasa network ay mga parmasya na sumang-ayon na makipagtulungan sa amin.
- Nakalista sa **Direktoryo ng Provider at Parmasya** ang aming mga parmasya na nasa network. Sumangguni sa **Kabanata 5** ng **Handbook ng Miyembro** na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga parmasya na nasa network.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



**Kabanata 6 Talaan ng Mga Nilalaman**

A. Ang Pagpapaliwanag ng Mga Benepisyo (EOB) .....	217
B. Paano subaybayan ang iyong mga gastos sa gamot .....	218
C. Mga Yugto ng Pagbabayad sa Gamot para sa mga gamot sa Bahagi D ng Medicare .....	220
C1. Ang iyong mga opsyon sa parmasya .....	221
C2. Pagkuha ng pangmatagalang supply ng gamot .....	222
C3. Ang binabayaran mo .....	222
D. Yugto 1: Yugto ng Taunang Deductible .....	223
E. Yugto 2: Ang Inisyal na Coverage na Yugto .....	224
E1. Ang iyong mga opsyon sa parmasya .....	224
E2. Pagkuha ng pangmatagalang supply ng gamot .....	224
E3. Ang binabayaran mo .....	225
E4. Ang Pagtatapos ng Inisyal na Coverage na Yugto .....	226
F. Yugto 3: Ang Yugto ng Gap ng Coverage .....	226
G. Yugto 2: Ang Catastrophic na Coverage na Yugto .....	227
H. Mga gastos sa iyong gamot kung hindi aabot sa buong isang buwang supply ang inireseta ng iyong doktor .....	227
I. Tulong para sa paghahati sa gastusin sa reseta para sa mga taong may HIV/AIDS .....	228
I1. Ang AIDS Drug Assistance Program (ADAP) .....	228
I2. Kung hindi ka nakatala sa ADAP .....	229
I3. Kung nakatala ka sa ADAP .....	229



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

J. Mga Bakuna..... 229

J1. Ano ang kailangan mong malaman bago ka magpabakuna ..... 230

J2. Ang binabayaran mo para sa pagbabakuna na sakop ng Bahagi D ng Medicare..... 230



---

**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## A. Ang Pagpapaliwanag ng Mga Benepisyo (EOB)

  - Tratuhan nang may paggalang at dignidad, na nagbibigay pagsasaalang-alang sa iyong karapatan sa privacy at sa pangangailangang panatilihin ang pagiging kompidensiyal ng iyong medikal na impormasyon
  - Mabigyan ng impormasyon tungkol sa plano at mga serbisyo nito, kabilang ang mga sakop na serbisyo, provider na nasa network, at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro.
  - Pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga na nasa network namin.
  - Malaman ang mga pangalan ng mga taong nagbibigay sa iyo ng pangangalaga at kung anong uri ng pagsasanay ang mayroon sila.
  - Tumanggap ng pangangalaga sa isang lugar na ligtas, protektado, malinis at madaling naa-access.
  - Kumuha ng pangalawang opinyon mula sa isang doktor na nasa network sa anumang oras.
  - Magsabi ng mga karaingan, alinman sa pagsasabi o pagsusulat, tungkol sa organisasyon o sa pangagalagang natanggap mo.
  - Tumanggap ng pangangasiwa sa pangangalaga.
  - Humiling ng apela ng mga desisyon upang tanggihan, ipagpaliban, o limitahan ang mga serbisyo o benepisyo.
  - Makakuha ng mga walang bayad na serbisyo ng interpreter sa iyong wika.
  - Kumuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan sa legal na tulong o iba pang grupo.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Gumawa ng mga paunang direktiba.
- Humiling ng Pagdinig ng Estado kung tinanggihan ang isang serbisyo o benepisyo. Maaari ka lang humiling ng pagdinig ng Estado kung nagsumite ka na ng apela sa amin at hindi ka nasiyahan sa desisyon. Maaari ka ring humiling ng Pagdinig ng Estado kung hindi ka nakatanggap ng desisyon sa apela na inihain mo sa amin sa loob ng 30 araw. Kabilang dito ang impormasyon sa mga sitwasyon kung kailan posible ang pinabilis na pagdinig.
- Magkaroon ng access sa, at kung saan legal na naaangkop, tumanggap ng mga kopya ng, baguhin o iwasto ang iyong medikal na rekord.
- Tumanggap ng libreng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iba pang format, tulad ng braille, malalaking titik, audio at mga naa-access na elektronikong format, kapag hiniling at sa napapanahong paraan na naaangkop para sa format na hiniling at alinsunod sa Seksyon 14182 (b)(12) ng Kodigo sa Kapakanan at Mga Institusyon.
- Maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpipigil o paghihiwalay na ginagamit bilang paraan pamimilit, disiplina, kaginhawaan o paghihiganti.
- Tapat na talakayin ang impormasyon tungkol sa mga available na opsyon sa paggamot at mga alternatibo, na ipinapakita sa paraang naaangkop sa iyong kondisyon at kakayahang makaunawa, anuman ang halaga o coverage.
- Makakuha ng kopya ng iyong mga medikal na rekord, at humiling na baguhin o iwasto ang mga ito, ayon sa tinukoy sa 45 Kodigo ng Mga Pederal na Regulasyon (CFR) §164.524 at 164.526.
- Mayroon kang kalayaan upang gamitin ang mga karapatan na ito nang walang masamang epekto sa kung paano ka tatrathuhin ng Kaiser Permanente, mga provider, o ng Estado.
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Mga Freestanding na Sentro para sa Panganganak, Mga Pederal na Kuwalipikadong Sentrong Pangkalusugan, Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian, mga serbisyo ng kumadrone, mga Panlalawigang Sentrong Pangkalusugan, mga serbisyo para sa impeksyong nakukuha sa pakikipagtalik at mga serbisyong pang-emergency na wala sa aming network nang alinsunod sa pederal na batas.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

Nagbibigay sa iyo ang **Kabanata 9 ng Handbook ng Miyembro** na ito ng impormasyon tungkol sa kung ano ang maaari mong gawin kung sa palagay mo ay hindi mo natatanggap ang iyong mga serbisyo o gamot sa makatuwirang tagal ng panahon. Ipinapakita rin nito kung ano ang maaari mong gawin kung tinanggihan namin ang coverage para sa iyong mga serbisyo o gamot at hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon.

---

## C. Ang aming responsibilidad na protektahan ang iyong personal na impormasyon ng kalusugan (PHI)

Pinoprotektahan namin ang iyong personal na impormasyong pangkalusugan (PHI) alinsunod sa iniaatas ng mga pederal at pang-estadong batas.

- Kabilang sa iyong PHI ang impormasyong ibinigay mo sa amin noong nagpatala ka sa aming plano. Kasama rin dito ang iyong mga medikal na rekord at iba pang medikal at pangkalusugang impormasyon.
- May karapatan ka sa iyong impormasyon at na kontrolin kung paano ginagamit ang iyong PHI. Bibigyan ka namin ng nakasulat na paunawa na nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga karapatang ito at nagpapaliwanag ng kung paano namin pinoprotektahan ang privacy ng iyong PHI. Ang paunawang ito ay tinatawag na "Abiso ng Kasanayan sa Privacy."
- Hindi kinakailangan ng mga miyembrong magbibigay ng pahintulot na tumanggap ng mga sensitibong serbisyo na kumuha ng pahintulot ng sinupamang miyembro upang tumanggap ng mga sensitibong serbisyo o upang magsumite ng claim para sa mga sensitibong serbisyo. Ididirekta ng Kaiser Permanente ang mga pakikipag-ugnayan kaugnay ng mga sensitibong serbisyo sa alternatibong mailing address, email address, o numero ng telepono o, kung walang pagtatalaga, sa ngalan ng miyembro sa address o numero ng telepono na naka-file. Hindi maghahayag ang Kaiser Permanente ng medikal na impormasyong nauugnay sa mga sensitibong serbisyo sa sinupamang miyembro nang walang nakasulat na pahintulot mula sa miyembrong tumatanggap ng pangangalaga. Tatanggap ang Kaiser Permanente ng mga kahilingan para as kompidensiyal na pakikipag-ugnayan sa anyo at format na hinihiling, kung madali itong magagawa sa hiniling na anyo at format, o sa mga alternatibong lokasyon. May bisa ang kahilingan ng miyembro para sa kompidensiyal na pakikipag-ugnayang nauugnay sa mga sensitibong serbisyo hanggang sa bawiin ng miyembro ang kahilingan o magsumite siya ng bagong kahilingan para sa kompidensiyal na pakikipag-ugnayan.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



- Maaaring humiling ang mga miyembro ng kumpidensyal na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pagkumpleto sa isang form sa kahilingan sa kumpidensyal na pakikipag-ugnayan, na available sa [kp.org](http://kp.org) sa ilalim ng “Mga form sa paghiling ng mga kumpidensyal na pakikipag-ugnayan.”

### **C1. Paano namin pinoprotektahan ang iyong PHI**

Tinitiyak namin na walang hindi pinapahintulatang tao ang titingin o magbabago sa iyong mga rekord.

Maliban sa mga sitwasyon na nakatala sa ibaba, hindi namin ibinibigay ang iyong PHI sa sinumang hindi nagbibigay ng iyong pangangalaga o nagbabayad para sa iyong pangangalaga. Kung gagawin man namin iyon, kailangan muna naming humiling ng nakasulat na pahintulot mula sa iyo. Ikaw, o sinumang legal na pinapahintulatang gumawa ng mga pasya para sa iyo, ang maaaring magbigay ng nakasulat na pahintulot.

Minsan ay hindi na namin kailangang humiling muna ng nakasulat na pahintulot mula sa iyo. Ang mga pagbubukod na ito ay pinapahintulutan o iniaatas ng batas:

- Dapat naming ibigay ang PHI sa mga ahensya ng gobyernong sumusuri sa kalidad ng pangangalaga ng aming plano.
- Dapat naming ibigay ang PHI sa utos ng hukuman.
- Dapat naming ibigay sa Medicare ang iyong PHI. Kung ilalabas ng Medicare ang iyong PHI para sa pananaliksik o iba pang gamit, ginagawa nila ito nang naaayon sa mga pederal na batas.
- Maaari naming gamitin o payagan ang ibang tao na makita ang iyong PHI para sa pangangalaga, pagsasaliksik sa kalusugan, pagbabayad, o mga pagpapalakad sa pangangalagang pangkalusugan, tulad ng para sa pagsasaliksik o pagsukat ng kalidad ng pangangalaga at mga serbisyo. Ayon sa batas, maaari din naming ibigay ang iyong PHI sa gobyerno o ibigay ito para sa mga legal na aksyon.

### **C2. Ang iyong karapatang tingnan ang iyong mga medikal na rekord**

- May karapatan ka na tingnan ang iyong mga medikal na rekord at kumuha ng kopya ng iyong mga rekord.
- May karapatan ka na hilingin sa amin na i-update o itama ang iyong mga medikal na rekord. Kung hihilingin mo sa amin ito, makikipagtulungan kami sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan upang magpasya kung dapat na gawin ang mga pagbabago.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare).

- May karapatan kang malaman kung namin ibinahagi namin ang iyong PHI sa iba at kung paano namin ito ginawa.

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa privacy ng iyong PHI, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

---

## D. Ang aming responsibilidad na bigyan ka ng impormasyon

Bilang isang miyembro ng aming plano, may karapatan kang kumuha ng impormasyon mula sa amin tungkol sa aming plano, mga provider na nasa network, at iyong mga sakop na serbisyo.

Kung hindi ka nagsasalita ng English, mayroon kaming mga libreng serbisyo ng interpreter upang sagutin ang mga tanong na mayroon ka tungkol sa aming plano. Upang makakuha ng interpreter, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro. Libre ang serbisyonang ito sa iyo. Available ang dokumentong ito sa Chinese, Spanish, at Tagalog, sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro. Maaari ka rin naming bigyan ng impormasyon sa malalaking titik, braille, o audio.

Kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa anuman sa mga sumusunod, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro:

- Paano pumili o magpalit ng mga plano
- Aming plano, kabilang ang:
  - pinansyal na impormasyon.
  - paano kami ni-rate ng mga miyembro ng plano.
  - bilang ng apela na ginawa ng mga miyembro.
  - paano umalis sa aming plano.
- Aming mga provider na nasa network at aming mga parmasya na nasa network, kabilang ang:
  - paano pumili o magpalit ng mga provider ng pangunahing pangangalaga.
  - mga kwalipikasyon ng mga provider at parmasya na nasa network namin.
  - paano namin binabayaran ang mga provider na nasa network namin.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Mga sakop na serbisyo at gamot at tungkol sa mga panuntunan na dapat mong sundin, kabilang ang:
  - mga serbisyo (sumangguni sa **Kabanata 3 at 4** ng **Handbook ng Miyembro** na ito) at gamot (sumangguni sa **Kabanata 5 at 6** ng **Handbook ng Miyembro** na ito) na sakop ng aming plano
  - mga limitasyon sa iyong coverage at mga gamot.
  - mga panuntunan na dapat mong sundin upang makakuha ng mga sakop na serbisyo at gamot.
- Bakit hindi sakop ang isang bagay at ano ang magagawa mo tungkol dito (sumangguni sa **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito), kabilang ang paghiling sa amin na:
  - ilagay sa sulat kung bakit hindi sakop ang isang bagay.
  - baguhin ang desisyong ginawa namin.
  - magbayad para sa bill na natanggap mo.

---

## E. Ang kawalang-kakayahan ng mga provider na nasa network na singilin ka ng direkta

Hindi ka maaaring pagbayarin ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nasa network para sa mga sakop na serbisyo. Hindi ka rin nila maaaring singilin o singilin ng balanse kung magbabayad kami nang mas mababa kaysa sa halaga na sinisingil ng provider. Upang malaman kung ano ang gagawin kapag sinusubukan ng provider na nasa network na singilin ka para sa mga sakop na serbisyo, sumangguni sa **Kabanata 7** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

---

## F. Ang iyong karapatan na umalis sa aming plano

Walang maaaring pumilit sa iyo na manatili sa aming plano kung hindi mo gusto.

- May karapatan kang sulitin ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Original Medicare o iba pang plano ng Medicare Advantage.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Maaari mong kunin ang iyong benepisyo sa inireresetang gamot sa Bahagi D ng Medicare mula sa plano sa inireresetang gamot o mula sa iba pang plano ng Medicare Advantage.
- Sumangguni sa Kabanata 10 ng Handbook ng Miyembro na ito:
  - Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung kailan ka maaaring sumali sa panibagong plano ng Medicare Advantage o plano ng benepisyo sa inireresetang gamot.
  - Para sa impormasyon tungkol sa kung paano mo makukuha ang iyong mga benepisyo ng Medi-Cal kung aalis ka sa aming plano.

---

## **G. Ang iyong karapatang gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan**

May karapatan kang makakuha ng kumpletong impormasyon mula sa iyong mga doktor at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan upang matulungan kang gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan.

### **G1. Ang iyong karapatang malaman ang iyong mga opsyon sa paggamot at gumawa ng mga desisyon**

Dapat na ipaliwanag sa iyo ng iyong mga provider ang iyong kondisyon at ang iyong mga opsyon sa paggamot sa paraang nauunawaan mo. May karapatan kang:

- **Malaman ang iyong mga opsyon.** May karapatan kang sabihan tungkol sa iba't ibang opsyon sa paggamot.
- **Malaman ang mga panganib.** May karapatan kang sabihan tungkol anumang nauugnay na panganib. Dapat ka naming sabihan nang maaga kung ang isang serbisyo o paggamot ay bahagi ng pampananaliksik na eksperimento. May karapatan kang tanggihan ang mga pinag-eeksperimentuhang paggamot.
- **Makakuha ng pangalawang opinyon.** May karapatan kang gumamit ng ibang doktor bago magpasya sa paggamot.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- **Tumanggi.** May karapatan kang tanggihan ang anumang paggamot. Kabilang dito ang karapatang umalis sa ospital o iba pang medikal na pasilidad, kahit pa pinapayuhan ka ng iyong doktor na huwag gawin ito. May karapatan kang itigil ang pag-inom ng iniresetang gamot. Kung tatanggi ka sa paggamot o titigil ka sa pag-inom ng iniresetang gamot, hindi ka namin aalisin sa aming plano. Gayunpaman, kung tatanggi ka sa paggamot o titigil ka sa pag-inom ng gamot, tinatanggap mo ang buong responsibilidad sa kung ano ang mangyayari sa iyo.
- **Hilingin sa amin na ipaliwanag kung bakit tinanggihan ng provider ang pangangalaga.** May karapatan kang makatanggap ng pagpapaliwanag mula sa amin kung tinanggihan ng provider ang pangangalaga na sa palagay mo ay dapat mong matanggap.
- Hilingin sa amin na sakupin ang serbisyo o gamot na tinanggihan namin o karaniwang hindi namin sakop. Tinatawag itong desisyon sa coverage. Ipinapakita sa Kabanata 9 ng Handbook ng Miyembro na ito kung paano hihiling sa amin ng desisyon sa coverage.

## G2. Ang iyong karapatang sabihin kung ano ang gusto mong mangyari

Minsan, hindi makagawa ang mga tao ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan para sa sarili nila. Bago mangyari iyon, maaari kang:

- Magsagot ng pasulat na form na nagbibigay sa isang tao ng karapatang gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyo.
- Bigyan ang iyong mga doktor ng mga nakasulat na tagubilin tungkol sa kung paano papangasiwaan ang iyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi ka makakagawa ng mga desisyon para sa sarili mo, kabilang ang pangangalagang hindi mo gusto.
- Ang legal na dokumentong ginagamit mo upang ibigay ang iyong mga tagubili ay tinatawag na “paunang direktiba.” Mayroong iba’t ibang uri ng mga paunang direktiba at magkakaibang pangalan para sa mga ito. Ang mga halimbawa ay ang living will at ang power of attorney para sa pangangalagang pangkalusugan.

Hindi kinakailangan sa iyo na magkaroon ng paunang direktiba, ngunit maaari kang magkaroon nito. Narito ang gagawin kung gusto mong gumamit ng paunang direktiba:

- **Kunin ang form.** Makukuha mo ang form mula sa iyong doktor, sa abugado, ahensya ng mga legal na serbisyo, o social worker. Kadalasang may mga form ang mga parmasya at opisina ng provider. Maaari ka ring humanap ng libreng form online at i-download ito. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro upang hilingin ang form.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare**.

- **Punan ang form at lagdaan ito.** Legal na dokumento ang form. Dapat mong pag-isipang magpatulong sa isang abugado o taong pinagkakatiwalaan mo, tulad ng kapamilya o iyong PCP, na kumpletuhin ito.
- **Magbigay ng mga kopya sa mga taong kailangang malaman ang tungkol dito.** Dapat kang magbigay ng kopya ng form sa iyong doktor. Dapat ka ring magbigay ng kopya sa taong tutukuyin mong gagawa ng mga desisyon para sa iyo. Mainam din na magbigay ka ng mga kopya sa mga malapit na kaibigan o kapamilya. Magtabi ng kopya sa bahay.
- Kung maoospital ka at mayroon kang nilagdaang paunang direktiba, **magdala ng kopya nito sa ospital.**
  - Tatanungin sa ospital kung mayroon kang nilagdaang form ng paunang direktiba at kung dala mo ito.
  - Kung wala kang nilagdaang form ng paunang direktiba, may mga form sa ospital at tatanungin ka kung gusto mong lumagda ng form na ito.

May karapatan kang:

- Ipalagay ang iyong paunang direktiba sa iyong mga medikal na rekord.
- Baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.
- Malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas tungkol sa paunang direktiba. Sasabihin sa iyo ng aming plano ang tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi lalampas sa 90 araw pagkatapos ng pagbabago.
- **Ikaw** ang magpapasya kung gusto mong magkaroon ng paunang direktiba. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro para sa higit pang impormasyon.

### **G3. Ano ang gagawin kapag hindi nasunod ang iyong mga tagubilin**

Kung lumagda ka ng paunang direktiba at sa palagay mo ay hindi sinunod ng doktor o ospital ang mga nakalagay ditong tagubilin, maaari kang maghain ng reklamo sa Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad na nakalista sa **Kabanata 2, Seksyon F** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## H. Ang iyong karapatang maghain ng mga reklamo at hilingin sa amin na muling isaalang-alang ang aming mga desisyon

Nagbibigay sa iyo ang **Kabanata 9** ng **Handbook ng Miyembro** na ito ng impormasyon tungkol sa kung ano ang maaari mong gawin kung mayroon kang anumang problema o alalahanin tungkol sa iyong mga sakop na serbisyo o pangangalaga. Halimbawa, maaari kang humiling sa amin na gumawa ng desisyon sa coverage, maghain ng apela upang baguhin ang desisyon sa coverage, o maghain ng reklamo.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon tungkol sa mga apela at reklamo na inihain ng iba pang miyembro ng plano laban sa amin. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro upang makuha ang impormasyong ito.

### H1. Ang gagawin tungkol sa hindi patas na pagtrato o upang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan

Kung sa palagay mo ay tinrato ka namin nang hindi patas – at **hindi** ito tungkol sa diskriminasyon para sa mga dahilang nakalista sa **Kabanata 11** ng **Handbook ng Miyembro** na ito – o gusto mo ng higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, maaari kang tumawag sa:

- Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-800-443-0815**, **7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 711.** Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) sa **1-800-434-0222**. Para sa higit pang detalye tungkol sa HICAP, sumangguni sa Kabanata 2, Seksyon E ng **Handbook ng Miyembro** na ito.
- Ombuds Program sa **1-888-452-8609**. Para sa higit pang detalye tungkol sa programang ito, sumangguni sa **Kabanata 2** ng **Handbook ng Miyembro**.
- DHCS Ombudsman Program sa **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- Medicare sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**, 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-877-486-2048**. (Maaari mo ring basahin o i-download ang “Mga Karapatan at Proteksyon sa Medicare,” na matatagpuan sa website ng Medicare sa **www.medicare.gov/Pubs/pdf/11534-Medicare-Rights-and-Protections.pdf**.)



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## I. Impormasyon tungkol sa mga pagtatasa sa bagong teknolohiya

Naaapektuhan ng mabilis na nagbabagong teknolohiya ang pangangalagang pangkalusugan at medisina tulad nangyayari sa ng iba pang industriya. Upang matukoy kung mayroong mga pangmatagalang benepisyo ang isang bagong gamot o iba pang medikal na pag-unlad, maingat na sinusubaybayan at sinusuri ng aming plano ang mga bagong teknolohiya para maisama sa mga sakop na benepisyo. Kabilang sa mga teknolohiyang ito ang mga medikal na pamamaraan, medikal na device, at bagong gamot.

## J. Maaari kang magbigay ng mga suhestyon tungkol sa mga karapatan at responsibilidad

Bilang isang miyembro ng aming plano, may karapatan kang magbigay ng mga rekomendasyon tungkol sa mga karapatan at responsibilidad na kasama sa kabanatang ito. Mangyaring itawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ang anumang suhestyon.

## K. Ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng plano

Bilang miyembro ng plano, responsibilidad mo na gawin ang mga bagay na nakalista sa ibaba. Kung mayroon kang anumang tanong, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

- **Basahin ang *Handbook ng Miyembro*** upang malaman kung ano ang sakop ng aming plano at ang mga panuntunang dapat sundin upang makakuha ng mga sakop na serbisyo at inireresetang gamot. Para sa mga detalye tungkol sa iyong:
  - Mga sakop na serbisyo, sumangguni sa **Kabanata 3 at 4** ng **Handbook ng Miyembro** na ito. Ipinapakita sa iyo ng mga kabanatang iyon kung ano ang sinasakop at hindi sinasakop, mga panuntunang kailangan mong sundin, at kung ano Ang binabayaran mo.
  - Mga sakop na gamot, sumangguni sa **Kabanata 5 at 6** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.
- **Sabihin sa amin ang tungkol sa anupamang coverage sa kalusugan o inireresetang gamot** na mayroon ka. Dapat na matiyak naming ginagamit mo ang lahat ng iyong opsyon sa coverage kapag tumatanggap ka ng pangangalagang pangkalusugan. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro kung mayroon kang iba pang coverage.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



- **Sabihin sa iyong doktor at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na** miyembro ka ng aming plano. Ipakita ang iyong ID card ng plano kapag kumuha ka ng mga serbisyo o gamot.
- **Tulongan ang iyong mga doktor at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na** maibigay sa iyo ang pinakamahasag na pangangalaga.
  - Ibigay sa kanila ang impormasyong kailangan nila tungkol sa iyong kalusugan. Alamin ang lahat ng kaya mong malaman tungkol sa iyong mga problema sa kalusugan. Sundin ang mga plano at tagubilin sa paggamot na napagkasunduan ninyo ng iyong mga provider.
  - Tiyaking alam ng iyong mga doktor at iba pang provider ang tungkol sa lahat ng gamot na ginagamit mo. Kabilang dito ang mga inireresetang gamot, gamot na hindi kailangan ng reseta (over-the-counter), mga bitamina, at mga suplemento.
  - Itanong ang mga tanong na mayroon ka. Dapat na ipaliwanag sa iyo ng iyong mga doktor at iba pang provider ang mga bagay sa paraang nauunawaan mo. Kapag nagtanong ka at hindi mo naunawaan ang sagot, magtanong ulit.
- **Makipagtulungan sa iyong tagapagkoordina ng pangangalaga** pati sa pagkumpleto ng taunang pagtatasa sa panganib sa kalusugan.
- **Maging maunawain:** Inaasahan namin sa lahat ng miyembro ng plano na igalang ang mga karapatan ng iba. Inaasahan din namin sa iyo na kumilos nang may paggalang sa opisina ng iyong doktor, mga ospital, at sa iba pang provider.
- **Sabihin sa amin ang tungkol sa anumang serbisyonang natanggap mo sa labas ng aming plano.**
- **Bayaran ang dapat mong bayaran.** Bilang isang miyembro ng plano, ikaw ang responsable para sa mga pagbabayad na ito:
  - Mga premium sa Bahagi A at Bahagi B ng Medicare. Para sa karamihan ng mga miyembro ng plano, ang Medi-Cal ang nagbabayad para sa iyong premium sa Bahagi A at sa iyong premium sa Bahagi B.
  - Para ilan sa iyong mga pangmatagalang serbisyo at suporta o gamot na sakop ng aming plano, dapat mong bayaran ang iyong bahagi sa gastos kapag kinuha mo ang serbisyo o gamot.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

- **Sabihin sa amin kung lilipat ka.** Kung plano mong lumipat, sabihin kaagad sa amin. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.
  - **Kung lilipat ka sa labas ng aming sineserbisyuhang lugar, hindi ka na maaaring manatili sa aming plano.** Ang mga tao lang na nakatira sa aming sineserbisyuhang lugar ang maaaring maging miyembro ng planong ito. Nagbibigay ang **Kabanata 1** ng **Handbook ng Miyembro** na ito ng detalye tungkol sa aming sineserbisyuhang lugar.
  - Matutulungan ka namin kung malalaman namin na lilipat ka sa labas ng aming sineserbisyuhang lugar. Sa espesyal na panahon ng pagpapatala, maaari kang lumipat sa Original Medicare o magpatala sa planong pangkalusugan o plano sa inireresetang gamot ng Medicare sa iyong bagong lokasyon. Masasabi namin sa iyo kung mayroon kaming plano sa iyong bagong lugar.
  - Sabihin sa Medicare at Medi-Cal ang iyong bagong address kapag lumipat ka. Sumangguni sa **Kabanata 2** ng **Handbook ng Miyembro** na ito para sa mga numero ng telepono ng Medicare at Medi-Cal.
  - **Kung lilipat ka at mananatili sa aming sineserbisyuhang lugar, kailangan pa rin naming malaman.** Kailangang panatilihin naming napapanahon ang iyong rekord ng membership at alam namin kung paano makikipag-ugnayan sa iyo.
- **Sabihin sa amin kung mayroon kang bagong numero ng telepono** o mas madaling paraan ng pakikipag-ugnayan sa iyo.
- Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro para sa tulong kung mayroon kang mga tanong o alalahanin.



## Kabanata 9. Ano ang dapat gawin kung mayroon kang problema o reklamo (mga desisyon, apela, at reklamo tungkol sa coverage)

---

### Panimula

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan. Basahin ang kabanatang ito upang malaman kung ano ang gagawin kapag:

- Mayroon kang problema o reklamo tungkol sa iyong plano.
- Kailangan mo ng serbisyo, item, o gamot na sinabi ng iyong plan na hindi nito babayaran.
- Hindi ka sang-ayon sa desisyon na ginawa ng iyong plano kaugnay ng iyong pangangalaga.
- Sa palagay mo ay masyadong mabilis magwakas ang iyong mga sakop na serbisyo.
- Mayroon kang problema o reklamo sa iyong mga pangmatagalang serbisyo at suporta, kung saan kabilang ang Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (CBAS) at mga serbisyo ng Pasilidad sa Pag-aalaga (NF).

May iba't ibang seksyon ang kabanatang ito upang matulungan kang mabilis na makita ang hinahanap mo. **Kung mayroon kang problema o alalahanin, basahin ang mga bahagi ng kabanatang ito na naaangkop sa iyong sitwasyon.**

Dapat mong kunin ang pangangalagang pangkalusugan, mga gamot, at mga pangmatagalang serbisyo at suporta na tinukoy ng iyong doktor at iba pang provider na kinakailangan para sa iyong pangangalaga bilang bahagi ng iyong plan sa pangangalaga. **Kung mayroon kang problema sa iyong pangangalaga, maaari mong tawagan ang Ombuds Program sa 1-888-452-8609 para sa tulong.** Ipinapaliwanag sa kabanatang ito ang iba't ibang opsyon na mayroon ka para sa iba't ibang problema at reklamo, ngunit maaari mong tawagan ng Ombuds Program anumang oras upang makatulong na gabayan ka sa paglutas ng iyong problema. Para sa mga karagdagang resource para matugunan ang iyong mga alalahanin at mga paraan para makaugnayan sila, sumangguni sa **Kabanata 2** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

**Kabanata 9 Talaan ng Mga Nilalaman**

A. Ano ang gagawin kapag mayroon kang problema o alalahanin .....	261
A1. Tungkol sa mga legal na termino .....	261
B. Saan kukuha ng tulong.....	261
B1. Para sa higit pang impormasyon at tulong .....	261
B2. Tulong mula sa Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan .....	262
B3. Tulong mula sa Health Consumer Alliance .....	262
B4. Tulong at impormasyon mula sa Medicare .....	262
B5. Tulong at impormasyon mula sa Medi-Cal.....	262
B6. Tulong mula sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California .....	263
B7. Tulong mula sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California .....	263
C. Pag-unawa sa mga reklamo at apela sa Medicare at Medi-Cal sa aming plano .....	263
D. Mga problema sa iyong mga benepisyo.....	264
E. Mga desisyon sa coverage at apela .....	264
E1. Mga desisyon sa coverage .....	265
E2. Mga Apela.....	265
E3. Tulong sa mga desisyon at apela sa coverage .....	266
E4. Aling seksyon sa kabanatang ito ang makakatulong sa iyo .....	268
F. Pangangalagang medikal .....	268
F1. Paggamit ng seksyong ito .....	269
F2. Paghiling ng desisyon sa coverage.....	270



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

F3. Pagsasagawa ng Antas 1 na Apela.....	273
F4. Pagsasagawa ng Antas 2 na Apela.....	277
F5. Mga problema sa pagbabayad.....	285
G. Mga inireresetang gamot sa Bahagi D ng Medicare .....	287
G1. Mga desisyon at apela sa coverage sa Bahagi D.....	287
G2. Mga pagbubukod sa Bahagi D .....	290
G3. Mahahalagang bagay na dapat malaman tungkol sa paghiling ng pagbubukod.....	291
Dapat sabihin sa amin ng iyong doktor o iba pang tagareseta ang mga medikal na dahilan.....	291
Maaari kaming sumagot ng Oo o Hindi sa iyong kahilingan.....	291
G4. Paghiling ng desisyon sa coverage, kasama ang pagbubukod .....	291
G5. Pagsasagawa ng Antas 1 na Apela .....	295
G6. Pagsasagawa ng Antas 2 na Apela .....	298
H. Paghiling sa amin na sakupin ang isang mas mahabang pananatili sa ospital .....	300
H1. Pag-alam sa iyong mga karapatan sa Medicare .....	301
H2. Pagsasagawa ng Antas 1 na Apela .....	302
H3. Pagsasagawa ng Antas 2 na Apela .....	305
H4. Pagsasagawa ng Antas 1 na Alternatibong Apela .....	306
H5. Pagsasagawa ng Antas 2 na Alternatibong Apela .....	307
I. Paghiling sa amin na ipagpatuloy ang pagsakop sa ilang partikular na serbisyong medikal.....	308
I1. Paunang abiso bago matapos ang iyong coverage.....	309
I2. Pagsasagawa ng Antas 1 na Apela.....	309



I3. Pagsasagawa ng Antas 2 na Apela.....	312
I4. Pagsasagawa ng Antas 1 na Alternatibong Apela.....	313
I5. Pagsasagawa ng Antas 2 na Alternatibong Apela.....	314
J. Pagdadala ng iyong apela sa sumunod na antas sa Antas 2 .....	315
J1. Mga susunod na hakbang para sa mga serbisyo at item ng Medicare .....	315
J2. Mga karagdagang apela sa Medi-Cal .....	317
J3. Antas 3, 4 at 5 na Apela para sa Mga Kahilingan sa Gamot sa Bahagi D...	317
K. Paano maghain ng reklamo.....	319
K1. Anong mga klase ng mga problema ang dapat ireklamo .....	319
K2. Mga internal na reklamo.....	322
K3. Mga external na reklamo.....	323



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## A. Ano ang gagawin kapag mayroon kang problema o alalahanin

Ipinapaliwanag sa kabanatang ito kung paano pangasiwaan ang mga problema at alalahanin. Ang prosesong gagamitin mo ay nakadepende sa uri ng problema na mayroon ka. Gamitin ang isang proseso para sa **mga desisyon sa coverage at apela** at ang isa pa para sa **paghahain ng mga reklamo**; na tinatawag ding mga karaingan.

Upang matiyak ang pagiging patas at mabilis, ang bawat proseso at mayroong hanay ng mga panuntunan, pamamaraan at deadline na dapat mo at naming sundin.

### A1. Tungkol sa mga legal na termino

Mayroong mga legal na termino sa kabanatang ito para sa ilang panuntunan at deadline. Marami sa mga terminong ito ang maaaring mahirap maunawaan, kaya gagamit kami ng mga mas simpleng salita para sa ilang partikular na legal na term kapag kaya namin. Iniiwasan namin ang paggamit ng mga daglat hangga't maaari.

Halimbawa, sasabihin naming:

- “Paghahain ng reklamo” sa halip na “paghahain ng karaingan.”
- “Desisyon sa coverage” sa halip na “pagpapasya ng organisasyon,” “pagpapasya sa benepisyo,” “pagpapasya para sa nasa panganib,” o “pagtukoy ng coverage.”
- “Mabilis na pagdedesisyon sa coverage” sa halip na “pinabilis na pagpapasya.”
- “Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri” sa halip na “Hiwalay na Entity sa Pagsusuri.”

Ang pag-alam sa mga naaangkop na legal na termino ay maaaring makatulong sa iyo na makipag-ugnayan nang mas malinaw, kaya ibinibigay din namin ang mga iyon.

## B. Saan kukuha ng tulong

### B1. Para sa higit pang impormasyon at tulong

Minsan, nakakalitong simulan o sundan ang proseso ng paglutas sa problema. Lalo pa kung hindi maayos ang iyong pakiramdam o hindi ka gaanong masigla. Minsan, maaaring wala sa iyo ang impormasyong kailangan mo upang gawin ang susunod na hakbang.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## **B2. Tulong mula sa Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan**

Maaari kang tumawag sa Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP). Masasagot ng mga tagapayo ng HICAP ang iyong mga tanong at matutulungan ka nilang maunawaan kung ano ang dapat gawin sa iyong problema. Ang HICAP ay walang kaugnayan sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. May mga sinanay na tagapayo ang HICAP sa bawat county, at libre ang mga serbisyo. Ang numero ng telepono ng HICAP ay **1-800-434-0222**.

## **B3. Tulong mula sa Health Consumer Alliance**

Maaari kang tumawag sa Health Consumer Alliance at makipag-usap sa isang tagapagtaguyod tungkol sa iyong mga tanong sa coverage sa kalusugan. Nagbibigay sila ng libreng legal na tulong. Ang Health Consumer Alliance ay hindi konektado sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. Ang kanilang numero ng telepono ay **1-888-804-3536** at ang kanilang website ay **www.healthconsumer.org**.

## **B4. Tulong at impormasyon mula sa Medicare**

Para sa higit pang impormasyon at tulong, maaari kang makipag-ugnayan sa Medicare. Narito ang dalawang paraan kung paano ka makakahingi ng tulong mula sa Medicare:

- Tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Mga gumagamit ng TTY, tumawag sa **1-877-486-2048**.
- Bisitahin ang website ng Medicare (**www.medicare.gov**).

## **B5. Tulong at impormasyon mula sa Medi-Cal**

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong pagiging kwalipikado sa Medi-Cal, maaari kang tumawag sa iyong lokal na opisina ng mga serbisyo para sa kalusugan at tao ng county sa **http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx**.

Maaari ka ring tumawag sa Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**).



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY **711**), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



## **B6. Tulong mula sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California**

Makakatulong ang Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) ng California. Makakatulong sila kung may mga problema ka sa pagsali, pagbabago o pag-alis sa planong pangkalusugan. Makakatulong rin sila kung lumipat ka o nagkakaroon ng problema sa paglipat ng iyong Medi-Cal sa iyong bagong county. Maaari mong tawagan ang Ombudsman Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. sa **1-888-452-8609**.

## **B7. Tulong mula sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California**

Makipag-ugnayan sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California para sa lib्रेng tulong. Ang DMHC ang responsable sa pangangasiwa sa mga planong pangkalusugan. Tinutulungan ng DMHC ang mga tao sa mga apela tungkol sa mga serbisyo ng Medi-Cal o problema sa billing. Ang numero ng telepono ay **1-888-466-2219**. Maaaring gamitin ng mga indibidwal na bingi, mahina ang pandinig o may kapansanan sa pagsasalita ang walang bayad na numero ng TDD, **1-877-688-9891**.

---

## **C. Pag-unawa sa mga reklamo at apela sa Medicare at Medi-Cal sa aming plano**

Mayroon kang Medicare at Medi-Cal. Nalalapat ang impormasyon sa kabanatang ito sa **lahat** ng iyong mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal. Minsan ay tinatawag itong “pinagsamang proseso” dahil pinag-iisa, o pinagsasama nito, ang mga proseso ng Medicare at Medi-Cal.

Minsan, hindi maaaring pagsamahin ang mga proseso ng Medicare at Medi-Cal. Sa mga ganoong sitwasyon, gagamit ka ng isang proseso para sa benepisyo ng Medicare at isa pang proseso para sa benepisyo ng Medi-Cal. Ipinapaliwanag sa **Seksyon F4** ang mga sitwasyong ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## D. Mga problema sa iyong mga benepisyo

Kung mayroon kang problema o alalahanin, basahin ang mga bahagi ng kabanatang ito na naaangkop sa iyong sitwasyon. Tinutulungan ka ng chart sa ibaba na hanapin ang tamang seksyon ng kabanatang ito para sa mga problema o reklamo.

### Tungkol ba sa iyong mga benepisyo o coverage ang iyong problema o alalahanin?

Kasama rito ang mga problema tungkol sa kung sakop ba o hindi ang isang partikular na medikal na pangangalaga o mga inireresetang gamot, paano sinasakop ang mga ito, at mga problema tungkol sa pagbabayad para sa medikal na pangangalaga o mga inireresetang gamot.

**Oo.** Tungkol sa mga benepisyo o coverage ang aking problema.

Sumangguni sa **Seksyon E**, “Mga desisyon sa coverage at apela.”

**Hindi.** Hindi tungkol sa mga benepisyo o coverage ang aking problema.

Sumangguni sa **Seksyon K**, “Paano maghain ng reklamo.”

## E. Mga desisyon sa coverage at apela

Ang proseso para sa paghiling ng desisyon sa coverage at paggawa ng apela ay para sa mga problemang nauugnay sa iyong mga benepisyo at coverage. Kasama rin dito ang mga problema sa pagbabayad.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## E1. Mga desisyon sa coverage

Ang desisyon sa coverage ay desisyong ginagawa namin tungkol sa iyong mga benepisyo at coverage o sa halagang babayaran namin para sa iyong mga medikal na serbisyo o gamot. Gumagawa kami ng desisyon sa coverage kapag pinagdedesisyunan namin kung ano ang sakop para sa iyo at kung magkano ang babayaran namin. Halimbawa, gumagawa ang iyong doktor na nasa network ng (pabor) desisyon sa coverage sa iyo sa tuwing kumukuha ka ng medikal na pangangalaga mula sa kanya o kapag nire-refer ka ng iyong doktor na nasa network sa isang medikal na espesyalista. Ikaw o ang iyong doktor ay maaari ring makipag-ugnayan sa amin at humiling ng desisyon sa coverage kung hindi sigurado ang iyong doktor kung sasakupin namin ang partikular na medikal na serbisyo o tatanggihan namin ang pagbibigay ng medikal na pangangalagang sa palagay mo ay kailangan mo. Sa madaling salita, kung gusto mong malaman kung sasakupin namin ang medikal na serbisyo bago mo ito matanggap, maaari mong hilingin sa amin na gumawa ng desisyon sa coverage para sa iyo. Sa mga limitadong sitwasyon, hindi didinggin ang isang kahilingan para sa desisyon sa coverage, na nangangahulugang hindi namin susuriin ang kahilingan. Kabilang sa mga halimbawa kung kailan hindi didinggin ang isang kahilingan kung hindi kumpleto ang kahilingan, ibang tao ang gumawa ng kahilingan sa ngalan mo pero hindi siya legal na awtorisadong gawin iyon o kung hiniling mong bawiin ang iyong kahilingan. Kung hindi namin didinggin ang isang kahilingan para sa desisyon sa coverage, papadalhan ka namin ng abiso na nagpapaliwanag kung bakit hindi dininig ang kahilingan at kung paano humiling ng pagsusuri sa hindi pagdinig.

Sa ilang sitwasyon, maaaring magdesisyon kami na hindi sakupin ang isang serbisyo o gamot o na hindi na ito sinasakop ng Medicare o Medi-Cal para sa iyo. Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon sa coverage na ito, maaari kang magsumite ng apela.

## E2. Mga Apela

Kung gagawa kami ng desisyon sa coverage at hindi ka masisiyahan sa desisyong ito, maaari mong “iapela” ang desisyon. Ang pag-apela ay isang pormal na paraan ng paghiling sa amin na suriin at baguhin ang ginawa naming desisyon sa coverage.

Kapag inapela mo ang isang desisyon sa unang pagkakataon, tinatawag itong Antas 1 na Apela. Sa apelang ito, sinusuri namin ang ginawa naming desisyon sa coverage upang tingnan kung sinunod namin nang wasto ang lahat ng panuntunan. Ang mga tagasuring mangangasiwa sa iyong apela ay iba sa mga gumawa ng orihinal na hindi paborableng desisyon.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kadalasan, dapat mong simulan ang iyong apela sa Antas 1. Kung hindi mo gustong umapela muna sa plano para sa serbisyo ng Medi-Cal, kung agaran ang iyong problema sa kalusugan o nagdudulot ito ng agaran at seryosong panganib sa iyong kalusugan, o kung nakakaranas ka ng labis na pananakit at kailangan mo ng mabilisang desisyon, maaari kang humiling ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal mula sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan sa [www.dmhc.ca.gov](http://www.dmhc.ca.gov). Sumangguni sa seksyong “Mga Reklamo at Hiwalay na Pagsusuring Medikal (“IMR”) sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan” sa huling bahagi ng kabanatang ito para sa higit pang impormasyon.

Kapag nakumpleto na namin ang pagsusuri, ibibigay namin sa iyo ang desisyon namin. Sa ilang pagkakataon, na ipapaliwanag sa huling bahagi ng kabanatang ito, maaari kang humiling ng pinabilis o “mabilis na desisyon sa coverage” o mabilis na apela ng desisyon sa coverage.

Kung sasagot kami ng **Hindi** sa lahat o sa bahagi ng iyong Antas 1 na Apela, maaari kang magpatuloy sa Antas 2 na Apela. Isang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri na hindi konektado sa amin ang nagsasagawa ng Antas 2 na Apela.

- Sa ilang sitwasyon, **awtomatikong ipinapadala** ang iyong kaso sa Hiwalay na Organisasyon ng Pagsusuri para sa Antas 2 na Apela. Papadalhan ka namin ng sulat kung mangyayari ito.
- Sa iba pang sitwasyon, **kailangan mong humiling** ng Antas 2 Apela.
- Sumangguni sa **Seksyon F4** para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga Antas 2 na Apela.

Kung hindi ka nasiyahan sa desisyon sa Antas 2 na Apela, maaaring makapagpatuloy ka sa mga karagdagang antas ng apela.

### E3. Tulong sa mga desisyon at apela sa coverage

Maaari kang humingi ng tulong mula sa alinman sa mga sumusunod:

- **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa mga numero sa ibaba ng page.
- Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) sa 1-800-434-0222.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare).

- **Sa Help Center sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC)** para sa libreng tulong. Ang DMHC ang responsable sa pangangasiwa sa mga planong pangkalusugan. Tinutulungan ng DMHC ang mga tao sa mga apela tungkol sa mga serbisyo ng Medi-Cal o problema sa billing. Ang numero ng telepono ay **1-888-466-2219**. Maaaring gamitin ng mga indibidwal na bingi, mahina ang pandinig o may kapansanan sa pagsasalita ang walang bayad na numero ng TDD, **1-877-688-9891**.
- **Iyong doktor o iba pang provider.** Maaaring humiling ang iyong doktor o iba pang provider ng desisyon sa coverage o umapela sa ngayon mo.
- **Kaibigan o kapamilya.** Maaari kang tumukoy ng taong kikilos sa ngalan mo bilang iyong “kinatawan” at humiling ng desisyon sa coverage o maghain ng apela.
- **Abogado.** May karapatan kang kumuha ng abogado, ngunit **hindi kinakailangan sa iyo na magkaroon ng abogado** para humiling ng desisyon sa coverage o maghain ng apela.
  - Tawagan ang sarili mong abogado, o kunin ang pangalan ng abogado mula sa lokal na asosasyon ng mga abogado o iba pang serbisyo ng referral. May ilang legal na grupong magbibigay sa iyo ng mga libreng legal na serbisyo kung kwalipikado ka.
  - Humiling ng abogado para sa legal na tulong mula sa Health Consumer Alliance sa **1-888-804-3536**.
- Punan ang form na Pagtatalaga ng Kinatawan kung gusto mo ng abogado o iba pang tao na kumilos bilang iyong kinatawan. Nagbibigay ang form ng pahintulot sa isang tao na kumilos para sa iyo.
- Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng page at humingi ng form na “Pagtatalaga ng Kinatawan.” Makukuha mo rin ang form sa pamamagitan ng pagbisita sa **[www.cms.gov/Medicare/CMS-Forms/CMS-Forms/downloads/cms1696.pdf](http://www.cms.gov/Medicare/CMS-Forms/CMS-Forms/downloads/cms1696.pdf)** o sa aming website sa **[kp.org](http://kp.org)**. **Dapat kang magbigay sa amin ng kopya ng nilagdaang form.**



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

#### E4. Aling seksyon sa kabanatang ito ang makakatulong sa iyo

Mayroong apat na sitwasyon na may kaugnay na desisyon sa coverage at mga apela. Ang bawat sitwasyon ay may iba't ibang panuntunan at deadline. Magbibigay kami ng mga detalye para sa bawat isang sitwasyon sa hiwalay na seksyon sa kabanatang ito.

Sumangguni sa naaangkop na seksyon:

- **Seksyon F**, “Medikal na pangangalaga”
- **Seksyon G**, “Mga inireresetang gamot sa Bahagi D ng Medicare”
- **Seksyon H**, “Paghiling sa amin na sakupin ang isang mas mahabang pananatili sa ospital”
- **Seksyon I**, “Paghiling sa amin na patuloy na sakupin ang ilang partikular na medikal na serbisyo (Naaangkop lang ang seksyong ito sa mga sumusunod na serbisyo: mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay, pangangalaga sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga at Pasilidad sa Kumprehensibong Rehabilitasyon ng Outpatient (CORF).)”

Kung hindi ka sigurado sa kung aling seksyon ang gagamitin, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng page. Maaari ka ring makahingi ng tulong o impormasyon mula sa mga pampamahalaang organisasyon gaya ng iyong Programa ng Estado na Tulong para sa Insurance sa Kalusugan (nasa **Kabanata 2, Seksyon E**, ng **Handbook ng Miyembro** na ito ang mga numero ng telepono para sa programang ito).

---

#### F. Pangangalagang medikal

Ipinapaliwanag sa seksyong ito kung ano ang gagawin kung mayroon kang mga problema sa pagkuha ng coverage para sa medikal na pangangalaga o kung gusto mong ibalik namin sa iyo ang bayad para sa aming bahagi sa gastos sa iyong pangangalaga.

Ang seksyong ito ay tungkol sa iyong mga benepisyo para sa medikal na pangangalaga at mga serbisyong inilalarawan sa **Kabanata 4 ng Handbook ng Miyembro** na ito. Sa pangkalahatan ay “coverage sa medikal na pangangalaga” o “medikal na pangangalaga” ang papatungkulan namin sa natitirang bahagi ng seksyong ito. Kabilang sa terminong “medikal na pangangalaga” ang mga medikal na serbisyo at item pati na mga inireresetang gamot sa Bahagi B ng Medicare, na karaniwang ibinibigay ng iyong doktor o propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring ibang panuntunan ang malapat sa inireresetang gamot sa Bahagi B. Kapag ganoon ang nangyari, ipapaliwanag namin kung paano naiiba ang mga panuntunan para sa mga inireresetang gamot sa Bahagi B sa mga panuntunan para sa mga medikal na serbisyo at item.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## F1. Paggamit ng seksyong ito

Ipinapaliwanag sa seksyong ito kung ano ang maaari mong gawin sa alinman sa mga sumusunod na sitwasyon:

1. Sa palagay mo ay sakop namin ang medikal na pangangalagang kailangan mo ngunit hindi mo natatanggap.

**Ang maaari mong gawin:** Maaari mong hilingin sa amin na gumawa ng desisyon sa coverage. Sumangguni sa **Seksyon F2**.

2. Hindi namin inaprubahan ang medikal na pangangalagang gustong ibigay sa iyo ng iyong doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, at sa palagay mo ay dapat naming aprubahan ito.

**Ang maaari mong gawin:** Maaari mong iapela ang aming desisyon. Sumangguni sa **Seksyon F3**.

3. Tumanggap ka ng medikal na pangangalagang sa palagay mo ay sakop namin, ngunit hindi namin binabayaran.

**Ang maaari mong gawin:** Maaari mong iapela ang aming desisyong hindi magbayad. Sumangguni sa **Seksyon F5**.

4. Tumanggap ka ng medikal na pangangalagang akala mo ay sakop namin at binayaran mo ito, at gusto mong hilingin sa amin na ibalik ang ibinayad mo.

**Ang maaari mong gawin:** Maaari mong hilingin sa amin na ibalik ang ibinayad mo. Sumangguni sa **Seksyon F5**.

5. Binawasan o itinigil namin ang iyong coverage para sa ilang partikular na medikal na pangangalaga, at sa palagay mo ay maaaring makasama sa iyong kalusugan ang aming desisyon.

6. Nakakaranas ka ng mga pagkaantala sa pangangalaga o hindi ka makahanap ng doktor.

**Ang maaari mong gawin:** Maaari mong iapela ang aming desisyong bawasan o ihinto ang medikal na pangangalaga. Sumangguni sa **Seksyon F4**.

- Kung ang coverage ay para sa mga serbisyo ng pangangalaga sa ospital, pangangalagang pangkalusugan sa bahay, pangangalaga sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga, o Pasilidad sa Kumprehensibong Rehabilitasyon ng Outpatient (CORF), may mga naaangkop na espesyal na panuntunan dito. Sumangguni sa **Seksyon H** o **Seksyon I** upang matuto pa.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Para sa lahat ng iba pang sitwasyong kaugnay ng pagbabawas o pagpapatigil sa iyong coverage para sa ilang partikular na medikal na pangangalaga, gamitin ang seksyong ito (**Seksyon F**) bilang iyong gabay.

## F2. Paghiling ng desisyon sa coverage

Kapag ang desisyon sa coverage ay nauugnay sa iyong medikal na pangangalaga, tinatawag itong “**pinagsamang pagpapasya ng organisasyon.**”

Ikaw, ang iyong doktor, o ang iyong kinatawan ay maaaring humiling sa amin ng desisyon sa coverage sa pamamagitan ng:

- Pagtawag: **1-800-443-0815**, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., TTY: **711**. Kung ang iyong desisyon sa coverage, apela, o reklamo ay kwalipikado para sa isang mabilis na desisyon, tawagan ang Expedited Review Unit sa **1-888-987-7247**, 8:30 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes hanggang Sabado.
- Pag-fax: **1-888-987-2252**.
- Pagsulat:
  - Para sa isang karaniwang desisyon o reklamo sa coverage, sumulat sa iyong lokal na tanggapan ng Mga Serbisyo sa Miyembro (tingnan ang **Direktoryo ng Provider** para sa mga lokasyon).
  - Para sa isang karaniwang apela, sumulat sa address na ipinapakita sa abiso ng pagtanggap na ipapadala namin sa iyo. Kung kwalipikado para sa isang mabilis na pagpapasya ang iyong desisyon, apela, o reklamo sa coverage, sumulat sa:  
Kaiser Permanente  
Expedited Review Unit  
P.O. Box 1809  
Pleasanton, CA 94566



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



### Karaniwang desisyon sa coverage

Kapag ibibigay namin sa iyo ang aming desisyon, gagamitin namin ang mga “karaniwang” deadline maliban kung sumang-ayon kaming gamitin ang mga “mabilis” na deadline. Nangangahulugan ang karaniwang desisyon sa coverage na bibigyan ka namin ng sagot tungkol sa:

- Medikal na serbisyo o item ng **Medicare o Medi-Cal** sa loob ng 5 araw ng negosyo pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan at nang hindi lalampas sa 14 na araw sa kalendaryo mula nang matanggap namin ang iyong kahilingan.
- Inireresetang gamot sa Bahagi B ng Medicare sa loob ng 72 oras pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan.

### Mabilisang desisyon sa coverage

Ang legal na termino para sa “mabilisang desisyon sa coverage” ay “**pinabilis na pagdedesisyon.**”

Kapag hihilingin mo sa aming gumawa ng desisyon sa coverage tungkol sa iyong medikal na pangangalaga at nangangailangan ng mabilisang tugon ang iyong kalusugan, hilingin sa aming gumawa ng “mabilisang desisyon sa coverage.” Ang mabilisang desisyon sa coverage ay nangangahulugang bibigyan ka namin ng sagot tungkol sa isang:

- Medikal na serbisyo o item sa loob ng 72 oras pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan.
- Inireresetang gamot sa Bahagi B ng Medicare sa loob ng 24 oras pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan.

Upang makatanggap ng mabilisang desisyon sa coverage, dapat mong matugunan ang dalawang kinakailangan:

- Humihingi ka ng coverage para sa medikal na pangangalagang hindi mo **natanggap.**
- Ang paggamit ng mga karaniwang deadline **ay makakapagdulot ng matinding panganib sa iyong kalusugan** o makakasama sa kakayahan mong kumilos.

Awtomatiko ka naming bibigyan ng mabilisang desisyon sa coverage kapag sinabi sa amin ng iyong doktor na kailangan ito ng kalusugan mo. Kung hihiling ka nang walang suporta ng iyong doktor, kami ang magdedesisyon kung makakatanggap ka ng mabilisang desisyon sa coverage.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung magdesisyon kaming hindi natutugunan ng iyong kalusugan ang mga kinakailangan para sa mabilisang desisyon sa coverage, papadalhan ka namin ng sulat na magsasabi nito at gagamitin namin sa halip ang karaniwang deadline. Sasabihin sa iyo ng sulat:

- Awtomatiko ka naming bibigyan ng mabilisang desisyon sa coverage kung ang iyong doktor ang hihiling nito.
- Kung paano ka makakapaghain ng “mabilisang reklamo” tungkol sa desisyon naming bigyan ka ng karaniwang desisyon sa coverage sa halip na mabilisang desisyon sa coverage. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paghahain ng reklamo, kasama ang mabilisang reklamo, sumangguni sa **Seksyon K**.

**Kung sasagot kami ng Hindi sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan,** papadalhan ka namin ng sulat na nagpapaliwanag sa mga dahilan.

- Kung sumagot kami ng **Hindi**, may karapatan kang gumawa ng apela. Kung sa tingin mo ay nagkamali kami, ang pag-apela ay isang pormal na paraan ng paghiling sa amin na suriin ang aming desisyon at baguhin ito.
- Kung magdesisyon kang gumawa ng apela, magpapatuloy ka sa Antas 1 ng proseso ng mga apela (sumangguni sa **Seksyon F3**).

Sa mga limitadong sitwasyon, maaari naming balewalain ang iyong kahilingan para sa desisyon sa coverage, na nangangahulugang hindi namin susuriin ang kahilingan. Kasama sa mga halimbawa kung kailan babalewalain ang isang kahilingan:

- Kung hindi kumpleto ang kahilingan,
- Kung iba ang gumawa ng kahilingan sa ngalan mo ngunit hindi siya legal na pinapahintulutan na gawin ito, o
- Kung hihilingin mong bawiin ang iyong kahilingan.

Kung babalewalain namin ang isang kahilingan para sa desisyon sa coverage, papadalhan ka namin ng abiso na nagpapaliwanag kung bakit nabalewala ang kahilingan at kung paano humiling ng pagsusuri sa pagbalewala. Ang pagsusuring ito ay tinatawag na apela. Tinatalakay sa susunod na seksyon ang mga apela.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare**.

### F3. Pagsasagawa ng Antas 1 na Apela

**Upang magsimula ng apela**, ikaw, ang iyong doktor, o ang iyong kinatawan ay dapat na makipag-ugnayan sa amin. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

Humiling ng karaniwang apela o ng mabilisang apela sa pamamagitan ng pagsulat o sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

- Kung hihilingin ng iyong doktor o iba pang tagareseta na ipagpatuloy ang isang serbisyo o item na natatanggap mo na sa panahon ng iyong apela, posibleng kailanganin mong pangalanan sila bilang iyong kinatawan upang kumilos sa ngalan mo.

**Kung ibang tao maliban sa iyong doktor ang aapela para sa iyo, magsama ng form na Pagtatalaga ng Kinatawan na nagpapahintulot sa taong iyon na katawanin ka.**

**Makukuha mo rin ang form sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.cms.gov/Medicare/CMS-Forms/CMS-Forms/downloads/cms1696.pdf](http://www.cms.gov/Medicare/CMS-Forms/CMS-Forms/downloads/cms1696.pdf) o sa aming website sa [kp.org](http://kp.org).**

- Maaari kaming tumanggap ng kahilingan sa pag-apela nang wala ang form, ngunit hindi namin masisimulan o makukumpleto ang aming pagsusuri hanggang sa matanggap namin ito. Kung hindi namin makukuha ang form sa loob ng 30 na araw sa kalendaryo pagkatapos makuha ang iyong kahilingan sa pag-apela:
  - Babalewalain namin ang iyong kahilingan, at
  - Papadalhan ka namin ng nakasulat na abiso na nagpapaliwanag sa karapatan mong hilingin sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri na suriin ang aming desisyong balewalain ang iyong apela.

Kailangan mong humiling ng apela **sa loob ng 60 araw sa kalendaryo** mula sa petsang nasa sulat na ipinadala namin upang sabihin sa iyo ang aming desisyon.

Kung hindi ka umabot sa deadline at mayroon kang magandang dahilan para sa hindi pag-abot dito, maaari ka naming bigyan ng karagdagang panahon upang gawin ang iyong apela. Ang mga halimbawa ng magagandang dahilan ay mga bagay tulad ng nagkaroon ka ng malubhang sakit o maling impormasyon ang naibigay namin sa iyo tungkol sa deadline. Ipaliwanag ang dahilan kung bakit nahuli ang iyong apela noong ginawa mo ang iyong apela.

Mayroon kang karapatang humingi sa amin ng libreng kopya ng impormasyon tungkol sa iyong apela. Ikaw at ang iyong doktor ay maaari ding magbigay sa amin ng higit pang impormasyon upang suportahan ang apela mo. Dapat nakasulat ang kahilingang ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

**Kung kakailanganin ito ng iyong kalusugan, humiling ng mabilisang apela.**

Ang legal na termino para sa “mabilisang apela” ay “**pinabilis na muling pagsasaalang-alang.**”

- Kung iaapela mo ang desisyong ginawa namin tungkol sa coverage para sa pangangalagang hindi mo natanggap, magdedesisyon ka at/o ang iyong doktor kung kailangan mo ng mabilisang apela.
- Ang proseso para sa mabilisang apela ay katulad ng proseso para sa mabilisang desisyon sa coverage. Upang humiling ng mabilisang apela, sundin ang mga tagubilin para sa paghiling ng mabilisang desisyon sa coverage sa **Seksyon F2**.
- Kung sinabi sa amin ng iyong doktor na kailangan ito ng kalusugan mo, bibigyan ka namin ng mabilisang apela.

**Kung sasabihin namin sa iyong ihihinto o babawasan namin ang mga serbisyo o item na natanggap mo na, puwede mong hilinging ipagpatuloy ang mga serbisyo o item na iyon sa panahon ng iyong apela.**

- Kung magdesisyon kaming baguhin o ihinto ang coverage para sa serbisyo o item na natanggap mo, papadalhan ka namin ng abiso bago kami kumilos.
- Kung hindi ka sang-ayon sa aming desisyon, maaari kang maghain ng Antas 1 na Apela.
- Ipagpapatuloy namin ang pagsakop sa serbisyo o item kung hihilingin mong ipagpatuloy namin ang pagsakop sa serbisyo o item at hihiling ka ng Antas 1 na Apela sa loob ng 10 araw sa kalendaryo simula sa petsang nasa sulat namin o hanggang sa nilalayong petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagkilos, alinman ang mas huli.
  - Kung matutugunan mo ang deadline na ito, matatanggap mo ang serbisyo o item nang walang pagbabago habang nakabinbin ang iyong Antas 1 na apela.
  - Matatanggap mo rin ang lahat ng iba pang serbisyo o item (na hindi paksa ng iyong apela) nang walang pagbabago.
  - Kung hindi ka aapela bago ang mga petsang ito, hindi ipagpapatuloy ang iyong serbisyo o gamot habang hinihintay mo ang desisyon sa iyong apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

**Isasaalang-alang namin ang iyong apela at ibibigay namin sa iyo ang aming sagot.**

- Kapag sinusuri namin ang iyong apela, sinusuri namin ulit nang mabuti ang lahat ng impormasyon tungkol sa iyong kahilingan para sa coverage ng medikal na pangangalaga.
- Sinusuri namin kung sinunod namin ang lahat ng panuntunan noong sumagot kami ng **Hindi** sa iyong kahilingan.
- Nangangalap kami ng higit pang impormasyon kung kailangan namin ito. Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo o sa iyong doktor upang makakuha ng higit pang impormasyon.

**May mga deadline para sa mabilisang apela.**

- Kapag ginamit namin ang mga mabilisang deadline, dapat naming ibigay sa iyo ang aming sagot **sa loob ng 72 oras pagkatapos naming matanggap ang iyong apela**. Mas maaga naming ibibigay sa iyo ang aming sagot kung kakailanganin ito ng iyong kalusugan.

Kung hindi ka namin mabibigyan ng sagot sa loob ng 72 oras, dapat naming ipadala ang iyong kahilingan sa Antas 2 ng proseso ng mga apela. Pagkatapos ay susuriin ito ng isang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri. Sa dulong bahagi ng kabanatang ito, sasabihin namin sa iyo ang tungkol sa organisasyong ito at ipapaliwanag ang Antas 2 na proseso ng mga apela.

- **Kung sasagot kami ng Oo sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan**, dapat naming pahintulutan o ibigay ang coverage na sinang-ayunan naming ibigay sa loob ng 72 oras pagkatapos naming matanggap ang iyong apela.
- **Kung sasagot kami ng Hindi sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan**, ipapadala namin ang iyong apela sa Hiwalay na Organisasyon ng Pagsusuri para sa Antas 2 na Apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

**May mga deadline para sa karaniwang apela.**

- Kapag ginamit namin ang mga karaniwang deadline, dapat naming ibigay sa iyo ang aming sagot **sa loob ng 30 araw sa kalendaryo** pagkatapos naming matanggap ang iyong apela para sa coverage para sa mga serbisyong hindi mo natanggap.
- Kung ang iyong kahilingan ay para sa inireresetang gamot sa Bahagi B ng Medicare na hindi mo natanggap, ibibigay namin sa iyo ang aming sagot **sa loob ng 7 araw sa kalendaryo** pagkatapos naming matanggap ang iyong apela o nang mas maaga kung kinakailangan ito ng iyong kalusugan.

Kung hindi ka namin mabibigyan ng sagot sa deadline, dapat naming ipadala ang iyong kahilingan sa Antas 2 ng proseso ng mga apela. Pagkatapos ay susuriin ito ng isang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri. Sa dulong bahagi ng kabanatang ito, sasabihin namin sa iyo ang tungkol sa organisasyong ito at ipapaliwanag ang Antas 2 na proseso ng mga apela.

**Kung sasagot kami ng Oo sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan,** dapat naming pahintulutan o ibigay ang coverage na sinang-ayunan naming ibigay sa loob ng 30 araw sa kalendaryo, o **sa loob ng 7 araw sa kalendaryo** kung ang iyong kahilingan ay para sa isang inireresetang gamot sa Bahagi B ng Medicare, pagkatapos naming matanggap ang iyong apela.

**Kung sasagot kami ng Hindi sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, mayroon kang mga karagdagang karapatan sa pag-apela:**

Kung sasagot kami ng **Hindi** sa isang bahagi o sa lahat ng hinihiling mo, papadalhan ka namin ng sulat.

- Kung ang iyong problema ay tungkol sa coverage ng isang serbisyo o item ng Medicare, sasabihin sa iyo ng sulat na ipinadala namin ang kaso mo sa Hiwalay na Organisasyon ng Pagsusuri para sa Antas 2 na Apela.
- Kung ang iyong problema ay tungkol sa coverage ng isang serbisyo o item ng Medi-Cal, sasabihin sa iyo ng sulat kung paano ka mismo makakapaghain ng Antas 2 na Apela.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare**.

#### F4. Pagsasagawa ng Antas 2 na Apela

Kung sasagot kami ng **Hindi** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong Antas 1 na Apela, papadalhan ka namin ng sulat. Sasabihin sa iyo ng sulat na ito kung karaniwang sinasakop ng Medicare, Medi-Cal, o ng parehong programa ang serbisyo o item.

- Kung ang iyong problema ay tungkol sa isang serbisyo o item na karaniwang sinasakop ng **Medicare**, awtomatiko naming ipapadala ang iyong kaso sa Antas 2 ng proseso ng mga apela sa sandaling makumpleto ang Antas 1 na Apela.
- Kung ang iyong problema ay tungkol sa isang serbisyo o item na karaniwang sinasakop ng **Medi-Cal**, ikaw mismo ay makakapaghain ng Antas 2 na Apela. Sasabihin sa iyo ng sulat kung pano ito gagawin. Naglagay rin kami ng higit pang impormasyon sa dulong bahagi ng kabanatang ito. Hindi kami awtomatikong naghahain ng Antas 2 na Apela para sa iyo para sa mga serbisyo o item ng Medi-Cal.
- Kung ang iyong problema ay tungkol sa isang serbisyo o item na maaaring sakupin ng **parehong Medicare at Medi-Cal**, awtomatiko kang makakakuha ng Antas 2 na Apela sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri. Maaari ka ring humiling ng isang Patas na Pagdinig sa estado.

Kung naging kwalipikado ka para sa pagpapatuloy ng mga benepisyo noong inihain mo ang iyong Antas 1 na Apela, ang iyong mga benepisyo para sa serbisyo, item, o gamot na inaapela ay maaari ding magpapatuloy sa panahon ng Antas 2. Sumangguni sa **Seksyon F3** para sa impormasyon tungkol sa pagpapatuloy ng iyong mga benepisyo sa panahon ng mga Antas 1 na Apela.

- Kung ang iyong problema ay tungkol sa isang serbisyong karaniwang sinasakop lang ng Medicare, ang iyong mga benepisyo para sa serbisyong iyon ay hindi magpapatuloy sa Antas 2 na proseso ng mga apela sa Hiwalay na Organisasyon ng Pagsusuri.
- Kung ang iyong problema ay tungkol sa isang serbisyong karaniwang sinasakop lang ng Medi-Cal, ang iyong mga benepisyo para sa serbisyong iyon ay magpapatuloy kung magsusumite ka ng Antas 2 na Apela sa loob ng 10 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang aming sulat ukol sa desisyon.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Kung ang iyong problema ay tungkol sa isang serbisyo o item na karaniwang sinasakop ng Medicare

Susuriin ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ang iyong apela. Isa itong hiwalay na organisasyong na-hire ng Medicare.

Ang pormal na pangalan para sa “Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri” ay ang **“Hiwalay na Entity sa Pagsusuri,”** na kung minsan ay tinatawag na **“IRE (Independent Review Entity).”**

- Ang organisasyong ito ay walang koneksyon sa amin at hindi isang ahensya ng pamahalaan. Medicare ang pumipili sa kumpanyang magiging Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri, at Medicare ang nangangasiwa sa kanilang trabaho.
- Nagpapadala kami ng impormasyon tungkol sa iyong apela (iyong “file ng kaso”) sa organisasyong ito. Mayroon kang karapatan sa libreng kopya ng file ng iyong kaso.
- Mayroon kang karapatang bigyan ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ng karagdagang impormasyon upang suportahan ang iyong apela.
- Sinsuri nang mabuti ng mga tagasuri sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ang lahat ng impormasyong nauugnay sa iyong apela.

## Kung nagkaroon ka ng mabilisang apela sa Antas 1, magkakaroon ka rin ng mabilisang apela sa Antas 2.

- Kung nagkaroon ka ng mabilisang apela sa amin sa Antas 1, awtomatiko kang makakakuha ng mabilisang apela sa Antas 2. Dapat kang bigyan ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ng sagot sa iyong Antas 2 na Apela **sa loob ng 72 oras** simula noong matanggap ang iyong apela.
- Kung ang iyong kahilingan ay para sa isang medikal na item o serbisyo at kailangan ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri na mangalap ng higit pang impormasyong maaaring magbigay ng benepisyo sa iyo, **maaari itong abutin ng hanggang 14 pang araw sa kalendaryo.** Hindi kami makakapagdagdag ng oras sa pagdedesisyon ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri kung ang iyong kahilingan ay para sa inireresetang gamot sa Bahagi B ng Medicare.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare.**



**Kung nagkaroon ka ng karaniwang apela sa Antas 1, magkakaroon ka rin ng karaniwang apela sa Antas 2.**

- Kung nagkaroon ka ng karaniwang apela sa amin sa Antas 1, awtomatiko kang makakatanggap ng karaniwang apela sa Antas 2.
- Kung ang iyong kahilingan ay para sa isang medikal na item o serbisyo, kailangan kang bigyan ng sagot ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa iyong Antas 2 na Apela **sa loob ng 30 araw sa kalendaryo** simula noong matanggap ang iyong apela.
- Kung ang iyong kahilingan ay para sa isang inireresetang gamot sa Bahagi B ng Medicare, kailangan kang bigyan ng sagot ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa iyong Antas 2 na Apela **sa loob ng 7 araw sa kalendaryo** simula noong matanggap ang iyong apela.

Ibibigay sa iyo ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ang kanilang sagot sa pamamagitan ng sulat at ipapaliwanag ang mga dahilan.

- Kung sasagot ng Oo ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa isang bahagi o sa lahat ng isang kahilingan para sa medikal na item o serbisyo, dapat naming ipatupad kaagad ang desisyon:
  - Pahintulutan ang coverage sa medikal na pangangalaga **sa loob ng 72 oras** o
  - Ibigay ang serbisyo sa loob ng **14 na araw sa kalendaryo** pagkatapos naming matanggap ang desisyon ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri para sa **mga karaniwang kahilingan** o
  - Ibigay ang serbisyo **sa loob ng 72 oras** mula sa petsa kung kailan namin natanggap ang desisyon ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri para sa **mga pinabilis na kahilingan**.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Kung sasagot ng **Oo** ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa isang bahagi o sa lahat ng isang kahilingan para sa inireresetang gamot sa Bahagi B ng Medicare, dapat naming pahintulutan o ibigay ang inireresetang gamot sa Bahagi B ng Medicare kung saan hindi nagkakasundo:
  - **Sa loob ng 72 oras** pagkatapos naming matanggap ang desisyon ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri para sa **mga karaniwang kahilingan** o
  - **Sa loob ng 24 na oras** mula sa petsa kung kailan namin natanggap ang desisyon ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri para sa **mga pinabilis na kahilingan.**
- Kung sasagot ng **Hindi** ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa isang bahagi o sa lahat ng iyong apela, nangangahulugan itong sumasang-ayon silang hindi namin dapat aprubahan ang iyong kahilingan (o ang isang bahagi ng iyong kahilingan) para sa coverage para sa medikal na pangangalaga. Tinawatag itong “pagsuporta sa desisyon” o “pagtanggì sa iyong apela.”

Kung matutugunan ng iyong kaso ang mga kinakailangan, makakapili ka kung gusto mong isulong pa ang iyong apela.

May tatlong karagdagang antas sa proseso ng mga apela pagkatapos ng Antas 2, para sa kabuuang limang antas.

Kung tinanggihan ang iyong Antas 2 na Apela at natutugunan mo ang mga kinakailangan upang ipagpatuloy ang proseso ng mga apela, dapat kang magdesisyon kung magpapatuloy sa Antas 3 at gagawa ng ikatlong apela. Ang mga detalye kung paano ito gawin ay makikita sa nakasulat na abisong natanggap mo pagkatapos ng iyong Antas 2 na Apela.

Isang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan o abugadong tagadesisyon ang nangangasiwa sa Antas 3 na Apela. Sumangguni sa **Seksyon J** para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga Antas 3, 4, at 5 na Apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Kung ang iyong problema ay tungkol sa isang serbisyo o item na karaniwang sinasakop ng Medi-Cal

### (1) Pagdinig ng Estado

Maaari kang humingi ng isang Pagdinig ng Estado para sa mga serbisyo at item na sinasakop ng Medi-Cal. Kung hihiling ang iyong doktor o ibang provider ng isang serbisyo o item na hindi namin aaprubahan, o hindi namin patuloy na babayaran ang isang serbisyo o item na mayroon ka na at sasagot kami ng hindi sa iyong Antas 1 na apela, mayroon kang karapatang humiling ng isang Pagdinig ng Estado.

Sa karamihan ng mga kaso, **mayroon kang 120 araw upang humiling ng Pagdinig ng Estado** pagkatapos maipadala sa iyo sa koreo ang abisong “Ang Iyong Mga Karapatan sa Pagdinig”.

**TANDAAN:** Kung hihiling ka ng Pagdinig ng Estado dahil sinabi namin sa iyong babaguhin o ihihinto ang isang serbisyong kasalukuyan mong natatanggap, mayroon **kang mas kaunting araw upang isumite ang iyong kahilingan** kung gusto mong patuloy na matanggap ang serbisyong iyon habang nakabinbin ang iyong Pagdinig ng Estado. Basahin ang “Magpapatuloy ba ang aking mga benepisyos sa panahon ng mga Antas 2 na apela” sa Kabanatang ito para sa higit pang impormasyon.

May dalawang paraan upang humiling ng isang Pagdinig ng Estado:

1. Maaari mong kumpletuhin ang "Kahilingan para sa Pagdinig ng Estado" sa likod ng abiso ng pagkilos. Dapat mong ibigay ang lahat ng hiniling na impormasyon gaya ng iyong buong pangalan, address, numero ng telepono, ang pangalan ng plano o county na nagsagawa ng pagkilos laban sa iyo, ang (mga) sangkot na programa ng tulong, at detalyadong dahilan kung bakit gusto mo ng pagdinig. Pagkatapos, maaari mong isumite ang iyong kahilingan sa isa sa mga paraang ito:

- Sa departamento ng kapakanan ng county sa address na ipinapakita sa abiso.
- Sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunang ng California:

State Hearings Division  
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37  
Sacramento, California 94244-2430

- Sa State Hearings Division sa numero ng fax **1-916-651-5210** o **1-916-651-2789**.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

2. Maaari mong tawagan ang Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunang ng California sa **1-800-952-5253**. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-800-952-8349**. Kung magdesisyon kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono, dapat mong malaman na masyadong abala ang mga linya ng telepono.

### Ano ang dapat gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng isang apela

Kung naghain ka ng apela at nakatanggap ng sulat mula sa amin na nagsasabi sa iyo na hindi namin binago ang aming desisyon, o kung hindi ka kailanman nakatanggap ng sulat na nagsasabi sa iyo sa aming desisyon at lampas na sa 30 araw, maaari kang:

- Humiling ng Pagdinig ng Estado mula sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan (“CDSS”), at isang hukom ang susuri ng iyong kaso
- Maghain ng form ng Independiyenteng Pagrepasong Medikal/Reklamo sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DMHC) upang ipasuri ang aming desisyon o humiling ng Independiyenteng Pagrepasong Medikal (“IMR”) mula sa DMHC. Sa panahon ng IMR ng DMHC, isang doktor mula sa labas na hindi bahagi ng Kaiser Permanente ang susuri ng iyong kaso. Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay (**1-888-466-2219**) at ang linya ng TTY para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita ay (**1-877-688-9891**). Mahahanap mo ang form ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal/Reklamo at mga tagubilin online sa website ng DMHC sa **www.dmhc.ca.gov**.

Hindi mo kailangang magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado o IMR.

Mayroon kang karapatan sa parehong Pagdinig ng Estado at IMR. Ngunit kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig, hindi ka makakahiling ng isang IMR. Sa kasong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may huling desisyon. Hindi napapailalim sa proseso ng IMR ang mga desisyon sa benepisyong parmasya ng Medi-Cal Rx.

Ang mga seksyon sa ibaba ay magbibigay sa iyo ng higit pang impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng isang Pagdinig ng Estado o IMR.

Ang mga reklamo at apelang nauugnay sa mga benepisyong parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi pinapangasiwaan ng Kaiser Permanente. Maaari kang magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyong parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273** at **pindutin ang 5** o **711**).

Gayunpaman, ang mga reklamo at apelang nauugnay sa mga benepisyong parmasyang hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging kwalipikado para sa isang Independiyenteng Pagrepasong Medikal. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa isang desisyong nauugnay sa iyong benepisyong parmasya ng Medi-Cal Rx, maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY **711**), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Tandaan: Ang mga item at serbisyong matatanggap mo sa ilalim ng Programa ng Mga Suporta sa Komunidad ay hindi kwalipikado para sa IMR.

### **Mga Reklamo at Hiwalay na Pagsusuring Medikal (“IMR”) kasama ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan**

Ang IMR ay kapag susuriin ng isang tagalabas na tagasuri na walang kaugnayan sa planong pangkalusugan ang iyong kaso. Kung gusto mo ng isang IMR, kailangan mo munang magsumite ng apela sa amin. Kung wala kang mababalitaan sa amin sa loob ng 30 araw sa kalendaryo, o kung hindi ka masaya sa desisyon namin, maaari kang humiling ng isang IMR. Kailangan mong humiling ng isang IMR sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa ng abiso na nagsasabi sa iyo ng tungkol sa desisyon sa apela. Mayroon ka lang 120 araw upang humiling ng Pagdinig ng Estado kaya kung gusto mo ng IMR at ng pagdinig ng Estado, ihain ang iyong reklamo sa lalong madaling panahon na magagawa mo. Tandaan, kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig, hindi ka makakahiling ng isang IMR. Sa kasong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may huling desisyon.

Maaari kang makakuha kaagad ng IMR nang hindi muna nagsusumite ng apela. Ganito ang nangyayari kapag ang iyong problema sa kalusugan ay agaran o tinanggihan ang kahilingan dahil ang paggamot ay itinuturing na sinusubukan o sinisiyasat pa lang.

Kung ang iyong reklamo sa DMHC ay hindi magiging kwalipikado para sa isang IMR, susuriin pa rin ng DMHC ang iyong reklamo upang tiyaking tama ang naging desisyon namin noong inapela mo ang aming mga pagtangga ng mga serbisyo. Kailangan nating sumunod sa mga desisyon sa IMR at pagsusuri ng DMHC.

Ang talatang nasa ibaba ay magbibigay sa iyo ng impormasyon sa kung paano hihiling ng isang IMR. Tandaan na ang terminong “karaingan” ay tumutukoy sa parehong “mga reklamo” at “mga apela.”



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

**Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California ay responsable sa pagkontrol ng mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa 1-800-443-0815 (TTY 711) at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit sa pamamaraan sa karaingan na ito ay hindi nagbabawal sa anumang posibleng legal na karapatan o remedyo na maaari mong magamit. Kung kailangan mo ng tulong sa karaingan na may kaugnayan sa isang emerhensiya, isang karaingan na hindi pa kasiya-siyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na higit sa 30 araw nang hindi pa nalulutas, maaari mong tawagan ang kagawaran para sa tulong. Maaari ka ring maging kwalipikado para sa isang Independiyenteng Pagrepasong Medikal (“IMR”). Kung ikaw ay kwalipikado para sa IMR, ang proseso ng IMR ay magbibigay ng walang kinikilingang pagsusuri ng mga desisyong medikal na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng isang iminungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa coverage sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lamang at mga hindi pagkakasundo sa pagbabayad para sa emergency o mga agarang serbisyong medikal. Ang departamento ay mayroon ding walang bayad na numero ng telepono (1-888-466-2219) at linya ng TDD (1-877-688-9891) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento na <http://www.dmhc.ca.gov> ay mayroong mga form para sa pagrereklamo, mga application form para sa IMR at mga tagubilin online.**

Ibibigay sa iyo ng opisina ng Pagdinig ng Estado ang kanilang desisyon sa pamamagitan ng sulat at ipapaliwanag ang mga dahilan.

- Kung sasagot ng **Oo** ang opisina ng Pandinig ng Estado sa isang bahagi o sa lahat ng isang kahilingan para sa medikal na item o serbisyo, dapat naming pahintulutan o ibigay ang serbisyo o item **sa loob ng 72 oras** pagkatapos naming matanggap ang kanilang desisyon.
- Kung sasagot ng **Hindi** ang opisina ng Pagdinig ng Estado sa isang bahagi o sa lahat ng iyong apela, nangangahulugan itong sumasang-ayon silang hindi namin dapat aprubahan ang iyong kahilingan (o ang isang bahagi ng iyong kahilingan) para sa coverage para sa medikal na pangangalaga. Tinawatag itong “pagsuporta sa desisyon” o “pagtangga sa iyong apela.”

Kung ang desisyon ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri o opisina ng Pagdinig ng Estado ay **Hindi** para sa lahat o sa isang bahagi ng iyong kahilingan, mayroon kang mga karagdagang karapatan sa apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

Kung ang iyong Antas 2 na Apela ay napunta sa **Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri**, maaari ka lang umapela ulit kung ang halaga sa dolyar ng serbisyo o item na gusto mo ay makakatugon sa isang partikular na pinakamababang halaga. Isang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan o abugadong tagadesisyon ang nangangasiwa sa Antas 3 na Apela. **Ipapaliwanag ng sulat na matatanggap mo mula sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ang mga karagdagang karapatan sa pag-apela na maaaring mayroon ka.**

Inilalarawan ng sulat na matatanggap mo mula sa opisina ng Pagdinig ng Estado ang susunod na opsyon sa pag-apela.

Sumangguni sa **Seksyon J** para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pag-apela pagkatapos ng Antas 2.

### **F5. Mga problema sa pagbabayad**

Hindi namin pinapayagan ang aming mga provider na nasa network na singilin ka para sa mga sakop na serbisyo at item. Totoo ito kahit na babayaran namin ang provider nang mas maliit kaysa sa sinisingil ng provider para sa isang sakop na serbisyo o item. Hindi ka kailanman inaatasang bayaran ang balanse ng anumang bill. Ang tanging halagang dapat hilingin sa iyong bayaran ay ang copay para sa ambulansya, dialysis, at ilang partikular na DME na item gaya ng inilalarawan sa Chart ng Mga Benepisyo sa **Kabanata 4** o ang bahagi sa gastos na inilalarawan sa **Kabanata 6**, kung hindi ka na kwalipikado para sa "Karagdagang Tulong."

Kung makatanggap ka ng bill na higit sa iyong copay para sa mga sakop na serbisyo at item, ipadala sa amin ang bill. **Hindi dapat ikaw mismo ang magbayad ng bill.** Direkta kaming makikipag-ugnayan sa provider at aayusin ang problema. Kung binayaran mo ang bill, maaari kang makatanggap ng refund kung sinusunod mo ang mga panuntunan para sa pagkuha ng mga serbisyo o item.

Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa **Kabanata 7** ng **Handbook ng Miyembro** na ito. Inilalarawan nito ang mga sitwasyon kung kailan maaaring kailanganin mong hilingin sa amin na ibalik ang ibinayad mo o bayaran ang bill na natanggap mo mula sa isang provider. Sinasabi rin nito kung paano ipapadala sa amin ang dokumentong humihiling sa amin ng bayad.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung hihilingin mong ibalik ang ibinayad mo, humihiling ka ng desisyon sa coverage. Susuriin namin kung sakop ang serbisyo o item na binayaran mo at kung sinunod mo ang lahat ng panuntunan para sa paggamit ng iyong coverage.

- Kung sakop ang serbisyo o item na binayaran mo at sinunod mo ang lahat ng panuntunan, ipapadala namin sa iyo ang aming bahagi sa gastos para sa serbisyo o item sa loob ng 60 araw sa kalendaryo pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan.
- Kung hindi mo pa nababayaran ang serbisyo o item, direkta naming ipapadala sa provider ang bayad. Kapag ipinadala namin ang bayad, katulad ito ng pagsagot ng **Oo** sa iyong kahilingan para sa isang desisyon sa coverage.
- Kung hindi sakop ang serbisyo o item o hindi mo sinunod ang lahat ng panuntunan, papadalhan ka namin ng sulat na nagsasabi sa iyong hindi namin babayaran ang serbisyo o item at ipapaliwanag kung bakit.

Kung hindi ka sang-ayon sa aming desisyong huwag magbayad, **maaari kang gumawa ng apela**. Sundin ang proseso ng mga apelang inilalarawan sa **Seksyon F3**. Kapag sinunod mo ang mga tagubiling ito, tandaan:

- Kapag gumawa ka ng apelang ibalik namin ang ibinayad mo, dapat naming ibigay sa iyo ang aming sagot sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos naming matanggap ang iyong apela.
- Kung sasagot kami ng **Hindi** sa iyong apela at karaniwang sinasakop ng **Medicare** ang serbisyo o item, ipapadala namin ang iyong kaso sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri. Papadalhan ka namin ng sulat kung mangyayari ito.

Kung babaligtarin ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ang aming desisyon at sinabing dapat ka naming bayaran, dapat naming ipadala sa iyo o sa provider ang bayad sa loob ng 30 araw sa kalendaryo. Kung **Oo** ang isasagot sa iyong apela sa anumang antas ng proseso ng mga apela pagkatapos ng Antas 2, dapat naming ipadala sa iyo o sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ang bayad sa loob ng 60 araw sa kalendaryo.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



- Kung sasagot ng **Hindi** sa iyong apela ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagbabayad, nangangahulugan itong sumasang-ayon silang hindi namin dapat aprubahan ang iyong kahilingan. Tinatawag itong “pagsuporta sa desisyon” o “pagtanggì sa iyong apela.” Makakatanggap ka ng sulat na nagpapaliwanag sa mga karagdagang karapatan sa apela na maaaring mayroon ka. Sumangguni sa **Seksyon J** para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga karagdagang antas ng apela.
- Kung sasagot kami ng **Hindi** sa iyong apela at karaniwang sinasakop ng **Medi-Cal** ang serbisyo o item, maaaring ikaw mismo ang maghain ng Antas 2 na Apela. Hindi kami awtomatikong naghahain ng antas 2 na apela para sa iyo. Sumangguni sa **Seksyon F4** para sa higit pang impormasyon.

---

## G. Mga inireresetang gamot sa Bahagi D ng Medicare

Ang iyong mga benepisyo bilang isang miyembro ng aming plano ay kinabibilangan ng coverage para sa maraming inireresetang gamot. Karamihan sa mga ito ay mga gamot sa Bahagi D ng Medicare. May ilang gamot na hindi sinasakop ng Bahagi D ng Medicare na maaaring sakupin ng Medi-Cal. **Nalalapat lang ang seksyong ito sa mga apela sa gamot sa Bahagi D.** Sasabihin namin ang “gamot” sa natitirang bahagi ng seksyong ito sa halip na “gamot sa Bahagi D” sa bawat pagkakataon.

Upang masakop, dapat gamitin ang gamot para sa medikal na tinatanggap na indikasyon. Ibig sabihin nito, ang gamot ay inaaprubahan ng Food and Drug Administration (FDA) o sinusuportahan ng ilan partikular na medikal na sanggunian. Sumangguni sa **Kabanata 5 ng Handbook ng Miyembro** na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa isang medikal na tinatanggap na indikasyon.

### G1. Mga desisyon at apela sa coverage sa Bahagi D

Narito ang mga halimbawa ng mga desisyon sa coverage na hiniling mong gawin namin tungkol sa iyong mga gamot sa Bahagi D:

- Hiniling mo sa aming gumawa ng pagbubukod, kasama ang paghiling sa aming:
  - Sakupin ang isang gamot sa Bahagi D na wala sa Listahan ng Gamot ng aming plano o
  - Balewalain ang paghihigpit sa aming coverage para sa isang gamot (gaya ng mga limitasyon sa dami ng makukuha mo).



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Tatanungin mo sa amin kung sinasakop ang isang gamot para sa iyo (gaya ng kapag nasa Listahan ng Gamot ng aming plano ang iyong gamot ngunit kailangan namin itong aprubahan para sa iyo bago namin ito sakupin).

**TANDAAN:** Kung sasabihin sa iyo ng iyong parmasya na hindi mapupunan ang iyong reseta ayon sa nakasulat, bibigyan ka ng iyong parmasya ng nakasulat na abiso na nagpapaliwanag kung paano makikipag-ugnayan sa amin upang humiling ng pagdedesisyon sa coverage.

Ang isang paunang desisyon sa coverage tungkol sa iyong mga gamot sa Bahagi D ay tinatawag na **“pagtukoy ng coverage.”**

- Hihilingin mo sa aming bayaran ang gamot na nabili mo na. Isa itong paghiling ng desisyon sa coverage tungkol sa bayad.



Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon sa coverage na ginawa namin, maaari mong iapela ang aming desisyon. Sinasabi sa iyo ng seksyong ito kung paano humiling ng mga desisyon sa coverage at kung paano gumawa ng apela. Gamitin ang chart sa ibaba upang makatulong sa iyo.

<b>Alin sa mga sitwasyong ito ang kinabibilangan mo?</b>			
<p>Kailangan mo ng gamot na wala sa aming Listahan ng Gamot o kailangan mong balewalain namin ang isang panuntunan o paghihigpit sa isang gamot na sinasakop namin.</p> <p><b>Maaari mong hilingin sa aming gumawa ng pagbubukod.</b> (Isa itong uri ng desisyon sa coverage.)</p> <p>Magsimula sa <b>Seksyon G2</b>, pagkatapos ay sumangguni sa <b>Seksyon G3 at G4.</b></p>	<p>Gusto mong sakupin namin ang isang gamot na nasa aming Listahan ng Gamot, at sa tingin mo ay natutugunan mo ang mga panuntunan ng plano o paghihigpit (gaya ng paunang pagkuha ng pag-apruba) para sa gamot na kailangan mo.</p> <p><b>Maaari kang humiling sa amin ng desisyon sa coverage.</b></p> <p>Sumangguni sa <b>Seksyon G4.</b></p>	<p>Gusto mong hilingin sa amin na ibalik ang ibinayad mo para sa isang gamot na natanggap mo na at nabayaran na.</p> <p><b>Maaari mong hilingin sa amin na ibalik ang ibinayad mo.</b> (Isa itong uri ng desisyon sa coverage.)</p> <p>Sumangguni sa <b>Seksyon G4.</b></p>	<p>Sinabi namin sa iyong hindi namin sasakupin o babayaran ang gamot sa paraang gusto mo.</p> <p><b>Maaari kang gumawa ng apela.</b> (Ibig sabihin nito, hihilingin mo sa aming magsaalang-alang ulit.)</p> <p>Sumangguni sa <b>Seksyon G5.</b></p>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## G2. Mga pagbubukod sa Bahagi D

Kung hindi namin sasakupin ang isang gamot sa paraang gusto mo, maaari mong hilingin sa amin na gumawa ng “pagbubukod.” Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan para sa isang pagbubukod, maaari mong iapela ang aming desisyon.

Kapag hihiling ka ng pagbubukod, kailangang ipaliwanag ng iyong doktor o iba pang tagareseta ang mga medikal na dahilan kung bakit kailangan mo ang pagbubukod.

Kung minsan, ang paghiling ng coverage ng isang gamot na wala sa aming Listahan ng Gamot o ng pag-aalis ng paghihigpit sa isang gamot ay tinatawag na paghiling ng “**pagbubukod sa pormularyo.**”

Narito ang ilang halimbawa ng mga pagbubukod na maaari mong hilingin o ng iyong doktor o iba pang tagareseta na gawin namin:

### Pagsakop sa isang gamot na wala sa aming Listahan ng Gamot

- Kung sasang-ayon kaming gumawa ng pagbubukod at sasakupin ang isang gamot na wala sa aming Listahan ng Gamot, babayaran mo ang copay na nalalapat sa lahat ng aming gamot.
- Hindi ka makakakuha ng pagbubukod sa kinakailangang halaga ng copay para sa gamot.

### Pag-aalis ng paghihigpit para sa isang sakop na gamot

- Nalalapat ang mga dagdag na panuntunan o paghihigpit sa ilang partikular na gamot sa aming Listahan ng Gamot (sumangguni sa **Kabanata 5** ng **Handbook ng Miyembro** na ito para sa higit pang impormasyon).
- Kasama sa mga dagdag na panuntunan at paghihigpit para sa ilang partikular na gamot ang:
  - Pag-aatas na gamitin ang generic na bersyon ng isang gamot sa halip na ang branded na gamot.
  - Paunang pagkuha sa aming pag-apruba bago kami sumang-ayon na sakupin ang gamot para sa iyo. Kung minsan, tinatawag itong “paunang pagpapahintulot.”



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

### G3. Mahahalagang bagay na dapat malaman tungkol sa paghiling ng pagbubukod

#### Dapat sabihin sa amin ng iyong doktor o iba pang tagareseta ang mga medikal na dahilan.

Dapat kaming bigyan ng iyong doktor o iba pang tagareseta ng pahayag na nagpapaliwanag sa mga medikal na dahilan ng paghiling ng pagbubukod. Para sa mas mabilisang desisyon, isama ang medikal na impormasyong ito mula sa iyong doktor o iba pang tagareseta kapag hihilingin mo ang pagbubukod.

Kadalasang kasama sa aming Listahan ng Gamot ang mahigit sa isang gamot para sa paggamot sa isang partikular na kondisyon. Tinatawag na mga “alternatibong” gamot ang mga ito. Kung ang isang alternatibong gamot ay kasing bisa ng gamot na hinihiling mo at hindi ito magdudulot ng mas maraming hindi magandang epekto o iba pang problema sa kalusugan, sa pangkalahatan ay **hindi** namin aaprubahan ang iyong kahilingan para sa pagbubukod.

#### Maaari kaming sumagot ng **Oo** o **Hindi** sa iyong kahilingan.

- Kung sasagot kami ng **Oo** sa iyong kahilingan para sa pagbubukod, karaniwang tumatagal ang pagbubukod hanggang sa pagtatapos ng taon sa kalendaryo. Totoo ito hangga't patuloy na irereseta ng iyong doktor ang gamot para sa iyo at patuloy na magiging ligtas at epektibo ang gamot na iyon para sa paggamot sa kondisyon mo.
- Kung sasagot kami ng **Hindi** sa iyong kahilingan para sa pagbubukod, maaari kang gumawa ng apela. Sumangguni sa **Seksyon G5** para sa impormasyon sa paggawa ng apela kung sasagot kami ng **Hindi**.

Sasabihin sa iyo ng susunod na seksyon kung paano humiling ng desisyon sa coverage, kasama ang isang pagbubukod.

### G4. Paghiling ng desisyon sa coverage, kasama ang pagbubukod

- Hilingin ang uri ng desisyon sa coverage na gusto mo sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro, pagsulat, o pag-fax sa amin. Magagawa mo ito, ng iyong kinatawan, o ng iyong doktor (o iba pang tagareseta). Isama ang iyong pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at impormasyon tungkol sa claim.
- Ikaw o ang iyong doktor (o iba pang tagareseta) o isang taong kumikilos sa ngalan mo ay maaaring humiling ng desisyon sa coverage. Maaari mo ring hilingin sa isang abugado na kumilos sa iyong ngalan.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Sumangguni sa **Seksyon E3** upang malaman kung paano papangalanan ang isang tao bilang iyong kinatawan.
- Hindi mo kailangang magbigay ng nakasulat na pahintulot sa iyong doktor o iba pang tagareseta upang humiling ng desisyon sa coverage sa iyong ngalan.
- Kung gusto mong hilingin sa amin na ibalik ang ibinayad mo para sa isang gamot, sumangguni sa **Kabanata 7** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.
- Kung hihiling ka ng pagbubukod, magbigay sa amin ng “pansuportang pahayag.” Kasama sa pansuportang pahayag ang mga medikal na dahilan ng iyong doktor o iba pang tagareseta para sa kahilingan para sa pagbubukod.
- Maaaring i-fax o ipadala sa amin sa koreo ng iyong doktor o iba pang tagareseta ang pansuportang pahayag. Maaari din nilang sabihin sa amin sa pamamagitan ng telepono at pagkatapos ay i-fax o ipadala sa koreo ang pahayag.

### **Kung kakailanganin ito ng iyong kalusugan, humiling sa amin ng “mabilisang desisyon sa coverage.”**

Gagamitin namin ang “mga karaniwang deadline” maliban kung sumang-ayon kaming gamitin ang “mga mabilisang deadline.”

- Nangangahulugan ang **karaniwang desisyon sa coverage** na bibigyan ka namin ng sagot sa loob ng 72 oras pagkatapos naming matanggap ang pahayag ng iyong doktor.
- Nangangahulugan ang **mabilisang desisyon sa coverage** na bibigyan ka namin ng sagot sa loob ng 24 na oras pagkatapos naming matanggap ang pahayag ng iyong doktor.

Ang “mabilisang desisyon sa coverage” ay tinatawag na **“pinabilis na pagtukoy sa coverage.”**

- Makakakuha ka ng mabilisang desisyon sa coverage kung:
  - Ito ay para sa gamot na hindi mo natatanggap. Hindi ka makakakuha ng mabilisang desisyon sa coverage kung hinihiling mo sa aming ibalik ang ibinayad mo para sa isang gamot na nabili mo na.
  - Matinding mapipinsala ang iyong kalusugan o kakayahang kumilos kung gagamitin namin ang mga karaniwang deadline.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung sasabihin sa amin ng iyong doktor o iba pang tagareseta na nangangailangan ang iyong kalusugan ng mabilisang desisyon sa coverage, sasang-ayon kami at ibibigay namin ito sa iyo. Magpapadala kami sa iyo ng sulat na magsasabi sa iyo.

- Kung hihiling ka ng mabilisang desisyon sa coverage nang walang suporta mula sa iyong doktor o iba pang tagareseta, kami ang magdedesisyon kung makakatanggap ka ng mabilisang desisyon sa coverage.
- Kung magdesisyon kaming hindi natutugunan ng iyong medikal na kondisyon ang mga kinakailangan para sa isang mabilisang desisyon sa coverage, gagamitin na lang namin ang mga karaniwang deadline.

Magpapadala kami sa iyo ng sulat na magsasabi sa iyo. Sasabihin din sa iyo ng sulat kung paano gumawa ng reklamo tungkol sa aming desisyon.

Maaari kang maghain ng mabilisang reklamo at makatanggap ng sagot sa loob ng 24 na oras. Para sa higit pang impormasyon sa paggawa ng mga reklamo, kasama ang mga mabilisang reklamo, sumangguni sa **Seksyon K**.

### **Mga deadline para sa mabilisang desisyon sa coverage**

- Kung gagamitin namin ang mga mabilisang deadline, dapat naming ibigay sa iyo ang aming sagot sa loob ng 24 na oras pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan. Kung hihiling ka ng pagbubukod, ibibigay namin sa iyo ang aming sagot sa loob ng 24 na oras pagkatapos naming matanggap ang pansuportang pahayag ng iyong doktor. Ibibigay namin sa iyo ang aming sagot nang mas maaga kung kinakailangan ito ng iyong kalusugan.
- Kung hindi namin matutugunan ang deadline na ito, ipapadala namin ang iyong kahilingan sa Antas 2 ng proseso ng mga apela para sa pagsusuri ng isang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri. Sumangguni sa **Seksyon G6** para sa higit pang impormasyon tungkol sa isang Antas 2 na Apela.
- Kung sasagot kami ng **Oo** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, ibibigay namin sa iyo ang coverage sa loob ng 24 na oras pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan o ang pansuportang pahayag ng iyong doktor.
- Kung sasagot kami ng **Hindi** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, papadalhan ka namin ng sulat na may mga dahilan. Sasabihin din sa iyo ng sulat kung paano ka makakagawa ng apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

### Mga deadline para sa isang karaniwang desisyon sa coverage tungkol sa isang gamot na hindi mo kinuha

- Kung gagamitin namin ang mga karaniwang deadline, dapat naming ibigay sa iyo ang aming sagot sa loob ng 72 oras pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan. Kung hihiling ka ng pagbubukod, ibibigay namin sa iyo ang aming sagot sa loob ng 72 oras pagkatapos naming matanggap ang pansuportang pahayag ng iyong doktor. Ibibigay namin sa iyo ang aming sagot nang mas maaga kung kinakailangan ito ng iyong kalusugan.
- Kung hindi namin matutugunan ang deadline na ito, ipapadala namin ang iyong kahilingan sa Antas 2 ng proseso ng mga apela para sa pagsusuri ng isang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri.
- Kung sasagot kami ng **Oo** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, ibibigay namin sa iyo ang coverage sa loob ng 72 oras pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan o ang pansuportang pahayag ng iyong doktor para sa isang pagbubukod.
- Kung sasagot kami ng **Hindi** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, papadalhan ka namin ng sulat na may mga dahilan. Sasabihin din sa iyo ng sulat kung paano gumawa ng apela.

### Mga deadline para sa karaniwang desisyon sa coverage tungkol sa isang gamot na nabili mo na

- Dapat naming ibigay sa iyo ang aming sagot sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan.
- Kung hindi namin matutugunan ang deadline na ito, ipapadala namin ang iyong kahilingan sa Antas 2 ng proseso ng mga apela para sa pagsusuri ng isang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri.
- Kung sasagot kami ng **Oo** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, ibabalik namin ang ibinayad mo sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo.
- **Kung** sasagot kami ng **Hindi** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, papadalhan ka namin ng sulat na may mga dahilan. Sasabihin din sa iyo ng sulat kung paano gumawa ng apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



## G5. Pagsasagawa ng Antas 1 na Apela

Ang apela sa aming plano tungkol sa isang desisyon sa coverage sa gamot sa Bahagi D ay tinatawag na “**muling pagtukoy**” ng plano.

- Simulan ang iyong **karaniwan** o **mabilisang apela** sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-866-206-2973**, pagsulat, o pag-fax sa amin. Magagawa mo ito, ng iyong kinatawan, o ng iyong doktor (o iba pang tagareseta). Isama ang iyong pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at impormasyon tungkol sa iyong claim.
- Kailangan mong humiling ng apela **sa loob ng 60 araw sa kalendaryo** mula sa petsang nasa sulat na ipinadala namin upang sabihin sa iyo ang aming desisyon.
- Kung hindi ka umabot sa deadline at mayroon kang magandang dahilan para sa hindi pag-abot dito, maaari ka naming bigyan ng karagdagang panahon upang gawin ang iyong apela. Ang mga halimbawa ng magagandang dahilan ay mga bagay tulad ng nagkaroon ka ng malubhang sakit o maling impormasyon ang naibigay namin sa iyo tungkol sa deadline. Ipaliwanag ang dahilan kung bakit nahuli ang iyong apela noong ginawa mo ang iyong apela.
- Mayroon kang karapatang humingi sa amin ng libreng kopya ng impormasyon tungkol sa iyong apela. Ikaw at ang iyong doktor ay maaari ding magbigay sa amin ng higit pang impormasyon upang suportahan ang apela mo.

### Kung kakailanganin ito ng iyong kalusugan, humiling ng mabilisang apela.

Ang isang mabilisang apela ay tinatawag ring isang “**pinabilis na muling pagtukoy**.”

- Kung iaapela mo ang isang desisyong ginawa namin tungkol sa isang gamot na hindi mo kinuha, magdedesisyon ka at ang iyong doktor o iba pang tagareseta kung kailangan mo ng mabilisang apela.
- Ang mga kinakailangan para sa mabilisang apela ay katulad ng mga kinakailangan para sa mabilisang desisyon sa coverage. Sumangguni sa **Seksyon G4** para sa higit pang impormasyon.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Isasaalang-alang namin ang iyong apela at ibibigay namin sa iyo ang aming sagot.

- Susuriin namin ang iyong apela at titingnan ulit nang mabuti ang lahat ng impormasyon tungkol sa iyong kahilingan sa coverage.
- Susuriin namin kung sinunod namin ang mga panuntunan noong sumagot kami ng **Hindi** sa iyong kahilingan.
- Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo o sa iyong doktor o iba pang tagareseta upang kumuha ng higit pang impormasyon.

### Mga deadline para sa mabilisang apela sa Antas 1

- Kung gagamitin namin ang mga mabilisang deadline, dapat naming ibigay sa iyo ang aming sagot **sa loob ng 72 oras** pagkatapos naming matanggap ang iyong apela.
- Ibibigay namin sa iyo ang aming sagot nang mas maaga kung kinakailangan ito ng iyong kalusugan.

Kung hindi ka namin mabibigyan ng sagot sa loob ng 72 oras, dapat naming ipadala ang iyong kahilingan sa Antas 2 ng proseso ng mga apela. Pagkatapos, susuriin ito ng isang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri. Sumangguni sa **Seksyon G6** para sa impormasyon tungkol sa organisasyon sa pagsusuri at sa Antas 2 ng proseso ng mga apela.

- Kung sasagot kami ng **Oo** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, dapat naming ibigay ang coverage na sumang-ayon kaming ibigay sa loob ng 72 oras pagkatapos naming matanggap ang iyong apela.
- Kung sasagot kami ng **Hindi** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, magpapadala kami sa iyo ng sulat na magpapaliwanag sa mga dahilan at magsasabi sa iyo kung paano ka makakagawa ng apela.

### Mga deadline para sa karaniwang apela sa Antas 1

- Kung gagamitin namin ang mga karaniwang deadline, dapat naming ibigay sa iyo ang aming sagot **sa loob ng 7 araw sa kalendaryo** pagkatapos naming matanggap ang iyong apela para sa isang gamot na hindi mo kinuha.
- Ibibigay namin sa iyo ang aming desisyon nang mas maaga kung hindi mo kinuha ang gamot at kinakailangan ito ng kondisyon ng kalusugan mo. Kung naniniwala kang kinakailangan ito ng kalusugan mo, humiling ng mabilisang apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung hindi ka namin mabibigyan ng desisyon sa loob ng 7 araw sa kalendaryo, dapat naming ipadala ang iyong kahilingan sa Antas 2 ng proseso ng mga apela. Pagkatapos, susuriin ito ng isang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri. Sumangguni sa **Seksyon G6** para sa impormasyon tungkol sa organisasyon sa pagsusuri at sa Antas 2 ng proseso ng mga apela.

Kung sasagot kami ng **Oo** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan:

- Dapat naming **ibigay ang coverage** na sinang-ayunan naming ibigay nang mabilis ayon sa kinakailangan ng iyong kalusugan ngunit **nang hindi lalampas ng 7 araw sa kalendaryo** pagkatapos naming matanggap ang iyong apela.
- Dapat naming **ipadala sa iyo ang bayad** para sa isang gamot na binili mo **sa loob ng 30 araw sa kalendaryo** pagkatapos naming matanggap ang iyong apela.

Kung sasagot kami ng **Hindi** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan:

- Magpapadala kami sa iyo ng sulat na magpapaliwanag sa mga dahilan at magsasabi sa iyo kung paano ka makakagawa ng apela.
- Dapat naming ibigay sa iyo ang aming sagot tungkol sa pagbabalik ng iyong ibinayad para sa isang gamot na binili mo **sa loob ng 14 araw sa kalendaryo** pagkatapos naming matanggap ang iyong apela.

Kung hindi ka namin mabibigyan ng desisyon sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo, dapat naming ipadala ang iyong kahilingan sa Antas 2 ng proseso ng mga apela. Pagkatapos, susuriin ito ng isang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri. Sumangguni sa **Seksyon G6** para sa impormasyon tungkol sa organisasyon sa pagsusuri at sa Antas 2 ng proseso ng mga apela.

- Kung sasagot kami ng **Oo** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, dapat ka naming bayaran sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan.
- Kung sasagot kami ng **Hindi** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, magpapadala kami sa iyo ng sulat na magpapaliwanag sa mga dahilan at magsasabi sa iyo kung paano ka makakagawa ng apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## G6. Pagsasagawa ng Antas 2 na Apela

Kung sasagot kami ng **Hindi** sa iyong Antas 1 na Apela, maaari mong tanggapin ang aming desisyon o maaari kang gumawa ng isa pang apela. Kung magdesisyon kang gumawa ng isa pang apela, gagamitin mo ang Antas 2 na proseso ng mga apela. Susuriin ng **Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri** ang aming desisyon kapag sumagot kami ng **Hindi** sa una mong apela. Ang organisasyong ito ang magdedesisyon kung dapat naming baguhin ang aming desisyon.

Ang pormal na pangalan para sa “Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri” ay ang **“Hiwalay na Entity sa Pagsusuri,”** na kung minsan ay tinatawag na **“IRE (Independent Review Entity).”**

Upang gumawa ng Antas 2 na Apela, ikaw, ang iyong kinatawan, o ang iyong doktor o iba pang tagapagreseta ay dapat na makipag-ugnayan sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri **sa pamamagitan ng sulat** at humiling ng pagsusuri ng iyong kaso.

- Kung sasagot kami ng **Hindi** sa iyong Antas 1 na Apela, kasama sa sulat na ipapadala namin sa iyo ang **mga tagubilin tungkol sa kung paano gumawa ng Antas 2 na Apela** sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri. Sasabihin ng mga tagubilin kung sino ang makakagawa ng Antas 2 na Apela, anong mga deadline ang dapat mong sundin, at kung paano maaabot ang organisasyon.
- Kapag gagawa ka ng apela sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri, ipapadala namin sa organisasyon ang impormasyong mayroon kami tungkol sa iyong apela. Ang impormasyong ito ay tinatawag na iyong “file ng kaso.” **Mayroon kang karapatan sa isang libreng kopya ng file ng kaso mo.**
- Mayroon kang karapatang bigyan ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ng karagdagang impormasyon upang suportahan ang iyong apela.

Susuriin ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ang iyong Antas 2 na Apela sa Bahagi D at bibigyan ka ng sagot sa pamamagitan ng sulat. Sumangguni sa **Seksyon F4** para sa higit pang impormasyon tungkol sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri.

### Mga deadline para sa mabilisang apela sa Antas 2

- Kung kakailanganin ito ng iyong kalusugan, humiling sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ng mabilisang apela.
- Kung sasang-ayon sila sa mabilisang apela, dapat ka nilang bigyan ng sagot **sa loob ng 72 oras** pagkatapos matanggap ang iyong kahilingan sa pag-apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Kung sasagot sila ng **Oo** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan, dapat naming ibigay ang inaprubahang coverage sa gamot **sa loob ng 24 na oras** pagkatapos matanggap ang desisyon ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri.

### Mga deadline para sa karaniwang apela sa Antas 2

Kung mayroon kang karaniwang apela sa Antas 2, dapat kang bigyan ng sagot ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri:

- **Sa loob ng 7 araw sa kalendaryo** pagkatapos nilang matanggap ang iyong apela para sa isang gamot na hindi mo kinuha.
- **Sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo** pagkatapos matanggap ang iyong apela para sa pagbabayad ng gamot na binili mo.

Kung sasagot ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ng **Oo** sa isang bahagi o sa lahat ng iyong kahilingan:

- Dapat naming ibigay ang inaprubahang coverage sa gamot **sa loob ng 72 oras** pagkatapos naming matanggap ang desisyon ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri.
- Dapat naming ibalik ang ibinayad mo para sa isang gamot na binili mo sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos naming matanggap ang desisyon ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri.

Kung sasagot ng **Hindi** sa iyong apela ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri, nangangahulugan itong sumasang-ayon sila sa desisyon naming hindi aprubahan ang iyong kahilingan. Tinawatag itong “pagsuporta sa desisyon” o “pagtanggì sa iyong apela.”

Kung sasagot ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ng **Hindi** sa iyong Antas 2 na Apela, mayroon kang karapatan sa Antas 3 na Apela kung ang halaga sa dolyar ng coverage sa gamot na hinihiling mo ay nakakatugon sa minimum na halaga sa dolyar. Kung ang halaga sa dolyar ng coverage sa gamot na hinihiling mo ay mas maliit sa kinakailangang minimum, hindi ka makakagawa ng isa pang apela. Sa kasong iyon, pinal na ang desisyon sa Antas 2 na Apela. Magpapadala sa iyo ng sulat ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri na magsasabi sa iyo ng minimum na halaga sa dolyar na kinakailangan upang magpatuloy sa Antas 3 na Apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung matutugunan ng iyong kahilingan ang halaga sa dolyar, ikaw ang pipili kung gusto mong isulong pa ang iyong apela.

- May tatlong karagdagang antas sa proseso ng mga apela pagkatapos ng Antas 2.
- Kung sasagot ng **Hindi** sa iyong Antas 2 na Apela ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri at natutugunan mo ang kinakailangan upang maipagpatuloy ang proseso ng mga apela, ikaw ay.
  - Magdesisyon kung gusto mong gumawa ng Antas 3 na Apela.
  - Sumangguni sa sulat na ipinadala sa iyo ng Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri pagkatapos ng iyong Antas 2 na Apela para sa mga detalye tungkol sa kung paano gumawa ng Antas 3 na Apela.
- Isang Hukom sa Pang-administratibong Batas o Hukom o attorney adjudicator ang mangangasiwa ng Antas 3 na Apela. Sumangguni sa **Seksyon J** para sa impormasyon tungkol sa Antas 3, 4, at 5 na Apela.

---

## H. Paghiling sa amin na sakupin ang isang mas mahabang pananatili sa ospital

Kapag na-admit ka sa ospital, mayroon kang karapatang kunin ang lahat ng serbisyo ng ospital na sinasakop namin na kinakailangan upang ma-diagnose at magamot ang iyong sakit o pinsala. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa coverage sa ospital ng ating plano, sumangguni sa **Kabanata 4 ng Handbook ng Miyembro** na ito.

Sa panahon ng iyong sinasakop na pananatili sa ospital, makikipagtulungan sa iyo ang iyong doktor at ang tauhan ng ospital upang maghanda para sa araw kung kailan ka aalis sa ospital. Tutulong din silang ayusin ang pangangalagang maaaring kailanganin mo pagkaalis mo.

- Ang araw na aalis ka sa ospital ay tinatawag na iyong “petsa ng paglabas ng ospital.”
- Sasabihin sa iyo ng iyong doktor o tauhan ng ospital kung ano ang iyong petsa ng paglabas ng ospital.

Kung sa tingin mo ay masyadong maaga ang pagpapaalis sa iyo sa ospital o nag-aalala ka tungkol sa iyong pangangalaga pagkaalis mo sa ospital, maaari kang humiling ng mas matagal na pananatili sa ospital. Sasabihin sa iyo ng seksyong ito kung paano humiling.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## H1. Pag-alam sa iyong mga karapatan sa Medicare

Sa loob ng dalawang araw pagkatapos mong ma-admit sa ospital, isang tao sa ospital, gaya ng isang nars o caseworker, ang magbibigay sa iyo ng nakasulat na abisong tinatawag na “**Isang Mahalagang Mensahe mula sa Medicare tungkol sa Iyong Mga Karapatan.**” Makakatanggap ng kopya ng abisong ito ang lahat ng may Medicare sa tuwing maa-admit sila sa isang ospital.

Kung hindi mo matatanggap ang abiso, hingin ito sa sinumang empleyado ng ospital. Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nasa ibaba ng page. Maaari ka ring tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-877-486-2048**.

- **Basahing mabuti ang abiso** at magtanong kung hindi mo naunawaan. Sinasabi sa iyo ng abiso ang tungkol sa iyong mga karapatan bilang isang pasyente sa ospital, kasama ang iyong mga karapatang:
  - Kumuha ng mga serbisyong sakop ng Medicare habang at pagkatapos ng iyong pananatili sa ospital. Mayroon kang karapatang malaman kung ano ang mga serbisyong ito, sino ang magbabayad para sa mga ito, at saan mo makukuha ang mga ito.
  - Maging bahagi ng anumang desisyon tungkol sa haba ng iyong pananatili sa ospital.
  - Malaman kung saan iuulat ang anumang alalahaning mayroon ka tungkol sa kalidad ng iyong pangangalaga sa ospital.
  - Umapela kung sa tingin mo ay masyadong maaga ang pagpapalabas sa iyo sa ospital.
- **Lagdaan ang abiso** upang ipakitang nakuha mo ito at nauunawaan ang iyong mga karapatan.
  - Maaari mong lagdaan ang abiso o ng isang taong kumikilos sa ngalan mo.
  - Ipinapakita **lang** ng paglagda sa abiso na nakuha mo ang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan. Ang paglagda ay **hindi** nangangahulugang sumasang-ayon ka sa petsa ng paglabas ng ospital na maaaring sinabi sa iyo ng iyong doktor o ng tauhan ng ospital.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- **Itabi ang iyong kopya** ng nilagdaang abiso upang nasa iyo ang impormasyon kung kailangan mo ito.

Kung lalagdaan mo ang abiso nang mahigit sa dalawang araw bago ang araw na aalis ka sa ospital, makakatanggap ka ng isa pang kopya bago ka palabasin sa ospital.

Maaari mong paunang tingnan ang isang kopya ng abiso kung ikaw ay:

- Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nasa ibaba ng page
- Tawagan ang Medicare sa **1-800 MEDICARE (1-800-633-4227)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-877-486-2048**.
- Bisitahin ang **[www.cms.gov/Medicare/Medicare-General-Information/BNI/HospitalDischargeAppealNotices](http://www.cms.gov/Medicare/Medicare-General-Information/BNI/HospitalDischargeAppealNotices)**.

## H2. Pagsasagawa ng Antas 1 na Apela

Kung gusto mong sakupin namin ang iyong mga inpatient na serbisyo ng ospital nang mas matagal na panahon, gumawa ng apela. Susuriin ng Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad ang Antas 1 na Apela upang malaman kung ang iyong nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital ay medikal na naaangkop para sa iyo.

Ang Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad ay isang grupo ng mga doktor at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na binabayaran ng pederal na pamahalaan. Sinusuri at tumutulong ang mga ekspertong ito na pahusayin ang kalidad para sa mga taong may Medicare. Hindi sila bahagi ng ating plano.

Sa California, ang Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad ay ang Livanta. Tawagan sila sa **1-877-588-1123**. Makikita rin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa abiso, “Isang Mahalagang Mensahe mula sa Medicare tungkol sa Iyong Mga Karapatan,” at sa **Kabanata 2**.

**Tawagan ang Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad bago ka umalis ng ospital at nang hindi lalampas sa iyong nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital.**

- **Kung tatawag ka bago ka umalis**, maaari kang manatili sa ospital pagkatapos ng iyong nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital nang hindi nagbabayad para rito habang hinihintay mo ang desisyon ng Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad tungkol sa iyong apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.



- **Kung hindi ka tatawag upang umapela**, at nagdesisyon kang manatili sa ospital pagkatapos ng iyong nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital, maaaring ikaw ang magbayad sa lahat ng gastos para sa pangangalaga sa ospital na matatanggap mo pagkatapos ng iyong nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital.
- **Kung mapapalampas mo ang deadline** sa pakikipag-ugnayan sa Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad tungkol sa iyong apela, direktang umapela na lang sa aming plano. Sumangguni sa **Seksyon G4** para sa impormasyon tungkol sa pagsasagawa ng apela sa amin.
- Dahil sinasakop ng parehong Medicare at Medi-Cal ang mga pananatili sa ospital, kung hindi pakikilingan ng Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad ang iyong kahilingang ipagpatuloy ang coverage ng iyong pananatili sa ospital, o naniniwala kang pang-akaran ang iyong sitwasyon, may kaugnay itong pang-akaran at seryosong panganib sa iyong kalusugan, o kung nakakaranas ka ng matinding pananakit, maaari ka ring maghain ng reklamo sa o humiling sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DMHC) ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal. Mangyaring sumangguni sa **Seksyon F4** upang malaman kung paano maghain ng reklamo at hihiling sa DMHC ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal.

**Humingi ng tulong kung kailangan mo ito.** Kung mayroon kang mga tanong o kailangan ng tulong anumang oras:

- Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nasa ibaba ng page.
- Tumawag sa Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) sa **1-800-434-0222**.

**Humiling ng mabilisang pagsusuri.** Kumilos kaagad at makipag-ugnayan sa Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad upang humiling ng mabilisang pagsusuri sa iyong paglabas ng ospital.

Ang legal na termino para sa “**mabilisang pagsusuri**” ay “**agarang pagsusuri**” o “**pinabilis na pagsusuri.**”



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

### Ano ang nangyayari sa panahon ng mabilisang pagsusuri

- Tatanungin ka o ang iyong kinatawan ng mga tagasuri sa Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad kung bakit sa palagay mo ay dapat magpatuloy ang coverage pagkatapos ng nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital. Hindi ka inaatasang magsulat ng pahayag, ngunit maaari mo itong gawin.
- Titingnan ng mga tagasuri ang iyong medikal na impormasyon, makikipag-usap sila sa iyong doktor, at susuriin nila ang impormasyong ibinigay sa kanila ng ospital at ng aming plano.
- Pagsapit ng tanghaling tapat ng araw pagkatapos sabihin ng mga tagasuri sa aming plano ang tungkol sa iyong apela, makakatanggap ka ng isa pang abiso na nagpapaliwanag kung bakit sa palagay ng iyong doktor, ospital, at namin na ito ang tamang petsa ng paglabas ng ospital na medikal na naaangkop para sa iyo.

Ang legal na termino para sa nakasulat na paliwanag na ito ay ang **“Detalyadong Abiso ng Paglabas ng Ospital.”** Makakakuha ka ng sample sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nasa ibaba ng page o **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. (Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-877-486-2048**.) Maaari ka ring sumangguni sa isang halimbawang abiso online sa **[www.cms.gov/Medicare/Medicare-General-Information/BNI/HospitalDischargeAppealNotices](http://www.cms.gov/Medicare/Medicare-General-Information/BNI/HospitalDischargeAppealNotices)**.

Sa loob ng isang buong araw pagkatapos matanggap ang lahat ng impormasyong kailangan nito, ibibigay sa iyo ng Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad ang kanilang sagot sa iyong apela.

Kung sasagot ng **Oo** ang Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad sa iyong apela:

- Ibibigay namin ang iyong mga sakop na inpatient na serbisyo sa ospital hangga't medikal na kinakailangan ang mga serbisyo.

Kung sasagot ng **Hindi** ang Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad sa iyong apela:

- Naniniwala silang medikal na naaangkop ang iyong nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital.
- Ang aming coverage para sa iyong mga inpatient na serbisyo sa ospital ay matatapos ng tanghaling tapat sa araw pagkatapos na ibigay sa iyo ng Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad ang kanilang sagot sa iyong apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

- Maaaring kailanganin mong bayaran ang buong gastos sa pangangalaga sa ospital na matatanggap mo pagkatapos ng tanghaling tapat sa araw pagkatapos na ibigay sa iyo ng Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad ang kanilang sagot sa iyong apela.
- Maaari kang gumawa ng Antas 2 na Apela kung tatanggihan ng Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad ang iyong Antas 1 na Apela **at** mananatili ka sa ospital pagkatapos ng iyong nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital.

### H3. Pagsasagawa ng Antas 2 na Apela

Para sa Antas 2 na Apela, hihilingin mo sa Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad na tingnan ulit ang desisyong ginawa nila sa iyong Antas 1 na Apela. Tawagan sila sa **1-877-588-1123**.

Dapat mong hilingin ang pagsusuring ito **sa loob ng 60 araw sa kalendaryo** pagkatapos ng araw na sumagot ng **Hindi** ang Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad sa iyong Antas 1 na Apela. Maaari mo **lang** hilingin ang pagsusuring ito kung mananatili ka sa ospital pagkatapos ng petsa na natapos ang iyong coverage para sa pangangalaga.

Gagawin ng Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad na:

- Susuriin ulit nang mabuti ang lahat ng impormasyong nauugnay sa iyong apela.
- Sasabihin sa iyo ang kanilang desisyon tungkol sa iyong Antas 2 na Apela sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo mula noong matanggap ang iyong kahilingan para sa pangalawang pagsusuri.

Kung sasagot ng **Oo** ang Organisasyon para sa Pagsusuri ng Kalidad sa iyong apela:

- Dapat naming ibalik ang ibinayad mo para sa aming bahagi sa mga gastos sa pangangalaga sa ospital simula noong tanghaling tapat sa araw pagkatapos ng petsa kung kailan tinanggihan ng Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad ang iyong Antas 1 na Apela.
- Ibigay namin ang iyong mga sakop na inpatient na serbisyo sa ospital hangga't medikal na kinakailangan ang mga serbisyo.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung sasagot ng **Hindi** ang Organisasyon para sa Pagsusuri ng Kalidad sa iyong apela:

- Sumasang-ayon sila sa kanilang desisyon tungkol sa iyong Antas 1 na Apela at hindi ito babaguhin.
- Nagbigay sila sa iyo ng sulat na nagsasabi sa iyo kung ano ang magagawa mo kung gusto mong ipagpatuloy ang proseso ng mga apela at gumawa ng Antas 3 na Apela.
- Maaari ka ring maghain ng reklamo sa o humiling sa DMHC ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal upang maipagpatuloy ang iyong pananatili sa ospital. Mangyaring sumangguni sa Seksyon E4 upang malaman kung paano maghain ng reklamo sa at humiling sa DMHC ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal.

Isang Hukom sa Pang-administratibong Batas o Hukom o attorney adjudicator ang mangangasiwa ng Antas 3 na Apela. Sumangguni sa **Seksyon J** para sa impormasyon tungkol sa Antas 3, 4, at 5 na Apela.

#### **H4. Pagsasagawa ng Antas 1 na Alternatibong Apela**

Ang deadline para sa pakikipag-ugnayan sa Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad para sa Antas 1 na Apela ay sa loob ng 60 araw o hindi lalampas sa iyong nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital. Kung napalampas mo ang deadline ng Antas 1 na Apela, maaari kang gumamit ng proseso ng “Alternatibong Apela”.

Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng page at humiling sa amin ng isang “mabilisang pagsusuri” ng iyong petsa ng paglabas ng ospital.

Ang legal na termino para sa “mabilisang pagsusuri” o “mabilisang apela” ay **“pinabilis na apela.”**

- Susuriin namin ang lahat ng impormasyon tungkol sa iyong pananatili sa ospital.
- Susuriin namin kung patas ang unang desisyon at sumunod ito sa mga panuntunan.
- Gagamit kami ng mabibilis na deadline sa halip na mga karaniwang deadline at ibibigay namin sa iyo ang aming desisyon sa loob ng 72 oras mula noong humiling ka ng mabilisang pagsusuri.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung sasagot kami ng **Oo** sa iyong mabilisang apela:

- Sumasang-ayon kaming kailangan mong manatili sa ospital pagkatapos ng petsa ng paglabas ng ospital.
- Ibibigay namin ang iyong mga sakop na inpatient na serbisyo sa ospital hangga't medikal na kinakailangan ang mga serbisyo.
- Ibabalik namin ang ibinayad mo para sa bahagi namin sa mga gastos sa pangangalagang kinuha mo simula noong petsang sinabi naming matatapos ang iyong coverage.

Kung sasagot kami ng **Hindi** sa iyong mabilisang apela:

- Sumasang-ayon kaming medikal na naaangkop ang iyong nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital.
- Matatapos ang aming coverage para sa iyong mga inpatient na serbisyo sa ospital sa petsang sinabi namin sa iyo.
- Hindi namin babayaran ang anumang bahagi sa mga gastos pagkatapos ng petsang ito.
- Maaaring kailanganin mong bayaran ang buong gastos sa pangangalaga sa ospital na matatanggap mo pagkatapos ng nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital kung ipinagpatuloy mo ang pananatili sa ospital.
- Ipapadala namin ang iyong apela sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri upang matiyak na sinunod namin ang lahat ng panuntunan. Kapag ginawa namin ito, awtomatikong mapupunta ang iyong kaso sa Antas 2 na proseso ng mga apela.

### **H5. Pagsasagawa ng Antas 2 na Alternatibong Apela**

Ipapadala namin ang impormasyon para sa iyong Antas 2 na Apela sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa loob ng 24 na oras ng pagsagot ng **Hindi** sa iyong Antas 1 na Apela. Awtomatiko namin itong ginagawa. Wala kang kailangang gawin.

Kung sa palagay mo ay hindi namin natugunan ang deadline na ito, o ang anupamang deadline, maaari kang gumawa ng reklamo. Sumangguni sa **Seksyon K** para sa impormasyon tungkol sa pagsasagawa ng mga reklamo.

Ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ay magsasagawa ng mabilisang pagsusuri sa iyong apela. Susuriin nila nang mabuti ang lahat ng impormasyon tungkol sa iyong paglabas ng ospital at karaniwang magbibigay sa iyo ng sagot sa loob ng 72 oras.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung sasagot ng **Oo** ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa iyong apela:

- Ibabalik namin ang ibinayad mo para sa bahagi namin sa mga gastos sa pangangalagang kinuha mo simula noong petsang sinabi naming matatapos ang iyong coverage.
- Ibibigay namin ang iyong mga sakop na inpatient na serbisyo sa ospital hangga't medikal na kinakailangan ang mga serbisyo.

Kung sasagot ng **Hindi** ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa iyong apela:

- Sumasang-ayon silang medikal na naaangkop ang iyong nakaplanong petsa ng paglabas ng ospital.
- Nagbigay sila sa iyo ng sulat na nagsasabi sa iyo kung ano ang magagawa mo kung gusto mong ipagpatuloy ang proseso ng mga apela at gumawa ng Antas 3 na Apela.

Isang Hukom sa Pang-administratibong Batas o Hukom o attorney adjudicator ang mangangasiwa ng Antas 3 na Apela. Sumangguni sa **Seksyon J** para sa impormasyon tungkol sa Antas 3, 4, at 5 na Apela.

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa at humiling sa DMHC ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal upang maipagpatuloy ang iyong pananatili sa ospital. Mangyaring sumangguni sa **Seksyon F4** upang malaman kung paano maghain ng reklamo sa at humiling sa DMHC ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal. Maaari kang humiling ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal bilang karagdagan sa o sa halip na Antas 3 na Apela.

---

## I. Paghiling sa amin na ipagpatuloy ang pagsakop sa ilang partikular na serbisyong medikal

Ang seksyong ito ay tungkol lang sa tatlong uri ng serbisyong maaari mong makuha:

- Mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay.
- Sanay na pag-aalaga sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga.
- Pangangalagang pang-rehabilitasyon bilang isang outpatient sa inaprubahan ng Medicare na Pasilidad sa Kumprehensibong Rehabilitasyon ng Outpatient (CORF). Karaniwang nangangahulugan itong tumatanggap ka ng paggamot para sa isang sakit o aksidente o nagpapagaling ka mula sa isang major na operasyon.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Sa alinman sa tatlong uri ng mga serbisyong ito, mayroon kang karapatang kumuha ng mga sakop na serbisyo hangga't sinasabi ng doktor na kailangan mo ang mga ito.

Kapag nagdesisyon kaming ihinto ang pagsakop sa alinman sa mga ito, dapat naming sabihin sa iyo **bago** matapos ang iyong mga serbisyo. Kapag natapos ang iyong coverage para sa serbisyong iyon, ihihinto namin ang pagbabayad para rito.

Kung sa palagay mo ay masyadong maaga naming tatapusin ang coverage ng iyong pangangalaga, **maaari mong iapela ang aming desisyon**. Sasabihin sa iyo ng seksyong ito kung paano humiling ng apela.

### I1. Paunang abiso bago matapos ang iyong coverage

Papadalhan ka namin ng nakasulat na abiso na matatanggap mo nang hindi bababa sa dalawang araw bago namin ihinto ang pagbabayad para sa iyong pangangalaga. Tinatawag itong ang “Abiso ng Hindi Pagsakop ng Medicare.” Sasabihin sa iyo ng abiso ang petsa kung kailan ihihinto namin ang pagsakop sa iyong pangangalaga at kung paano iapela ang aming desisyon.

Dapat mong lagdaan o ng iyong kinatawan ang abiso upang maipakitang nakuha mo ito. Ipinapakita **lang** ng paglagda sa abiso na nakuha mo ang impormasyon. Ang paglagda ay **hindi** nangangahulugang sumasang-ayon ka sa aming desisyon.

### I2. Pagsasagawa ng Antas 1 na Apela

Kung sa palagay mo ay masyadong maaga naming tatapusin ang coverage ng iyong pangangalaga, maaari mong iapela ang aming desisyon. Sinasabi sa iyo ng seksyong ito ang tungkol sa proseso ng Antas 1 na Apela at kung ano ang dapat gawin.

- **Tugunan ang mga deadline.** Mahalaga ang mga deadline. Unawain at sundin ang mga deadline na nalalapat sa mga bagay na dapat mong gawin. Dapat ding sumunod sa mga deadline ang aming plano. Kung sa palagay mo ay hindi namin natutugunan ang aming mga deadline, maaari kang maghain ng reklamo. Sumangguni sa **Seksyon K** para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga reklamo.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- **Humingi ng tulong kung kailangan mo ito.** Kung mayroon kang mga tanong o kailangan ng tulong anumang oras:
  - Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nasa ibaba ng page.
  - Tumawag sa Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) sa **1-800-434-0222**.
- Makipag-ugnayan sa Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad.
  - Sumangguni sa **Seksyon H2** o sumangguni sa **Kabanata 2** ng **Handbook ng Miyembro** na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa QIO at kung paano makikipag-ugnayan sa kanila.
  - Hilingin sa kanilang suriin ang iyong apela at magdesisyon kung babaguhin ang desisyon ng aming plano.
- **Kumilos nang mabilis at humiling ng “mabilisang apela.** Itanong sa Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad kung medikal na naaangkop para sa amin na wakasan ang coverage ng iyong mga serbisyong medikal.

### Ang iyong deadline para sa pakikipag-ugnayan sa organisasyong ito

- Dapat kang makipag-ugnayan sa Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad upang simulan ang iyong apela ng tanghaling tapat ng araw bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa sa Abiso ng Hindi Pagsakop ng Medicare na ipinadala namin sa iyo.
- Kung malampasan mo ang deadline para sa pakikipag-ugnayan sa Organisasyon sa Pagpapahusay ng Kalidad, maaari kang umapela na lang nang direkta sa amin. Para sa mga detalye tungkol sa kung paano iyon gawin, sumangguni sa **Seksyon I4**.
- Kung hindi pakikinggan ng Organisasyon sa Pagpapahusay ng Kalidad ang iyong kahilingang ipagpatuloy ang coverage ng iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o naniniwala kang pang-akaran ang iyong sitwasyon o may kaugnay itong pang-akaran at seryosong panganib sa iyong kalusugan o kung nakakaranas ka ng matinding pananakit, maaari kang maghain ng reklamo sa at humiling sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng California (DMHC) ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal. Mangyaring sumangguni sa **Seksyon F4** upang malaman kung paano maghain ng reklamo sa at humiling sa DMHC ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare**.



Ang legal na termino para sa nakasulat na abiso ay “**Abiso Tungkol Hindi Pagsakop ng Medicare.**” Upang kumuha ng sample na kopya, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng page o tumawag sa Medicare sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**, 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-877-486-2048**. O kumuha ng kopya online sa **[www.cms.gov/Medicare/Medicare-General-Information/BNI/MAEDNotices](http://www.cms.gov/Medicare/Medicare-General-Information/BNI/MAEDNotices)**.

### Ano ang nangyayari sa panahon ng mabilisang apela

- Tatanungin ka o ang iyong kinatawan ng mga tagasuri sa Organisasyon sa Pagpapahusay ng Kalidad kung bakit sa palagay mo ay dapat magpatuloy ang coverage. Hindi ka inaatasang magsulat ng pahayag, ngunit maaari mo itong gawin.
- Titingnan ng mga tagasuri ang iyong medikal na impormasyon, makikipag-usap sila sa iyong doktor, at susuriin nila ang impormasyong ibinigay sa kanila ng aming plano.
- Magpapadala rin ang aming plano sa iyo ng nakasulat na abiso na nagpapaliwanag ng mga dahilan namin sa pagwawakas ng coverage ng iyong mga serbisyo. Makakatanggap ka ng abiso bago matapos ang araw kung kailan ipinabatid sa amin ng mga tagasuri ang tungkol sa iyong apela.

Ang legal na termino para sa abisong paliwanag ay “**Detalyadong Paliwanag tungkol sa Hindi Pagsakop.**”

- Sasabihin ng mga tagasuri sa iyo ang kanilang pasya sa loob ng isang buong araw pagkatapos makuha ang lahat ng impormasyong kailangan nila.

Kung sasagot ng **Oo** ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa iyong apela:

- Bibigay namin ang iyong mga sakop na serbisyo hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

Kung sasagot ng **Hindi** ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa iyong apela:

- Magwawakas ang iyong coverage sa petsang sinabi namin sa iyo.
- Hihinto kami sa pagbabayad ng aming bahagi sa mga gastos sa pangangalagang ito sa petsang nakalagay sa abiso.
- Babayaran mo ang buong halaga ng pangangalagang ito kung magpapasya kang ipagpatuloy ang pangangalagang pangkalusugan sa bahay, pangangalaga sa pasilidad ng sanay na pag-aalalaga, o mga serbisyo ng Pasilidad sa Kumprehensibong Rehabilitasyon ng Outpatient (CORF) pagkatapos ng petsa kung kailan nagwakas na ang iyong coverage
- Magpapasya ka kung gusto mong ipagpatuloy ang mga serbisyonang ito at magsagawa ng Antas 2 na Apela.

### I3. Pagsasagawa ng Antas 2 na Apela

Para sa Antas 2 na Apela, hihilingin mo sa Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad na tingnan ulit ang desisyong ginawa nila sa iyong Antas 1 na Apela. Tawagan sila sa **1-877-588-1123**.

Dapat mong hilingin ang pagsusuring ito **sa loob ng 60 araw sa kalendaryo** pagkatapos ng araw na sumagot ng **Hindi** ang Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad sa iyong Antas 1 na Apela. Maaari ka **lang** humiling ng pagsusuring ito kung ipagpapatuloy mo ang pangangalaga pagkatapos ng petsa kung kailan nagwakas ang iyong coverage para sa pangangalaga.

Gagawin ng Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad na:

- Susuriin ulit nang mabuti ang lahat ng impormasyong nauugnay sa iyong apela.
- Sasabihin sa iyo ang kanilang desisyon tungkol sa iyong Antas 2 na Apela sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo mula noong matanggap ang iyong kahilingan para sa pangalawang pagsusuri.

Kung sasagot ng **Oo** ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa iyong apela:

- Ibabalik namin ang ibinayad mo para sa bahagi namin sa mga gastos sa pangangalagang kinuha mo simula noong petsang sinabi naming matatapos ang iyong coverage.
- Magbibigay kami ng coverage para sa pangangalaga hangga't medikal itong kinakailangan.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung sasagot ng **Hindi** ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa iyong apela:

- Sumasang-ayon sila sa aming desisyong wakasan ang iyong pangangalaga at hindi nila ito babaguhin.
- Nagbigay sila sa iyo ng sulat na nagsasabi sa iyo kung ano ang magagawa mo kung gusto mong ipagpatuloy ang proseso ng mga apela at gumawa ng Antas 3 na Apela.
- Maaari kang maghain ng reklamo sa DMHC at humiling sa kanila ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal upang maipagpatuloy ang coverage ng iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Mangyaring sumangguni sa **Seksyon F4** upang malaman kung paano hihiling sa DMHC ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal. Maaari kang maghain ng reklamo sa DMHC at humiling sa kanila ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal bilang karagdagan sa o sa halip na Antas 3 na Apela.

Isang Hukom sa Pang-administratibong Batas o Hukom o attorney adjudicator ang mangangasiwa ng Antas 3 na Apela. Sumangguni sa **Seksyon J** para sa impormasyon tungkol sa Antas 3, 4, at 5 na Apela.

#### **I4. Pagsasagawa ng Antas 1 na Alternatibong Apela**

Gaya ng ipinaliwanag sa **Seksyon I2**, dapat kang kumilos kaagad at makipag-ugnayan sa Organisasyon sa Pagpapahusay ng Kalidad upang simulan ang iyong Antas 1 na Apela. Kung lumampas ka na sa deadline, maaari kang gumamit ng proseso ng “Alternatibong Apela”.

Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nasa ibaba ng page at humiling sa amin ng “mabilisang pagsusuri.”

Ang legal na termino para sa “mabilisang pagsusuri” o “mabilisang apela” ay **“pinabilis na apela.”**

- Susuriin namin ang lahat ng impormasyon tungkol sa iyong kaso.
- Susuriin namin kung patas at sumunod sa mga panuntunan ang unang desisyon noong itinakda namin ang petsa para sa pagwawakas ng coverage para sa iyong mga serbisyo.
- Gagamit kami ng mabibilis na deadline sa halip na mga karaniwang deadline at ibibigay namin sa iyo ang aming desisyon sa loob ng 72 oras mula noong humiling ka ng mabilisang pagsusuri.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung sasagot kami ng **Oo** sa iyong mabilisang apela:

- Sumasang-ayon kami na mas mahabang panahon mo pa kailangan ang mga serbisyo.
- Ibibigay namin ang iyong mga sakop na serbisyo hangga't medikal na kinakailangan ang mga serbisyo.
- Sumasang-ayon kaming bayaran ka para sa aming bahagi sa mga gastos sa pangangalagang natanggap mo simula sa petsa kung kailan namin sinabing magwawakas ang iyong coverage.

Kung sasagot kami ng **Hindi** sa iyong mabilisang apela:

- Magwawakas ang aming coverage para sa mga serbisyong ito sa petsang sinabi namin sa iyo.
- Hindi namin babayaran ang anumang bahagi sa mga gastos pagkatapos ng petsang ito.
- Babayaran mo ang buong halaga ng mga serbisyong ito kung patuloy mong kukunin ang mga ito pagkatapos ng petsa na sinabi namin sa iyo na magwawakas ang aming coverage.
- Ipapadala namin ang iyong apela sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri upang matiyak na sinunod namin ang lahat ng panuntunan. Kapag ginawa namin ito, awtomatikong mapupunta ang iyong kaso sa Antas 2 na proseso ng mga apela.

## I5. Pagsasagawa ng Antas 2 na Alternatibong Apela

Sa panahon ng Antas 2 na Apela, ipapadala namin ang impormasyon para sa iyong Antas 2 na Apela sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa loob ng 24 na oras mula nang nagsabi ng Hindi sa iyong Antas 1 na Apela. Awtomatiko namin itong ginagawa. Wala kang kailangang gawin.

Kung sa palagay mo ay hindi namin natugunan ang deadline na ito, o ang anupamang deadline, maaari kang gumawa ng reklamo. Sumangguni sa **Seksyon K** para sa impormasyon tungkol sa pagsasagawa ng mga reklamo.

Ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri ay magsasagawa ng mabilisang pagsusuri sa iyong apela. Susuriin nila nang mabuti ang lahat ng impormasyon tungkol sa iyong paglabas ng ospital at karaniwang magbibigay sa iyo ng sagot sa loob ng 72 oras.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung sasagot ng **Oo** ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa iyong apela:

- Ibabalik namin ang ibinayad mo para sa bahagi namin sa mga gastos sa pangangalagang kinuha mo simula noong petsang sinabi naming matatapos ang iyong coverage.
- Ibibigay namin ang iyong mga sakop na inpatient na serbisyo sa ospital hangga't medikal na kinakailangan ang mga serbisyo.

Kung sasagot ng **Hindi** ang Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa iyong apela:

- Sumasang-ayon sila sa aming desisyong wakasan ang iyong pangangalaga at hindi nila ito babaguhin.
- Nagbigay sila sa iyo ng sulat na nagsasabi sa iyo kung ano ang magagawa mo kung gusto mong ipagpatuloy ang proseso ng mga apela at gumawa ng Antas 3 na Apela.
- Maaari ka ring maghain ng reklamo sa DMHC at humiling sa kanila ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal upang maipagpatuloy ang coverage ng iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Mangyaring sumangguni sa **Seksyon F4** upang malaman kung paano hihiling sa DMHC ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal. Maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng at humiling ng Hiwalay na Pagsusuring Medikal bilang karagdagan sa o sa halip na Antas 3 na Apela.

Isang Hukom sa Pang-administratibong Batas o Hukom o attorney adjudicator ang mangangasiwa ng Antas 3 na Apela. Sumangguni sa **Seksyon J** para sa impormasyon tungkol sa Antas 3, 4, at 5 na Apela.

---

## J. Pagdadala ng iyong apela sa sumunod na antas sa Antas 2

### J1. Mga susunod na hakbang para sa mga serbisyo at item ng Medicare

Kung nagsagawa ka ng Antas 1 na Apela at Antas 2 na Apela para sa mga serbisyo o item ng Medicare, at parehong hindi tinanggap ang iyong mga apela, maaaring may karapatan ka sa mga karagdagang antas ng apela.

Kung hindi nakatutugon sa isang partikular na minimum na dolyar na halaga ang dolyar na halaga ng serbisyo o item ng Medicare, hindi ka na makakaapela pa. Kung sapat na mataas ang dolyar na halaga, maaari mong ipagpatuloy ang proseso ng mga apela. Ipapaliwanag sa sulat na matatanggap mo mula sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri para sa Antas 2 na Apela kung kanino makikipag-ugnayan at ano ang dapat gawin upang humiling ng Antas 3 na Apela.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

### Antas 3 na Apela

Ang Antas 3 ng proseso ng mga apela ay isang pagdinig ng Hukom sa Pang-administratibong Batas (ALJ). Ang taong gagawa ng desisyon ay isang ALJ o attorney adjudicator na nagtatrabaho para sa pederal na pamahalaan.

Kung nagsabi ang ALJ o attorney adjudicator ng **Oo** sa iyong apela, may karapatan kaming umapela sa desisyon sa Antas 3 na pabor sa iyo.

- Kung magpapasya kaming **iapela** ang desisyon, magpapadala kami sa iyo ng kopya ng kahilingan sa Antas 4 na Apela kasama ng anumang suportang dokumento. Maaaring hintayin namin ang desisyon sa Antas 4 bago namin pahintulutan o ibigay ang serbisyong pinagtatalunan.
- Kung magpapasya kaming **hindi iapela** ang desisyon, dapat naming pahintulutan o ibigay sa iyo ang serbisyo sa loob ng 60 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang desisyon ng ALJ o attorney adjudicator.

Kung tutugon ang ALJ o attorney adjudicator ng **Hindi** sa iyong apela, maaaring hindi pa tapos ang proseso ng mga apela.

- Kung magpapasya kang **tanggapin** ang desisyong ito na tumanggi sa iyong apela, tapos na ang proseso ng mga apela.
- Kung magpapasya kang **hindi tanggapin** ang desisyong ito na tumanggi sa iyong apela, maaari kang magpatuloy sa susunod na antas ng proseso ng pagsusuri. Sasabihin sa iyo sa abisong matatanggap mo kung ano ang gagawin para sa Antas 4 na Apela.

### Antas 4 na Apela

Susuriin ng Konseho para sa Mga Apela sa Medicare ang iyong apela at bibigyan ka nila ng sagot. Ang Konseho ay bahagi ng pederal na pamahalaan.

Kung tutugon ang Konseho ng **Oo** sa iyong Antas 4 na Apela o tatanggihan nila ang aming kahilingan na suriin ang desisyon sa Antas 3 na Apela na pabor sa iyo, may karapatan kaming umapela sa Antas 5.

- Kung magpapasya kaming **iapela** ang desisyon, sasabihin namin ito sa iyo sa sulat.
- Kung magpapasya kaming **hindi iapela** ang desisyon, dapat naming pahintulutan o ibigay sa iyo ang serbisyo sa loob ng 60 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang desisyon ng Konseho.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung tutugon ang Konseho ng **Hindi** o tatanggihan nila ang aming kahilingan sa pagsusuri, maaaring hindi pa tapos ang proseso ng mga apela.

- Kung magpapasya kang **tanggapin** ang desisyong ito na tumanggi sa iyong apela, tapos na ang proseso ng mga apela.
- Kung magpapasya kang **hindi tanggapin** ang desisyong ito na tumatanggi sa iyong apela, maaaring magawa mong magpatuloy sa susunod na antas ng proseso ng pagsusuri. Sasabihin sa iyo sa abisong matatanggap mo kung maaari kang magpatuloy sa Antas 5 na Apela at ano ang dapat gawin.

### **Antas 5 na Apela**

- Susuriin ng hukom sa Pederal na Korte ng Distrito ang iyong apela at ang lahat ng impormasyon at magpapasya siya ng **Oo** o **Hindi**. Pinal na ang desisyong ito. Wala nang iba pang antas ng apela pagkatapos ng Pederal na Korte ng Distrito.

## **J2. Mga karagdagang apela sa Medi-Cal**

Mayroon din kang iba pang karapatan sa apela kung tungkol ang iyong apela sa mga serbisyo o item na karaniwang sinasakop ng Medi-Cal. Sasabihin sa iyo sa sulat na matatanggap mo mula sa tanggapan sa Patas na Pagdinig kung ano ang dapat gawin kung gusto mong ipagpatuloy ang proseso ng mga apela.

## **J3. Antas 3, 4 at 5 na Apela para sa Mga Kahilingan sa Gamot sa Bahagi D**

Maaaring naaangkop para sa iyo ang seksyong ito kung nagsagawa ka ng Antas 1 na Apela at Antas 2 na Apela, at parehong tinanggihan ang iyong mga apela.

Kung nakatutugon ang halaga ng gamot na inaapela mo sa isang partikular na dolyar na halaga, maaaring makapagpatuloy ka sa mga karagdagang antas ng apela. Ipapaliwanag sa nakasulat na tugon na matatanggap mo sa iyong Antas 2 na Apela kung kanino makikipag-ugnayan at ano ang gagawin upang makahiling ng Antas 3 na Apela.

### **Antas 3 na Apela**

Ang Antas 3 ng proseso ng mga apela ay isang pagdinig ng Hukom sa Pang-administratibong Batas (ALJ). Ang taong gagawa ng desisyon ay isang ALJ o attorney adjudicator na nagtatrabaho para sa pederal na pamahalaan.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung tutugon ang ALJ o attorney adjudicator ng **Oo** sa iyong apela:

- Tapos na ang proseso ng mga apela.
- Dapat naming pahintulutan o ibigay ang naaprubahang coverage sa gamot sa loob ng 72 oras (o 24 na oras para sa pinabilis na apela) o isagawa ang pagbabayad nang hindi lalampas sa 30 araw sa kalendaryo pagkatapos naming makuha ang desisyon.

Kung tutugon ang ALJ o attorney adjudicator ng **Hindi** sa iyong apela, maaaring hindi pa tapos ang proseso ng mga apela.

- Kung magpapasya kang **tanggapin** ang desisyong ito na tumanggi sa iyong apela, tapos na ang proseso ng mga apela.
- Kung magpapasya kang **hindi tanggapin** ang desisyong ito na tumanggi sa iyong apela, maaari kang magpatuloy sa susunod na antas ng proseso ng pagsusuri. Sasabihin sa iyo sa abisong matatanggap mo kung ano ang gagawin para sa Antas 4 na Apela.

#### **Antas 4 na Apela**

Susuriin ng Konseho para sa Mga Apela sa Medicare ang iyong apela at bibigyan ka nila ng sagot. Ang Konseho ay bahagi ng pederal na pamahalaan.

Kung tutugon ang Konseho ng **Oo** sa iyong apela:

- Tapos na ang proseso ng mga apela.
- Dapat naming pahintulutan o ibigay ang naaprubahang coverage sa gamot sa loob ng 72 oras (o 24 na oras para sa pinabilis na apela) o isagawa ang pagbabayad nang hindi lalampas sa 30 araw sa kalendaryo pagkatapos naming makuha ang desisyon.

Kung tutugon ang Konseho ng **Hindi** sa iyong apela, maaaring hindi pa tapos ang proseso ng mga apela.

- Kung magpapasya kang **tanggapin** ang desisyong ito na tumanggi sa iyong apela, tapos na ang proseso ng mga apela.
- Kung magpapasya kang **hindi tanggapin** ang desisyong ito na tumatanggi sa iyong apela, maaaring magawa mong magpatuloy sa susunod na antas ng proseso ng pagsusuri. Sasabihin sa iyo sa abisong matatanggap mo kung maaari kang magpatuloy sa Antas 5 na Apela at ano ang dapat gawin.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



**Antas 5 na Apela**

- Susuriin ng hukom sa Pederal na Korte ng Distrito ang iyong apela at ang lahat ng impormasyon at magpapasya siya ng **Oo** o **Hindi**. Pinal na ang desisyong ito. Wala nang iba pang antas ng apela pagkatapos ng Pederal na Korte ng Distrito.

**K. Paano maghain ng reklamo****K1. Anong mga klase ng mga problema ang dapat ireklamo**

Ginagamit lang ang proseso ng reklamo para sa ilang partikular na uri ng mga problema, gaya ng mga problema na nauugnay sa kalidad ng pangangalaga, tagal ng paghihintay, koordinasyon ng pangangalaga, at serbisyo sa customer. Narito ang mga halimbawa ng mga klase ng problemang pinangangasiwaan sa pamamagitan ng proseso ng reklamo.

Reklamo	Halimbawa
<b>Kalidad ng iyong medikal na pangangalaga</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Hindi ka nasisiyahan sa kalidad ng pangangalaga, gaya ng pangangalagang natanggap mo sa ospital.</li> </ul>
<b>Paggalang sa iyong privacy</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Sa palagay mo, may isang taong hindi gumalang sa iyong karapatan sa privacy o may nagbahagi ng kompidensyal na impormasyon tungkol sa iyo.</li> </ul>
<b>Kawalan ng galang, hindi maayos na serbisyo sa customer, o iba pang negatibong pag-uugali</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Bastos o walang galang sa iyo ang isang provider o tauhan ng pangangalagang pangkalusugan.</li> <li>• Hindi maayos ang pakikitungo sa iyo ng aming tauhan.</li> <li>• Sa palagay mo ay inaalís ka sa aming plano.</li> </ul>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Reklamo	Halimbawa
<b>Tulong sa accessibility at wika</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Hindi mo pisikal na ma-access ang mga serbisyo at pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan sa tanggapan ng doktor o provider.</li> <li>Hindi nagbibigay ng interpreter ang iyong doktor o provider para sa non-English na wikang sinasalita mo (gaya ng American Sign Language o Spanish).</li> <li>Hindi ibinibigay sa iyo ng iyong provider ang iba pang makatuwirang akomodasyon na kailangan at hinihiling mo.</li> </ul>
<b>Mga tagal ng paghihintay</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nahihirapan ka sa pagkuha ng appointment o naghihintay ka nang masyadong matagal sa pagkuha nito.</li> <li>Pinaghihintay ka nang masyadong matagal ng mga doktor, parmasyutiko, o iba pang propesyonal sa kalusugan, Mga Serbisyo sa Miyembro, o iba pang tauhan sa plano.</li> </ul>
<b>Kalinisan</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Sa palagay mo ay marumi ang klinika, ospital o tanggapan ng doktor.</li> </ul>
<b>Impormasyon na matatanggap mo mula sa amin</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Sa palagay mo, hindi ka namin nabigyan ng abiso o sulat na dapat ay natanggap mo.</li> <li>Sa palagay mo, masyadong mahirap maunawaan ang nakasulat na impormasyong ipinadala namin sa iyo.</li> </ul>



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Reklamo	Halimbawa
<p><b>Pagiging nasa oras na kaugnay ng mga desisyon o apela sa coverage</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Sa palagay mo, hindi namin nasusunod ang aming mga deadline sa pagsasagawa ng desisyon sa coverage o pagsagot sa iyong apela.</li> <li>• Sa palagay mo, pagkatapos makuha ang desisyon sa coverage o apela na pabor sa iyo, hindi namin nasusunod ang mga deadline sa pag-apruba o pagbibigay sa iyo ng serbisyo o pagbabayad sa iyo para sa ilang partikular na medikal na serbisyo.</li> <li>• Sa palagay mo, hindi namin ipinadala ang iyong kaso sa Hiwalay na Organisasyon sa Pagsusuri sa tamang oras.</li> </ul>

**May iba't ibang klase ng mga reklamo.** Maaari kang magsagawa ng internal na reklamo at/o external na reklamo. Inihahain ang internal na reklamo sa at sinusuri ito ng aming plano. Inihahain ang external na reklamo sa at sinusuri ito ng isang organisasyong hindi affiliated sa aming plano. Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasagawa ng internal at/o externa na reklamo, maaari kang tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.

Ang legal na termino para sa “reklamo” ay “**karaingan.**”

Ang legal na termino para sa “paghahain ng reklamo” ay “**paghahain ng karaingan.**”



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

## K2. Mga internal na reklamo

Upang magsagawa ng internal na reklamo, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Maaari kang maghain ng reklamo sa anumang oras maliban na lang kung tungkol dito sa gamot sa Bahagi D. Kung tungkol ang reklamo sa isang gamot sa Bahagi D, dapat mo itong gawin **loob ng 60 araw sa** kalendaryo pagkatapos mong maranasan ang problemang gusto mong ireklamo.

- Kung mayroon pa kang kailangang gawin, sasabihin iyon sa iyo sa Mga Serbisyo sa Miyembro.
- Maaari mo ring isulat ang iyong reklamo at ipadala ito sa amin. Kung isusulat mo ang iyong reklamo, sasagot kami sa iyong reklamo sa pamamagitan ng sulat.

Dapat naming matugunan ang iyong karaingan sa lalong madaling panahon na kinakailangan para sa iyong kalusugan, ngunit nang hindi lalampas sa 30 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang iyong reklamo.

**Ang legal na termino para sa “mabilisang reklamo” ay “pinabilis na karaingan.”**

Kung posible, sasagutin ka namin kaagad. Kung tatawag ka sa amin para sa isang reklamo, maaaring makapagbigay kami ng sagot sa iyo sa mismong tawag sa telepono. Kung kinakailangan sa kondisyon ng kalusugan mo na sumagot kami kaagad, gagawin namin iyon.

- Kung maghahain ka ng reklamo dahil tinanggihan namin ang iyong kahilingan para sa “mabilisang desisyon sa coverage” o “mabilisang apela,” awtomatiko ka naming bibigyan ng “mabilisang reklamo” at tutugon kami sa iyong reklamo sa loob ng 24 na oras.
- Kung maghahain ka ng reklamo dahil gumugol kami ng dagdag na oras upang gawin ang isang desisyon sa coverage o apela, awtomatiko ka naming bibigyan ng “mabilisang reklamo” at tutugon kami sa iyong reklamo sa loob ng 24 na oras.
- Kung maghahain ka ng reklamo kaugnay ng seryosong banta sa iyong kalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa matinding pananakit o posibleng mamatay, mawalan ng paa o kamay, o ng pangunahing pagganap ng katawan, maaari ka naming bigyan ng “mabilis na reklamo” at maaari kaming tumugon sa iyong reklamo sa loob ng 24 na oras.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung hindi kami sumasang-ayon sa ilan o sa lahat ng iyong reklamo, sasabihin namin iyon sa iyo at ibibigay namin sa iyo ang aming mga dahilan. Tutugon kami kung sumasang-ayon kami sa reklamo o hindi.

### **K3. Mga external na reklamo**

#### **Medicare**

Maaari mong sabihin sa Medicare ang tungkol sa iyong reklamo o maaari mo itong ipadala sa Medicare. Makukuha ang Form sa Pagreklamo ng Medicare sa:

**[www.medicare.gov/MedicareComplaintForm/home.aspx](http://www.medicare.gov/MedicareComplaintForm/home.aspx)**.

Hindi mo kailangang maghain ng reklamo sa aming plano bago ka maghain ng reklamo sa Medicare.

Sineseryoso ng Medicare ang iyong mga reklamo at ginagamit nito ang impormasyong ito upang makatulong na pahasayin ang kalidad ng programa ng Medicare.

Kung mayroon kang anupamang feedback o alalahanin, o kung sa palagay mo ay hindi natutugunan ng planong pangkalusugan ang iyong problema, maaari ka ring tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-877-486-2048**. Libre ang tawag.

#### **Medi-Cal**

Maaari kang maghain ng reklamo sa Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) ng California sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-452-8609**. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**. Tumawag nang Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

Maaari kang maghain ng reklamo sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC) ng California. Ang DMHC ang responsable sa pangangasiwa sa mga planong pangkalusugan. Maaari kang tumawag sa Help Center ng DMHC para sa tulong sa mga reklamo tungkol sa mga serbisyo ng Medi-Cal. Maaari kang makipag-ugnayan sa DMHC kung kailangan mo ng tulong sa isang reklamong nauugnay sa agarang isyu o nauugnay sa agaran at seryosong banta sa iyong kalusugan, kung nakakaranas ka ng matinding pananakit, kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng aming plano tungkol sa iyong reklamo, o kung hindi nalutas ng aming plano ang iyong reklamo pagkalipas ng 30 araw sa kalendaryo.

Narito ang dalawang paraan upang humingi ng tulong mula sa Help Center:

- Tumawag sa **1-888-466-2219**. Maaaring gamitin ng mga indibidwal na bingi, mahina ang pandinig o may kapansanan sa pagsasalita ang walang bayad na numero ng TTY, **1-877-688-9891**. Libre ang tawag.
- Bisitahin ang website ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng Departamento (**www.dmhc.ca.gov**).

### Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil

Maaari kang maghain ng reklamo sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao kung sa palagay mo ay hindi naging patas ang pagtrato sa iyo. Halimbawa, maaari kang maghain ng reklamo tungkol sa access ng may kapansanan o tulong sa wika. Ang numero ng telepono para sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ay **1-800-368-1019**. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-800-537-7697**. Maaari kang bumisita sa **www.hhs.gov/ocr** para sa higit pang impormasyon.

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa lokal na Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa:

Office for Civil Rights U.S. Department of Health and Human Services 90 7th Street, Suite 4-100 San Francisco, CA 94103

Customer Response Center: **1-800- 368-1019** Fax: **1-202-619-3818** TDD: **1-800- 537-7697**  
Email: **ocrmail@hhs.gov**

Maaaring may mga karapatan din ka sa ilalim ng Batas sa Mga Amerikanong May Kapansanan.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Organisasyon sa Pagpapahusay ng Kalidad

Kapag tungkol sa kalidad ng pangangalaga ang iyong reklamo, mayroon kang dalawang pagpipilian:

- Maaari kang direktang maghain ng iyong reklamo tungkol sa kalidad ng pangangalaga sa Organisasyon sa Pagpapahusay ng Kalidad.
- Maaari kang maghain ng iyong reklamo sa Organisasyon sa Pagpapahusay ng Kalidad at sa aming plano. Kung maghahain ka ng reklamo sa Organisasyon sa Pagpapahusay ng Kalidad, makikipagtulungan kami sa kanila upang malutas ang iyong reklamo.

Ang Organisasyon sa Pagpapahusay ng Kalidad ay isang grupo ng mga doktor na nasa propesyon at iba pang eksperto sa pangangalagang pangkalusugan na binabayaran ng pederal na pamahalaan upang masuri at mapahusay ang pangangalagang ibinibigay sa mga pasyente ng Medicare. Upang malaman pa ang tungkol sa Organisasyon sa Pagpapahusay ng Kalidad, sumangguni sa **Seksyon H2** o sumangguni sa **Kabanata 2** ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

Sa California, ang Organisasyon sa Pagpapahusay ng Kalidad ay tinatawag na Livanta. Ang kanilang numero ng telepono ay **1-877-588-1123**.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Kabanata 10. Pagwawakas ng iyong membership sa aming plano

---

### Panimula

Ipinapaliwanag sa kabanatang ito kung paano mo mawawakasan ang iyong membership sa aming plano at iyong mga opsyon sa coverage sa kalusugan pagkatapos mong umalis sa aming plano. Kung aalis ka sa aming plano, mananatili ka pa rin sa mga programa ng Medicare at Medi-Cal hangga't kwalipikado ka. Makikita ang mahahalagang termino at mga kahulugan ng mga ito sa alpabetikong pagkakasunod-sunod sa huling kabanata ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

### Kabanata 10 Talaan ng Mga Nilalaman

A. Kailan mo maaaring wakasan ang iyong membership sa aming plano .....	327
B. Paano wawakasan ang iyong membership sa aming plano .....	329
C. Paano kumuha ng mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal .....	329
C1. Ang iyong mga serbisyo ng Medicare .....	329
D. Paano makukuha ang iyong mga medikal na serbisyo at gamot hanggang sa magwakas ang iyong membership sa aming plano .....	333
E. Iba pang sitwasyon kapag nagwakas na ang iyong membership sa aming plano .....	333
F. Mga panuntunan laban sa pagpapaalis sa iyo sa aming plano para sa anumang dahilang nauugnay sa kalusugan .....	335
G. Ang iyong karapatang maghain ng reklamo kung winakasan namin ang iyong membership sa aming plano .....	335



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



---

## A. Kailan mo maaaring wakasan ang iyong membership sa aming plano

Magagawa ng karamihan ng mga taong may Medicare na wakasan ang kanilang membership sa mga partikular na bahagi ng taon. Dahil mayroon kang Medi-Cal, magagawa mong wakasan ang iyong membership sa aming plano o lumipat sa ibang plano nang isang beses sa panahon ng bawat sumusunod na Panahon ng Espesyal na Pagpapatala:

- Enero hanggang Marso
- Abril hanggang Hunyo
- Hulyo hanggang Setyembre

Bilang karagdagan sa tatlong panahon ng Espesyal na Pagpapatala na ito, maaari mong wakasan ang iyong membership sa aming plano sa panahon ng mga sumusunod na panahon bawat taon:

- Ang Panahon ng Taunang Pagpapatala, na tumatagal mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, magwawakas ang iyong membership sa aming plano sa Disyembre 31 at magsisimula ang iyong membership sa bagong plano sa Enero 1.
- Ang Panahon ng Bukas na Pagpapatala sa Medicare Advantage, na tumatagal mula Enero 1 hanggang Marso 31. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, magsisimula ang iyong membership sa bagong plano sa unang araw ng susunod na buwan.

Maaaring may iba pang sitwasyon kung saan kwalipikado kang gumawa ng pagbabago sa iyong pagpapatala. Halimbawa, kapag:

- Umalis ka sa aming sineserbisyuhang lugar,
- Nagbago ang iyong pagiging kwalipikado para sa Medi-Cal o Karagdagang Tulong, o
- Kung ikaw ay kamakailang lumipat sa, kasalukuyang nakakatanggap ng serbisyo sa pangangalaga sa, o kamakailang lumabas ng nursing home o ng ospital para sa pangmatagalang pangangalaga.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Magwawakas ang iyong membership sa huling araw ng buwan kung kailan namin natanggap ang iyong kahilingan na palitan ang iyong plano. Halimbawa, kung matatanggap namin ang iyong kahilingan sa Enero 18, magwawakas ang iyong coverage sa aming plano sa Enero 31. Magsisimula ang iyong bagong coverage sa unang araw ng susunod na buwan (sa Pebrero 1 sa halimbawang ito).

Kung aalis ka sa aming plano, makakakuha ka ng impormasyon tungkol sa iyong:

- Mga opsyon sa Medicare sa talahanayan sa **Seksyon C1**.
- Mga serbisyo ng Medi-Cal sa **Seksyon C2**.

Makakakuha ka ng higit pang impormasyon tungkol sa kung paano mo mawawakasan ang iyong membership sa pamamagitan ng pagtawag sa:

- Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng page.
- Medicare sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**, 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-877-486-2048**.
- Programa sa Pagpapayo at Suporta sa Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa **1-800-434-0222**, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**. Para sa higit pang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bumisita sa **<https://aging.ca.gov>**.
- Health Care Options sa **1-844-580-7272**, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-800-430-7077**.
- Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal sa **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. o mag-email sa **[MMCDombudsmanOffice@dhcs.ca.gov](mailto:MMCDombudsmanOffice@dhcs.ca.gov)**.

**TANDAAN:** Kung ikaw ay nasa isang programa sa pamamahala ng gamot, hindi ka makakapagpalit ng plano. Sumangguni sa **Kabanata 5** ng **Handbook ng Miyembro** na ito para sa impormasyon tungkol sa mga programa sa pamamahala ng gamot.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

---

## B. Paano wawakasan ang iyong membership sa aming plano

Mayroon ka ng mga sumusunod na opsyon kung gusto mong umalis sa aming plano:

- Tumawag sa Medicare sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY (mga taong may problema sa pandinig o pagsasalita) sa **1-877-486-2048**. Kapag tumawag ka sa 1-800-MEDICARE, maaari ka ring magpatala sa ibang planong pangkalusugan o plano sa gamot ng Medicare. Makikita ang higit pang impormasyon sa pagkuha ng iyong mga serbisyo ng Medicare kapag umalis ka sa aming plano sa chart sa **Seksyon C**.
- Tumawag sa Health Care Options sa **1-844-580-7272**, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-800-430-7077**.
- Kasama sa **Seksyon C** sa ibaba ang mga hakbang na maaari mong gawin upang magpatala sa ibang plano, na magwawakas din ng iyong membership sa aming plano.
- Maliban na lang kung umalis ka sa iyong county, magpapatuloy ang iyong membership sa Medi-Cal sa Kaiser Permanente.

---

## C. Paano kumuha ng mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal

Mayroon kang mga pagpipilian tungkol sa pagkuha ng iyong mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal kung pipiliin mong umalis sa aming plano.

### C1. Ang iyong mga serbisyo ng Medicare

Mayroon kang tatlong opsyon para sa pagkuha ng iyong mga serbisyo ng Medicare na nakalista sa ibaba. Sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga opsyong ito, awtomatiko mong winawakasan ang iyong membership sa aming plano.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

<p><b>1. Maaari kang lumipat sa:</b></p> <p><b>Ibang planong pangkalusugan ng Medicare</b></p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tumawag sa Medicare sa <b>1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)</b>, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa <b>1-877-486-2048</b>.</p> <p>Para sa mga tanong sa PACE, tumawag sa <b>1-855-921-PACE (7223)</b>.</p> <p>Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Tumawag sa Programa sa Pagpapayo at Suporta sa Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa <b>1-800-434-0222</b>, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa <b>711</b>. Para sa higit pang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bumisita sa <b><a href="https://www.aging.ca.gov/HICAP/">https://www.aging.ca.gov/HICAP/</a></b>.</li> </ul> <p><b>O</b></p> <p>Magpatala sa bagong plano ng Medicare.</p> <p>Awtomatiko kang maaalis sa pagkakatala sa aming plano ng Medicare kapag nagsimula na ang coverage ng iyong bagong plano. Maliban na lang kung umalis ka sa iyong county, magpapatuloy ang iyong membership sa Medi-Cal sa Health Plan of San Mateo.</p>
--	--



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

<p><b>2. Maaari kang lumipat sa:</b></p> <p><b>Original Medicare na may hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare</b></p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tumawag sa Medicare sa <b>1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)</b>, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa <b>1-877-486-2048</b>.</p> <p>Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Tumawag sa Programa sa Pagpapayo at Suporta sa Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa <b>1-800-434-0222</b>, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa <b>711</b>. Para sa higit pang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bumisita sa <b><a href="https://www.aging.ca.gov/HICAP/">https://www.aging.ca.gov/HICAP/</a></b>.</li> </ul> <p><b>O</b></p> <p>Magpatala sa bagong plano sa inireresetang gamot ng Medicare.</p> <p>Awtomatiko kang maaalis sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula na ang iyong coverage sa Original Medicare.</p> <p>Hindi magbabago ang iyong plano ng Medi-Cal.</p>
---	---



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

**3. Maaari kang lumipat sa:****Original Medicare na walang hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare**

**TANDAAN:** Kung lilipat ka sa Original Medicare at hindi ka magpapatala sa isang hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare, maaari kang ipatala ng Medicare sa isang plano sa gamot, maliban na lang kung sasabihin mo sa Medicare na hindi mo gustong sumali.

Dapat lang mong bitawan ang coverage sa inireresetang gamot kung mayroon kang coverage sa gamot mula sa ibang mapagkukunan, gaya ng employer o unyon. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung kailangan mo ng coverage sa gamot, tumawag sa Programa sa Pagpapayo at Suporta sa Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa **1-800-434-0222**, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bumisita sa <https://www.aging.ca.gov/HICAP/>.

**Narito ang dapat gawin:**

Tumawag sa Medicare sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-877-486-2048**.

Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon:

- Tumawag sa Programa sa Pagpapayo at Suporta sa Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa **1-800-434-0222**, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**. Para sa higit pang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bumisita sa <https://www.aging.ca.gov/HICAP/>.

Awtomatiko kang maaalis sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula na ang iyong coverage sa Original Medicare.

Hindi magbabago ang iyong plano ng Medi-Cal.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare).

---

## D. Paano makukuha ang iyong mga medikal na serbisyo at gamot hanggang sa magwakas ang iyong membership sa aming plano

Kung aalis ka sa aming plano, maaaring matagalan bago magwakas ang iyong membership at magsimula ang iyong bagong coverage sa Medicare at Medi-Cal. Sa panahong ito, patuloy kang makakatanggap ng iyong mga inireresetang gamot at pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng aming plano hanggang sa magsimula ang iyong bagong plano.

- Gamitin ang aming mga parmasyang nasa network kabilang ang sa pamamagitan ng aming mga serbisyo ng parmasya sa pag-order sa pamamagitan ng koreo upang mapapunuan ang iyong reseta.
- Kung naospital ka sa araw na nagwakas ang iyong membership sa **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo**, sasakupin ng aming plano ang iyong pamamalagi sa ospital hanggang sa makalabas ka.

---

## E. Iba pang sitwasyon kapag nagwakas na ang iyong membership sa aming plano

Ito ang mga sitwasyon kung kailan dapat na naming wakasan ang iyong membership sa aming plano:

- Kung mayroong pagitan sa iyong coverage sa Bahagi A at Bahagi B ng Medicare.
- Kung hindi ka na kwalipikado para sa Medi-Cal. Ang aming plano ay para lang sa mga taong kwalipikado para sa parehong Medicare at Medi-Cal. Kung hindi ka na kwalipikado para sa Medicaid, sasabihin namin sa iyo sa pamamagitan ng sulat na mayroon kang apat na buwang palugit na panahon upang maging kwalipikado ulit sa Medicaid bago mo kailanganing umalis sa **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo na Plano**. Bago ang pagwawakas ng iyong pagpapatala sa **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo na Plano**, makikipag-ugnayan kami sa iyo upang bigyan ka ng pagkakataong magpatala sa isa sa iba pa naming plano ng Senior Advantage. Ang mga benepisyo at gastos na mula sa sariling bulsa sa mga planong ito ay maaaring naiiba sa iyong mga benepisyo at gastos na mula sa sariling bulsa sa **Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Mateo na Plano**.
- Kung aalis ka sa aming sineserbisyuhang lugar.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Kung wala ka sa aming sineserbisyuhang lugar sa loob ng mahigit sa anim na buwan.
  - Kung lilipat ka o bibiyahe ka sa malayong lugar, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro upang alamin kung kasama sa sineserbisyuhang lugar ng aming plano ang lugar kung saan ka lilipat o bibiyahe.
- Kung makukulong ka dahil sa kriminal na pagkakasala.
- Kung nagsinungaling ka tungkol sa o hindi mo ibinigay ang impormasyon tungkol sa iba pang insurance na mayroon ka para sa mga inireresetang gamot.
- Kung hindi ka mamamayan ng United States o hindi legal ang pananatili mo sa United States.
  - Dapat ay mamamayan ka ng United States o legal ang pananatili mo sa United States upang maging miyembro ng aming plano.
  - Aabisuhan kami ng Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid kung hindi ka kwalipikadong manatiling miyembro batay dito.
  - Dapat ka naming alisin sa pagkakatala kung hindi mo natutugunan ang kinakailangang ito.

Kung ikaw ay nasa apat na buwang panahon ng aming plano kung saan itinuturing na patuloy ang pagiging kwalipikado, patuloy naming ibibigay ang lahat ng benepisyo ng Medicare na sakop ng Medicare Advantage plan. Gayunpaman, sa panahong ito, kakailanganin mong kumonsulta sa Medi-Cal upang alamin kung paano ang tungkol sa anumang bagay na sasakupin ng Medi-Cal para sa mga serbisyong hindi sakop ng aming plano pero sakop ng Medi-Cal. Gayundin, maaaring magbago ang pagbabahagi sa gastos para sa mga gamot sa Bahagi D at premium na babayaran mo sa amin. Maaaring tumaas sa panahong ito ang halagang babayaran mo para sa mga serbisyong sakop ng Medicare. Maaari ka lang naming paalisin sa aming plano para sa mga sumusunod na dahilan kung kukuha muna kami ng pahintulot mula sa Medicare at Medi-Cal:

- Kung sadya kang magbibigay sa amin ng maling impormasyon kapag nagpatala ka sa aming plano at nakakaapekto ang impormasyong iyon sa iyong pagiging kwalipikado sa aming plano.
- Kung patuloy kang kikilos sa paraang nakakaabala at pinahihirapan mo kaming makapagbigay ng medikal na pangangalaga para sa iyo at iba pang miyembro ng aming plano.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



- Kung ipapagamit mo sa iba ang iyong ID card sa plano upang makakuha ng medikal na pangangalaga. (Maaaring hilingin ng Medicare sa Inspector General na imbestigahan ang iyong kaso kung winakasan namin ang iyong membership para sa dahilang ito.)

---

## F. Mga panuntunan laban sa pagpapaalis sa iyo sa aming plano para sa anumang dahilang nauugnay sa kalusugan

Hindi namin ka maaaring paalisin sa aming plano para sa anumang dahilang nauugnay sa iyong kalusugan. Kung sa palagay mo ay pinaalis ka namin sa aming plano para sa dahilang nauugnay sa kalusugan, **tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-877-486-2048**. Maaari kang tumawag 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

---

## G. Ang iyong karapatang maghain ng reklamo kung winakasan namin ang iyong membership sa aming plano

Kung wawakasan namin ang iyong membership sa aming plano, dapat naming sabihin sa iyo sa pamamagitan ng sulat ang aming mga dahilan sa pagwawakas ng iyong membership. Dapat din naming ipaliwanag kung paano ka makakapaghain ng karaingan o makapagreklamo tungkol sa aming desisyon na wakasan ang iyong membership. Maaari ka ring sumangguni sa **Kabanata 9 ng Handbook ng Miyembro** na ito para sa impormasyon tungkol sa kung paano maghahain ng reklamo.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Kabanata 11: Mga legal na abiso

---

### Panimula

Kasama sa kabanatang ito ang mga legal na abisong nalalapat sa iyong membership sa aming plano. Makikita ang mahahalagang termino at mga kahulugan ng mga ito sa alpabetikong pagkakasunod-sunod sa huling kabanata ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

### Kabanata 11 Talaan ng Mga Nilalaman

A. Pagbibigay ng Handbook ng Miyembro na ito .....	338
B. Mga aplikasyon at pahayag.....	338
C. Pagtatalaga.....	338
D. Mga bayarin at gastusin sa abogado at tagapagtanggol.....	338
E. Pagkoordinang mga benepisyo.....	338
F. Responsibilidad ng employer.....	339
G. Handbook ng Miyembro na ipinatutupad sa mga miyembro .....	339
H. Responsibilidad ng ahensya ng pamahalaan.....	339
I. Hindi pagkakaroon ng pananagutan ng miyembro .....	339
J. Walang pagsusuko .....	340
K. Mga Abiso .....	340
L. Abiso tungkol sa mga batas.....	340
M. Abiso tungkol sa hindi pandiskrimina .....	340
N. Abiso tungkol sa Medicare bilang pangalawang payer at Medi-Cal bilang huling magagamit na payer.....	342
O. Pagbawi ng labis na bayad .....	343
P. Pananagutan ng third party .....	343
Q. U.S. Departamento ng Mga Veteran Affair .....	345



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

R. Mga benepisyo sa bayad-pinsala sa mga manggagawa (workers' compensation) o pananagutan ng employer .....	345
S. Surrogacy .....	345
T. Arbitrasyon na Pagpapasyahan ng Tagapamagitan .....	346



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

---

## A. Pagbibigay ng Handbook ng Miyembro na ito

Maaari kaming magpatupad ng mga makatuwirang patakaran, pamamaraan, at pagpapaliwanag upang maisulong ang maayos at episyenteng pagbibigay ng **Handbook ng Miyembrong** ito.

---

## B. Mga aplikasyon at pahayag

Dapat mong kumpletuhin ang anumang aplikasyon, form, o pahayag na hinihiling namin sa aming karaniwang proseso sa negosyo o gaya ng tinukoy sa **Handbook ng Miyembro** na ito.

---

## C. Pagtatalaga

Hindi mo maaaring italaga ang **Handbook ng Miyembro** na ito o ang alinman sa mga karapatan, interes, claim para sa perang dapat bayaran, benepisyo, o obligasyon sa ilalim nito nang walang paunang nakasulat na pahintulot namin.

---

## D. Mga bayarin at gastusin sa abogado at tagapagtanggol

Sa anumang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng miyembro at Planong Pangkalusugan, Medical Group, o Mga Ospital ng Kaiser Foundation, ang bawat partido ang magbabayad ng mga sarili nitong bayarin at gastusin, kabilang ang mga bayarin sa mga abogado, bayarin sa mga tagapagtanggol, at iba pang gastusin, maliban na lang kung may ibang iniaatas ang batas.

---

## E. Pagkoordinang mga benepisyo

Kung mayroon kang iba pang insurance, kinakailangan mong gamitin ang iba pa iyong coverage kasama ng iyong coverage bilang miyembro ng Senior Advantage Medicare Medi-Cal na Plano upang mabayaran ang pangangalagang matatanggap mo. Tinatawag itong "pagkoordinang mga benepisyo" dahil may kaugnay itong pagkoordinang lahat ng benepisyo sa kalusugan na magagamit mo. Makukuha mo ang iyong sakop na pangangalaga na gaya sa karaniwan mula sa mga provider na nasa network, at tutulong lang ang iba pang coverage na mabayaran ang pangangalagang matatanggap mo.

---



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung ang iba mo pang coverage ang pangunahing nagbabayad, madalas na direkta nitong babayaran ang bahagi nito sa amin, at wala kang kakailanganing gawin. Gayunpaman, kung direktang ipapadala sa iyo ng pangunahing payer ang bayad na dapat ibigay sa amin, kinakailangan mong ibigay sa amin ang pangunahing bayad na ito alinsunod sa batas ng Medicare. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pangunahing pagbabayad sa mga sitwasyong may pananagutan ang third party, basahin ang **Seksyon P** sa kabanatang ito, at para sa mga pangunahing pagbabayad sa mga sitwasyon ng bayad-pinsala sa mga manggagawa, tingnan ang **Seksyon R** sa kabanatang ito.

Dapat mong sabihin sa amin kung mayroon kang iba pang coverage sa pangangalagang pangkalusugan, at ipaalam sa amin kapag nagkaroon ng anumang pagbabago sa iyong karagdagang coverage.

---

## F. Responsibilidad ng employer

Para sa anumang serbisyo na iniaatas ng batas sa employer na ibigay, hindi namin babayaran ang employer, at kapag sinakop namin ang anumang naturang serbisyo, maaaring bawiin namin ang halaga ng mga serbisyo mula sa employer.

---

## G. Handbook ng Miyembro na ipinatutupad sa mga miyembro

Sa pamamagitan ng pagpili ng coverage o pagtanggap ng mga benepisyo sa ilalim ng **Handbook ng Miyembro** na ito, ang lahat ng miyembrong may legal na kakayang makipagkontrata, at ang mga legal na kinatawan ng lahat ng miyembrong walang kakayahang makipagkontrata, ay sumasang-ayon sa lahat ng probisyon ng **Handbook ng Miyembro** na ito.

---

## H. Responsibilidad ng ahensya ng pamahalaan

Para sa anumang serbisyo na iniaatas ng batas na ibigay lang ng o matanggap lang mula sa isang ahensya ng pamahalaan, hindi namin babayaran ang ahensya ng pamahalaan, at kapag sinakop namin ang anumang naturang serbisyo, maaaring bawiin namin ang halaga ng mga serbisyo mula sa ahensya ng pamahalaan.

---

## I. Hindi pagkakaroon ng pananagutan ng miyembro

Nakasaad sa aming mga kontrata sa mga provider ng network na wala kang pananagutan para sa anumang halagang dapat naming bayaran. Gayunpaman, ka ang magbabayad para sa gastusin ng mga hindi sakop na serbisyo na kukunin mo mula sa mga provider na nasa network o provider na wala sa network.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## J. Walang pagsusuko

Ang pagkabigo naming maipatupad ang anumang probisyon ng **Handbook ng Miyembro** na ito ay hindi mangangahulugan ng pagsusuko niyon o ng anupamang probisyon, o makakaapekto sa karapatan namin pagkatapos niyon na hilingin ang mahigpit na pagsunod mo sa anumang probisyon.

---

## K. Mga Abiso

Ipapadala ang aming mga abiso sa iyo sa pinakakamakailang address na mayroon kami. May responsibilidad kang abisuhan kami tungkol sa anumang pagbabago sa iyong address. Kung lilipat ka, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro (naka-print ang mga numero ng telepono sa likod ng booklet na ito) at sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) sa lalong madaling panahon upang iulat ang pagbabago ng iyong address.

---

## L. Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas ang nalalapat sa **Handbook ng Miyembro** na ito. Maaaring makaapekto ang mga batas na ito sa iyong mga karapatan at responsibilidad kahit na hindi kasama o ipinapaliwanag ang mga batas sa **Handbook ng Miyembro** na ito. Ang mga pangunahing batas na nalalapat ay ang mga pederal at pang-estadong batas tungkol sa mga programa ng Medicare at Medi-Cal. Maaari ring nalalapat din ang iba pang pederal at pang-estadong batas.

---

## M. Abiso tungkol sa hindi pandidiskrimina

Ang bawat kumpanya o ahensya na nakikipagtulungan sa Medicare at Medi-Cal ay dapat sumunod sa mga batas na nagpoprotekta sa iyo mula sa pandidiskrimina o hindi patas na pagtrato. Hindi kami nandidiskrimina o nagbibigay ng ibang pakikitungo sa iyo dahil sa iyong edad, karanasan sa mga claim, kulay, etnisidad, katunayan ng insurability, gender, genetic na impormasyon, heograpikong lokasyon sa loob ng sineserbisyuhang lugar, kalagayan ng kalusugan, medikal na kasaysayan, kapansanan ng isip o katawan, bansang pinagmulan, lahi, relihiyon, kasarian, o sekswal na oryentasyon. Dagdag dito, hindi kami labag sa batas na nandidiskrimina, nagsasantabi ng mga tao, o nagbibigay sa kanila ng ibang pakikitungo dahil sa pinagmulan ng angkan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, pagkakakilanlan ng kasarian, katayuan sa pag-aasawa, o medikal na kondisyon.

---



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Kung gusto mo ng higit pang impormasyon o mayroon kang mga alalahanin tungkol sa pandidiskrimina o hindi patas na pagtrato:

- Tumawag sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao sa **1-800-368-1019**. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-800-537-7697**. Maaari ka ring bumisita sa **[www.hhs.gov/ocr](http://www.hhs.gov/ocr)** para sa higit pang impormasyon.
- Tumawag sa Opisina para sa mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan sa **1-916-440-7370**. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711** (Telecommunications Relay Service).
  - Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).
  - Sagutan ang form sa pagrereklamo o magpadala ng sulat sa:

Deputy Director, Office of Civil Rights  
 Department of Health Care Services  
 Office of Civil Rights  
 P.O. Box 997413, MS 0009  
 Sacramento, CA 95899-7413

Makukuha ang mga form sa pagrereklamo sa:  
**[www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx)**

Kung naniniwala ka na nadiskrimina ka at gusto mong maghain ng karaingan sa pandidiskrimina, magagawa mo iyon sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban sa mga holiday na sarado)
- **Sa pamamagitan ng sulat:** Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro at hilinging magpadala ng form sa iyo
- **Sa personal na paraan:** Sagutan ang form sa Pagrereklamo o Claim/Kahilingan sa Benepisyo sa tanggapan ng mga serbisyo sa miyembro na matatagpuan sa Pasilidad ng Plano (pumunta sa iyong direktoryo ng provider sa **[kp.org/facilities](http://kp.org/facilities)** para sa mga address)
- **Online:** Gamitin ang online na form sa aming website sa **[kp.org](http://kp.org)**



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

- Maaari ka ring makipag-ugnayan nang direkta sa Mga Tagapagkoordinang Mga Karapatang Sibil ng Kaiser Permanente sa mga address sa ibaba:

**Attn: Kaiser Permanente Civil Rights Coordinator**

Member Relations Grievance Operations

P.O. Box 939001

San Diego CA 92193

Kung tungkol ang iyong karaingan sa pandiskrimina sa programa ng Medi-Cal, maaari ka ring maghain ng reklamo sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan, sa pamamagitan ng telepono, sulat, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-916-440-7370**. Kung hindi ka maayos na nakapagsalita o nakakarinig, mangyaring tumawag sa **711** (Telecommunications Relay Service).
- Sa pamamagitan ng sulat: Sagutan ang form sa pagrereklamo o magpadala ng sulat sa:

Deputy Director, Office of Civil Rights

Department of Health Care Services

Office of Civil Rights

P.O. Box 997413, MS 0009

Sacramento, CA 95899-7413

- Makakakuha ng mga form sa pagrereklamo sa **[dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](http://dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx)**.
- Sa elektronikong paraan: Magpadala ng email sa **CivilRights@dhcs.ca.gov**

Kung mayroon kang kapansanan at kailangan mo ng tulong sa pag-access ng mga serbisyo o provider ng pangangalagang pangkalusugan, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro. Kung mayroon kang reklamo, gaya ng problema sa pag-access ng wheelchair, makakatulong ang Mga Serbisyo sa Miyembro.

---

## **N. Abiso tungkol sa Medicare bilang pangalawang payer at Medi-Cal bilang huling magagamit na payer**

Kung minsan, dapat munang may isang tao na magbayad para sa mga serbisyong ibinibigay namin sa iyo. Halimbawa, kung naaksidente ka sa sasakyan o napinsala ka sa trabaho, ang insurance o Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa muna ang dapat na magbayad.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.



Mayroon kaming karapatan at responsibilidad na mangolekta para sa mga sakop na serbisyo ng Medicare kung saan hindi ang Medicare ang unang payer.

Sumusunod kami sa mga pederal at pang-estadong batas at regulasyon na nauugnay sa legal na pananagutan ng mga third party para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro. Ginagawa namin ang lahat ng makatuwirang hakbang upang matiyak na ang Medi-Cal ang huling magagamit na payer.

---

## O. Pagbawi ng labis na bayad

Maaari naming bawiin ang anumang labis na bayad na ibinigay namin para sa mga serbisyo mula sa sinumang nakatanggap ng naturang labis na bayad o mula sa sinumang tao o alinmang organisasyon na obligadong magbayad para sa mga serbisyo.

---

## P. Pananagutan ng third party

Karaniwan na ang mga third party na nagdulot sa iyo ng pinsala o karamdaman (at/o ang kanilang mga kumpanya ng insurance) ang dapat na magbayad muna bago ang Medicare o aming plano. Samakatuwid, may karapatan kaming habulin ang mga pangunahing pagbabayad na ito. Kung makakatanggap ka ng desisyon o bayad mula sa o sa ngalan ng isang third party na sinasabing nagdulot ng pinsala o karamdaman kung saan nauukol ang mga tinanggap mong sakop na serbisyo, dapat mong tiyakin na makakatanggap kami ng reimbursement para sa mga serbisyong iyon.

Tandaan: Ang seksyong ito na "Pananagutan ng third party" ay hindi nakakaapekto sa iyong obligasyon na magbayad ng mga bahagi sa gastusin para sa mga serbisyo.

Sa sukdulang pinahihintulutan o iniaatas ng batas, dapat na may pumalit sa amin para managot sa lahat ng claim, sanhi ng pagkilos, at iba pang karapatan na maaaring mayroon ka laban sa isang third party o insurer, programa sa pamahalaan, o iba pang mapagkukunan ng coverage para sa mga monetary damage, bayad-pinsala, o danyos para sa pinsala o karamdaman na sinasabing idinulot ng third party. May papalit sa amin na managot sa panahong ipinadala o inihatid namin ang nakasulat na abiso tungkol sa paggamit namin ng opsyong ito sa iyo o sa iyong abogado.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Upang matiyak ang aming mga karapatan, magkakaroon kami ng mga karapatan sa lien at reimbursement sa mga nalikom sa anumang desisyon o pakikipag-areglo na matatanggap mo o matatanggap namin mula sa isang third party na nagreresulta sa anumang nalikom o desisyon sa pakikipag-areglo, mula sa iba pang uri ng coverage na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa: pananagutan, hindi nakasegurong motorista, underinsured na motorista, personal umbrella, bayad-pinsala sa mga manggagawa, personal na pinsala, mga medikal na pagbabayad at lahat ng iba pang uri ng first party. Ang nalikom sa anumang desisyon o pakikipag-areglo na makukuha mo o makukuha namin ay ilalapat muna sa aming lien, kahit na gumaling o nabayaran ka na o hindi pa at kahit na mas mababa ang kabuuang halaga ng nalikom kaysa sa mga aktwal na pagkalugi at pinsalang natamo. Hindi namin kinakailangang magbayad ng mga bayarin o gastusin sa abogado sa sinumang abogado na kinuha mo upang maghabol ng iyong claim sa mga pinsala. Kung magre-reimburse ka sa amin nang walang kinakailangang legal na pagkilos, papayagan namin ang diskwento sa gastusin sa procurement. Kung kailangan naming magsagawa ng legal na pagkilos upang maipatupad ang interes nito, hindi magkakaroon ng diskwento sa procurement.

Sa loob ng 30 araw pagkatapos ng pagsusumite o paghahain ng claim o legal na pagkilos laban sa third party, dapat kang magpadala ng nakasulat na abiso tungkol sa claim o legal na pagkilos sa:

Equian  
Subrogation Mailbox  
P.O. Box 36380  
Louisville, KY 40233  
Fax: **1-502-214-1137**

Upang mapagpasyahan namin ang pagkakaroon ng anumang karapatang maaaring mayroon kami at upang maisakatuparan ang mga karapatan na iyon, dapat mong sagutan at ipadala ang lahat ng pahintulot, pagpapalabas, awtorisasyon, pagtatalaga, at iba pang dokumento, kabilang ang mga uri ng lien na nag-aatas sa iyong abogado, third party, at insurer sa pananagutan ng third party na direktang magbayad sa amin. Maaari kang hindi sumang-ayon na isuko, ilabas, o bawasan ang aming mga karapatan alinsunod sa probisyong ito nang wala ang aming paunang nakasulat na pahintulot.

Kung ipaglalaman ng iyong estate, magulang, tagapag-alaga, o conservator ang isang claim laban sa isang third party batay sa iyong pinsala o karamdaman, mapapailalim ang iyong estate, magulang, tagapag-alaga, o conservator at ang anumang pakikipag-areglo o desisyong nakuha ng estate, magulang, tagapag-alaga, o conservator sa aming mga lien at iba pang karapatan, sa parehong limitasyon kung ka ang naghain ng claim laban sa third party. Maaari naming italaga ang aming mga karapatan upang maisakatuparan ang aming mga lien at iba pang karapatan.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

---

## Q. U.S. Departamento ng Mga Veteran Affair

Para sa anumang serbisyo dahil sa mga kondisyong resulta ng serbisyo sa militar na iniaatas ng batas na ibigay ng Departamento ng Mga Veteran Affair, hindi namin babayaran ang Departamento ng Mga Veteran Affair, at kapag sinakop namin ang alinmang naturang serbisyo, maaari naming singilin ang halaga ng mga serbisyo mula sa Departamento ng Mga Veteran Affair.

---

## R. Mga benepisyo sa bayad-pinsala sa mga manggagawa (workers' compensation) o pananagutan ng employer

Karaniwan na ang bayad-pinsala sa manggagawa muna ang dapat na magbayad bago ang Medicare o ang aming plano. Samakatuwid, may karapatan kaming maghabol ng mga pangunahing pagbabayad sa ilalim ng batas sa bayad-pinsala sa mga manggagawa o pananagutan ng employer. Maaari kang maging kwalipikado sa mga bayad o iba pang benepisyo, kabilang ang mga halagang natanggap bilang pakikipag-areglo (na sama-samang tinutukoy bilang “Pinansyal na Benepisyo”), sa ilalim ng batas sa bayad-pinsala sa mga manggagawa o pananagutan ng employer. Magbibigay kami ng mga sakop na serbisyo kahit na hindi malinaw kung karapat-dapat ka sa isang Pinansyal na Benepisyo, pero maaaring singilin namin ang halaga ng anumang sakop na serbisyo mula sa mga sumusunod na mapagkukunan:

- Mula sa anumang mapagkukunan na nagbibigay ng Pinansyal na Benepisyo o mula sa isang tao na dapat magbayad ng Pinansyal na Benepisyo.
- Mula sa iyo, hanggang sa limitasyon na ang isang Pinansyal na Benepisyo ay ibinibigay o dapat bayaran o kinailangang ibigay o dapat bayaran kung ganap mong ninais na gamitin ang iyong mga karapatan sa Pinansyal na Benepisyo alinsunod sa anumang batas sa bayad-pinsala sa manggagawa o pananagutan ng employer.

---

## S. Surrogacy

Sa mga sitwasyon kung saan makakatanggap ang isang miyembro ng perang kabayaran upang maging isang surrogate, maningingil ang aming plano ng lahat ng Singil sa Plano para sa mga sakop na serbisyong matatanggap ng miyembro na nauugnay sa pagbubuo, pagbubuntis at/o panganganak sa bata. Ang isang kasunduan sa surrogacy ay kasunduan kung saan ang isang babae ay sumasang-ayon na mabuntis at ibigay ang sanggol sa ibang tao o mga tao na naglalayong palakihin ang bata.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## T. Arbitrasyon na Pagpapasyahan ng Tagapamagitan

Ang sumusunod na paglalarawan ng arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan ay nalalapat sa mga sumusunod na miyembro:

- Lahat ng miyembrong nakatala sa Kaiser Permanente Senior Advantage Individual Plan na mayroong petsa ng pagkakaroon ng bisa bago ang Enero 1, 2008; at
- Lahat ng miyembrong nakatala sa Kaiser Permanente Senior Advantage Individual Plan na may petsa ng pagsisimula na Enero 1, 2008 o pagkatapos nito na hindi hayagang nag-opt out sa proseso ng arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng kanyang Senior Advantage

Para sa lahat ng claim na napapailalim sa seksyong "May Bisang Arbitrasyon" na ito, isusuko ng Mga Claimant at Respondent ang karapatan para sa isang paglilitis sa harap ng hurado o hukuman at tatanggapin ang paggamit ng may bisang arbitrasyon. Hangga't nalalapat ang seksyong "Arbitrasyon na Pagpapasyahan ng Tagapamagitan" na ito sa mga claim na iginigiit ng Mga Partido ng Kaiser Permanente, malalapat ito sa retroactive na paraan sa lahat ng hindi pa nalulutas na claim na naihain bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng **Handbook ng Miyembro** na ito. Ang pagkakalapat sa retroactive na paraan ay magkakaroon lang ng bisa sa Mga Partido ng Kaiser Permanente.

### Saklaw ng arbitrasyon

Isusumite ang anumang hindi pagkakaunawaan sa may arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na kinakailangan:

- Ang claim ay resulta ng o nauugnay sa pinaparatang na paglabag sa anumang insidente sa tungkulin sa o resulta ng o nauugnay sa **Handbook ng Miyembro** na ito o sa kaugnayan ng Partido ng miyembro sa Kaiser Foundation Health Plan, Inc. (Planong Pangkalusugan), kabilang ang anumang claim para sa malpractice sa paggamot o sa ospital (isang claim na ang medikal na serbisyo o item ay hindi kinakailangan o hindi awtorisado o hindi wasto, may pagpapabaya, o hindi mahusay na naibigay), pananagutan sa lugar, o nauugnay sa coverage ng, o paghahatid ng, mga serbisyo o item, nang walang pagsasaalang-alang sa mga legal na teorya kung saan itinataguyod ang claim.
- Ang claim ay iginigiit ng isa o higit pang Partido ng miyembro laban sa isa o higit pang Partido ng Kaiser Permanente o ng isa o higit pang Partido ng Kaiser Permanente laban sa isa o higit pang Partido ng miyembro.
- Hindi pinagbabawalan ng umiiral na batas ang paggamit ng may arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan upang malutas ang claim.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

Samakatuwid, isinusuko ng mga miyembrong nakatala sa **Handbook ng Miyembro** na ito ang kanilang karapatan sa isang paglilitis sa harap ng hukuman o jury, at sa halip ay tinatanggap nila ang paggamit ng arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan. Gayunpaman, ang mga sumusunod na uri ng mga claim ay hindi napapailalim sa arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan:

- Mga claim na nasa hurisdiksyon ng Small Claims Court.
- Mga claim na napapailalim sa pamamaraan sa pag-apela ng Medicare ayon sa nalalapat sa Mga Miyembro ng Kaiser Permanente Senior Advantage Medicare Medi-Cal na Plano (tingnan ang **Kabanata 9** para sa impormasyon sa apela ng Medicare).
- Mga claim na hindi maaaring mapailalim sa arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan alinsunod sa umiiral na batas.

Ayon sa tinutukoy sa seksyong "Arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan" na ito, kabilang sa "Mga Partido ng miyembro" ang:

- Isang miyembro.
- Tagapagmana, kamag-anak, o personal na kinatawan ng miyembro.
- Sinumang indibidwal na naghain ng claim na ang isang tungkulin sa kanya ay mula sa kaugnayan ng miyembro sa isa o higit pang Partido ng Kaiser Permanente.

Kabilang sa "Mga Partido ng Kaiser Permanente" ang:

- Kaiser Foundation Health Plan, Inc.
- Mga Kaiser Foundation Hospital.
- The Permanente Medical Group, Inc.
- Southern California Permanente Medical Group.
- The Permanente Federation, LLC.
- The Permanente Company, LLC.
- Sinumang doktor sa Southern California Permanente Medical Group o Permanente Medical Group.
- Sinumang indibidwal o anumang organisasyon na ang kontrata sa alinman sa mga organisasyong tinukoy sa itaas ay nangangailangan ng arbitrasyon ng mga claim na inihain ng isa o higit pang Partido ng miyembro.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

- Sinumang empleyado o ahente ng alinman sa nabanggit.

Tumutukoy ang "claimant" sa isang Partido ng miyembro o isang Partido ng Kaiser Permanente na naggigiit ng isang claim na gaya ng inilalarawan sa itaas. Tumutukoy ang "respondent" sa isang Partido ng miyembro o isang Partido ng Kaiser Permanente kung kanino iginigiit ang claim.

### **Mga Panuntunan ng Pamamaraan**

sasagawa ang mga arbitrasyon alinsunod sa **Mga Panuntunan para sa Mga Arbitrasyon para sa Miyembro ng Kaiser Permanente na Pinapangasiwaan ng Office of the Independent Administrator** ("Mga Panuntunan ng Pamamaraan") na binuo ng Office of the Independent Administrator nang may pagkonsulta sa Kaiser Permanente at Arbitration Oversight Board. Maaaring makakuha ng mga kopya ng Mga Panuntunan ng Pamamaraan mula sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro.

### **Pagpapasimula ng arbitrasyon**

Dapat pasimulan ng mga claimant ang arbitrasyon sa pamamagitan ng paghahain ng Pangangailangan para sa Arbitrasyon. Dapat kasama sa Pangangailangan para sa Arbitrasyon ang batayan ng claim laban sa Mga Respondent; ang halaga ng bayad-pinsala na hinihingi ng Claimant sa arbitrasyon; mga pangalan, address, at numero ng telepono ng Mga Claimant at kanilang abogado, kung mayroon; at ang mga pangalan ng lahat ng Mga Respondent. Dapat isama ng Mga Claimant sa Pangangailangan para sa Arbitrasyon ang lahat ng claim laban sa Mga Respondent na nakabatay sa parehong insidente, transaksyon, o nauugnay na sitwasyon.

### **Paghahain ng Pangangailangan para sa Arbitrasyon**

Dapat padalhan ang Planong Pangkalusugan, Kaiser Foundation Hospitals, KP Cal, LLC, Permanente Medical Group, Inc., Southern California Permanente Medical Group, Permanente Federation, LLC, at Permanente Company, LLC, ng Pangangailangan para sa Arbitrasyon sa pamamagitan ng pagpapadala ng Pangangailan para sa Arbitrasyon na naka-address sa Respondent na iyon sa ngalan ng:

Kaiser Foundation Health Plan, Inc.  
Legal Department  
1950 Franklin Street, 17th floor  
Oakland, CA 94612

Ituturing na tapos na ang Serbisyo para sa Respondent na iyon kapag natanggap ito. Ang lahat ng iba pang Respondent, kabilang ang mga indibidwal, ay dapat mapadalhan nito ayon sa iniaatas ng California Code of Civil Procedure para sa isang sibil na pagkilos.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

## Bayarin sa paghahain

Magbabayad ang Mga Claimant ng isahan at hindi nare-refund na singil sa paghahain na nagkakahalaga ng \$150 kada arbitrasyon. Maaari itong bayaran sa "Arbitration Account" nang hindi isinasaalang-alang ang bilang ng mga claim na iginigiit sa Pangangailangan para sa Arbitrasyon o ang bilang ng Mga Claimant o Respondent na pinangalanan sa Pangangailangan para sa Arbitrasyon.

Ang sinumang Claimant na nagsasabing nakakaranas ng matinding kahirapan ay maaaring humiling na alisin ng Office of the Independent Administrator ang singil sa paghahain at ang mga bayarin at gastos para sa neutral arbitrator. Ang isang Claimant na humihingi ng mga naturang waiver ay dapat magkumpleto ng Form para sa Pag-aalis ng Bayarin at magsumite nito sa Office of the Independent Administrator at kasabay itong ibigay sa Mga Respondent. Nakasaad sa Form sa Pag-aalis ng Bayarin ang mga pamantayan sa pag-aalis ng mga bayarin at available ito sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

## Bilang ng mga arbitrator

Maaaring makaapekto ang bilang ng mga arbitrator sa responsibilidad ng Mga Claimant sa pagbabayad sa mga bayarin at gastos para sa neutral arbitrator (tingnan ang Mga Panuntunan ng Pamamaraan).

Kung humihingi ang Pangangailangan para sa Arbitrasyon ng kabuuang bayad-pinsala na nagkakahalaga ng \$200,000 o mas mababa, diringgin at pagpapasyahan ang hindi pagkakaunawaan ng iisang neutral arbitrator, maliban kung hindi sasang-ayon ang mga partido sa pamamagitan ng pagsulat pagkatapos magkaroon ng hindi pagkakaunawaan at naisumite ang isang kahilingan para sa may bisang arbitrasyon na dapat dinggin ang arbitrasyon ng dalawang party arbitrator at isang neutral arbitrator. Walang awtoridad ang neutral arbitrator na magbigay ng salaping bayad-pinsala na mas malaki sa \$200,000.

Kung humihingi ang Pangangailangan para sa Arbitrasyon ng kabuuang bayad-pinsala na mahigit sa \$200,000, ang hindi pagkakaunawaan ay diringgin at pagpapasyahan ng isang neutral arbitrator at dalawang party arbitrator, kung saan ang isa ay pinagkasunduang itinatalaga ng lahat ng Claimant at ang isa pa ay pinagkasunduang itinatalaga ng lahat ng Respondent. Ang mga partidong may karapatang pumili ng party arbitrator ay maaaring sumang-ayon na iurong ang karapatang ito. Kung sasang-ayon ang lahat ng partido, diringgin ang mga arbitrasyong ito ng iisang neutral arbitrator.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

## **Pagbabayad ng mga bayarin at gastos para sa mga arbitrator**

Babayaran ng Planong Pangkalusugan ang mga bayarin at gastos ng neutral arbitrator alinsunod sa ilang partikular na kondisyon ayon sa itinalaga ng Mga Panuntunan ng Pamamaraan. Sa lahat ng iba pang arbitrasyon, ang mga bayarin at gastos ng neutral arbitrator ay dapat bayaran ng tig-kalahati ng Mga Claimant at ng Mga Respondent.

Kung pipiliin ng mga partido ang pagkakaroon ng mga party arbitrator, ang Mga Claimant ang may pananagutan sa pagbabayad ng mga bayarin at gastos para sa kanilang party arbitrator at ang Mga Respondent ang may pananagutan sa pagbabayad ng mga bayarin at gastos para sa kanilang party arbitrator.

### **Mga Gastos**

Maliban sa mga nabanggit na bayarin at gastos para sa neutral arbitrator, at maliban kung inuutos ng mga batas na nalalapat sa mga arbitrasyon alinsunod sa seksyong "Arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan" na ito, sasagutin ng bawat partido ang sariling mga bayarin sa abogado, bayarin sa saksi at iba pang gastos ng partido na magreresulta sa pag-uusig o pagtatanggol laban sa isang claim anuman ang uri ng claim o resulta ng arbitrasyon.

### **Mga pangkalahatang probisyon**

luurong ang isang claim at ganap nang mawawalan ng bisa kung (1) sa petsa na inihain ang Pangangailangan para sa Arbitrasyon ng claim ay mawawalan ng bisa ang claim, kung iginiit sa isang sibil na pagkilos, ayon sa pinaghainang Respondent batay sa naaangkop na batas sa mga limitasyon, (2) hindi magagawa ng Mga Claimant na mahabol ang claim sa arbitrasyon alinsunod sa Mga Panuntunan ng Pamamaraan nang may makatuwirang pagsisikap, o (3) hindi masisimulan ang pagdinig sa arbitrasyon sa loob ng limang taon pagkatapos ng mas maagang (a) petsa ng paghahain sa Pangangailangan para sa Arbitrasyon alinsunod sa mga pamamaraang iniaatas dito, o (b) sa petsa ng paghahain ng sibil na pagkilos batay sa parehong insidente, transaksyon, o nauugnay na sitwasyong may kinalaman sa claim. Maaaring mapawalang-bisa ang isang claim dahil sa ibang pamantayan sa pamamagitan ng neutral arbitrator batay pagpapakita ng mabuting layunin. Kung hindi magagawa ng partido na dumalo sa pagdinig sa arbitrasyon pagkatapos mabigyan ng usapin kahit na wala ang naturang partido.



**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.



Ang Batas sa Pagbabago sa Kabayaran sa Medikal na Pinsala sa California ng 1975 (California Medical Injury Compensation Reform Act of 1975) (kabilang ang anumang pagbabago rito), kabilang ang mga seksyong bumubuo sa karapatang magpakita ng ebidensya hinggil sa anumang bayad sa benepisyo sa insurance o kapansanan sa pasyente, limitasyon sa pagbawi para sa mga pagkaluging hindi nauugnay sa kabuhayan, at karapatan na mabayaran para sa mga pinsala sa hinaharap na ibibigay sa panapahong pagbabayad, ay malalapat sa anumang claim para sa propesyonal na kapabayaang o anupamang claim ayon sa pinapahintulutan o iniaatas ng batas.

Ang mga arbitrasyon ay mapapailalim sa seksyong "Arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan" na ito, Seksyon 2 ng Federal Arbitration Act, at mga probisyon ng Kodigo ng Sibil na Pamamaraan ng California na nauugnay sa arbitrasyon na may bisa kung kailan nilapat ang batas, kasama ng Mga Panuntunan ng Pamamaraan, hanggang sa limitasyong hindi na nauugnay sa seksyong "Arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan" na ito. Alinsunod sa panuntunang nalalapat sa ilalim ng Seksyon 3 at Seksyon 4 ng Pederal na Batas sa Arbitrasyon (Federal Arbitration Act), ang karapatan sa arbitrasyon sa ilalim ng seksyong "Arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan" na ito ay hindi dapat tanggihan, panatilihin, o kung hindi naman ay hadlangan dahil ang isang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng isang Partido ng miyembro at isang Partido ng Kaiser Permanente ay nauugnay sa maaaring malutas o hindi malulutas na claim o dahil ang isa o higit pang partido sa arbitrasyon ay partido rin sa isang nakabimbin na pagkilos ng hukuman kasama ng ikatlong partido na resulta ng iisa o nauugnay na transaksyon at nagpapakita ng posibilidad ng pagkakaroon ng problema sa kautusan o kapasyahan.



---

**Kung may mga tanong ka**, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

## Kabanata 12: Mga kahulugan ng mahahalagang salita

---

### Panimula

Kasama sa kabanatang ito ang mahahalagang termino na ginamit sa buong **Handbook ng Miyembro** na ito kasama ang mga kahulugan ng mga ito. Nakalista ang mga termino sa alpabetikong pagkakasunod-sunod. Kung hindi mo mahanap ang isang termino o kung kailangan mo ng higit pang impormasyon bukod sa kasamang kahulugan, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

**Mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay (ADL):** Ang mga bagay na ginagawa ng mga tao sa karaniwang araw, gaya ng pagkain, paggamit ng banyo, pagbibihis, pagligo, o pagsesepilyo.

**Ambulatory surgical center:** Isang pasilidad na nagbibigay ng pang-outpatient na operasyon sa mga pasyente na hindi nangangailangan ng pangangalaga sa ospital at hindi inaasahan na mangangailangan ng mahigit sa 24 na oras ng pangangalaga.

**Apela:** Isang paraan upang makuwestyon mo ang aming pagkilos kung sa palagay mo ay nagkamali kami. Maaari mong hilingin sa amin na baguhin ang isang desisyon sa coverage sa pamamagitan ng paghahain ng apela. **Ipinapaliwanag sa Kabanata 9 ng Handbook ng Miyembro** na ito ang mga apela, kabilang ang paraan kung paano maghain ng apela.

**Kalusugan ng Pag-uugali:** Isang all-inclusive na termino na tumutukoy sa kalusugan ng isip at mga disorder sa pag-abuso sa substance.

**Branded na gamot:** Isang inireresetang gamot na ginagawa at ibinebenta ng kumpanyang orihinal na gumawa ng gamot. Ang mga branded na gamot ay may mga sangkap na gaya sa mga generic na bersyon ng mga gamot. Ang mga generic na gamot ay karaniwang ginagawa at ibinebenta ng iba pang kumpanya ng gamot.

**Tagapagkoordinang pangangalaga:** Isang pangunahing tao na nakikipagtulungan sa iyo, sa planong pangkalusugan, at sa iyong mga provider ng pangangalaga upang matiyak na natatanggap mo ang pangangalagang kailangan mo.

**Plano sa pangangalaga:** Tingnan ang “Pang-indibidwal na Plano sa Pangangalaga.”

**Mga Opsyonal na Serbisyo ng Plano sa Pangangalaga (CPO Services):** Mga karagdagang serbisyo na opsyonal sa ilalim ng iyong Pang-indibidwal na Plano sa Pangangalaga (ICP). Hindi nilalayon ng mga serbisyong ito na palitan ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta na may pahintulot kang kunin sa ilalim ng Medi-Cal.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare**.

**Pangkat sa pangangalaga:** Tingnan ang “Pangkat sa Interdisciplinary na Pangangalaga.”

**Yugto ng catastrophic na coverage:** Ang yugto sa benepisyo sa gamot sa Bahagi D kung binabayaran ng aming plano ang lahat ng gastusin sa iyong mga gamot hanggang sa katapusan ng taon. Magsisimula ka sa yugtong ito kapag naabot na mo ang \$7,400 na limitasyon para sa iyong mga inireresetang gamot.

**Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid (CMS):** Ang pederal na ahensyang nangangasiwa sa Medicare. Ipinapaliwanag sa Kabanata 2 ng Handbook ng Miyembro na ito kung paano makikipag-ugnayan sa CMS.

**Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (CBAS):** Pang-outpatient na programa ng serbisyo sa pasilidad na naghahatid ng sanay na pag-aalaga, mga serbisyong panlipunan, occupational therapy at speech therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya/caregiver, mga serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo sa mga kwalipikadong miyembrong nakatutugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado.

**Reklamo:** Isang nakasulat o berbal na pahayag na nagsasabing may problema o alalahanin ka tungkol sa iyong mga sakop na serbisyo o pangangalaga. Kabilang dito ang anumang alalahanin tungkol sa kalidad ng serbisyo, kalidad ng iyong pangangalaga, aming mga provider na nasa network, o aming mga parmasyang nasa network. Ang pormal na katawagan para sa “paghahain ng reklamo” ay “paghahain ng karaingan.”

**Pasilidad sa kumprehensibong rehabilitasyon ng outpatient (CORF):** Isang pasilidad na pangunahing nagbibigay ng mga serbisyo ng rehabilitasyon pagkatapos ng pagkakasakit, aksidente, o malaking operasyon. Nagbibigay ito ng iba't ibang serbisyo, kabilang ang physical therapy, mga serbisyong panlipunan o sikolohikal, respiratory therapy, occupational therapy, speech therapy, at mga serbisyo sa pagsusuri sa kapaligiran sa bahay.

**Copay:** Isang fixed na halagang binabayaran mo bilang iyong bahagi sa gastos sa bawat pagkakataong kukuha ka ng mga partikular na serbisyo o inireresetang gamot. Halimbawa, maaaring magbayad ka ng \$2 o \$5 para sa isang serbisyo o inireresetang gamot.

**Pagbabahagi sa gastos:** Mga halagang kailangan mong bayaran kapag kumukuha ka ng mga partikular na serbisyo o inireresetang gamot. Kabilang sa mga pagbabahagi sa gastos ang mga copay.

**Desisyon sa coverage:** Isang desisyon tungkol sa kung anong mga benepisyo ang sasakupin namin. Kabilang dito ang mga desisyon tungkol sa mga sakop na gamot at serbisyo o ang halagang babayaran namin para sa iyong mga serbisyo sa kalusugan.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare**.

**Ipinapaliwanag sa Kabanata 9 ng Handbook ng Miyembro** na ito kung paano hihiling sa amin ng desisyon sa coverage.

**Mga sakop na gamot:** Ang terminong ginagamit namin para tukuyin ang lahat ng inireresetang gamot at gamot na hindi kailangan ng reseta (OTC) na sinasakop ng aming plano.

**Mga sakop na serbisyo:** Ang pangkalahatang terminong ginagamit namin para tukuyin ang lahat ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan, pangmatagalang serbisyo at suporta, supply, inireresetang gamot at gamot na hindi kailangan ng reseta, kagamitan, at iba pang serbisyo na sinasakop ng aming plano.

**Pagsasanay sa kaalaman sa kultura:** Pagsasanay na nagbibigay ng karagdagang tagubilin para sa aming mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa kanilang mas maunawaan ang iyong pinagmulan, mga pagpapahalaga, at mga paniniwala upang maiangkop ang mga serbisyo sa pagtugon sa iyong mga pangangailangang panlipunan, pangkultura, at pangwika.

**Department of Health Care Services (DHCS):** Ang departamento ng estado sa California na nangangasiwa sa Programa ng Medicaid (tinatawag na Medi-Cal).

**Department of Managed Health Care (DMHC):** Ang departamento ng estado sa California na responsable sa pangangasiwa ng mga planong pangkalusugan. Tinutulungan ng DMHC ang mga tao sa mga apela at reklamo tungkol sa mga serbisyo ng Medi-Cal. Nagsasagawa rin ang DMHC ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR).

**Pag-alis sa pagkakatala:** Ang proseso ng pagwawakas ng iyong membership sa aming plano. Maaaring kusang-loob ang pag-alis sa pagkakatala (sarili mong desisyon) o hindi kusang-loob (hindi mo sariling desisyon).

**Dual eligible special needs plan (D-SNP):** Planong pangkalusugan na nagseserbisyo sa mga indibidwal na kwalipikado para sa parehong Medicare at Medi-Cal. Ang aming plano ay isang D-SNP.

**Matibay na kagamitang pangmedikal (DME):** Ilang partikular na item na ino-order ng iyong doktor para gamitin sa sarili mong bahay. Ang mga halimbawa ng mga item na ito ay mga wheelchair, saklay, powered mattress system, supply para sa diabetic, higaan sa ospital na hiniling ng provider para gamitin sa bahay, mga intravenous (IV) infusion pump, speech generating device, oxygen equipment at supply, nebulizer, at walker.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**.

**Emergency:** Isang medikal na emergency kapag ikaw, o ang sinumang may karaniwang kaalaman sa kalusugan at gamot, ay naniniwalang mayroon kang mga medikal na sintomas na nangangailangan ng agarang medikal na atensyon upang mapigilan ang pagkamatay, pagkawala ng bahagi ng katawan, o pagkawala ng o seryosong problema sa isang function ng katawan. Maaaring maging seryosong pinsala o matinding pananakit ang mga medikal na sintomas.

**Pangangalagang pang-emergency:** Mga sakop na serbisyong ibinibigay ng provider na sinanay na magbigay ng mga serbisyong pang-emergency at kinakailangan upang gamutin ang isang medikal na emergency o emergency sa kalusugan ng pag-uugali.

**Pagbubukod:** Pahintulot na makakuha ng coverage para sa isang gamot na hindi karaniwang sakop o magamit ang gamot nang walang partikular na panuntunan at limitasyon.

**Karagdagang Tulong:** Programa ng Medicare na tumutulong sa mga taong may mga limitadong kita at mapagkukunan para mabawasan ang mga gastusin sa inireresetang gamot sa Bahagi D ng Medicare, gaya ng mga premium, naibabawas, at copay. Ang Karagdagang Tulong ay tinatawag ding “Subsidiya para sa May Mababang Kita,” o “LIS.”

**Generic na gamot:** Isang inireresetang gamot na inaprubahan ng pederal na pamahalaan na gamitin kapalit ng isang branded na gamot. Ang generic na gamot ay may mga sangkap na gaya sa branded na gamot. Ito ay karaniwang mas mura at tumatalab na gaya din ng branded na gamot.

**Karaingan:** Isang reklamo na ginagawa mo tungkol sa amin o sa isa sa aming mga provider o parmasyang nasa network. Kabilang dito ang reklamo tungkol sa kalidad ng iyong pangangalaga o kalidad ng serbisyong ibinibigay ng iyong planong pangkalusugan.

**Programang Pagpapayo at Suporta sa Insurance sa Kalusugan (HICAP):** Isang programang nagbibigay ng libre at batay sa katotohang impormasyon at payo tungkol sa Medicare. **Ipinapaliwanag sa Kabanata 2 ng Handbook ng Miyembro** na ito kung paano makikipag-ugnayan sa HICAP.

**Planong pangkalusugan:** Isang organisasyong binubuo ng mga doktor, ospital, parmasya, provider ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta, at iba pang provider. Mayroon din itong mga tagapagkoordinang pangangalaga na tutulong sa iyong pamahalaan ang lahat ng iyong provider at serbisyo. Sama-sama silang lahat na nagtatrabaho upang maibigay ang pangangalagang kailangan mo.

**Pagtatasa sa panganib sa kalusugan:** Isang pagsusuri ng iyong medikal na kasaysayan at kasalukuyang kondisyon. Ginagamit ito upang malaman ang tungkol sa iyong kalusugan at paano ito maaaring magbago sa hinaharap.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare**.

**Home health aide:** Isang taong nagbibigay ng mga serbisyong hindi nangangailangan ng kasanayan ng isang lisensyadong nars o therapist, gaya ng tulong sa personal na pangangalaga (tulad ng pagligo, paggamit ng banyo, pagbibihis, o pagsasagawa ng mga ipinayong ehersisyo). Ang mga home health aide ay walang lisensya sa pag-aalaga o hindi nagbibigay ng therapy.

**Hospice:** Isang programa ng pangangalaga at suporta para matulungan ang mga taong may terminal na prognosis na mamuhay nang kumportable. Ang terminal na prognosis ay nangangahulugan na mayroong sakit na walang lunas ang isang tao at inaasahan na lang siyang mabuhay nang anim na buwan o mas maikli pa rito.

Ang isang nagpatala na mayroong terminal na prognosis ay may karapatang pumili ng hospice.

Isang espesyal na sinanay na pangkat ng mga propesyonal at caregiver ang magbibigay ng pangangalaga para sa tao sa kabuuan, kabilang ang mga pisikal, emosyonal, panlipunan, at ispirituwal na pangangailangan.

Kinakailangan naming magbigay sa iyo ng listahan ng mga provider ng hospice sa iyong heograpikong lugar.

**Hindi wasto/hindi naaangkop na pagsingil:** Isang sitwasyon kapag sinisingil ka ng isang provider (gaya ng doktor o ospital) nang mahigit sa halaga ng aming bahagi sa gastos para sa mga serbisyo. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro kung makatanggap ka ng anumang bill na hindi mo nauunawaan.

Bilang isang miyembro ng plano, magbabayad ka lang ng mga halaga ng bahagi sa gastos ng aming plano kapag tumanggap ka ng mga serbisyo na sakop namin. Hindi namin pinapayagan ang mga provider na singilin ka nang mahigit sa halagang ito.

**Hiwalay na Pagsusuring Medikal (IMR):** Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan para sa mga medikal na serbisyo o paggamot, maaari kang maghain ng apela. Kung hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon at tungkol ang iyong problema sa isang serbisyo ng Medi-Cal, kabilang ang mga DME na supply at gamot, maaari kang humiling ng IMR sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ang IMR ay isang pagsusuri ng iyong kaso ng mga doktor na hindi bahagi ng aming plano. Kung pabor sa iyo ang desisyon sa IMR, dapat naming ibigay sa iyo ang serbisyo o paggamot na hinihiling mo. Wala kang babayaran para sa isang IMR.

**Pang-indibidwal na Plano sa Pangangalaga (ICP o Plano sa Pangangalaga):** Isang plano para sa kung anong mga serbisyo ang makukuha mo at paano mo makukuha ang mga ito. Maaaring kabilang sa iyong plano ang mga medikal na serbisyo, serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, at pangmatagalang serbisyo at suporta.



**Kung may mga tanong ka,** pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa **kp.org/medicare**.

**Yugto ng unang coverage:** Ang yugto bago umabot ang iyong kabuuang gastusin sa gamot sa Bahagi D sa \$4,660. Kabilang dito ang mga halagang binabayaran mo, ano ang babayaran ng aming plano sa ngalan mo, at subsidiya para sa may mababang kita. Magsisimula ka sa yugtong ito sa oras na kunin mo ang iyong unang reseta ng taon. Sa yugtong ito, binabayaran namin ang porsyon ng halaga ng iyong mga gamot, at babayaran mo ang porsyon mo.

**Inpatient:** Ang terminong ginagamit kapag pormal kang naka-admit sa ospital para sa mga may kasanayang medikal na serbisyo. Kung hindi ka pormal na naka-admit, maaari ka pa ring ituring na isang outpatient sa halip na inpatient kahit na mamalagi ka nang magdamag.

**Interdisciplinary na Pangkat sa Pangangalaga (ICT o Pangkat sa pangangalaga):** Ang isang pangkat sa pangangalaga ay maaaring kabilangan ng mga doktor, nars, tagapayo, o iba pang propesyonal sa kalusugan na naroon upang tulungan kang makuha ang pangangalagang kailangan mo. Tinutulungan ka rin ng iyong pangkat sa pangangalaga na gumawa ng plano sa pangangalaga.

